



**BAUTISMO
SA
NAGLALAGABLAB
NA APOY**

IKATLONG AKLAT

Banal na paghahayag ng Langit at Impyerno

Ni Rev. Yong Doo Kim

UNANG KABANATA: PAGLALAKAD SA LABING DALAWANG MALA-PERLAS NA PINTUAN

Pebrero 9, 2005 (Myerkules) Ang Pagtupad ng mga Biyaya sa Bagong Taon

*“Ganito ang sabi sa kanya: “Ako ang lumalang, humugis at nag-ayos ng buong daigdig. Yahweh ang aking pangalan. 3 Kung tatawag ka sa akin, tutugunin kita, at ipahahayag ko sa iyo ang mga bagay na mahiwaga na hindi mo nauunawaan.”
Jeremiah 33:2-3*

1. ANG DIYOS AT ANG ATING RELASYON SA KANYA

Kapag nag-salita ang Diyos, ang Kanyang salita ay may harap at likod. Katulad ng palad at likod ng kamay, at katulad ng ulo at buntot ng barya, ay may dalawang ibig sabihin ang Kanyang salita.

Ang mga tumanggap ng salita ng Panginoon ng may pananalig ay makakatanggap ng pangako ng kaligtasan at mabibiyayaan ng buhay na walang hanggan. Ngunit, kung ikaw ay puno ng kawalan ng pananampalataya at sinuway mo Siya, ay marami kang haharapang mga pagsubok at kapighatian. Katulad ng mga Israelita na palaging nakakalimutan ang Diyos, at nang itakwil nila ang Kanyang paanyaya upang maging piniling bansa, ay nagdusa sila sa pamamagitan ng mga digmaan at hinuli sila ng mga kaaway. Napuno ng kahirapan ang kanilang buhay at nakaranas sila ng maraming pagdurusang.

Kaya naman, kailangang tiyakin ng mga mananampalataya na ang kanilang relasyon ay nakadugtong sa Diyos lalo na sa mga panahon ng kagipitan at kahirapan. At saka, sa ating paglalakad kasama si Kristo, ay kailangan nating ibigay ang ating buong puso, ng may kasiguraduhan, at may positibong pananaw na magbibigay ng saya sa ating Panginoon. Hindi inaalintana ng ating Amang Diyos ang pag-saway sa mga pagkukulang ng Kanyang mga anak. Katulad ng pag-lalaro ng trumpong, kapag malakas na inikot ang trumpong, ay iikot iyon ng tama at balanse. Kinakailangan nating malaman, kung ang ating relasyon sa Diyos ay sa kaligtasan at buhay na walang hanggan o sa sumpang paghuhusga.

2. TINUTUPAD AT KINOKOMPLETO NG DIYOS ANG KANYANG GAWA

Ang Diyos ang nag-plaplano at nag-didisenyo ng banal na plano. Nag-mamalasakit Siya sa atin at palagi Niyang iniisip at ginagawa ang para sa ating ikabubuti. Samakatuwid, inilalarawan sa Bibliya ang ating Diyos bilang magpapalyok na gumagawa ng ibat-ibang palayok mula sa putik. (Isaias 45:9)

Bago makagawa ng putik na palayok, ang mag-papalyok ay nag-plaplano muna, at naghuhulma ng putik sa kanyang mga kamay at hindi siya gumagawa ng kahit na ano

ng hindi nakahanda. Ang magpapalyok ay naka-pokus sa kanyang proyekto hanggang matapos iyon ng perpekto. At kapag ang kanyang proyekto ay naging isang obra maestra, ay natutuwa at humahanga ang lahat.

“Ako ang lumikha ng dilim at liwanag. Ako ang nagpapadala ng kaginhawahan at kapahamakan. Akong si Yahweh ang gumagawa ng lahat ng ito.” Isaias 45:7 Ikaw at ako ay mahahalagang obra maestra na personal na ginawa ng Diyos.

Tayo ay may ibat-ibang itsura ng mukha at ibat-ibang personalidad at ipinadala tayo sa mundong ito ng walang kapareho. Walang sinoman ang maaaring gumaya sa katulad nating nilalang at tayo ang pinaka-mahalagang kaluluwa sa mundong ito. Samakatuwid, mali na ibaba ang ating mga sarili, ngunit mali rin naman na itaas ang ating mga sarili na mas mataas sa ating Tagapag-likha. Palagi tayong dapat magbigay ng pasasalamat at luwalhati sa Diyos.

3. PAG-IYAK SA DIYOS AT PAGDADASAL

Masasabi natin na ang isa sa pinaka-mahalagang aspeto ng buhay ng tao ay ang pakikipagpalitan ng salita. Ang komunikasyon ay isang mahalagang hakbang upang maunawaan ang iniisip ng iba. Sinabi ng Diyos na kung nais nating malaman ang Kanyang iniisip ay hinihimok Niya tayo na buksan ang ating mga bibig, umiyak at magdasal. At pagkatapos ay pinapangako Niya na ibabahagi Niya ang sekreto na walang nakakaalam.

Ang luma at bagong tipan ay puno ng mga iyak, mga panalangin, at mga kasagutan ng Diyos sa mga maalab na panalangin. Kahit tayo ay isang pangkat, isang pamilya o mag-isa lang, kapag nagdasal tayo ng malakas at umiyak sa Diyos ay kaagad nating matatanggap ang wastong sagot. Ginagamit ng Diyos ang pagkakataon upang personal na mamagitan kapag tayo ay umiiyak sa Kanya. Nakatala sa Bibliya na kapag umiyak tayo sa Diyos ay sasagot Siya, ***“Naririto Ako,” (Isaias 58:9)*** at ang Panginoon ay hindi kailanman malayo, kundi Siya ay palaging malapit sa atin.

Iginugol ni Jeremias, na isang propeta, ang kanyang buhay sa pag-iyak para sa kanyang bansa at para sa mga tao. Ngunit kung hindi si Jeremias ang umiyak sa Diyos, ay pipili ang Diyos ng iba upang pumalit kay Jeremias. Kung pag-aaralan natin ang mga propeta at ang kanilang mga ginawa sa Bibliya, ay makikita natin na ang kanilang mga buhay ay inilaan para sa pag-lilingkod sa Diyos.

Palaging nag-hahanap ang Diyos ng mga taong nababagay para sa partikular na panahon kung saan tayo nabubuhay. Kapag nahanap na Niya ang tamang taga-paglingkod, ay ibibigay Niya ang kapangyarihan, at ibubuhos ng Espirito Santo ang langis upang magamit ang taong iyon nang buong lakas. Nakabatay sa sukat ng kanilang espirituwal na sisidlan kung paano sila magagamit. Ngunit dapat tayong magpasalamat dahil tinawag tayo ng Diyos upang gamitin, at dapat tayong maging matapat sa pagtawag na iyon.

Sa ating buhay, ay maaari tayong magamit ng Diyos sa loob ng maikling panahon o hanggang sa mamatay na tayo. Kung nais nating magamit sa loob ng mahabang panahon, ay kailangan nating mabuhay ng naaayon sa Kanyang plano ng hindi nagbabago. **“Sa isang maharlikang tahanan, hindi lahat ng kasangkapan ay mga ginto at pilak; mayroon ding yari sa kahoy at luwad. Ginagamit sa mga tanging pagkakataon ang mga kasangkapang ginto at pilak; ang yari sa kahoy at luwad ay ginagamit araw-araw. 21 Ang sinumang lumalayo sa kasamaan ay mabibilang sa mga kasangkapang maringal at pinakikinabangan, nakatalaga sa kanyang Panginoon at lagging handa sa anumang mabuting gawain.” 2 Timoteo 2:20-21**

4. IHAHAYAG KO ANG AKING MGA SEKRETO.

“Tunay na si Yahweh ay di gumagawa ng anumang bagay na di ipinababatid ang kanyang balak sa kanyang mga lingkod—ang mga propeta. 8 Pag ungal ng leon, maaari bang hindi ka matakot? Kapag nagsalita si Yahweh, mapipigilan mo bang ipahayag ang kanyang sinabi?” Amos 3:7-8

Ipinababatid ng Amang Diyos ang Kanyang mga sekreto sa mga masipag maghanap at kumatok. Ang sekreto ng Diyos ay makukuha ng mga taong tapat at magiliw na naghahanap, na pumupukaw sa ating kuryosidad at nanghihikayat sa atin. Ang pananampalataya, na sinamahan ng Salita, panalangin, at pagnanais sa presensya ng Panginoon ay ang panahon kung kailan maibubunyag ang sekreto sa iyo.

Ipinapakita ng katotohanang ito ang napakalaking biyaya ng ating Panginoon. Maaaring magkaroon ng maraming interpretasyon kung ano ang kahulugan ng pag-bunyag ng sekreto, ngunit kung lalayo tayo sa orihinal na pakahulugan, ay mayroong ring “pagdaan sa mga pagsubok sa pamamagitan ng malalim at madalamhating panalangin,” sa pagbibigay kahulugan sa misteryo, ay “mahahayag ito sa maraming impormasyon”. Ang totoo niyan, ay maraming ipinakita sa akin ang Panginoon ng mga bagay na mangyayari palang. **“Makikita mong lahat ang aking katangian at sasabihin ko sa iyo ang aking pangalan: Yahweh. Ipadarama ko ang aking pag-ibig at awa sa sinumang aking kinalulugdan.” Exodo 33:19**

Hindi lang tayo binibigyan ng Ama ng napakaraming espirtual na sekreto, kundi naibubunyag iyon sa pamamagitan ng malalaki at maliliit na mga pagsubok. Mararanasan natin sa espirtual at pisikal na pamumuhay araw-araw ang pagsusuri ng Panginoon kung gaano tayo nakapaghanda. Gayon pa man, ang mas masakit at mas mahirap ay ang katotohanan na hindi tayo ina-abisuhan ng Panginoon ng mas maaga at wala tayong tanda kung kailan, saan, at kung paanong paraan ang magiging pagsubok. Ito ang dahilan kung bakit hindi mawawala ang ating pagkabahala at tayo ay dapat na magdasal ng walang humpay. **“Mula ng mangaral si Juan Bautista hanggang ngayon, ang kaharian ng Diyos ay nagdaranas ng karahasan at inaagaw ng mararahas.” Mateo 11:12**

Naghahanap ang Diyos ng mga kaluluwa na lalapit sa kaharian ng langit, at magbubukas ng mga espirtual na sekreto. At sa mga huling araw ay gagamitin Niya

silang bilang mga mangagawa para sa pag-aani ng mga butil. Para sa gawaing ito, ay kailangan nating magtiis hanggang sa pahintulotan ng Panginoon ang ating kahandaan at dapat tayong patuloy na maghanap sa mas malalim, at patuloy na magdasal ng walang humpay nang mapagkumbaba at nang may malakas na pananampalataya.

Ang paraan kung paano kami pinakikitungunahan ng Panginoon ay naiiba kumpara sa ibang simbahan. Iyon ay dahil may kaugnayan ito sa mangyayari sa mga huling araw; may mga pananaw na malakas na sinasang-ayunan at may mga alanganin. Kung titingnan naming muli ang mga nakakagulat na karanasan ng aming bansa sa nakalipas, ay negatibo ang magiging opinyon ng nakararami. Ito ang dahilan kung bakit maingat at seryosong hinahawakan ang paksa.

Ngayon, tayo ay espirtual na bulag at kapag nagpapatuloy tayo ay lalo lang nagiging alanganin ang mundo. Ito ang dahilan kung bakit binabautismuhan tayo ng Panginoon ng Espirito Santo at ng apoy—na nagpapakita sa kapangyarihan ng Panginoon upang iligtas ang mga kaluluwa. ***“Binabautismuhan ko kayo sa tubig bilang tanda ng pagsisisi ninyo’t pagtalikod sa inyong mga kasalanan; ngunit ang dumarating na kasunod ko ang magbabautismo sa inyo sa Espirito Santo at sa apoy.” Mateo 3:11***

Nararanasan namin araw-araw ang nag-lalagablab na bautismo sa Espirito Santo. Kahit nasaang lugar kami, ang kapangyarihan ng Panginoon ay nasa sa amin kung may dalawa o mas marami ang nagtitipon. ***“Hindi tayo nag-aatubiling lumapit sa Kanya, sapagkat alam nating ibibigay Niya ang anumang hingin natin na naaayon sa Kanyang kalooban.” 1 Juan 5:14***, at ito ang Kanyang pangako. Nakasisiguro tayo na mababago tayo araw-araw sa pamamagitan ng panalangin. Haleluya!

PATUNGKOL SA MGA ANGHEL NA TAGAPAG-BANTAY

Walang nabanggit na “anghel na tagapag-bantay” sa Biblia. Sa halip, ay maikasing nabanggit ni Apostol Pedro sa Gawa 12:15 ang anghel. Ang konsepto ng anghel na tagapagbantay ang nagpapalaki ng ating kuryosidad sa Biblia. ***“Sa mga nagtataglay ng Espiritu, ang ipinaliliwanag nami’y mga katotohanang espirtual: mga pananalitang turo ng Espiritu at hindi ayon sa karunungan ng tao ang ginagamit namin.” 1 Corinto 2:13***

Tayong mga Kristiyano ay nais malaman kung talagang mayroong anghel na tagapag-bantay. Karaniwan, ay alam ng mga taong may biyaya na makita ang kaibahan, na tumuntong sa espirtual na mundo ang katotohanan at ibinabahagi namin sa mundo ang totoong karanasan. Ang mga espirituwal na pangyayari ay malalaman lamang sa espirituwal at inutusan kami ni Hesus na ipagbigay alam iyon sa mga Kristiyano na hindi alam ang nangyayari sa espirituwal at itala ng eksakto ang pahayag.

NAKILALA NI JOO-EUN ANG ANGHEL NA TAGAPAG-BANTAY

Kim, Joo-eun: Isang lingo pagkatapos ng Bagong Taon ay pumunta ako sa bahay ng aking lolo at lola. Masaya akong binati ng aking lolo at lola. Sinabi ng aking amang pastor, **“Joo-eun, ngayon ay magdadasal ang iyong lolo at lola ng panalangin ng pagsisisi ng makasalanang, kaya manood kang mabuti sa pamamagitan ng iyong espirituwal na paningin”**, at pagkatapos ay naghanda na siya para sa panalangin. Pinayuhan ng aking ama ang aking lolo at lola na lumuhod at ulitin ang panalangin pagkatapos niya.

Sabay nilang inulit, **“Amang Diyos na nasa langit, isa akong makasalanang. Hindi ko kayo kilala at namuhay ako hanggang ngayon na sumasamba sa dios-diosan. Patawarin mo po ang aking mga kasalanan. Mula ngayon ay tatanggapin ko na at sasambahin ang iyong anak na si Hesu Kristo bilang aking tagapag-ligtas,”** at nang magdadal sila ay nagpadala ang Diyos ng dalawang anghel mula sa langit at sila ay tumayo sa tabi ng aking lolo at lola. Ang dalawang anghel ay ang mga anghel na tagapag-bantay ng aking lolo at lola na mag-protektang sa kanila hanggang sa huli.

Nang bumaba na ang mga anghel sa langit ay magalang nilang iniyuko ang kanilang ulo kay Hesus, at sa pamamagitan ng pagtaas ng isang kamay ay nanumpa sila. Ang eksenang iyon ay may pagkabayani ngunit may pagpapakumbaba. Kinausap sila ni Hesus ng Kanyang maluwalhati at may awtoridad na tinig. **“Kayo ay pinagkatiwalaan ng gawain upang protektahan sina brother Kang, Soo-yung at sister Haam, Oak-boon hanggang sa lisanin nila ang mundong ito. Naiintindihan niyo ba?”** Nang ibigay ang utos ay iniyuko ng mga anghel ang kanilang ulo at medyo iniluhod ang tuhod at magalang na sumagot ng, **“Opo, aming Panginoon! Gagawin po namin ang iyong sinabi.”**

Ngunit ang kakaiba ay biglang naglaho ang kanilang mga pakpak ng sumagot sila kaya hindi ko napigilang tanungin si Hesus patungkol doon. **“Hesus! Nang bumaba ang mga anghel mula sa langit ay may mga pakpak sila, ngunit bakit biglang naglaho ang kanilang mga pakpak?”** Ipinaliwanag ni Hesus, **“Mahal kong Sesame, ikaw ay may mausisang pag-iisip. Hindi naglaho ang mga pakpak ng mga anghel.”**

ANG PAKPAK AT BALAHIBO NG MGA ANGHEL

“Ang pakpak at balahibo ng anghel ay may koneksyon sa pananampalataya ng tao. Kung ang buhay ng tao ay nakalaan at tapat sa Akin, ang pakpak ng mga anghel ay magsisimulang tumubo at hindi magtatagal ay magiging malaking pakpak. At saka, magiging maganda rin ang tubo ng balahibo sa pakpak.” **“Ah, alam ko na Panginoon! Salamat po sa pagpapaliwanag sa akin.”** Natuwa at ngumiti si Hesus nang ipakita ko ang pasasalamat ko sa Kanya.

Sinabi sa akin ni Hesus na sa langit, ang mga lola ng aking ina ay kasama namin ngayon na nagdidiwang sa pagtanggap ng kaligtasan ng aking lolo at lola at ipinangako ng Panginoon na isasama sila sa serbisyo ng Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church).

Nang ihatid ko ang impormasyon sa pastor ay sinabi niya, ***“Joo-eun! Iyan ay isang sensitibong isyu kaya dapat tayong maging maingat sa pagpapahayag ng tungkol diyan. Maaaring magdala iyan ng pagbabatikos mula sa ibang mga simbahan sa ating bansa.”*** Nang matapos sabihin ng pastor ang kanyang iniisip, si Hesus na nakatayo sa aking tabi ay nagsalita ng, ***“May bagay ba na hindi Ko kayang gawin? Pastor Kim, huwag ka nang mag-alala. Marami Akong inanyayahang mga kaluluwa sa langit upang sumali sa serbisyo sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church), at ito ay dahil ang inyong serbisyo ay naka-pokus sa Akin at espirituwal na buhay. Hindi magtatagal ay plina-plano Ko na dalhin ang mga kilalang tagapag-lingkod sa Biblia upang personal nilang masaksihan ang sermon sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church), at makikita sila ng mga myembro ng kongregasyon na bukas ang espirituwal na paningin at maaari silang makipag-usap sa kanila.”***

Napuno ako ng pagkasabik at tumitig ako kay Hesus, ***“Wow! Hesus! Ang ibig sabihin po ba niyan ay dadalo sa serbisyo sa aming simbahan ang aming mga ninuno na sina Abraham, Moises, Elias?”*** Sumagot si Hesus, ***“Oo, oo. Syempre, oo! Ngayon ay inaasahan na nila ang pagdalo sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church).”***

Nang makauwi ako ay ibinahagi ko iyon sa aking kapatid na si Joseph at sumagot siya ng, ***“Wow! Kung gayon ay nais kong makilala at makausap muna ang mga anak na babae ni Job.”*** Nagselos ako nang marinig iyon. Muling sinabi sa akin ni Hesus na paalalahanan ang aking ama na itala ng eksakto ang nangyari ngayon.

ANG PROSESO NG PAGTANGGAP KAY HESUS

“Kung ipahahayag ng iyong mga labi na si Hesus ay Panginoon at mananalig ka ng buong puso na siya’y muling binuhay ng Diyos, maliligtas ka. 10 Sapagkat nananalig ang tao sa pamamagitan ng kanyang puso at sa gayo’y napapawalang-sala; at nagpapahayag sa pamamagitan ng kanyang labi at sa gayo’y naliligtas.”
Roma 10:9-10

Ipinaliwanag ni Hesus, ***“Sesame! Upang maligtas ang isang tao, ay kailangan nilang maniwala at tanggapin Ako ng taos sa kanilang mga puso, ngunit mas mahalaga na magkaroon ng tapat na puso at isip. Marami sa mga tumanggap sa akin ay napunta sa impyerno dahil habang nagdadasal sila ng panalangin ng pagsisisi ng makasalanang ay sinambit lang nila iyon ng walang katapatan!”***

Sinabi rin ni Hesus, ***“Marami ang nagpapahayag na tinanggap na nila Ako sa kanilang mga puso at sa pamamagitan ng kanilang mga bibig naniniwala sila na sila ay ligtas na, dahil nanalig na sila sa Akin sa loob ng mahabang panahon. Ngunit, hindi makikita sa haba ng panahon ang iyong kaligtasan. Ito ay proseso ng pagbubunga sa iyong karakter na magdadala sa iyo upang matamo ang kaligtasan. Marami ang mga bulag na naniniwala sa maling turo na sa pagsambit lang ng kanilang mga bibig ang mag-gagarantiya ng kanilang kaligtasan—sila ay may maling akala na makakapunta sila sa langit. Ang kaligtasan ay dapat***

mapagtanto ng may takot at panginginig at ang bawat indibidwal ay dapat lumago sa tapat na pananampalataya.” Nalulungkot ang Panginoon at nabibigo Siya dahil maraming mga kaluluwa ang napupunta sa impyerno dahil sa mali ang kanilang paniniwala.

Tinanong ko si Hesus, *“Hesus, anong gagawin ko? Matatanggap ko po ba ang kaligtasan?”* at si Hesus na puno ng grasya, ay sumagot ng, *“Oo, syempre naman. Bakit hindi makakatanggap ang aking Sesame ng kaligtasan? Ngunit kailangan mong maging masigasig sa pagsunod at mamuhay ng tapat. Naiintindihan mo ba?”* Nangako ako at sumagot ng, *“Opo, Panginoon! Mamumuhay po ako ng katulad ng Iyong sinabi.”*

“Kaya nga, mga minamahal, higit na kailangang maging masunurin kayo ngayon kaysa kasama ninyo ako. May takot at panginginig na magpatuloy kayo sa paggawa hanggang sa malubos ang inyong kaligtasan.” Filipos 2:12

“Sapagkat inaani na ninyo ang bunga ng inyong pananampalataya-ang inyong kaligtasan.” 1 Pedro 1:9

SA WAKAS AY MAY NAKATAGPO NA SI JOSEPH NA BABAENG DEMONYO

Kim, Joseph: Habang ibinubunto ko ang aking sarili sa pagsusumamo sa Panginoon para sa espirituwal na biyaya ng paningin at habang ako ay maapoy na nagdadasal sa ibat-ibang wika ay may nagpakitang tao sa aking harapan na humigit kumulang tatlong talampakan ang layo. Nakasuot siya ng puting damit at nakaupo siya ng patalikod sa akin. Naisip ko, **“Sino ang taong ito na nakaupo ng patalikod sa akin?”** Hindi siya mukhang lalaki dahil ang kanyang mahaba at tuwid na buhok ay nakatali at siya ay bahagyang nanginginig. Nausisa ako at lumaki ang aking takot.

Sigurado akong isa iyong demonyo at nakaupo siya ng patalikod sa akin na hindi man lang kumikibo. Mas lalong lumaki ang aking takot. Pagkaraka, sa sandaling iyon ay sumigaw siya ng, **“Ahhhhh!”** at ang ulo ng demonyo ay umikot paharap sa akin. Tumigil sa pagtibok ang aking puso. Inikot ng babaeng demonyo ang kanyang ulo at may tumutulong dugo sa kanyang mga pangil. Dumudugo ang kanto ng kanyang mata habang siya ay nakatitig sa akin. **“Dadalhin kita sa impyerno!”** Natakot ako at hindi ko alam ang aking gagawin kaya nagdasal ako upang labanan siya. **“Hoy! Ikaw na maruming demonyo! Sa Pangalan ni Hesus lubayan mo ako! Lumayo ka sa akin!”**

Ngunit hindi kaagad sumuko ang demonyo. Sa halip, ay nilusob niya ako ng kanyang matatalim na mga kuko upang kalmutin ako. Madalas ay sinasaulo ko ang mga talata sa Biblia upang maging handa sa paglusob ng demonyo kaya sumigaw ako ng, **“Kaya nga, pasakop kayo sa kapangyarihan ng Diyos. Labanan ninyo ang dyablo at lalayuan kayo nito.”** Santiago 4:7 Kahit dito ay hindi pa rin umalis ang babaeng demonyo dahil siya ay may masamang budhi. Binigkas ko ng malakas ang Mateo16:17 na puno ng awtoridad. **“Ang mga sumasampalataya ay magtataglay ng ganitong tanda ng kapangyarihan: sa Pangalan ko’y magpapalayas sila ng mga demonyo at**

magsasalita ng ibang wika;” Sa sandaling iyon ay nilubayan ako ng demonyo sa unang pagkakataon.

Pagkatapos ng pangyayaring iyon ay nagpatuloy ako sa pagdadasal. May hindi mabilang na mga babaeng demonyo ang patuloy na lumapit sa akin. Hanggang ngayon, bago mabuksan ang aking espirituwal na paningin, ay palagi akong umiiyak at nag-aalala na baka hindi ko matanggap ang biyayang iyon. Nang marinig ko kung gaano kabilis natanggap nila Sister Baek, Bong-nyo, Haak-sung at Joo-eun ang biyaya ng espirituwal na paningin at ang patungkol sa kanilang espirituwal na pakikipaglaban sa mga demonyo, ay hindi ko inakala na mararanasan ko rin iyon. Ang mga demonyo ay malinaw at nakikita ng aming mga mata. Nararamdaman namin sila gamit ang lahat ng aming pandamdang. May mga demonyo na kulang ang mata at minsan ay gumugulong ang mata patungo sa akin. Mayroon ring asul na demonyo na ang mata ay katulad ng sa pusa at marami pang babaeng demonyo ang lumusob sa akin ngunit dinukot ko ang kanilang mga mata at itinapon ko sila palayo sa akin.

At pagkatapos ay natahimik at wala akong nakita na kahit na ano kaya nagdasal ako sa ibat-ibang wika. May malaking baboy ramo na may matatalas na pangil ang sumugod sa akin at siya ay umuugik ng malakas. Tumama sa akin ang mainit na singaw na nagmumula sa kanyang ilong at bibig at nasuka ako sa mabahong amoy niyon. Sumugod ang baboy ramo ng walang babala kaya sumigaw si Haak-sung ng, **“Joseph! Mag-ingat ka! Mapanganib! Magtakip ka at umalis diyan!”** Tumayo siya sa harapan ng baboy ramo. Hinawakan ni brother Haak-sung ang baboy ramo sa leeg at pwenersang patumbahin sa sahig. Umugik siya ng malakas at pagkatapos ay naglaho.

Napabuntong hiniga ako, **“Woo!”** upang mawala ang aking tension at nagsimula muli akong magdasal sa ibat-ibang wika ng tuloy-tuloy. Sa sandali namang ito ay may nakita akong malaking bato; at napakadilim sa paligid. At pagkatapos ay may nakita akong parang mga lobo at isa-isa silang umalulong **“Awoooo! Awoooo! Awoooo!”** Muling nagtaasan ang aking buhok. Sa sandaling iyon ay hindi ko napansin na may anaconda na pala sa aking tabi at pinuluputan niya ako upang hindi ako makahinga - na literal na nangyari sa isang kispang mata.

Nahirapan akong huminga at naisip ko na kaunting oras nalang ang natitira at mamamatay na ako. Nakipagbuno ako at nagsisipa, ngunit wala na akong lakas upang sumigaw. Gayon pa man, ay nag-ipon ako ng lakas: **“Panginoon! Panginoon! Palakasin mo ako! Bigyan mo ako ng lakas!”** at kaagad naman akong napuno ng lakas. Sinunggaban ko ang anaconda at itinapon ko sa malayo.

Sa wakas, nang matalo ko ang mga paglusob ng mga demonyo ay naramdaman ko na nagkaroon ng pakpak ang aking panalangin at lumipad ng mabilis patungo sa langit. Naramdaman ko iyon na kakaiba. Ang atmospera na bumabalot sa daigdig ay bahagyang kulay pula’t dilaw at iyon ay napakaganda.

ANG BABOY RAMONG DEMONYO

Kim, Joo-eun: Ang baboy ramong demonyo na nagpakita sa aking kapatid na si Joseph ay sumugod din sa akin at siya ay kulay abo. Takot na takot ako. Iminulat ko ang aking mata at naglaho ang baboy ramo. Ipinikit kong muli ang aking mata at nagpatuloy ako sa pagdadasal. May nakita akong malalim na kagubatan sa aking harapan at ako ay naglalakad doon ng mag-isa. At pagkatapos ay muling nagpakita ang baboy ramo at mabilis siyang sumugod sa akin upang banggain ako. Galit na galit akong tumakbo palayo sa baboy ramo na humahabol sa akin. May nakita akong malapad na daan at tumakbo ako sa gitna ng daang iyon, at doon ay nakita ko si Hesus na nakatayo.

Sumigaw ako, **“Hesus! Hesus! Pakiusap, iligtas Mo ako! Inaatake po ako ng baboy ramo!”** at tumakbo ako sa bisig ng Panginoon. Inaliw Niya ako at sinabi Niya, **“Mahal kong Joo-eun, huwag kang mag-alala.”** Sinunggaban ni Hesus ang baboy ramo at binatak Niya ang lahat ng balahibo at umiyak ang baboy ramo dahil sa sakit. At pagkatapos ay itinapon ni Hesus ang baboy ramo palayo sa akin.

ANG AKING TAHANAN SA LANGIT

“Mahal kong Hesus! Nais kong makita ang aking tahanan sa langit. Nais kong makita iyon. Hayaan Mo pong makita ko iyon kahit isang beses.” Nakiusap ako sa Panginoon. Sa isang saglit ay may ibat-ibang tanawin akong nakita hanggang sa may nagliwanag at hindi ko maimulat ang aking mga mata. Ang malaking bahay sa malayo ay may ibat-ibang kulay ng pink na maningning. Naisip ko, **“Gusto ko ng kulay pink... wow! Hindi ko alam kung sino ang may ari ng bahay ngunit naiinggit ako.”** Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at ginabayan Niya ako palapit sa bahay. Sinabi Niya na aalamin namin kung kaninong tahanan iyon, kaya sinundan ko Siya. Napakasaya ko at naisip ko na mahihimatay ako.

Ang bahay na iyon ay walang iba kundi sa akin, at may nakasulat na **“Bahay ni Sesame”** - ang aking palayaw. Sa malayo ay kulay pink ang bahay ngunit sa malapit ay maraming ibat-ibang kulay na maningning. Ang aking tahanan sa langit ay malaki at mataas at kapag nakatayo ako sa harap ng pintuan ay pakiramdam ko ay isa akong alikabok. Ang lapad niyon ay malawak rin. Alam ni Hesus na ang aking paboritong kulay ay pink at inihanda Niya ang aking tahanan na kulay pink na nagniningning. May dalawang mataas na anghel na may espada ang nakatayo sa pasukan ng aking tahanan at nang makita nila ako ay magalang silang yumuko, **“Binabati ka namin sister Joo-eun!”** Hindi ako pumasok sa bahay ngunit natuwa ako ng makita ko ang labas niyon.

Maraming mga bato at diamante ang nakadikit sa pinto at dingding at kapag nasinagan iyon ng liwanag ay hindi ako makapag-isip ng direktso. Ang ibang bahagi ng bahay ay hugis bloke ng Lego at habang tumataas ang bahay ay namumulaklak iyon na tulad ng luwalhati ng umaga. Hindi ko alam kung bakit, ngunit ang ibang mga bahay ay maliit sa aking paningin. Siguro ay dahil iyon ay ang aking bahay. Paulit-ulit kong pinasalamat si Hesus. **“Hesus! Mahal kong Hesus! Maraming salamat po! Kahanga-hanga po at napakaganda!”** At pagkatapos ay sumagot si Hesus, **“Walang anoman**

Joo-eun. Sa susunod ay dadalhin kita sa loob ng iyong tahanan. Kaya magdasal ka ng masigasig.” At saka, ipinangako ni Hesus na kapag may isang bagay akong ginawa ng may pananampalataya, anoman iyon, ay itatayo Niya ang aking tahanan na mas malaki at mas mataas.

ANG PANALANGIN NA PUMAPAITAAS SA LANGIT

Lee, Haak-sung: Habang ako ay nananalangin, ay lumapit sa akin si Hesus at dumaan Siya sa bawat myembrong nagdadasal. Ngumiti Siya at bumulong, **“Nais Kong makita kung kaninong panalangin ang pumapaitaas sa langit. Tingnan natin.”** Nang sinabi Niya iyon, ay nagdasal ang bawat isa na nagsisikap mapuspos ng naglalagab-lab na apoy ng Espirito Santo. Pakiramdam namin ay nagpapaputok kami ng pistola ng panalangin.

Sinabi ni Hesus ng malakas, **“Tingnan natin. Tama yan, tama! Katulad ng inaasahan ay mahusay ang ginagawa ni Pastor Kim. Mahusay ang iyong ginagawa. Mas malakas, mas maapoy, at mas maalab! Mahusay ang iyong ginagawa. Kahanga-hanga... sister Kang, Hyun-ja, at dapat din bang magdasal ng malakas ang aking nobya? Oo, tama!”** At pagkatapos ay nagbunto si Hesus sa pakikinig kay Joseph, kay Joo-eun, sa akin, kay Yoo-kyung, sa aking ina, at kay Dyakonesa Shin. Nagpabalik-balik sa amin si Hesus upang suriin kung gaano kataas ang nalalakbay ng aming panalangin. Nakikita ko na ang aming panalangin ay parang karera at nakatala sa bar grap ang aming ginagawa.

PEBRERO 10, 2005 (HUWEBES)

“Sapagkat ipinapakita ng Magandang Balita kung paano ginagawang matuwid ng Diyos ang isang tao; at ito ay sa pamamagitan ng pananampalataya buhat sa simula hanggang sa wakas. Tulad ng sinasabi sa Kasulatan, “Ang itinuring na matuwid ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya ay mabubuhay.” Roma 1:17

NAKITA NI JOO-EUN ANG PASUKAN NG IMPYERNO

Kim, Joo-eun: Habang nagdadasal ako ng malakas ay lumapit si Hesus na maliwanag at nagniningning. Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at winika Niya, **“Aking Sesame! kailangan mong sumama sa Akin kaya sundan mo Ako.”** Sumagot ako, **“Opo, Hesus!”** Nang hawakan ko ang kamay ng Panginoon ay naglakbay kami sa madilim at mahabang lagusan at natalastas ko kaagad na ako ay nasa impyerno.

Katulad ng dati, ang daan patungong impyerno ay palaging madilim at nilalamig ako. Pansamantala kaming naglakad at habang naglalakad kami ay may nakita akong malaking palaso sa bandang kaliwa. Ang palaso ay nakaturo sa isang direksyon ngunit napagtanto ko na wala nang ibang daan liban sa direksyon kung saan nakaturo ang palaso. Nang pumasok kami ay may malinis na nakasulat, **“ANG PINTO NG IMPYERNO”** at sa sandaling iyon ay umurong ako. Mabilis na nabasa ng Panginoon ang aking iniisip

kaya sinabi Niya, **“Joo-eun, huwag kang mag-alala. Proprotektahan kita.”** Muli Niya akong binigyan ng katiyakan.

Pumasok kami sa impyerno. Ang daan ay nagbabaga at namumula. Hindi ko matagalan ang nag-aalab na init. Lahat ay tila mainit dahil sa pambihirang init doon. Tiniis ko iyon hanggang sa maaari, ngunit natakot ako kaya umiyak ako, **“Hesus! Hesus! Napakainit po at natatakot ako.”** Inaliw ako ng Panginoon sa pamamagitan ng pag-papaalala na huwag akong mabalisa.

Sa wakas, nang mabuksan ang pinto ng impyerno na napakainit, ay narinig namin ang sigaw ng hindi mabilang na mga tao. May maliliit na daan na nakaunat, nahahati at nakadugtong sa maraming daan at sa mga tabing daan ay may bangin na napakalalim. Ang maliliit at malalaking ningas ng apoy ay buhay at umaakyat sa gilid ng bangin. Sa kaliwa ay may malalaking kawali na may hawakan. Dati ay marami akong nakitang tao na priniprito ng buhay, ngunit malaki ang pagkakaiba sa sukat ng nakikita ko ngayon. Ang laki ng kawali ay sampung beses ng laki ng palaruan sa aking paaralang elementarya.

Puno ang kawali ng mga hubad na katawan at mausok doon. Binuhusan ng mga demonyo ng tila langis na sangkap ang mga katawan at sila ay sumisigaw at tumatakbo na nangangalit at sinisikap nilang iwasan ang mantika. Namumula ang kawali dahil sa init na mula sa apoy at binubugbog sila ng mga demonyo at binubuhusan sila ng langis. Tila nakasuot ng basahan ang mga tao, ngunit iyon ay ang kanilang laman na natuklap na parang damit na nagulanit.

At saka, sa kabilang dako ay may malaking bundok ng pader at ang bawat pader ay nababalutan ng hindi mabilang na mga butas. Ang mga butas ay nakaugnay sa ilalim ng impyerno at may mga sigaw ng mga tao na maririnig sa mga butas. Kasuklam-suklam ang amoy, sinabi ko, **“Hesus, masama po ang aking tiyan at hindi ko na po kaya.”** Sumagot ang Panginoon, **“Oo, Joo-eun. Sisiguraduhin Kong wala kang maaamoy na kahit na ano.”** Hinaplos Niya ang aking ilong at hinayaan lang Niya akong makakita at maramdaman ang mga bagay sa paligid.

Marami akong nakitang ibat-ibang demonyo na nakapalibot sa tabi ng kawali. May demonyo na kawangis ng matandang babae, may maiksing buhok, bungo na may maputing buhok, ibat-ibang uri ng ahas, mga demonyo na may ulo ng hayop, may pakpak ng paniki na lumilipad, at marami pang mga demonyo. Bawat isang demonyo ay may dala-dalang nakamamatay na sandata.

Marami ring demonyo na kakaiba ang itsura na may hawak na malaking patalim. Kapag nag-matigas ang mga tao sa pamamagitan ng pagsigaw at pag-akyat upang tumakas, ang mga demonyong iyon ang patuloy na sumasaksak sa kanila gamit ang patalim, upang durugin ang kanilang mga katawan at itapon pabalik sa apoy.

MGA TAONG BINAR-BIKYU SA IMPYERNO NA KATULAD NG MANOK NA BARBIKYU

Dinala ako ni Hesus sa ibang lugar kung saan halos mahimatay ako dahil sa aking nasaksihan. Tuwing umuuwi ako galing eskwela ay bumibili ako ng barbikyu at nilagang itlog ng pugo. Ngunit nang makita ko ang imahe na katulad ng barbikyu sa impyerno ay nanginig ako sa takot. Iyon ay nakakatakot at nakakapanginig na tanawin at hindi ko na napansin na nakatayo si Hesus sa aking tabi.

Isang lalaki, isang babae, at isang lalaki ang maayos na nakasalansan pataas. Hindi sila nagkakahiwa-hiwalay marahil dahil sa hinahawakan sila ng malaking demonyo sa tabi. Hubad ang lahat ng tao at nakasalansan sila sa maraming baitang. Ang ibang tumpok ay 130 talampakan ang taas, ang iba ay 328 talampakan ang taas, at may iba rin na 492 talampakan ang taas.

Bakas sa mga tao ang takot at tila wala nang paraan pa upang maiwasan ang nangyayari. Kapag handa na ang tumpok ng mga tao ay kumuha ang mga demonyo ng mahaba at matalas na tila tirabuson na instrumento na mas mahaba pa sa tumpok ng mga tao at itinusok nila iyon sa dibdib. Hindi nagtagal ay tumagos iyon sa pinakahuling tao sa ilalim ng mga taong nakasalansan. Sa sandaling iyon ay magkakasabay silang sumigaw na parang mapupunit ang himpapawid: **“Ahhhhh! Pakiusap, tulungan mo ako! Pakiusap! Pakiusap! Itigil niyo na!”**

Inayos ng malalaking demonyo ang mga tao at muli silang kumuha ng mahabang tirabuson at sa sandali namang ito ay itinusok nila iyon sa bandang tiyan. Nagpatuloy ang mga tao sa pag-iyak at sa pagmamakaawa. Lumapit ang ilang demonyo na nakanngisi at ang bawat isa ay may hawak na mahabang pang-tuhog at sinimulan nilang saksakin at sundutin ang mga tao. **“Iligtas niyo ako! Pakiusap, itigil niyo na ito! Tumigil na kayo! Sumpain kayong mga demonyo!”** at nagsalita sila ng masasama - ngunit wala iyong saysay. Patuloy ang pag-agos ng dugo mula sa mga tao. Katulad iyon ng paglalaga ng aking ina ng kamote. Gumagamit siya ng chopstick na yari sa metal upang sundutin ang kamote upang malaman kung luto na iyon.

Ang nakakalito ay kahit nakikipaglaban ang mga tao sa abot ng kanilang makakaya, at kahit nagsisisipa at sumisigaw sila ay hindi pa rin sila nahuhulog. Napakalaki ng mga demonyo at halos maabot na nila ang himpapawid. Kulot ang kanilang buhok at ang kanilang kilay at pilik ay umaalumpihit na tulad ng nakakasuklam na uod. **“Yak! Nakakapangilabot! Ah, napakapangit!”** Hindi sinasadyang nakapagsalita ako ng pagkasuklam. Patuloy ang mga demonyo sa pagsigaw at pagtawa ng malakas, **“Wow! Kahanga-hanga!”** at sumigaw sila nang paulit-ulit.

Ang mahabang pangtuhog na isinasaksak ng demonyo sa mga taong nakasalansan ay may malaking hawakan, at dumating ang ibang demonyo at iniangat nila ang mga tao patungo sa nagbabagang apoy. At pagkatapos ay inikot-ikot nila iyon. Sumigaw sa sakit ang mga taong nakatuhog. **“Ahhhh! Iligtas niyo ako! Mamamatay ako sa sakit! Aray! Napaka-init!”** Walang pakialam ang mga demonyo sa mga sigaw ng pagdurusa ng mga

tao at niluto nila sila ng buhay sa apoy. Nalalapas ng mga tao ng sabay ang sakit na dulot ng pangtuhog at ang lutuin ng buhay.

Tinanong ko si Hesus, “Hesus, paano po nila nararamdaman ang lahat ng kakilabot na sakit? Natatakot po ako.” Sumagot ang Panginoon, “Joo-eun! Kahit gaano kasakit ang parusa para sa mga tao dito, ay buhay ang lahat ng kanilang pandamdang—na tulad ng mga tao sa lupa. Makinig tayo sa sinasabi ng mga demonyo ngayon.”

Kinuha ng mga demonyo ang mga taong inihaw at sinabi nila, **“Mukhang masarap. Sino sa mga tangang naririto ang uunahin kong kainin? Sunod-sunod ba o sa gitna?”** Hindi pa patay ang mga inihaw na tao; sa halip, sila ay umitim dahil nasunog sila at buhay pa ngunit pagod na pagod na.

Bawat demonyo ay kumuha ng pantuhog at sinabi, **“Di bale nalang. Kakainin ko sila ng sunod-sunod!”** Ginutay-gutay nila ang laman na parang karne ng barbikyu at nginata nila ang mga kartilago at buto. Matunog ang bawat pag-nguya ng mga demonyo sa nadurog na buto at umikot ang mga tao sa loob ng bibig ng demonyo. Sumigaw ang mga tao sa sakit at hindi nagtagal ay naglaho na sila sa bibig ng demonyo.

Naghihintay ang mga susunod na tao na nasa pantuhog. Takot na takot sila at sila ay sumigaw at nagsisipa ngunit wala iyong saysay. Lahat sila ay sunog at nanginginig sa takot. Isa-isa kong nasaksihan ang mga tao na kinain ng buhay ng mga demonyo. Labis akong nalungkot at tumulo ang luha sa aking mukha. **“Hesus! Hesus! Naaawa po ako para sa mga taong ito. Anong gagawin ko? Hindi ko na sila kayang makita pa.”** at humikbi ako.

Bumalik ang dating laman at buto ng mga taong sinunog sa apoy at kinain ng demonyo. At pagkatapos ay inakay sila ng mga demonyo ng grupohan at ang iba ay mag-isa lang upang ilipat sa ibang bahagi ng impyerno. Hindi sinabi ng mga demonyo kung saan sila dadalhin. Kapag natapos na ang isang paghihirap, ay walang pakundangan silang dadalhin sa iba na namang lugar.

Sumigaw ang mga tao, **“Saan niyo kami dadalhin ngayon? Pakiusap, lubayan niyo na kami. Maawa naman kayo.”** At nang sabihin nila iyon ay sumagot ang mga demonyo, **“Tumigil kayo mga mangmang! Hindi ba kayo maaaring manahimik nalang at sumunod?”** at pagkatapos ay sinaksak nila ang mga tao ng asul na pang-karit at binugbog sila. At doon ay inakay na ako ni Hesus patungo sa ibang lugar.

ANG MALAKING TUMPOK NG MGA KAGAMITAN SA PAGPAPAHIRAP

“Hesus! Saan Mo po ako dadalhin ngayon?” Nang tanungin ko ang Panginoon ay sumagot Siya na malalaman ko kapag nakarating na ako roon. Muli akong dinala kung saan naroroon ang punong demonyo na si Satanas. Nakaupo si Satanas sa kanyang trono. Ngunit ang kakaiba ay may hindi mabilang na mga kagamitan sa lamesa sa

harapan ni Satanas. May mga nakakatakot at matatalas na kagamitan at armas ang nakasalansan doon. At pagkatapos ay may dumating na walang katapusang parada ng mga tao. Napakadaming tao at hindi ko masukat kung gaano sila kadami.

Kapag tiningnan sa malapit ang mga kagamitan na nasa lamesa, ay nakilala ko ang mga kagamitan na iyon dahil makikita natin iyon araw-araw sa lupa. May makintab na asul na pang-karit, ibat-ibang sukat ng patalim, pang-bingwit na mas malaki pa sa tao, latigo, pang-ahit, matalas na kalaykay, asarol, destornilyador, barena, sibat, baril at marami pang kagamitan na ginagamit sa pang-bubugbog at pang-saksak. Namutla ang mga mukha ng mga taong nakapila at iniisip nila ang kanilang sasapitin.

Habang pinapanood namin ni Hesus ang hari ng mga demonyo na si Satanas na nasa malaking hukay, ay winika ni Hesus, **“Maglakad pa tayo..”** at hinawakan Niya ang aking kamay. Ang isang bahagi ko ay natatakot ngunit panatag ako dahil si Hesus ay nasa aking tabi. Nakarating kami kung saan naroroon ang hari ng mga demonyo na si Satanas at ang kanyang mga taga-sunod. Marami kaming nakitang mga kaluluwa ng mas malapit.

MULING NAKAHARAP NI JOO-EUN SI SATANAS

Sinumpa ni Satanas sa impyerno ang mga kaluluwa habang inihahanda ang pagpapahirap sa kanila. Nagkatagpo ang aming mga paningin. Nang magkatagpo ang aming paningin ay tinitigan niya ako ng nakakatakot at sinigawan niya ako ng malakas.

“Ikaw! Bakit nandirito ka na naman? Umalis ka na ngayon! Bakit, bakit na naman? Ha? Bakit palagi kang pumupunta rito? Dudukatin mo ba ang aking mata at pupunitin muli ang aking pakpak tulad noong nakaraan? Hoy! Wala na akong pakpak ngayon. Itinago ko sila. Hoy baboy! Hoy, ikaw na anak ng puta! Bakit patuloy mo akong ginagambala?” May iba pang masasamang salita na sinabi niya sa akin na hindi ko na kayang ulitin pa. Labis ang galit ng haring demonyo sa akin. Ngunit nag-iingat siya sa akin dahil natatakot siya na gamitin ko ang awtoridad ni Hesus upang gumanti.

Hindi ako nakikita ni Satanas bilang isang bata, sa halip ay pinagsalitaan niya ako ng masasama na tulad ng isang matandang galit na nakikipag-away. Pagkatapos ay naging maingat siya sa ekspresyon ni Hesus. Muli siyang nagsalita ngunit hindi na siya nagmumura dahil natatakot siya kay Hesus na nakatayo sa aking tabi. Sumigaw siya ng malakas, **“Ahhhhh! man, Ahhhhh! man!”** Sa sandaling iyon ay tinitigan siya ni Hesus ng mahigpit. Natahimik si Satanas at iniyuko niya ang kanyang ulo at hindi na siya nakapagsalita.

Ayaw kong masayang ang pagkakataon ito kaya sinigawan ko ang haring demonyo. **“Hoy! Sumpain ka Satanas! Gusto mo bang makipaglaban sa akin? Sumpain ka!”** Nang sambitin ko iyon ng walang takot ay napatawa ng malakas si Hesus. Katulad ng dati ay nais kong umakyat kay Satanas at nais kong pag-pira-pirasuhin siya ngunit hinimok ako ni Hesus, **“Joo-eun! Sapat na iyan.”** Sinabi pa Niya, **“Mahal kong**

Sesame, kung patuloy mong hahamunin ang mga maruming demonyong ito ay magpapanggap sila at lulusubin ka nila na magdudulot sayo ng labis na sakit, kaya ngayon ay hayaan mo nalang.”

Pagkatapos nito ay patuloy ang haring demonyo sa pagsambit ng mga sumpa sa akin at masasabi ko na hindi pa ako napagsalitaan ng ganoon karaming sumpa sa buong buhay ko. Galit na galit ako at para makaganti ay sinumpa ko rin siya ngunit naisip ko na ayaw kong punuin ang aking bibig ng marumi kaya tumigil na ako. Pagkatapos ay nakiusap ako kay Hesus, “Hesus, sinusumpa po ako ng maruming si Satanas. Nagagalit po ako at masakit sa loob.” At noon din ay malakas na iniutos ni Hesus, “Sino sa palagay mo ang sinusumpa mo ngayon? Isa ka lang maruming demonyo ngunit sinusumpa mo ang aking anak na si Joo-eun?” Sumagot si Satanas ng nakayuko at nanginginig ang tinig, “Oo. Hindi ko na gagawin. Patawad. Hindi ko na gagawin.”

Nagmalaki ako at muli kong binomba si Satanas ng masasamang salita. Walang magawa si Satanas kundi titigan ako ngunit nangungusap ang kanyang mata na gaganti siya sa akin. Inulit niya sa mahinang tinig, “**Patay ka. Kukunin kita!**” Maingat siya sa ekspresyon ni Hesus at muli kong hinamon si Satanas sa pamamagitan ng paglabas ng aking dila. Sinabi ko sa kanya, “Galit ka ba? Ha-ha!” Patuloy ko siyang tinuya. Halos sumabog na ang demonyo sa galit. Sinabi ko kay Hesus, “Hesus, Nais ko na pong umalis ngayon kasi ayaw kong makita ang kanyang maruming mukha.” Nairita ang haring demonyo at mabaksik siyang nagsalita, “**Tae, anong sinabi mo?**”

Winika ni Hesus, “Joo-eun, ang impyerno ang lugar kung saan magdurusa ka ng walang hanggan. At saka, lahat ng kaluluwa na nasa impyerno ay tumangging tanggapin Ako noong nasa lupa pa sila- at iyon ay hindi mapapatawad na kasalanan. Nais Kong patawarin sila ngunit wala na silang pagkakataon. Sila ay makasalanan kaya naman kailangan nilang magtiis at magdusa sa anumang parusa ng walang hanggan. Sa impyerno, ang ibang parusa ay nakatakda na para sa isang tao, at hindi para sa iba. Ngunit kahit na ganoon, ang bawat isa ay pahihirapan ng matindi at walang hanggang mabubuhay sa sumpang ito.” Pagkatapos ay nais ni Hesus na dalhin ako sa ibang lugar kaya sinundan ko Siya.

ANG SILID NA PUNO NG NAKAKALASONG INSEKTO

Pumasok kami ni Hesus sa silid na puno ng ibat-ibang gumagapang at nakalalasong insekto nang bigla kong mapansin na mag-isa na ako doon. “**Panginoon, Panginoon, nasaan Ka?**” At kahit gaano pa ako tumawag, ay wala doon ang Panginoon. Ngayon ay nauunawaan ko na kung anong naramdaman ni Sister Baek, Bong-nyo. Ang nakakasindak, nakakasuklam, at nakakanginig na senaryo ay naging katotohanan na kailangang kong harapin. Nakulong ako sa maliit at madilim na silid. Ang makapal at mahalumigmig na hangin ay lumagos sa aking ilong. Ilang sandali ang lumipas at may kulupon ng kakaibang insekto ang pumalibot sa akin at hindi ko alam kung saan sila nagmula.

May mga kulisap na mukhang katerpilar, kiti kiti, uod, alupihan at ibat-ibang uri ng hayop na hindi ko alam kung ano at nagsimula silang gumapang sa akin. Akala ko ay mahihimatay na ako at desperado akong sumigaw, **“Yak! Panginoon, nasaan ka? Mga nakakasuklam na kulisap! Apoy ng Espiritu Santo! Sunugin kayo ng apoy ng Espiritu Santo!”** at inalis ko ang mga kulisap na gumagapang sa akin. Kaagad na may lumabas na apoy ng Espiritu Santo sa aking katawan at sa isang iglap ay nasunog hanggang sa maging abo ang lahat ng kulisap na gumagapang sa aking katawan.

Ngunit patuloy na gumagapang patungo sa akin ang mga insekto na nasa sahig. **“Hesus! Hesus! Pakiusap! Iligtas Mo ako! Nasaan Ka?”** Tinawag ko si Hesus ngunit hindi ko Siya makita kahit saan. **“O Hesus! Bakit Mo po ako dinala sa lugar na ito?”** Umiyak ako at sumigaw. Sa wakas ay nag-pakita si Hesus. Hinawakan Niya ang aking kamay at hinatid ako pabalik sa simbahan.

Tinanong ni Hesus kung kamusta ako at sumagot ako na ayaw ko nang bumalik pa sa silid na iyon. Sumagot ang Panginoon, **“Magiging okey ka rin! Ikaw ay isang batang may malakas na pananampalataya kaya naman kaya mong tiisin ang lahat. Gagamitin kita ng lubos.”** Nangako ang Panginoon na dadalhin Niya ako ng madalas sa impyerno dahil iyon ang pinakamabuting paraan upang mabuksan ang espirituwal na paningin at upang espirituwal na makakilala ng mabuti, at sa pamamagitan ng pagbisita sa impyerno ay magiging malinaw ang mga bagay.

PEBRERO 11, 2005

I Juan 2:14-16 ¹⁴ Sumusulat ako sa inyo, mga anak, sapagkat nakikilala ninyo ang Ama. Sumusulat ako sa inyo, mga ama, sapagkat nakikilala ninyo siya na sa simula pa'y siya na. Sumusulat ako sa inyo, mga kabataan, sapagkat malalakas kayo; nananatili sa inyo ang salita ng Diyos, at tinalo na ninyo ang Masama. ¹⁵ Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan o ang mga bagay na nasa sanlibutan. Ang umiibig sa sanlibutan ay hindi umiibig sa Ama. ¹⁶ Ang lahat ng nasa sanlibutan, ang masasamang nasa ng laman, ang nasa ng mga mata, at ang pagmamalaki sa mundong ito ay hindi nagmumula sa Ama kundi sa sanlibutan.”

ISANG KAWAL NA DEMONYO ANG PUMASOK KAY SISTER BAEK, BONG-NYO

Pastor Kim, Yong-Doo: Sa buong gabi naming pananalangin, ay nawala sa konsentrasyon si Sister Baek, Bong-Nyo sa isang saglit, at sa sandaling iyon ay pumasok sa kanya ang mga demonyo na parang kulupon ng mga bubuyog. Matapos magpuri sa loob ng tatlong oras, at matapos kong maibigay ang sermon ay kinailangan kong pumunta sa palikuran. Nang bumalik ako ay nakita ko ang mga demonyo na patuloy na pumapasok kay Sister Baek, Bong-Nyo. Gumugulong siya sa sahig at dumadaing sa sobrang sakit at hindi ko kayang makita siya ng ganoon. Tinawag ko ang buong pangkat upang kaagad na manalangin. Nagdasal kami na tila ang aming mga buhay ay naka-depende doon.

Bakit? May kuro-kuro ako kung bakit pumasok ang mga demonyo kay Sister Baek, Bong-Nyo ngunit hindi ko sigurado ang dahilan. Nagsimula ito mula gabi. Desperado kaming nakipaglaban upang paalisin ang mga demonyo hanggang sa pagsapit ng umaga. Kahit sa aking espirituwal na kakayahan at sa aking pisikal na lakas, ay dahan-dahan akong napagod. Ang ibang mga myembro ay wala na ring lakas at isa-isa silang natumba dahil sa pagod.

Katulad ng dati, si Hesus ay tahimik na nakatayo at nanonood sa amin. Kami naman ay nagmamadali sa paghingi sa Kanyang tulong at solusyon. Ngunit dahil kontrol ni Hesus ang sitwasyon ay sinigurado Niyang makakayanan namin ang bawat hakbang mula sa simula. Nang magmasid ako sa pamamagitan ng espirituwal na paningin, ay nakumpirma ko na iyon ang proseso.

Buong gabi kaming umiyak. Nagpatuloy ang espirituwal na pakikipaglaban upang paalisin ang mga demonyo—at kami man din ay hinahabol ng mga demonyo. Sumusugod kami at umuurong, nag-oopensa at depensa sa pakikipaglaban. Si Hesus ay nagmamasid at nag-iisip ng malalim. Tinitimbang ni Hesus ang aming pananampalataya at nais Niya na gawin namin iyon ng may pananampalataya. Ngunit ng maabot na namin ang aming limitasyon ay pumagitan na si Hesus. Katulad ng aking palagay, ay sinusubok ni Hesus ang aming limitasyon. Nalaman ko pagkatapos na inutusan ni Hesus ang dalawang anghel upang paalisin ang mga demonyo pagkatapos ng itinalagang oras.

Kapag nakaharap ang mga demonyo, ano ang mga planong pang-depensa at opensa ang ginagamit ni Pastor Kim at mga myembro ng Simbahan ng Panginoon (Lord's Church)? At saka, kapag ubos na ang pisikal at espirituwal na lakas, anong mangyayari kapag nakipaglaban ka hanggang huli gamit ang pananampalataya nang hindi sumusuko? Malaki ang inaasahan sa amin ng Panginoon kaya naman kailangan naming magsikap ng mabuti upang matupad ang inaasahan ng Panginoon sa lahat ng oras.

Sa espirituwal na pakikipaglaban, ang tanging plano ng pag-atake at tagumpay ay matatamo sa pamamagitan ng panalangin at pagtitiwala kay Hesus. Wala nang iba pang paraan. Hindi maaaring pumasok sa aming mga isip ang pansamantalang pamamahinga o pag-urong sa estratehiya sa pakikipaglaban. Nang maisip namin ang tungkol doon ay mapusok na nanalangin ang mga myembro ng Simbahan ng Panginoon (Lord's Church) at para na kaming nasisiraan ng ulo.

Napaalis ang masasamang demonyo na pumasok sa katawan ni Sister Baek, Bong-Nyo. Halos hindi namin sila napaalis ng isa-isa. Sumigaw ako ng, **“Sa Pangalan ni Hesus!”** at **“apoy ng Espiritu Santo”** ng ilang libong ulit. Nagmatigas ang pwersa ng demonyo hanggang sa huli kahit nasusunog na sila ng apoy ng Espiritu Santo. Ngunit sa huli ay abo nalang ang natira.

Kaya naisip ko, **“dahil nasunog sila hanggang sa maging abo ay tapos na ang lahat.”** Ngunit may hindi inaasahang nangyari. Nabuhay na muli ang abo at nagbagong anyo at

naging ibang demonyo. Hindi kami nagtagumpay sa pagbawi ng abo. Nakapokus kami sa matagumpay na resulta kaya naman lalong sumama ang sitwasyon.

Ilang beses itong nangyari. Kaya naman, kahit ang pwersa ng demonyo na nasa loob ng katawan ay nasunog na ng apoy ng Espiritu Santo, ay kailangan pa rin naming hilahin palabas upang makasiguro. Ang ugong ng mga demonyo habang sila ay pinapalayas ay katulad ng tunog sa palabas na “The Exorcist” kaya ini-rekord ko ang tunog bilang ebidensya upang maayos na maitala iyon.

GINUPIT NG PANGINOON ANG DEMONYO GAMIT ANG MALAKING GUNTING

Ang dami ng pwersa ng demonyo na pumasok kay Sister Baek, Bong-nyo ay humigit pa sa aking kuro-kuro. Hindi iyon matarok ng aming mga isip. Bawat isa sa amin ay bumagsak sa sahig dahil sa sobrang pagod, at nangahas akong mayamot ng kaonti kay Hesus. Kumalat ang mga demonyo sa katawan ni Sister Baek, Bong-nyo na parang hinilang lastiko. “Hesus! Hindi Mo po ba kami tutulungan? Hindi na po namin kayang gawin pa ito. Anong uri ng mga demonyo ito na mapagmatigas at madikit at hindi naming kayang tanggalin sa katawan? O, Panginoon, tulungan Mo po kami sa sitwasyong ito. Anong oras na po?” Dumaing ako kay Hesus at hiniling ko na tulungan Niya kami at pagkatapos ng mahabang oras ay pumagitan na si Hesus.

May hawak si Hesus ng matalim na gunting sa isang kamay at sa pamamagitan ng gunting na iyon ay walang awa Niyang ginupit ang mga demonyo na bumabalot sa katawan ni Sister Baek, Bong-nyo na parang nabinat na mga lastiko. Sa sandaling iyon ay umiyak ang mga masasamang espirito. Nag-makaawa sila at pagkatapos ay naging abo. At pagkatapos ay naging usok at naglaho.

Sinaway kami ni Hesus, “Kailangan ninyong tapusin ang laban sa pamamagitan ng inyong pananampalataya hanggang sa huli. Ngunit bakit humihina ang inyong pananampalataya? Kapag nagdasal kayo ng may pananampalataya ay walang hindi kayang gawin. Bakit natatakot kayo sa mga demonyo?” Muli naming binuo ang aming mga isipan at taos puso kaming nagsisi kay Hesus. Nang matanggap ni Hesus ang aming mga panalangin ay humiling Siya, “Sumayaw tayo at magdiwang para sa Akin.” Kaya tumayo kaming lahat at sumayaw ng buong puso.

Binago ni Hesus ang atmospera at pina-hinahon kaming lahat. Pagkatapos ay nagsalita Siya nang may marahang tinig. “Sa tupa na nagmamahal sa Simbahan ng Panginoon: mula ngayon, kapag pumasok ang mga demonyo at kanilang pwersa sa iyong katawan. Huwag kang matatakot! Sa halip ay talunin mo sila ng kapangyarihan at awtoridad dahil walang imposible sa pananampalataya, kaya maging matatag at matapang ka!” Nais ni Hesus na matamo namin ang tagumpay at mapagtagumpayan ang laban sa pamamagitan ng pananampalataya - kahit gaano pa iyon kahirap - nang hindi nagpapakita ng kalungkutan at pagkatalo. Sa halip ay nais Niya na maging masayahin kami.

Nilikha tayo ng ating Santatlong Diyos at ginagamit Niya ang kakaibang katangian ng bawat isa. Sa kabila ng sitwasyon, ang isang bata ay walang pakialam at hindi nahihiya sa kanilang reputasyon o sa kanilang panlabas na anyo, gaya nito, ang kongregasyon ay sumayaw at nagpakasaya sa serbisyo. Nais ni Hesus na magkaroon tayo ng malinis na kalooban na katulad ng isang bata.

Maraming mananampalataya ngayon ang nakakaalam ng katotohanang ito, ngunit sa totoo, ang kanilang pag-uugali sa serbisyo ay ibang-iba sa serbisyonang ninanis ni Hesus. May mga pagkakataon na kailangan natin na maging malinis na katulad ng isang bata, ngunit umakto ng sa matanda. Mateo 18:3 1, Corinto 13:11

Hindi sumasagot sa aming panalangin ang Panginoon sa sandaling naisin namin, kahit kailan o ano pa man iyon. Kahit pumasok ang mga demonyo sa aming katawan ay hindi kaagad nilutas ng Panginoon ang suliranin; sa halip ay sinasanay Niya kami na labanan ang mga demonyo sa pamamagitan ng pananampalataya. Hinahayaan ng Panginoon ang kahit anong sitwasyon na makakapagpalago ng aming pananampalataya.

ANG ESPIRITUWAL NA LEON NG IMPYERNO

Sister Baek, Bong-nyo: Nang makabalik na ako sa simbahan ay sumugod ang mga demonyo sa aking katawan sa sandaling nagulo ang aking isip. Nang pumunta sa palikuran si Pastor Kim at nang bumalik na siya, sa isang kikapal mata ay pumasok ang mga demonyo sa aking mga kamay at paa. Hindi ko napansin na naging kampante ako at hindi nakapagbantay at nagresulta iyon sa seryosong pagkakamali. Sumigaw ako, **“Oh, hindi Panginoon! Hindi na naman makakapagdasal ang pastor at kongregasyon ngayon ng dahil sa akin. Anong dapat kong gawin?”**

Ginamit ni Pastor Kim ang kanyang buong lakas upang palayasin ang mga demonyo at hindi lang iyon isa o dalawang araw. Nitong mga dumaang araw ay araw-araw niyang pinapaalis ang mga demonyo sa akin. Ang sama ng pakiramdam ko at hindi ko alam kung paano ko maipapakita ang aking pasasalamat sa kanya. Hindi ko naisip kung gaano kahirap ang proseso ng pagbubukas ng espirituwal na paningin at nakakatakot ang panggugulo at pag-atake ng mga demonyo. Nang matanggap ko ang isa, dalawa at marami pang mga espirituwal na biyaya ay namutla ako at nasorpresa. Napakapangit ng mga demonyong pinapalayas ng pastor sa akin. Kumalat ang mga maruruming demonyo sa aking katawan, at pagkatapos ay nagtipon-tipon sila na nagdulot ng sobrang sakit. Inulit nila ang prosesong iyon.

Hindi ko na kayang tiisin pa ang sakit sa aking likod, at nagpagulong-gulong ako sa sahig sa simbahan. Nakikita ko ng malinaw ang mga demonyong nasa loob ng aking katawan. Tumatawa ang mga bastardong iyon at nagbabago ng anyo. Sa gitna ng kalokohan, ay may nagpakita sa aking kakaibang espirituwal na leon mula impyerno at siya ay nakasuot ng itim na tradisyonal na kasuotan sa Korea at sombrero yari sa kawayan. Natakot ako at tumaas ang balahibo sa aking katawan.

Nakatitig sa akin ang maruming demonyong iyon at ang kanyang mukha ay kasing puti ng papel. Nagsimula siyang magsalita. May larawan ako na hawak ng kanyang kamay at sa nakakatakot na tinig ay sinabi niya, **“Ikaw! Hihilahin kita patungong impyerno ngayon. Tatapusin kita ngayong gabi kaya mabuti pang sumuko ka na.”** Desperado ang pesteng iyon na dalhin ako sa impyerno. Tumabi siya sa akin. Kahit magdasal ako ay hindi ko siya natatanggal sa akin. Naisip ko sa aking sarili, **“Oh! Ang leong ito na mula sa impyerno ay dumarating para sa mga taong malapit nang mamatay at mga hindi naniwala kay Hesus.”** Hindi ko alam kung anong iisipin ng mga tao patungkol sa katotohanan ng espirituwal na mundo.

Kaya naman, bilang ganti, sa kapangyarihan ng Espirito Santo na ibinigay sa akin ni Hesus, ay sumigaw ako ng, **“Hoy maruming espirito! Inuutusan kita sa Pangalan ng Santatlong Diyos na mahulog sa hukay ng impyerno kung saan ka nanggaling!”** Sinunggaban ko ang demonyo sa kanyang lalamunan at itinapon ko siya palayo sa akin.

Pebrero 14, 2005 (Lunes)

7 “Tunay na ang Panginoong Yahweh ay di kumikilos, kung hindi pa ipinabatid sa mga lingkod niyang propeta. 8 Kapag umungal ang leon, sino ang hindi matatakot? Kapag nagsalita ang Panginoong Yahweh, sinong hindi magpapahayag?” Amos 3:7-8

NATANGGAP NI JOSEPH ANG BIYAYA NG ESPIRITUWAL NA PANINGIN

Joseph Kim: Nang magsimula akong magdasal sa simbahan ay may napansin akong mga bituin sa alapaap at nakita ko ang buong daigdig sa aking harapan. Nasa gitna ako ng walang hanggang kalawakan. Ang espirituwal na mundo na naririnig ko lang dati ay malinaw na sa akin ngayon. At nakikita ko pa rin na nakaluhod ako at nagdadasal sa ibat-ibang wika nang hindi natutumba.

Naramdaman ng aking katawan ang espirituwal na mundo habang nagdadasal at nararamdaman din iyon ng aking kaluluwa. Habang pumapasok palang ako sa espirituwal na mundo, nang tumingin ako sa likod, ay nakita ko ang kongregasyon na nagdadasal.

ANG MGA ANGHEL AT ANG KANILANG PAKPAK

Sa unang pagkakataon ng aking buhay ay nakakita ako ng mga anghel at kahanga-hanga iyon. Nakatayo ang pastor sa likod ng altar habang patuloy na nagdadasal sa ibat-ibang wika. May anghel na nakatayo sa kaliwang gilid ng altar at siya ay may tatlong pares ng pakpak. Ang kanyang pakpak ay hugis tatsulok at mahaba. May ibang anghel pa akong nakita ngunit malabo.

At saka, ang anghel na nakatayo sa bandang kanan ng pastor ay may hawak na gintong mangkok at iniipon ng anghel ang panalangin ng pastor gamit ang mangkok na tulad ng pagkolekta ng ulan. **“Isa pang anghel na may dalang gintong insensaryo ang**

dumating attumayo sa harap ng dambana. Binigyan siya ng maraming kamanyang upang ihandog sa dambanang ginto sa harap ng trono kalakip ng dalangin ng mga hinirang ng Diyos. 4 Mula sa kamay ng anghel, pumailanlang sa harapan ng Diyos ang usok ng kamanyang kasabay ng dalangin ng mga hinirang ng Diyos.” Pahayag 8:3-4

ANG KALAWAKAN

Patuloy ako sa paglalakbay papalayo at sa mas malalim na kalawakan na parang naglalakbay sa time machine. Habang naglalakbay ako ng mas malalim ay naramdaman ko ang kahanga-hangang bilis. Dumaan sa aking kaliwa at kanan ang hindi mabilang na mga bituin sa tunog na “swoosh!” At sa malakas na ingay na iyon, ay maraming bituin ang nagsimulang gumalaw, na parang patungo sila sa akin upang palibutan ako.

Sa una, ay naisip ko na madilim lang at may mga bituin lang sa kalawakan, ngunit ng maglakbay ako ng mas malayo ay naging kulay asul ang alapaap at hindi nagtagal ay nagkaroon ng kumikinang, maliwanag at ibat-ibang kulay ng bahaghari. Ang liwanag na nagmumula sa bahaghari ay kamangha-mangha, na parang pantasya.

PEBRERO 2, 2012 (MARTES)

“Narito at masdan ang nagawa ko’y isang bagong bagay na hanggang sa ngayo’y di mo namamasdan. Ako’y magbubukas ng isang landasin sa gitna ng ilang, maging ang disyerto ay patutubigan. 20 Ako’y igagalang niyong mga hayop na pawing mailap, gaya ng avestrus at ng asong-gubat; ang dahilan nito, sa disyerto ako’y nagpabukal ng saganang tubig para may mainom ang aking hinirang. 21 Sila’y nilalang ko at aking hinirang, upang ako’y kanilang papurihan!” Isaias 43:19-21

ANG PAGPASOK SA LABINDALAWANG MALA-PERLAS NA PINTO

Joseph Kim: Iminungkahi ng pastor na magdasal muna kami. Nagpasya kami na gawin ang sermon pagkatapos ng panalangin. Dahil isang pamilya lang kami ay nais niyang gawin ang mga bagay ng mas madali at malaya sa straktura. Sumang-ayon ako at sumigaw ako sa galak, “Oo, gusto ko iyan. Simulan muna natin sa panalangin.” Kahapon, nang malapit nang matapos, ay nahinto ang aking pagdadasal ng wala sa oras kaya naman hindi ako nakontento at pakiramdam ko ay may kulang. Muli akong nagsimulang magdasal na puno ng determinasyon na muling makapasok sa langit.

Ang pastor lang ang mag-isang nagdadasal sa altar, samantala ang aking ina, si Joo-eun at ako ay nakaluhod sa ibaba ng altar. Ang bawat isa sa amin ay nakatuon sa panalangin. Nang umiyak ako at taos pusong nagdasal sa ibat-ibang wika katulad kahapon, ay bumukas muli ang aking espirituwal na paningin at nakita ko ang langit sa malayo na maliwanag na kumikinang. Habang papalapit ako sa liwanag, ay labis ang

pagtibok ng aking puso, at punong-puno ako ng pag-asa. Hindi ko alam kung bakit nanginginig ang aking puso at katawan.

Sa wakas ay nakatayo ako sa harapan ng labindalawang mala-perlas na pinto. May napakalaki at bilugang pinto, at sa dalawang tabi niyon ay may matataas na anghel na nagbabantay. Binati ako ng mga anghel na tila kilala nila ako, **“Binabati ka namin, brother. Brother, kailangan mo ng tiket bago makapasok dito. Gusto kong makita ang iyong tiket.”** At sa sandaling iyon, hindi ko alam kung paano nagkaroon ng maliit na kard sa aking kamay.

ANG TIKET UPANG MAKAPASOK SA LANGIT AT ANG DESKRIPSYON NITO

Hindi ko alam kung kailan, sino o paano napunta ang magandang kard na iyon sa aking kamay, ngunit kahit ano pa, ang kard ay nasa aking kamay. Ipinagmamalaki kong ipinakita iyon sa mga anghel.

Ang panlabas na paligid ng tiket ay napapalamutian ng ginto, diyamante, at mamahaling bato. Sa gitna ay may krus na may mantsa ng pulang dugo. Malagkit iyon na parang namantsahan palang ilang saglit ang nakararaan. Sa may bandang ibaba, sa puwang, ay may simbolo ng Alpha at Omega na nakaukit sa griegong salita. At ang aking pangalan ay nakasulat sa salita ng langit. At saka, sa puwang sa itaas ng krus ay may nakadrowing na dalawang anghel na magkaharap. Ang likod ng tiket ay nababalutan ng ginto at may nakasulat na **“Hesu Kristo”**.

Ipinaliwanag ni Hesus na sa karaniwan, ang tiket sa langit ay hindi nakikita at lalabas lang iyon kapag papasok ka na sa pintuan ng langit. Sa pamamagitan ng grasya ni Hesus ay nasaksihan ko ang kakaibang tanawin sa harapan ng tarangkahan ng langit. Winika ni Hesus, **“Mahal kong biik, hindi magtatagal ay papasok tayo sa pinto at wala kang mamimintis na bagay. Ngunit ngayon ay manood ka munang mabuti dahil may isang espesyal na bagay kang makikita.”** Kaya naman, ay tumayo kaming dalawa ni Hesus sa pinto ng langit at naghintay.

May nakita akong isang kaluluwa na nakatayo at naawa ako sa kanya dahil kahabag-habag siya. Nais kong lapitan siya at tulungan ngunit sinabi ni Hesus, **“Maghintay ka lang at manood,”** kaya naman wala akong ginawa kundi nanood. Ang taong iyon ay pagod na pagod at halos hindi na siya makapagsalita. **“Ah sa wakas, nakarating rin ako sa pintuan ng langit. Okay na ako ngayon.”** Pagkatapos niya iyong sabihin ay mabagsik siyang tinitigan ng napakalaking anghel na nakabantay sa malaperlas na pinto at sumigaw siya ng, **“Hoy ikaw! Sino ka upang tumayo sa harapan ng pintuan ng langit? Mas mabuti pang umalis ka na rito ngayon din!”** Ang pagkilos ng anghel ay mahigpit at puno ng dignidad ngunit nakakatakot rin.

Ang tao ay nakasuot ng itim na damit at sinabi niya, **“Pakiusap, anghel, sir! Ito ang pintuan ng langit di ba? Hindi mo naiintindihan kung gaano kahirap makarating dito, kaya pakiusap! Kailangan kong pumasok sa pinto. Hindi ka ba naaawa sa akin?”** Sumagot ang anghel, **“Ganoon ba? Kung gayon ay ipakita mo sa akin ang**

iyong tiket upang makapasok ka.” **“Ha? Anong tiket? Anong gagawin ko, wala akong ganoon?”** At sumagot ang anghel, **“Sinasabi ko na nga ba. Sino ka upang pumunta dito ng walang tiket at umaktong hangal! Umalis ka sa harapan ko!”** Pagkasabi niyon ay pinatamaan ng anghel ang taong iyon ng kanyang daliri na para lang naglalaro ng diyolen. Sumigaw at lumipad ang tao papalayo na mas mabilis pa sa misayl at siya ay bumagsak sa impyerno. Ang taong iyon ay nahulog sa pinakagitna ng nag-aapoy na hukay sa impyerno at siya ay umiiyak at nagmamakaawa.

Habang pinapanood ko ang nangyayari ay kinausap ako ni Hesus, **“Joseph, nauunawaan mo na ba ngayon? Hindi ka makakapasok sa pintuan ng langit kung wala kang tiket. Ikaw rin ay kailangang maging alerto at mamuhay ng tapat. Nauunawaan mo ba?”** Sumagot ako, **“Opo, Hesus! Nauunawaan ko na pong mabuti.”** Ang ekspresyon ng mga anghel ay bumalik sa pagiging magiliw at mainit, at iniyuko nila ang kanilang mga ulo.

Winika ni Hesus, **“Pumasok na tayo sa pinto.”** Kaya sumunod ako kay Hesus. Sa wari ko ay tila gumugulong ang bilog na malaperlas na pinto at pagkatapos ay nalaman ko na nasa loob na ako ng maliwanag na mundo. Nahulog ang aking mata at bibig sa sahog sa pag-hanga at hindi ko maisara ang aking bibig. **“Wow! Kamangha-mangha ito. Wow!** Pagkaraka ay nakatayo na ako sa harapan ng higanteng... tao.

NAKITA NI JOSEPH ANG TRONO NG DIYOS

Isang napakalaking... higante? .. ang nakasuot ng damit na mas maputi pa sa niyebe. Nakaupo Siya sa trono. May bahagharing nakapalibot at nagniningning, at hindi ko maiilarawan sa salita ang aking nakikita. At saka, ang bahagi sa parteng dibdib ay natatakpan ng parang hamog na ulap. Nang sikapin kong iangat ang aking ulo ay kusa akong yumuko at ang kamahalan, kaluwalhatian, at liwanag ang nagpabigat sa akin.

Naisip ko, **“Ito si Jehovah, ang Diyos”**, at itinaas ko ang aking ulo upang makita. Ang pigura ng Diyos ay katulad sa ating mga tao. Abot Niya ang tuktok ng alapaap ng nakaupo. Napakalaki Niya at hindi maarok.

“Walang anu-ano’y kinasihan ako ng Espirito, at nakita ko sa langit ang isang trono, at ang nakalulok doon. 3 Ang mukha Niya’y maningning na gaya ng mahahalagang batong haspe at kornalina. May isang bahagharing kakulay ng Esmeralda sa palibot ng trono.” Pahayag 4:2-3

May napakatinding liwanag ang bumubuhos mula sa bahaging mukha ng Amang Diyos at muling nagkusang yumuko ang aking ulo. Nagsalita ang Diyos sa malakas at dumadagundong na tinig, **“O, Joseph, ang aking muntik biik ay dumating na. Marami kang pinagdaanan upang makarating dito. Bibigyan kita ng malakas na kakayahan, kaya magpatuloy ka sa pagdadasal ng masigasig!”** Hindi ako nakagalaw nang marinig ko ang boses ng Amang Diyos at para akong nakuryente.

Pagkatapos noon ay sinundan ko si Hesus at naglakbay kami sa langit at bumisita sa maraming lugar na katulad ng Hardin ng Eden. Iyon ay kahanga-hangang lugar. May kulumna ng mga hindi kilalang hiyas at mas kuminang iyon ng tamaan ng liwanag. Nakita ko si Arkanghel Michael sa malayo na nakasakay sa puting kabayo.

NAKATANGGAP SI JOSEPH NG BALUMBON

Nang araw na iyon, ay nagsimula muna kami sa panalangin at pagkatapos ay nasundan ng pagpupuri at sermon. Habang sumasamba ako ay malinaw kong nakikita ang trono ng Diyos. Nakikita ko iyon habang nakapikit ang mata o kahit nakamulat. May nakita akong napakalaking balumbon at hawak iyon ng Amang Diyos. Pagkaraka, ang isang bahagi ng balumbon ay gumulong ng gumulong hanggang sa makarating kung saan ako sumasamba. Iniunat ko ang aking mga kamay sa abot ng aking makakaya at magalang na tinanggap ang balumbon. Kaagad kong naramdaman ang bigat niyon.

Nang siyasatin ko ang balumbon, ay hindi ko iyon makilala o maunawaan dahil nakasulat iyon sa kakaibang salita sa langit at para sa akin ay isa iyong hyeroglipiko o kyuniporm. Nakakagulo ng isip na titigan ang balumbon na puno ng malalaki at maliliit na sulat sa langit. Hindi natapos ang balumbon, ngunit iyon ay nakadugtong sa langit at sa sandaling iyon ay narinig ko ang Amang Diyos na nagsalita, **“Joseph, ikaw ay magiging isang espesyal na pastor, at ito ang regalo Ko sa iyo.”** Tumalon-talon ako kung saan ako nakaupo.

Nangako ang Amang Diyos sa tinig na malalim at umaalingawngaw, na ibubuhos Niya sa akin ang malakas na kapangyarihan at maraming kakayanan. Ang aking ama, na isa ring pastor, ay parang tumitingin sa akin ng may pagka-inggit. Sa loob ng ilang panahon, ay tinitii ko ang hirap dahil hindi ko pa natatanggap ang biyaya ng espirituwal na paningin. Nang matanggap ng ibang myembro ng kongregasyon ang biyaya ng espirituwal na paningin at iba pang mga espirituwal na biyaya, ay nasaktan ako at pakiramdam ko ay mag-isa lang ako. Ngunit sa wakas, ay naging katotohanan na ang pangarap ko na matanggap ang biyaya ng espirituwal na paningin. Hindi ko alam kung paano ko ipapakita ang aking pasasalamat sa aking Diyos na tatlong persona. Nagpatuloy ako sa pagdadasal sa ibat-ibang wika at ako ay kaagad na dinala sa harap ng trono ng Diyos. Pakiramdam ko ay hindi ako mahalaga at isa lang na butil ng buhangin sa harapan ng presensya ng Diyos. Pinaalala muli sa akin ng Diyos na may panawagan ako upang maging isang pastor sa hinaharap, at binigyan Niya ako ng isa pang espesyal na biyaya, at iyon ay isang baul ng kayamanan.

Pagkatapos, habang tahimik ako sa harap ng trono ng Diyos, ay may apat na nilalang akong nakita: ang isa ay leon, isang baka, nilalang na may mukhang katulad ng tao, at agila na lumilipad pataas gamit ang kanyang mga pakpak—na katulad ng nabanggit sa aklat ng Pahayag 4:7. Sila ay may anim na pakpak at may hindi mabilang na mga mata sa harap at sa likod. Nag-mamatyag sila sa mga nangyayari sa mundo kung saan tayo nakatira. Nang buksan ng mga anghel ang aklat ng buhay na nasa harap ng trono ng Diyos, ay binuksan ng Diyos ang mga pahina ng isa-isa at Siya ay may hinanap doon.

ANG BOTE NA PUNO NG MGA LUHA

Hindi nagtagal ay nahanap ng malaking kamay ng Diyos ang Kanyang iniisip sa aklat ng buhay. Nang mahanap Niya iyon ay tinuro Niya ako at sinabi, “Joseph Kim!” at iniutos Niya, “Dalhin niyo sa Akin ang bote ng mga luha ni Joseph, gayondin kay Sister Shin, Sung-Kyung.”

“Ang taglay kong sulirani’y nababatid mo nang lahat, Pati mga pagluha ko’y may talaan ka nang ingat.” Awit 56:8

Pagkatapos ibigay ang utos, sa isang kikap mata ay kaagad na dinala ng anghel ang mga bote. Ang iba ay malalaki at ang iba ay maliliit. Hindi ko alam ang dahilan kung bakit hiningi ng Diyos ang bote ng luha ko at ni Dyakonesa Shin, ngunit nitong mga nakaraan ay umiiyak siya habang nagdadasal kaya sa tingin ko ay nais ng Diyos na mapatunayan iyon ng aking mga mata.

Pagkatapos kong makita ang mga bote ng luha, ay nasiyahan ako nang makita ko ang napakaraming tahanan sa langit. Ngunit hindi mo mapipigilang humanga sa malaking sukat at plano niyon. Katulad ng bagong usbong na kawayan pagkatapos ng ulan, ang mga tahanan ay umusbong sa paligid at iba-iba ang mga hugis at sukat niyon. At saka, binigyan rin ako ng Diyos ng korona sa aking ulo. Labis ang aking kasiyahan at tumakbo ako upang makita pa ang iba.

KABANATA 2: ANG NAKAKALASONG TINIK NG ESPIRITO SANTO

Pebrero 17, 2005 (Huwebes)

“Ang lupa’y siyang nagpapasibol at nagpapabunga sa mga pananim: usbong muna, saka uhay na pagkatapos ay mahihitik sa mga butil. 29 Pagkahinog ng mga butil, agad itong ipapagapas sapagkat dapat nang anihin.” Marcos 4:28-29

NAKATULOG AKO SA BISIG NI HESUS

Kim, Joo-eun: Habang ako ay nananalangin, ay dumating si Hesus at tumayo sa aking harapan. “Hesus! Hesus! Grumadwyet na po ako sa elementarya ngayong araw. Hesus, bilang regalo Niyo po sa akin, pakiusap, isama Niyo ako upang bumisita sa langit.” At sumagot ang Panginoon, “Talaga? Kapag nagdasal ka ng masigasig ay isasama kita sa langit. Kaya magdasal ka ng walang humpay.” Tinawag ko ang Panginoon sa aking panalangin at pinuri Niya ako, “Aking Sesame, nagdadasal ka ng matiyaga ngayong araw. Mahusay ang iyong ginagawa!”

Nagsimula akong magsisi sa lahat ng kasalanang aking nagawa at umiyak ako sa Panginoon hanggang sa napagod ako ng tuluyan. Sa sandaling iyon ay umupo si Hesus sa aking harapan at sinabi Niya, “Sesame, pagod ka na ba? Lumapit ka sa Akin.” At pagkatapos ay yinakap Niya ako. Inihiga Niya ng marahan ang aking ulo sa Kanyang mga tuhod at sinabi Niya, “Sesame, dahil pagod ka na ay ipagpaliban muna natin

ang pagbisita mo sa langit; sa halip ay magpahinga ka muna sa aking mga bisig.” Tinapik-tapik Niya ang aking likod. Tinanong ko si Hesus, “Hesus, kung makakatulog ako habang nagdadasal ay lulusubin ako ng mga demonyo. Sa tingin Mo po ba ay magiging ayos lang?” Sumagot ang Panginoon, “Proprotektahan kita, kaya huwag kang mag-alala. Ngayon, ay matulog ka na mahal Kong Sesame. Matulog ka na...”

Nakatulog ako ng mahimbing sa mainit na yakap ng Panginoon.

ANG DEMONYO SA PELIKULA NA “ANG MULTO SA HAYSKUL”

Joseph Kim: Habang tumutugtog ang musika ng papuri na “Tanggapin ang Espirito Santo”, ay naging bolang apoy ang aking katawan, at nang bumagal ang musika sa mahinahon na awit ng papuri, ay naging maluwag din ang aking panalangin. Pakiramdam ko ay nakatayo ako sa madilim na pasilyo ng eskwelahan na katulad sa pelikula na “Ang multo sa hayskul”. Pagkaraka, mula sa malayo, sa madilim na kanto, ay may demonyo na nakasuot ng puting damit. Tahimik siyang nakatayo at siya ay may mahabang buhok na hinahangin. Nang makita ko ang demonyo ay nilamig ang aking buong katawan, at kaagad siyang sumugod sa akin ng pa-sigsag at may malakas na ingay na, “Bang, bang, bang, bang.” At pagkatapos ay dinaganan niya ako. Ang mukha ng babaing demonyo ay natatakpan ng kanyang mahabang buhok. Takot na takot ako at akala ko ay mahihimatay na ako ngunit sinikap ko na huwag ipakita ang takot sa aking mukha. Inilapit ng demonyo ang kanyang mukha sa aking mukha at binuksan niya ang kanyang bibig na may mga pangil ng Dracula. Dumudugo ang kanyang mga mata at bibig. Lumapit siya sa akin upang sindakin ako. Sumigaw ako, “**Sa Pangalan ni Hesus lubayan mo ako! Maruming demonyo!**” Tumili ang demonyo at pagkatapos ay naglaho.

Nagpatuloy ako sa pagdarasal. Nakita ko ang trono ng Diyos at sa wari ko ay naghahanda Siya sa pagbigay ng isang bagay sa akin. Naisip ko, “**Ano kaya ang ibibigay Niya sa akin ngayon?**” Napuno ako ng kuryosidad kaya nagpokus ako sa pagdarasal ng masigasig.

MALALAKING BALUMBON NA BUMABA MULA SA LANGIT

May nakita akong hindi mabilang na mga balumbon sa malaking tumpok na kasing taas ng bundok sa harap ng trono ng Diyos, at kabilang doon ang pinaka-malaking balumbon na gumulong ng gumulong at bumaba kung saan ako naka-pwesto. Ang kakapalan ng balumbon ay umaabot sa 3 talampakan at 6 talampakan ang lapad. Malaki iyon at tila mabigat. Hindi ko alam kung paano ko sasaluhin ang paparating na balumbon na sobrang bilis. Ang apat na nilalang sa harap ng trono ng Diyos ay nagmamasid ng mabuti sa nangyayari.

Iniunat ko ang aking mga kamay upang tanggapin ang balumbon at hindi ko inalintana ang laki niyon. Hindi ko iyon masalo dahil sa bigat at muntik na akong matumba. Kulay puti ang balumbon, ngunit kumikinang sa ginto, at natural na pumasok iyon sa aking katawan. Ang nakasulat doon ay halintulad sa Hebreo. Habang nagpupuri ako at

nakikinig sa pangaral, ay may hindi mabilang na balumbon na ibat-iba ang sukat na patuloy na bumababa patungo sa akin. Maya-maya, ang mga balumbon ay nagsanib sa isang malaking tumpok, at hindi ko alam ang aking gagawin. Ang mga balumbon ay pumasok sa aking ulo, dibdib, bibig, at kamay. **“Wow! Anong nangyayari?”** Hindi ko namalayan na nagsasalita na pala ako ng malakas. **“Pastor! Pastor! May hindi mabilang na mga balumbon ang bumababa mula sa trono ng Diyos patungo sa aking katawan ngayon!”**

Nang marinig ng pastor ang aking tinig, ay lumapit siya sa akin at parang bata na nagtanong, **“Talaga? Huwag mong tanggapin lahat ng para saiyo lang— bahagian mo ako.”** Tumayo siya sa harap ko at tinanggap ang mga balumbon na para sa akin. Ngunit ang kakaiba, ay lumampas ang balumbon sa pastor at pumasok ang mga iyon sa aking katawan. Sinabi ko, **“Pastor. Wala pong saysay kahit tumayo ka sa harap ko. Ang mga balumbon ay ibinigay ng Diyos para sa akin.”** Tumawa ako at ang pastor naman ay nadismaya.

Sa sandaling iyon ay winika ni Hesus, **“Natanggap na ni Pastor Kim ang lahat ng iyon.”**

ANG AKING LOLA NA NAKAKULONG SA BOTE SA IMPYERNO

Lee, Yoo-kyung: Ang pastor lang at ang kanyang pamilya ang nasa simbahan at nagdadaos ng serbisyo at nagdarasal, ngunit malakas ang pagnanais ko na pumunta at manalangin. Kaya pumunta ako sa simbahan upang sumamba at habang nagdarasal ako ay lumapit si Hesus sa akin at dinala Niya ako sa impyerno.

Inakay Niya ako sa lugar kung saan maraming mga bote at sa loob ng mga bote ay may maraming tao na nagtatakbuhan. Naririnig ko silang sumisigaw at humihingi ng tulong. May mapulang apoy sa ilalim ng mga bote at hindi nagtagal ay naging mapula na ang bote at ang mga tao sa loob niyon ay parang masisiraan ng ulo.

May narinig akong pamilyar na tinig, at iyon ay tinig ng aking lola. At naisip ko na mahihimatay ako. **“Yoo-kyung? Mahal kong Yoo-kyung! Napaka-init dito! Hindi ako makahinga rito! Pakiusap, iligtas mo ako. Hindi mo ba tutulungan ang lola mo sa lugar na ito? Magmadali ka at sabihan si Hesus na tulungan ako.”** Sumigaw sa akin ang aking lola habang siya ay nasa loob ng bote. Tiningnan ko siya at sumagot ako, **“Lola! Lola! Anong gagawin ko? Ah, ang puso ko! Maruruming demonyo! Bakit niyo pinahihirapan ang aking lola sa apoy? Lola!”** Nakiusap ako kay Hesus, **“Hesus, pakiusap iligtas mo ang aking lola.”** At winika naman Niya, **“Yoo-kyung, mapanganib kaya huwag kang lalapit sa bote. Huwag kang masyadong lumapit. Mapanganib para sa iyo.”** Hinawakan ni Hesus ng mahigpit ang aking kamay nang sa ganoon ay hindi ako makalapit patungo sa bote.

Kahit gaano pa ako makiusap ay hindi ginawa ni Hesus ang aking kahilingan kaya sumigaw ako sa Diyos. **“Amang Diyos! O Amang Diyos! Pakiusap, iligtas Mo ang aking lola. Pakiusap!”** Ngunit walang sagot ang Amang Diyos. Naghuhumiyaw na tumakbo

ang aking lola nang uminit ang bote. Hindi nagtagal ay natunaw ang kanyang mga paa at pagkatapos ay unti-unti siyang nangitim dahil malapit na siyang mamatay. Humina ang kanyang tinig. Pagkaraka, ay sumigaw siya ng malakas dahil sa tindi ng init at pagkatapos ay nawalan na siya ng malay. Tumakbo ng paikot ang aking lola hanggang sa lubos na natunaw ang kanyang mga binti.

May demonyong may sungay na nakabantay sa tabi ng bote at winika niya, **“Hahahaha! Masarap na naman ang ulam natin ngayong araw. Napakasaya ko! Hahahaha!”** At patuloy siyang tumawa. Tinusok ng demonyong iyon gamit ang kanyang sungay ang mga taong nakapila upang ipasok sa bote at lahat sila ay nahulog at umiyak.

Hinimod ng demonyo ang dugo na tumilamsik sa kanyang katawan. **“Masarap, talagang masarap!”** Sinugatan ng mga demonyo ang mga tao at sinipsip ang dugo. At kapag wala ng dugo ay nagsugat pa sila ng madami. Isa iyong nakakatakot na tanawin at ayaw ko nang makita pa. Umiyak ako dahil sa aking lola. Nabalutan ako ng kalungkutan kaya sinubukan ni Hesus na pasayahin ako, **“Shhh, tahan na..”** Inaliw Niya ako ng apat na beses. **“Yoo-kyung, tumahan ka na sa pag-iyak.”**

Tumayo ang mga demonyo sa harap ng bote at masayang sumayaw sa harap ng naghihirap na mga tao. Winika ni Hesus, **“Yoo-kyung, pumunta na tayo sa langit ngayon.”** Sinundan ko si Hesus patungong langit at iniwan ko ang mga nakakatakot na imahe ng aking lola na pinahihirapan. Nang makarating ako sa langit, ay kumain ako hanggang sa mabusog ng ibat-ibang mga prutas na ibinigay sa akin ni Hesus. Pagkatapos ay bumalik na ako sa simbahan.

PEBRERO 18, 2005 (BYERNES)

“O dinggin ka nawa ni Yahweh tuwina kung ika’y sapitin ng hirap at dusa! At ang Diyos ni Jacob ingatan ka sana. 2 Magmula sa templo, sana’y bigyang tulong at itaguyod ka magbuhat sa Sion! 3 Ang handog mo nawa ay kanyang tanggapin, at pahalagahan haing susunugin.” Awit 20:1-3

Joseph Kim: Nang magsimula na ang pagsamba ay nagpuri ako at biglang nabuksan ang aking espirituwal na paningin. Sa una ay malabo kong nakita ang trono ng Diyos ngunit hindi nagtagal ay naging malinaw din. May narinig akong tinig mula sa Amang Diyos at winika Niya, **“Ikaw ay magiging Aking tagapag-lingkod at gagawin mo ang Aking gawain; kaya naman ay hahayaan kita na makita ng malinaw ang espirituwal na mundo gamit ang iyong mga mata. Huwag kang maging arogante. Maging mapagkumbaba ka hanggang sa huli.”**

At saka, ang ating Amang Diyos ay may hawak sa Kanyang kamay at iyon ay gintong korona na may ibat-ibang batong palamuti—na ipinutong mismo ng Diyos sa aking ulo. Nang maipatong ang korona sa aking ulo ay may naramdaman akong elektrisidad na dumaloy. Hindi ko gaanong nakita ang korona dahil maliwanag at kumikinang iyon.

ANG PAGBABA NG BALUTI NG DIYOS

May liwanag na nagmumula mula sa trono ng Diyos at may bumabang tabak ng Espirito Santo na nagniningning. Naisip ko sa aking sarili, **“O, ito ang tabak ng Espirito Santo na naririnig ko lang dati.”** Naalala ko na nabasa ko iyon sa Efeso 6 at ninanais ko na matanggap ang tabak ng Espirito kaya naman ay taimtim akong nanalangin para doon. At ngayon ay bumababa na ang tabak ng Espirito Santo patungo sa akin! Nangyayari ang eksena sa aking harapan.

Kung maaari ay nais kong magkaroon ng baluti ng Diyos. **“Isuot ninyo ang baluting kaloob ng Diyos, upang mapaglaban ninyo ang mga lalang ng diyablo.” Efeso 6:11** Ang kumikinang na gintong espada ng Espirito ay patuloy na bumaba patungo sa akin. Pagkaraka, ay naisip ko na kailangan kong lunukin ang espada kaya binuksan ko ang aking bibig. Pumasok ang espada sa aking bibig at napunta sa aking tiyan. Ang nakakagulat ay hindi naging masama ang aking pakiramdam at hindi ako nakaramdam ng sakit.

May isa pang bagay ang bumaba at iyon ay isang kamangha-manghang pananggalang na yari sa ginto, at kumikinang. Pumasok iyon sa aking katawan. May iba pang espada ng espirito ang bumaba mula sa itaas at muli kong nilunok ang mga iyon. May nakita rin akong mga helmet na sinusuot ng heneral sa digmaan sa aming kasaysayan. Naisip ko, **“Ah, marahil ito ang helmet ng kaligtasan.”** Pumasok sa aking katawan ang helmet ng kaligtasan.

Pagkatapos ay bumaba ang pananggalang ng pananampalataya na may ibat-ibang liwanag - may gintong liwanag na nagmumula doon. Ang pananggalang na ito ay pumasok rin sa aking katawan. Ang panyapak sa pagiging handa sa pangangaral ng mabuting balita ay katulad ng botang yari sa ginto, gayondin ang baluti ng pagkamatuwid at bigkis ng katotohanan ay yari din sa ginto.

Hindi nagtagal, ay may buhay na bagay ang tumakbo at sumugod sa akin at napagtanto ko na isa iyong puting kabayo. Kaagad akong tumalon sa likod ng kabayo ng walang pag-aalinlangan at pagkatapos ay lumipad ang kabayo sa himpapawid. Nagalak ako at hindi ko mailarawan sa salita ang kasayahang aking naramdaman. Habang lumilipad ako sakay ng kabayo ay may bumaba mula sa trono ng Diyos. May nakita akong gintong sako at puno iyon ng pagkain at inumin. At saka, may karakter na intsik na dahan-dahang bumaba. Iniunat ko ang aking kamay upang kunin iyon at idikit sa aking dibdib.

“Taglayin ninyo lagi ang kalasag ng pananalig kay Cristo, bilang panagga’t pamatay sa lahat ng naglilyab na palaso ng masama.” Efeso 6:16 Katulad ng nabanggit ay inihahanda ako para sa hinaharap, para sa maapoy na pakikipaglaban sa mga demonyo. Marami ring mga watawat ng tagumpay ang bumaba mula sa langit at pumasok sa aking katawan. May mapa rin ng mundo ang pumasok sa aking bibig. Ang trumpeta na nangangahulugan ng Mabuting Balita, na yari sa ginto, ay pumasok rin sa aking bibig.

Upang lusubin ang masasamang demonyo sa laban, lahat ng uri ng armas ay bumaba mula sa langit at may mga espada at sibat na ibat-iba ang sukat. Mayroon ring palakol, espadang may dalawang talim, martilyo, gantimpalang plaka, gunting, baril, aklat, sibat at palaso, pamaypay, agila, eroplano, bituin, upuan, bahaghari, kutsara, at marami pang iba --- ang patuloy na bumababa.

Nais kong malaman at patotohanan ang dahilan ng Amang nasa langit kung bakit ako binigyan ng mga sandata kaya muli ko siyang tinanong, **“Amang nasa langit! Bakit Niyo po ako binigyan ng ibat-iba at napakaraming sandata?”**

Sumagot ang Diyos, **“Maglalakbay ka sa buong mundo upang iligtas ang mga naliligaw na kaluluwa. Ito ang dahilan kung bakit binigyan kita ng mga sandatang ito. At saka, hindi magtatagal ay makakatunggali mo ang haring demonyo na si Satanas. At kapag nakipaglaban ka sa mga demonyo ay kakailanganin mo ang mga sandatang iyon at bibigyan pa kita ng iba pang makapangyarihang sandata. Matatanggap mo ang naglalagablab na apoy ng Espirito Santo at elektrisidad. Ngunit, kapag naging mapagmataas ka at masama ay kukunin ko ang lahat ng iyong abilidad na aking ibinigay at mawawala rin ang biyaya mo sa iba, kaya manatili kang maging mapagkumbaba hanggang sa huli at huwag kang maging mayabang. Naiintindihan mo ba?”** Yumuko ako bilang respeto sa Diyos Ama at sumagot ng, **“Opo, Panginoon.”** Nangako rin ang Diyos na ibubuhos Niya ang mga biyayang mula sa langit na kakailanganin ko sa aking ministryo sa hinaharap bilang isang pastor.

Makalipas ang ilang saglit, ay may labindalawang anghel ang bumaba mula sa karawahe na may dalawang puting kabayo, at inihayag nila na ang mga espesyal na biyaya na dala nila ay nagmula sa Diyos. Ang mga biyaya ay pumasok sa aking katawan. Ang mga kaloob na ito ay kumakatawan sa salita ng Diyos na mas higit pa sa ibang biyayang aking natanggap. Marami pang ibat-ibang sukat ng tabak ng Espirito Santo ang pumasok sa aking katawan.

At saka, may naka-rolyong banig na kumikinang at kulay pula ang bumaba sa aking harapan ngunit nang mabuksan iyon ay bumuhos ang mga mamahaling bato. Pakiramdam ko ay ako ang pangunahing tauhan sa isang aklat. May napansin akong kahon ng alahas at nang buksan ko iyon ay nakakasilaw ang liwanag at akala ko ay mahihimatay ako.

Ang lahat ng ito ay malinaw kong nakita at pakiramdam ko ay nangangarap ako dahil napakaganda ng aking nakikita at sa wari ko ay mawawala ang aking ulirat.

ANG BABALA NG PANGINOON SA AMING SASAPITING PAGHIHIRAP SA IMPYERNO

Sister Baek, Bong-Nyo: Winika ni Hesus, **“Upang bagohin si Pastor Kim, bago ang lahat, ay dadalhin ko siya sa impyerno at sa loob ng 3 ½ taon ay makukulong siya doon at mararanasan niya ang paghihirap sa impyerno.”** Nagulat si Pastor Kim at sumagot, **“Huwag Panginoon! Pakiusap, huwag! Alam Mo po na duwag ako sa loob!**

Hindi tulad ng pinapakita ng aking panlabas, ako po ay maselan, mayumi sa loob, at madaling matakot.” Tumawa si Hesus at winika Niya, “Mas malakas ka kaysa sa iyong iniisip at alam Ko iyon.” Si pastor Kim at ang kanyang pamilya ay nakakatawa minsan. Hindi niya ipinapakita na pagod na siya; sa halip, ay ipinahiwatig niya ang kasayahan at nainggit ako sa kanya ng higit pa sa isang pagkakataon.

Kumakailan lamang, ay napansin ko na si Hesus ang palagiang bisita sa tahanan ng pastor. Nang tanungin ko ang Panginoon kung nasaan Siya, ay palagi Niyang sinasabi na nasa tahanan Siya ng pastor, at naririnig ko lang Siya na kinakausap ako.

ANG HINAING NI PASTOR KIM

Ang asawa ng pastor na si Kang, Hyun-ja: Winika ni Hesus kay Pastor Kim, “Ikaw ay isang pastor, ngunit may responsibilidad ka rin sa pagsusulat ng aklat upang mabasa ng daigdig; kaya naman ay kailangan mong masaksihan ng personal kung ano ang impyerno. At saka, sa pamamagitan nito ay mapagtatanto mo ang mga bagay na dapat itama. Kaya mula ngayon ay maging handa ka. Bibisita ka sa lugar kung saan napunta ang aking mga dating taga-paglingkod, at mararamdaman mo ang hirap sa ibat-ibang lugar sa impyerno, mula sa kailaliman.” Nang maihayag iyon ay nanginig sa takot si pastor kim.

Hinayaan ni Hesus na maunawaan namin at malaman kung bakit Niya ipinagpaliban ang biyaya ng espirititual na paningin para sa akin at kay pastor kim, at iyon ay dahil nagkasala kami sa pagbunyag ng sekreto.

Sumagot si Pastor Kim sa tono na tumututol, “Hesus! Pakiusap, huwag! Bakit kailangan kong magdanas ng sakit dahil lang sa isa akong pastor? Hindi po iyan makatarungan. Hesus, kung pakikitunguhan Mo po ako sa ganyang paraan ay ititigil ko na ang pagsusulat ng aklat. Ayaw ko po talagang pumunta sa impyerno!” Sumigaw siya. Sumagot si Hesus sa matigas na tinig, “Pastor Kim! Maging matapang ka. Bakit ka labis kang natatakot?” Binigyan muli siya ng katiyakan ng Panginoon.

Sina Joseph at Joo-eun ay nakikinig sa aking tabi at sumagot sila ng, “Dad! Isa ka ba talagang pastor? Bakit mo sinasabi ang mga mahihinang bagay na ito?” Nang ibigay ng aming mga anak ang kanilang opinyon ay nasaktan ang pastor at nalungkot. Nagpakita si Hesus ng awa at pagmamahal at inaliw Niya ang pastor. “Pastor Kim! Bibigyan kita ng lakas, kaya huwag kang mag-alala. Babawasan Ko ang sakit na iyong mararanasan.”

Pansamantala ay hindi ka makakakita at mararamdaman mo lang na para kang tinutusok. Tiniyak Niya na parehas kami ng mararamdaman ng pastor. Napabuntong hininga kaming dalawa.

ANG TAONG KATANGIAN NI HESUS

Ang Hesus na aming naranasan ay nagpakita ng katangian ng isang tao na higit sa aming inaakala. Masigla Siya at sa kabila ng pagiging espirito ay madamdamin din

Siya. Kahit hindi namin mahigpit na hinahawakan ang aming mga Bibliya upang maging saksi, at sa bawat pagkakataon na dumaranas kami ng kahirapan at nagtitiis sa pagod, ay ipinararamdam Niya ang Kanyang pagmamahal at awa at pinagiginhawa Niya kami. Bilang Anak ng Diyos, ay pinamamahalaan Niya ang lahat ng nilikha ng may awtoridad at ang bawat salitang sinasambit Niya sa amin ay nagpapalambot sa aming mga puso. Walang sinomang tao ang hindi mababagbag ang loob sa Kanyang pagmamahal na mararamdaman. Si Hesus ay sensitibo sa emosyon at ang kanyang pagkatao ay umaapaw.

Madalas ay nakikita lang natin si Hesus bilang tagapaghatol at kilala lang natin Siya bilang Banal na Panginoon. Hindi ibig sabihin nito na iminumungkahi ko na respetohin ang Banal na Panginoon ng walang pag-iingat.

Karamihan sa atin, ay hindi alam ng ordinaryong Kristiyano at ng simbahan na si Hesus ay mapagpatawa. At saka, kapag kami ay nalulungkot at umiiyak, ay umiiyak rin Siya kasama namin. At kapag masaya naman kami ay nagagalak rin Siya. Siya ay banal, ngunit nais ko rin ipahayag na an gating Panginoon ay seloso kapag ang ating mga isip ay okupado ng mga makamundong bagay kaysa sa Kanya.

Kaya naman, ang aming pamilya ay namumuhay araw-araw ng maingat nang sa ganoon ay hindi namin masaktan o mabigo ang ating Diyos na may tatlong persona. Kapag nag-uusap kami ay sinisigurado namin na walang nakakaligtaan patungkol sa Amang nasa langit, kay Hesus o sa Espirito Santo. Nang makita ni Hesus at ng Espirito Santo ang aming debosyon—sila ay palaging nasa aming tabi at hinahayaan Nila na makita namin Sila, at ibinubuhos nila ang apoy at kalakasan sa aming mga katawan. Matapos naming matanggap ang biyaya ng espirtual na paningin ay marami pang nakakagulat na mga bagay ang aming naranasan araw-araw.

ANG PAGKAMAPAGPATAWA NI HESUS

Habang ang aming pamilya ay nakaupo at nagbabahagi ng mga usapin tungkol sa langit, at nagbabahagi ng aming mga opinion patungkol kay Hesus at sa Espirito Santo, ay nalaman namin na ang aming silid ay napuno ni Hesus, ng Espirito Santo at ng mga anghel at natuwa sila sa aming pag-uusap.

Si Hesus ay nasa kondisyon ng pagpapatawa sa aking asawa na si Pastor Kim, **“Pastor Kim! Ikaw ay isang pastor na may malaking pananampalataya, kaya naman ay magdurusa ka ng labis na sakit upang ang iyong espirtual na paningin ay mabilis na mabuksan. Ano sa tingin mo? Handa ka na ba ngayon?”** Iniutos ni Hesus kay Joo-eun na ihatid ang mensaheng ito sa kanya.

Napatalon ang aking asawa sa pagkagulat at sumigaw siya ng, **“Oh Panginoon! Sisimulan Mo na naman ba iyan? Bakit Mo po ako tinatakot?”** At lahat kami ay napatawa sa kanyang isinagot. Kahit parang nagbibiro lang si Hesus ay may nakakubling katotohanan sa Kanyang sinabi.

Ipinaliwanag ni Hesus na malaki ang pagkakaiba ng pagbisita sa impyerno at personal na maranasan ang paghihirap doon. At ang tanging paraan upang maisulat ang aklat ng hindi nagkokompromiso ay ang maramdaman ang sakit at personal na maranasan ang paghihirap. Ito ang paraan upang ang nilalaman ng aklat ay maging kapani-paniwala at si Pastor Kim ay magiging handa upang magamit ng lubos sa hinaharap. Pagkatapos ng paliwanag ay nasindak ang pastor. Sinabi pa ng Panginoon ng direkta sa akin, **“Dahil ikaw ang asawa ng pastor at kayo ay nasa parehas na bangka, hindi ba nararapat lang na samahan mo siya na maranasan ang impyerno?”** Nagulat ako kaya napasigaw ako ng, **“Hesus, ako po ay isang tao na madaling matakot. Lalo po akong natatakot sa impyerno. Mahina po akong tagapag-lingkod at hindi ako magtatagal kahit isang minuto o segundo.”** Napabulalas ng tawa si Hesus at sinabi Niya, **“Hindi.. sa tingin Ko ay hindi. Malakas ka.”** Ang pastor ay tumatawa sa aking tabi at umayon siya kay Hesus. Tinukso niya ako at tumawa siya, **“Hahahahaha! Panginoon! Tama po kayo! Si Sister Kang, Hyun-Ja ay mas matapang kaysa sa kanyang itsura. Tingnan Mo nalang po ang kanyang braso. Hindi po ba mukhang makakagawa siya ng malaking pinsala sa mga demonyo?”**

Sinubukan kong mang-akit at magsalita na parang bata at nakiusap ako, **“Oh Hesus! Hindi po ito tama. Natatakot po ako, nais ko lang pong manood kung maaari? Pakiusap?”** Sumagot si Hesus, **“Okey, okey, kung iyan ang iyong nais. Hahayaan kita na manood lang.”** Sumigaw ako sa galak.

Umupo ang pastor sa aking tabi at gamit ang kanyang maliliit na mata ay tinitigan niya ako at sinabi, **“Hoy! Nasaan ang iyong katapatan? Habang ang mahal mong asawa ay naghihirap sa impyerno, sa lahat ng taon ng pagmamahal at katapatan ay sinasabi mo na, “Honey! Nandito lang ako sa iyong tabi. Kaya huwag kang mag-alala! Mabubuhay at mamamatay tayo ng magkasama. Ngunit ano? Ngayon ay masaya ka na hindi ka magdadanas ng paghihirap sa impyerno? Hay, ano pa bang masasabi ko..”** Napatawa siya ng malakas.

“Pastor Kim! Huwag kang mag-alala. Kasama mo si Hesus at protektahan ka Niya. Suwertehin ka sana sa impyerno!” Nang sabihin ko iyon ay tumawa si Hesus ng malakas, **“Hahahaha!”** Magkasabay na sinabi ng mga bata, **“Dad, haharap ka sa malaking gulo!”** at sila ay nagtawanan.

Pagkaraka, ay kapansin-pansin na ang pastor ay natatakot sa kung anong karanasan ang kailangan niyang tiisin sa impyerno. Sinabi pa ni Hesus, **“Mula ngayon, ay kailangang ihandang mabuti ng pastor ang kanyang isipan at kailangan niyang lumalim sa pagdarasal.”** Nagtanong ang pastor, **“Hesus! Kapag nakakulong na po ako sa impyerno at labis na nagdurusa sa sakit, ay lalaki po ba ang aking gantimpala sa langit?”** Ipinaliwanag ni Hesus na ang dahilan ng paghihirap ay hindi para sa gantimpala kundi upang maisulat ng tama ang mga karanasan sa aklat. Ang pisikal na pakikipaglaban ng pastor sa mga demonyo na kailangan niyang tiisin ay bahagi ng kanyang pananampalataya na dapat niyang matapos. Kapag natapos na iyon ay matatanggap niya ang gantimpala.

Pinalakas ni Hesus ang pastor para sa pisikal na pagdurusa na mararanasan niya sa impyerno sa hinaharap, at ipinakita Niya kay Joo-eun ang tahanan ng pastor sa langit. Ibinalita ni Joo-eun na ang tahanan ng pastor ay may 900 palapag na ang taas at ang sa akin naman ay 700 palapag na ang taas at maraming anghel ang abala sa paggawa ng tahanan.

ANG ESPIRITUAL NA CELLPHONE AT ANG MENSAHE

Nakiusap si Pastor Kim, “**Hesus! Buhayin Mo po ang aming simbahan!**” Pagkaraka, ay tumunog ang espirtual na cellphone ng pastor. Ang espirtual na cellphone ni pastor Kim ay may mensahe mula kay Hesus patungkol sa kanyang kahilingan. At nakasaad doon na ang pagiging saksi ay hindi madali, kaya naman, kailangan naming ihanda ang aming mga sarili sa pamamagitan ng panalangin at sa kapangyarihan na ibinigay sa amin mula sa itaas. Pinatotohanan rin ito ng mga bata sa pamamagitan ng kanilang espirtual na paningin. Sumigaw si Hesus ng malakas na ang aming simbahan ay mabubuhay at lalago, kaya naman ay dapat kaming magdasal at mag-ebanghelyo ng masigasig.

PEBRERO 19, 2005 (SABADO)

11 “Binabautismuhan ko kayo sa tubig bilang tanda ng inyong pagsisisi at pagtalikod sa kasalanan. Ngunit ang darating na kasunod ko ang siyang magbabautismo sa inyo sa Espiritu Santo at sa apoy. Higit siyang makapangyarihan kaysa akin; ni hindi man lamang ako karapat-dapat magdala ng kanyang sandalyas. 12 Hawak na niya ang kanyang kalaykay upang alisin ang dayami. Titipunin niya sa kamalig ang trigo ngunit ang ipa ay susunugin sa apoy na di mamamatay kailanman.” Mateo 3:11-12

KIM, JOSEPH: Sa tuwing ipinipikit ko ang aking mga mata o kapag ako ay nananalangin, ay malinaw kong nakikita ang trono ng Diyos. Ilang araw ang nakararaan, ay nakaramdam ako ng pagkabigo nang marinig ko ang mga karanasan ng may mga espirtual na paningin. Naiinggit ako at mag-isang nakaupo ng malungkot dahil hindi ko pa natatanggap ang biyaya ng espirtual na paningin. Ngayon ay nakikita ko na ang trono ng Diyos na nababalutan ng marilag na kaningningan. Mas nakakabulag iyon kaysa sa sikat ng araw, at iyon ay sampung libong beses na mas maliwanag.

Sinubukan kong makitang mabuti ang trono ng Diyos ngunit sa tuwing itataas ko ang aking ulo upang tingnan ang liwanag, ang karilagan niyon ang kusang nagpapayuko sa aking ulo at hindi ko makita iyon ng malinaw. Nakita ko ng bahagya ang napakalaking tuhod at paa. Napakalaki ng Diyos at hindi matarok ang Kanyang laki. Sa harap ng trono ng Diyos ay may apat na nilalang na mabagsik ang titig, at tumingin sila sa akin at umikot ang kanilang mga mata. (Pahayag 4:6) At saka, maraming ilaw ang nagningning mula sa trono, ngunit iyon ay hindi karaniwang kulay ng bahaghari.

ANG GINTUANG DAAN NA NAKARUGTONG SA LANGIT

May hindi karaniwan, at espesyal na ginintuang liwanag ang aking nakita sa aking harapan kaya naman nagmasid akong mabuti sa rebelasyon. Sumigaw ako ng hindi nag-iisip, **“Wow! Iyon ang daan patungo sa langit!”** Mula sa aking kinatatayuan, ay wala pa akong nakitang katulad ng walang hanggang daan patungo sa langit, ngunit ipinakita iyon sa akin ng Diyos ng malinaw at tiyak.

Ang sukat ng daan ay hindi masyadong malapad, ngunit iyon ay patungo sa trono ng Diyos at ang gintong daan ay nagsimula sa ilalim ng aking ilong. Patuloy na nagningning ang ginintuang liwanag, at mula sa malayo ay may nakita akong papalapit sa akin.

ANG KAYAMANAN SA LANGIT NA KAILANGAN SA MINISTERYO

Anuman ang bumaba mula sa langit, kahit ano pa iyon, ay palaging nagniningning ng maliwanag at kapag sinubukan kong tingnan ay hindi ko halos maibukas ang aking mata upang makita iyon, at sa palagay ko ay masisira ang aking paningin. Ang mga bagay na nakita ko sa malayo ay mabilis na tumatakbo patungo sa akin at habang papalapit sila ay mas nakikilala ko ang kanilang katauhan. May tatlo o apat na anghel na may hilang gintong karawahe, at sa unahan niyon ay may kabayong kasing puti ng nyebe. Hawak ng mga anghel ang panali na tulad ng kutsero at inihatid ang karawahe pababa.

Sa loob ng gintong karawahe ay maraming kulay pulang damit na nakabalot, at nasasabik akong malaman kung ano ang nasa loob niyon. Nang dumating na sila, ay dinala ng mga anghel ang mga nakabalot mula sa karawahe at magalang silang nagsalita, **“Isang pagbati! Brother Joseph! Inutusan kami ng Diyos na dalhin ito sa iyo, kaya kami naririto. Brother Joseph, ikaw ay magiging bahagi ng ministeryo bilang isang pastor at winika ng Diyos na ang lahat ng kailangan mo sa iyong ministeryo ay naririto. Pakiusap, gamitin mo ang mga ito ng wasto.”**

Sinimulan kong buksan ng isa-isa ang mga nakabalot, at sa loob niyon ay may lahat ng uri ng hiyas at mga kayamanan na hindi mabilang ang dami at ang bawat isa ay kumikinang. Kahit bumalik na sa itaas ang karawahe at mga anghel ay patuloy pa ring bumubuhos ang mga nakabalot na biyaya. Walang humpay ang Diyos sa pagbuhos ng biyaya sa akin.

Tinanong ko ang Amang nasa langit, **“Amang nasa langit! Bakit Niyo po ako binibigyan ng mga walang katumbas na biyaya? Hindi ko po alam ang aking sasabihin.”** Nakatayo si Hesus sa aking tabi at mapagmahal Niyang winika, **“Joseph! Tatayo ka sa harap ng buong mundo bilang taga-paglingkod ng Panginoon at gagamitin ka sa malakas na paraan. Kaya naman, huwag kang magiging mapagmataas, sa halip ay manatili kang maging mapagkumbaba hanggang sa huli. Huwag kang maliligaw o maging masama. Ibinigay ang mga ito upang mas malaki pa ang iyong magawa para sa Aking Pangalan, kaya kunin mo ang mga ito at gamitin**

mo ng may katalinuhan. Ikaw ay magiging kilalang tao at mahihikayat mo ang mundo!”

Pagkatapos noon, ay marami pang ibang pakete na naglalaman ng hindi kilalang biyaya ang patuloy na bumaba patungo sa akin. Binuksan ko ang aking bibig na parang kumakain ng pagkain at nilunok ko ang lahat ng biyaya. Isa-isa iyong pumasok sa aking tiyan. Nang makita ko ang aking sarili gamit ang espirtual na paningin ay nakita ko na mataba na ako at namumutok dahil marami akong nilunok na mga bagay.

HINAWAKAN AKO NI HESUS

Sister Kang, Hyun-Ja: Bigla akong nakaramdam ngayong araw ng kalungkutan kaya umiyak ako sa aking panalangin. May tila liwanag na nagmula sa kamera at ilang beses na kumisap ang liwanag. Nagulat ako kaya tinanong ko ang aking anak na babae na nagdadasal sa aking tabi.

Hindi nagtagal ay may naramdaman akong tao na nakatuon at nakahawak sa aking ulo, likod at mga kamay. Winika nila Joseph at Joo-eun, **“Mama! Sinusubukan mo bang manukso? Si Hesus ang nakahawak sa iyo ngayon. Hindi mo ba iyon alam?”** Kaya nagdesisyon ako na tanungin ang Panginoon at sinabi sa akin ng Panginoon na huwag mag-alala at magpatuloy sa pagdarasal.

NAKILALA NI HAAK-SUNG SI MOISES

Lee, Haak-sung: Habang nananalangin ako ay dumating si Hesus at isinama ako sa langit, at sa wakas ay nakilala ko si Moises na matagal ko nang gustong makita. Sumigaw ako ng makita ko si Moises: **“Moises, Sir! Moises, sir! Gustong-gusto kitang makilala!”** Sumagot si Moises, **“Ah! Brother Haak-sung. Kinagagalak kitang makilala.”** At hinawakan niya ang aking kamay.

Winika pa ni Moises, **“Sa kasalukuyan, ay may kumalat na usapin dito sa langit tungkol sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church). Nais kong makilala si Pastor Kim, Yong-doo, ngunit bakit wala siya dito? Sa halip, bakit pumunta ka upang makita ako Brother Lee?”** Napahiya ako sa kanyang komentaryo at hindi ko alam ang aking gagawin. Sinabi ni Moises na maraming kilala at tapat na tagapaglingkod sa Bibliya ang naghihintay upang makilala si Pastor Kim at hiniling niya na ihatid ko ang mensahe upang himukin ang pastor na kaagad na makatanggap ng biyaya ng espirituwal na paningin upang makita nila ang pastor sa langit.

Sa sandaling iyon, habang nakikinig si Hesus sa aming pag-uusap, ay bigla Siyang sumigaw ng malakas at sinabi, **“Ako ang pinakadakila!”** Kaagad kaming yumuko ni Moises.

Bumalik ako sa simbahan at pagkatapos kong magdasal ay inihatid ko ang mensahe ni Moises at sinabi ng pastor, **“Haak-sung! Isa lamang akong pastor ng maliit at nagsisimula palang na simbahan at hindi ako mahalaga. Kaya bakit ako gustong**

makilala ng mga dakilang taga-paglingkod? Hindi ko iyan maunawaan.” Sa sandaling iyon ay tumayo si Hesus sa aking tabi at inulit Niya ang Kanyang sinabi sa langit, “Mas dakila Ako kaysa sa kahit sinong kilalang tagapaglingkod mula sa Bibliya.”

PEBRERO 21, 2005 (LUNES)

“12 Mga minamahal, huwag na kayong magtaka sa mabibigat na pagsubok na inyong dinaranas na para bang ito’y di pangkaraniwan. 13 Sa halip, magalak kayo sa inyong pakikibahagi sa mga paghihirap ni Cristo upang maging lubos ang inyong kagalakan kapag nahayag na ang Kanyang kadakilaan.” 1 Pedro 4:12-13

ANG BIGLANG PAGLUSOB NG MASASAMANG ESPIRITO KINA MISIS KANG, HYUN-JA AT SISTER BAEK BONG-NYO

Pastor Kim, Yong-doo: Ang aking asawa at si Sister Baek, Bong-nyo ay nagdasal upang mabuksan ang kanilang espirituwal na paningin. Nagsimula silang magdasal kagabi at natapos palang ngayong ika-siyam ng umaga. Hindi na nila naisip na umuwi ng bahay at nagkwentuhan nalang silang dalawa. Buong gabi silang nanalangin. Dapat na silang matulog at magpahinga ngunit tila hindi sila napapagod. Nagpatuloy lang sila sa pag-uusap.

Pinayuhan ko sila na bubuksan ng Panginoon ang kanilang espirituwal na paningin at bibigyan ng iba pang pagpapala sa tamang panahon. Sinabi ko sa kanila na itigil na ang pag-uusap tungkol doon. Kapag ang isang tao ay nagsalita ng nagsalita, ay malaki ang tsansa na mapasok ng kalaban. Kaya naman, pinayuhan ko sila na tumigil na at umuwi sa bahay upang magpahinga. Gayon pa man, ay nagpatuloy pa rin sila sa pag-uusap ng walang kontrol. Walang palatandaan na titigil sila. Nag-aatubili akong iwan sila at umuwi ako sa bahay at natulog. Umuwi ang aking asawa makalipas ang mahabang oras. Pagkatapos ay nangyari na ang aksidente.

“Huwag ninyong bigyan ng pagkakataon ang dyablo.” Efeso 4:27

“Lamang, gawin ninyo ang lahat ng bagay sa wasto at maayos na paraan.” 1 Corinto 14:40

“Sinabi ni Samuel, “Akala mo ba’y higit na magugustuhan ni Yahweh ang handog at hain kaysa sa pagsunod sa Kanya? Ang pagsunod sa Kanya ay higit sa handog, at ang pakikinig ay higit sa haing taba ng tupa.” 1 Samuel 15:22

Nang iwan na ni Sister Baek, Bong-nyo ang aking asawa, na noon ay magtatanghali na nang siya ay umuwi, sa oras na iyon, habang siya ay bumababa sa hagdan, ay may hindi kilalang pangkat ng masasamang pwersa ang lumusob sa kanya. Binalutan nila ang kanyang katawan at itinumba nila si Sister Baek, Bong-nyo.

Sa una, ay naghihintay lang at umaaligid ang masasamang espirito sa kanya. Nang makahanap sila ng kahinaan ay kaagad silang umikot ng mabilis na parang ipo-ipo. Hinilo nila si Sister Baek, Bong-nyo. Kahit nahihilo na siya ay umupo siya sa hagdan, humawak doon, at tinikom ang mga ngipin. Buong lakas siyang itinulak ng masasamang espirito at gumulong siya pababa ng hagdan. Bilang resulta ay nabali ang kanyang likod at dinala siya sa ospital. Kinailangan siyang operahan upang lagyan ng bakal ang buto niya sa likod. Ang aksidenteng ito ay dahil sa pagsuway at pagiging kampante.

Hindi siya personal na pinagaling ni Hesus sa halip ay sinabihan siya na magpa-opera. Nang tanungin namin kung bakit hindi siya pinagaling ng Panginoon at kinailangan pang pumunta sa ospital, sinabi Niya na depende iyon sa pananampalataya ng tao. Minsan ay personal na papagalingin ng Panginoon ang tao ngunit gumagamit rin Siya ng mga doctor upang magpagaling.

“May mga bahagi na dapat masuri kay santa Bong, Nyo. May bahagi na ang suliranin ay ang pagsuway. Sa oras na ito ay maraming nakitang kahinaan ang masasamang pwersa. Kapag nagsalita ang pastor sa kongregasyon ay dapat silang sumunod. Huwag kang mag-alala Pastor Kim, sa halip ay bisitahin mo siya at ihatid ang aking mensahe. Ang aking mensahe ang kalooban Ko para sa kanya. At saka, sabihin mo rin sa kanya na mas maging mapagkumbaba.”

Sinisi ng Panginoon ang aking asawa, **“Darating din ang panahon na mabubuksan ang iyong espirituwal na paningin. Bakit ka naiinip? Hindi pa nabubuksan ang iyong espirituwal na paningin dahil may mga espirituwal na suliranin ka pa na hindi mo nababatid. Hindi magtatagal ay malalaman mo rin ang sagot sa aking tinutukoy.”**

Si Sister Baek, Bong-nyo ay isang taong hindi mapipigilan. Kadalasan, ang ibang mananampalataya na nakasagupa si Satanas ay hindi nakakagalaw sa takot at nauumid. Natatakot sila at hindi na sinusubukan pang lumaban sa kanilang kaaway. Gayon pa man, si Sister Baek, Bong-nyo ay matapang at hindi man lang siya kumukurap sa kahit saang lugar sa impyerno. Napakalakas niya at matapang. Dahan-dahan niyang naimpluwensyahan ang ibang myembro ng kongregasyon upang maging matapang para sa hukbo ni Hesus. Lahat ng myembro ay naging matatapang na sundalo.

Pumunta ako sa ospital upang bisitahin si Sister Baek, Bong-nyo. Nang dumating ako doon, ay kaagad niyang sinabi, **“Pastor, patawad po dahil sinuway ko kayo.”** Sinabi niya sa akin na naging maayos ang kanyang operasyon. Nang mahulog siya ay nabali ang buto niya sa likod. Nabali ang kanyang dalawang bertebra at napilas sa laman. Nakatanggap siya ng operasyon upang idikit ang kanyang likod gamit ang bakal. May anim ba bakal na ipinasok sa kanyang likod at tatlo sa bawat bertebra.

Iniiisip ko kung bakit nangyari ito dahil lang sa isang pagsuway. Mahirap lang siya at naaawa ako sa kanya. Paano niya mababayaran ang mga ginastos sa ospital at sa operasyon? Kaawa-awa siya.

Tahimik na nanood ang Panginoon sa gitna namin. Matapos ang mahabang oras ay nagpaliwanag na Siya. Maselan Niyang ipinaliwanag na ang bawat pangyayari na nangyayari sa tao ay may dahilan at layunin.

ANG PARAAN NG PANGINOON, KUNG PAANO SI HESUS GUMAGALAW

Misis Kang, Hyun-Ja: Nahirapan ang aking kalooban sa mahabang panahon nang masaktan si Sister Baek, Bong-nyo dahil sa paglusob ng masasamang pwersa. Labis akong nalungkot. Pakiramdam ko ay ako ang dapat managot sa aksidente. Mainipin ako at ako ang nagtulak na mag-madali . Labis ang aking pagnanais na mabuksan ang aming espirituwal na paningin. Paulit-ulit akong nagsisi. Alam ni Hesus na nahihirapan ang aking puso. Dinamayan Niya ako at hinaplos ang aking ulo at likod.

Kinahapunan, ay tahimik akong nagdasal sa aming maliit na silid at may nakita akong mabilis na kislap ng liwanag. Sa gitna ng liwanag ay dumating si Hesus. Sa tuwing pumapasok si Hesus ay may kumikislap na liwanag. Iyon ay tila laser beam. Siya ay tila naglalakbay ng madalian at mabilis. Walang ibang nilalang ang makakapaglakbay ng katulad ng kay Hesus. Si Hesus ay mas mabilis kaysa sa kahit anong uri ng liwanag, mapa-sinag man ng araw o flashlight. Hindi lang Siya mabilis kundi naglalakbay Siya ng may katumpakan.

Sa buong buhay ko ay kasama ko palagi si Hesus. Nararamdaman ko Siya sa tuwing hinahawakan Niya ako. Ipinakita Niya sa akin ngayong araw ang isang espesyal na tanawin. Sa wakas ay nalaman ko kung paano naglalakbay ang Panginoon sa buong mundo ng sobrang bilis. Naglalakbay Siya na kasing bilis ng kislap. Dati ay malabo kong naiisip ang ideyang iyon. Ngunit ngayon ay nauunawaan ko na ng tiyak at naniniwala ako ng buong puso. Nauunawaan ko na kung paano Niya nalalaman ang mga pangyayari sa mundo. Pinamamahalaan ni Hesus ang mga santo sa buong mundo. Hindi Niya kailangan pang maglakbay sa buong mundo upang malaman ang mga nangyayari sa mga santo. Alam na Niya iyon. Wala pang isang segundo ay alam na ni Hesus ang mga impormasyon tungkol sa Kanyang mga santo.

Winika ng Panginoon, **“Ipinakita Ko ito sa iyo dahil mahal kita.”** Umaasa ako na ipapakita rin ni Hesus sa ibang mananampalataya ang mga espesyal na sekreto at iba pang mga pangyayari dahil mahal Niya ang lahat. **“Ang tumatanggap sa mg utos Ko at tumutupad nito ang siyang umiibig sa Akin. Ang umiibig sa Akin ay iibigin ng Aking Ama; iibigin Ko rin siya, at Ako’y lubusang magpapakilala sa kanya.”** Juan 14:21

Sa tuwing lumalapit si Hesus sa aking tabi, ang aking paligid ay nagliliwanag at nagniningning. Tila may haligi ng liwanag ang nasa aking harapan. Palagi kong nararamdaman na kasama ko si Hesus at sinasamahan Niya ako. Natutuwa ang Pastor sa Panginoon. **“O Hesus! Mahal kita!”** Winika ng Panginoon, **“Pastor Kim! Dahil nagdasal ka buong gabi, ay dapat ka nang magpahinga.”** Sumagot ang pastor ng may

kakaiba at nakakatawang ekspresyon sa kanyang mukha. **“Mahal kita.”** Lahat ng myembro ng aming pamilya ay tumawa ng malakas.

Sa Bibliya ay nauunawaan natin na ang karakter ng ating Hesus ay banal, seryoso at kaaya-aya. Siya ay mahinahon at tila hindi kayang magpatawa o maging mapaglaro. Maraming tao ang nag-iisip na ang Panginoon ay malayong maging mapagpatawa, mapagbiro o mapaglaro. Gayon pa man, nang mabuksan ang aming espirituwal na paningin, ay nalaman namin na mas higit pa Siya sa ating iniisip. Nang mapalapit kami sa Kanya at nang nabuksan ang aming espirituwal na paningin ay nalaman namin na mapagbiro pala Siya. Ngunit sa tuwing nagkakasala kami ay nalulungkot Siya at nagdadalamhati.

PASTOR KIM, IKAW ANG AKING TUNAY NA NOBYA

Ngayong araw, habang natutulog ang aking asawa, ay dumating ang Panginoon na may dalang sako. Sina Joseph, Joo-eun at ako ay nasorpresa na makita ang Panginoon na may dalang sako. **“Ano iyan? Anong gagawin ni Hesus?”** Nanonood kaming mabuti. Kadalasan ay ang pastor ang umaaliw sa Panginoon. Ngayon, ay nais ng Panginoon na magkaroon ng seremonya ng kasal sa langit. Winika ng Panginoon, **“Nais Kong isama si Pastor Kim upang magkaroon kami ng seremonya ng kasal.”** Inilagay ng Panginoon ang espirito ng pastor sa sako at pagkatapos ay bumalik Siya sa langit kasama ang espirito ng pastor. Hindi ko alam kung namalayan ng pastor ang nangyari. Malalim ang kanyang pagkakatulog. Natawa kaming lahat.

Ang Panginoon ay may kakaiba at nakakatawang ekspresyon ng mukha nang kunin Niya ang espirito ng pastor at isinilid sa sako. Hindi namin napigilang tumawa. Ang mga santo sa langit ay nagtipon ng pangkatan upang manood at masiyahan sa kakaibang paraan kung paano dinala ng Panginoon ang pastor. Parang kinidnap ng Panginoon ang pastor. Inutusan ni Hesus ang mga anghel upang bihisan at bigyan ng palamuti ang pastor. Dinala ng mga anghel ang pastor sa isang silid. Binihisan nila siya at binigyan ng mamahaling hiyas at palamuti. Kaaya-aya siyang tingnan. Nagsimula ang kahanga-hangang seremonya. Nang matapos na ang seremonya ay nagsimula na ang pagdiriwang. Nagsimula ang pagdiriwang nang sumayaw si Hesus at ang pastor sa nakakatawang paraan. Ginagamit nila ang kanilang mga mga balakang sa pagsayaw. Lahat ng mga santo ay nalibang. Ang totoo niyan, ay natuwa sila. Tumawa ng malakas ang Amang Diyos sa Kanyang malalim na tinig.

Sumayaw si Hesus at ang pastor ng matagal. Ipinahayag ng Panginoon, **“Mula ngayong araw, si Pastor Kim, Yong-doo ang Aking tunay na nobya!”** Lahat ng santo ay sumigaw at pumalakpak. Hinihipan ng mga anghel ang kanilang trumpeta na nagdagdag ng kasiyahan sa selebrasyon. Habang sumasayaw ang Panginoon kasama ang pastor ay tila nagpapaligsahan sila kung sino ang mas magaling sumayaw. Ang mga galaw ng pastor ay naging wirdo at kakaiba. Nagbibirong sinabi ng Panginoon na mahirap makasunod sa sayaw ng pastor at kailangan pa niya ng ensayo. Bumalik ang Panginoon sa aming tahanan. Tinanong ko ang Panginoon, **“Panginoon! Naging masaya ka po ba sa kasal ninyo ni Pastor Kim?”** Sumagot ang Panginoon, **“Oo**

naman! Nagustuhan Ko iyon. Lubusan Kong inihayag ang loob na bahagi ng Aking puso sa Simbahan ng Panginoon (Lord's church)! Gayon pa man, ay nais Ko rin na sambahin Ako ng ibang simbahan ng malaya, magiliw at may pagkawili." Sinabi ni Hesus na nais Niyang makita ang lahat ng simbahan na sumasamba sa Espirito ng malaya. Sa halip na maging mahigpit at pormal, ay nais Niya na makitang malambot, nakaaaliw, at pinagpala ang pagsamba.

BUMUHOS ANG BOLANG APOY NG ESPIRITO SANTO

Kim, Joseph: Habang nagdadasal ako, ay may nakita akong maliliit at malalaking bolang apoy na gumagalaw papaikot sa trono ng Amang Diyos. Pagkatapos ay bumuhos ang mga bolang apoy patungo sa akin. Sa una, ay may maliliit na bolang apoy ang bumuhos ngunit habang tumatagal, ay papalaki ng papalaki ang bolang apoy. Sa huli, ang sukat ng bolang apoy ay naging kasing laki ng mga bahay at pumasok iyon sa aking katawan. Habang pumapasok ang mga bolang apoy sa aking katawan ay naramdaman ko ang init at hindi ko kayang tiisin iyon. "Ah! Mainit! Mainit!" Sumigaw ako ng sumigaw.

Nakita ko ang tarangkahan ng langit na nakabukas ngayong araw. Sinabi ni Hesus na ngayon ay espesyal na araw para sa mga santo sa langit dahil masasaksihan nila ang mga pangyayari sa Simbahan ng Panginoon (Lord's Church). Nasaksihan ng mga santo sa langit ang pagsamba, ang serbisyo at ang panalangin. Nanood silang mabuti.

BUMABA ANG MGA SANTO SA LANGIT UPANG BUMISITA

Tinupad ni Hesus ang Kanyang sinabi. Sa gitna ng serbisyo, ay may nakakagulat na pangyayari. Nakita ko ang ilang mga santo na bumaba mula sa langit. Sa utos ng Panginoon, ay nagawa nilang bumisita sa amin. Sumigaw ako ng malakas sa pastor, "Pastor! Pastor! Si Elias na propeta ay bumaba mula sa langit at nakasakay siya sa pulang karawahe na may nag-aapoy na kabayo. Wow! Kahanga-hanga! Tingnan niyo! Lumilipad-lipad sila sa kisame. Ang sunod kay Elias ay si Daniel at ang kanyang tatlong kaibigan. Nakita ko rin si Noe at si Abraham na paparating!" Sumukot ang pastor at nagulat.

Sinabi ng pastor, "Joseph! Ang pangyayaring ito ay nakakagulat at hindi ordinaryo. Maaari rin itong lumikha ng maraming kontrobersiya. Malaking bagay ito at wala sa Bibliya. May kaparehas na pangyayari ngunit hindi katulad nito. Hindi kabilang ang maraming mga santo sa langit." Hiniling ng pastor na maghanap ako ng katulad na pangyayari sa Bibliya.

Nahanap ng pastor ang Lucas 9:28-31. Iyon ay patungkol kay Hesus na nagdarasal sa bundok at nagbago ang kanyang anyo. Pagkatapos ay nagpakita sina Moises at Elias. Nag-usap sila patungkol sa Kanyang pagpanaw. Medyo nagdududa ang pastor. Ngunit, nasaksihan rin ng aking bunsong kapatid na si Joo-eun ang tagpo. Sina Sister Baek, Bong-nyo at Brother Haak-sung ay abala sa panonood sa mga santo na nagmula sa langit.

Sumigaw si Hesus sa tinig na naririnig, “May bagay ba na hindi Ko kayang gawin? Ito ay simula pa lamang. Mula ngayon, ay papahintulutan Ko na ang mga santo sa langit na bumisita hanggang sa naisin Ko. Pastor Kim, kailangan mong maniwala sa Akin!” Habang kami ay sumasamba, ay lahat kami ay sumayaw, umawit, at sumamba ng nakatayo sa aming mga upuan hanggang sa nais namin. Ginagaya ng Panginoon ang aming sayaw.

ANG ANYO NG AMANG DIYOS HABANG TINATANGGAP NIYA ANG AMING PAGSAMBA

Ang Amang Diyos, si Hesus at ang Espirito Santo ay humanga sa aming pagsamba at serbisyo. Sa tuwing sumasamba ang aming simbahan ay tila nagdiriwang kami at nagsasaya. Nasiyahan ang Diyos sa aming serbisyong pagsamba. Palaging tinatanggap ng Diyos ang aming serbisyo. Nalulugod ang Diyos habang nanonood sa aming serbisyong pagsamba.

“Isinuot ni David ang isang linong efod at nagsayaw sa harapan ni Yahweh. 15 Habang lumalakad ang mga Israelita, nagsisigawan sila sa tuwa at hinihipan ang mga trompeta. 16 Nang sila’y papasok na ng lungsod, si David na noo’y naglululundag at nagsasayaw, ay nadungawan ni Micol na anak ni Saul. Hindi niya ito ikinatuwa.” 2 Samuel 6:14-16

Tinuruan ng Panginoon si Joo-eun na sumayaw. Sinabi ni Hesus kay Joo-eun na sumayaw na katulad ng itinuturo Niya sa kanya. Sinundan namin ang pagsayaw ni Hesus at sumabay kami sa ritmo ng musika na itinutugtog sa piano. Pinangunahan kami ni Hesus sa pagsayaw at malaya kaming sumamba. May napakaraming anghel ang dumating mula sa langit at umupo sila sa simbahan. Napuno ang simbahan ng mga anghel. Ang ibang anghel ay lumilipad at inookupa ang espasyo sa hangin habang sila ay nanonood. Kadalasan, sa ibang mga araw, ang mga masasamang espirito ay nagtatago sa mga madidilim na sulok ng simbahan. Ngunit ngayong araw ay wala.

Pagkaraka, ay naisip ko ang Amang Diyos na nanonood sa amin. Nais kong malaman kung ano ang Kanyang reaksiyon. Habang sumasayaw ako ay tumingin ako sa langit. Ang Amang Diyos ay tumatalbog sa Kanyang paa at bahagyang gumagalaw patagilid. Sa tuwing gumagalaw ang Amang Diyos ay may malaking kislap ng liwanag. Nararamdaman ko na nalulugod ang Amang Diyos.

Ang Amang Diyos ay gumagalaw sa kakaiba at espesyal na paraan. Iwinawagayway Niya ang Kanyang napakalaking kamay sa kaliwa patungong kanan. Itinaas Niya ang kabila Niyang kamay at dahan-dahang iginalaw mula sa kanan patungong kaliwa. Patuloy na iwinagayway ng Amang Diyos ang Kanyang malalaking kamay sa hangin. At pagkatapos ay umupo na Siya sa Kanyang trono. Ipinadyak Niya ang Kanyang kanang paa sa tiyempo ng tugtog.

Tumawa Siya sa malalim na boses. Pagkatapos ay binigyan Niya kami ng espesyal na biyaya mula sa trono. May malaking bola na mas malaki pa sa isang bahay ang gumulong patungo sa akin. Ang bola ay naging bolang apoy at pumasok iyon sa aking

katawan. Napakainit at halos mawalan ako ng malay. Pumasok ang mga naglalatag na bolang apoy sa katawan ng mga myembro ng aming simbahan. Nang pumasok ang mga bolang apoy sa aming katawan, ay napasigaw kami ng **“Mainit!”**

NAKITA NAMIN ANG ESPIRITUWAL NA MUNDO GAMIT ANG AMING PISIKAL NA MATA

Matapos ang serbisyo, ay bumalik ako sa bahay at doon ay nasaksihan ko ang masasamang espirito. Nang buksan ko ang pintuan upang pumasok, ay may grupo ng masasamang espirito na parang mga daga ang tumakbo mula sa malaking silid patungo sa maliit na silid ng aming tahanan. Nang pumasok ang aming pamilya, ay nagsipagtakbuhan at nagtago ang masasamang espirito sa mga sulok. Nakita ko iyon sa aking pisikal na mata at napakalinaw niyon. Nakita ko rin ng malinaw si Hesus gamit ang aking mata, na bukas sa simbahan. Sinamahan kami ni Hesus pauwi ng bahay. Kasama namin Siya. Ang Panginoon ay kumikinang ng ginintuang liwanag. Kulay kayumanggi ang Kanyang buhok. Nakasuot Siya ng makinang na damit na nagliliwanag at ang Kanyang mukha ay kahanga-hanga.

Nakaramdam kami ng kapayapaan at kaginhawaan habang nakatingin kami sa Panginoon na mukhang napaka-bait at mahabagin. Ang Kanyang anyo ang nagbibigay sa amin ng katiwasayan.

Nakapikit man o nakabukas ang aking mga mata, ay nakikita ko si Hesus at ang Amang Diyos na nasa trono. Kapag nakapikit ang aking mga mata ay medyo malabo ngunit ngayon na nakabukas ang aking mata ay nakikita ko na ng malinaw. Winika ni Hesus, **“Joseph, pinili Kita upang gawin ang malalaking bagay para sa Akin sa hinaharap. Kaya naman, ay binigyan kita ng kakayahan na makita ang espirituwal na mundo gamit ang iyong pisikal na mata na parang espirituwal na paningin.”**

Minsan ay nakikipag-usap ako sa Panginoon at nakikita ko Siya sa aking pisikal na mata. Minsan, si Hesus ay isang pisikal na tao, ngunit minsan naman ay kinakausap Niya ako sa anyong liwanag. Winika ni Hesus, **“Pupunta ako sa bahay dalanginan sa siyudad ng Hwa Sung upang obserbahan ang aking mga tagapaglingkod na nagdadasal ng magkakasama.”** Pagkatapos ay kaagad Siyang naglaho at bumalik sa akin maya-maya.

ANG PAG-EBANGHELYO SA ISANG NALILIGAW NA KALULUWA

Kinahapunan, ay dagli akong nagdasal sa simbahan at pagkatapos ay umalis ako upang mag-ebanghelyo. May nakilala akong lalaki at nag-ebanghelyo ako sa kanya. Tila humanga siya habang nag-eebanghelyo ako sa kanya. Nakinig siyang mabuti sa aking mensahe habang hawak niya ang polyeto. Mas matanda siyang tingnan kaysa sa akin. Sinabi niya, **“Alam mo? Lumilipad ang aking isip dahil sa ibat-ibang pangyayari sa aking buhay. At lahat iyon ay masama. Salamat sa pagbahagi mo ng iyong mensahe.”** Determinado siyang dumalo sa aming simbahan. Tinupad niya ang kanyang sinabi at sa kasalukuyan ay matatag ang kanyang pananampalataya.

Sinabi ni Hesus na mas malaki ang gantimpala sa pag-eebanghelyo. Habang nagsasalita Siya ay dinagdagan Niya ng 150 palapag ang aking bahay sa langit. Gusto kong malaman kung mataas na ang aking tahanan bilang gantimpala. Nakumpirma ko na ang aking tahanan sa langit ay mas tumataas.

PEBRERO 25, 2005

“Nasa piling mo si Yahweh na iyong Diyos, parang bayaning nagtagumpay; makikigalak siya sa iyong katuwaan, babaguhin ka ng kanyang pag-ibig; at siya’y masayang aawit sa laki ng kagalakan.” Sofonias 3:17

NASIRA ANG SERBISYO AT UMALIS ANG PANGINOON

GINANG KANG, HYUN-JA: Bago pa man magsimula ang serbisyo ay masama na ang loob ng aking anak na si Joo-eun at ginulo niya ang kapayapaan. Mainitin ang kanyang ulo. May espirito ng pagkagalit sa kanyang katawan. Hindi nagtagal ay sinira ni Joo-eun ang serbisyo. Kahit nasira na ang serbisyo ay hindi pa rin siya tumigil at nainis siya hanggang sa huli. Naging malamig ang serbisyo at paunti-unting nawala sa tono. Hindi naging akma ang pagsamba. Ang pastor, na mainit rin ang ulo, ay sumabog na rin. Naubusan siya ng pasensya kay joo-eun. Bago pa magalit ang pastor, ay sinenyasan ko siya na maging mapagpasensya hanggang sa huli. Ngunit nagkaroon ng pagkakataon ang masasamang espirito dahil sa kaagad na nagalit ang pastor. Hindi natapos ang sermon at limang minuto palang siyang nagsasalita.

Tila hindi na titigil ang pagkainis ni Joo-eun. Matigas ang kanyang ulo at nagpupumilit siya. Malupit siyang pinagsabihan ng pastor.

Hindi ko alam kung bakit ako at ang mga myembro ng aking pamilya ay matitigas ang ulo. Nahahirapan ako dahil maiinitin ang ulo ng aking pamilya.

Nanlamig at nanigas ang mga mukha ng mga myembro ng simbahan. Habang nangyayari ito ay nakita ni Joseph at iba pang myembro ang trono ng Diyos. Tumalon ang Amang Diyos sa Kanyang paa at naglakad-lakad Siya at hindi mapalagay. Sinabi ni Hesus, **“Hindi tatanggapin ang serbisyong ibinibigay niyo ngayon. Kahit ilang ulit pa, kahit isandaan o isang libong beses pa—hindi Ko iyan tatanggapin.”** Matapos magsalita ay naglaho ang Panginoon.

Hindi mahanap ng mga myembro na bukas ang espirituwal na paningin si Hesus o ang Espirito Santo. Tumingin sila sa paligid ngunit hindi nila nakita ang Panginoon. Napuno ang simbahan ng pwersa ng masasamang espirito. Sumigaw sila sa galak at nagpalakpakan. **“Wow! Mahusay! Wow! Ang sarap sa pakiramdam! Hindi ko na alam ang aking gagawin!”** Masaya silang nagsayawan. Pakiramdam namin ay sumara ang aming espirituwal na paningin. Hindi kami makakita. Nalungkot ako sa sandaling iyon. Hindi tatanggapin ng Panginoon ang serbisyo at hindi Siya matutuwa sa pangangaral. Ang serbisyo at pangangaral ay narumihan ng galit na mula sa mga myembro ng aming simabahan. Ito ang pinaka-nakasusuklam sa Panginoon.

ANG GALIT NG AMANG DIYOS

Nakita ni Haak-sung na tumalon ang Amang Diyos mula sa Kanyang trono at tila galit. At saka may malalim at nakakatakot na tinig na umalingawngaw. Umalingawngaw ang malakas na tinig ng Diyos sa tainga ni Haak-sung. Ang boses ng Amang Diyos ay tulad ng sa kidlat at kulog. Inihayag ng Amang Diyos, **“Matapos Kong buksan ang inyong espirituwal na paningin ay naging mayabang na kayo at nagmagaling na pangunahan ang serbisyo ng walang ingat! Kung magkakaroon kayo ng serbisyo sa ganyang paraan, ay babawiin ko sa inyo ang lahat ng biyaya!”** Sinabi ni Haak-sung na hindi pa siya nakaramdam ng ganoong takot sa Amang Diyos. Ito ang unang pagkakataon na natakot siya.

Naramdaman ko ang poot ng Diyos. Dahil nakarating na kami sa malalim na espirituwal na mundo, ay kailangan namin maging maingat sa iisipin ng Amang Diyos.

Walang hanggang grasya ang ibinigay sa amin at kailangan naming magpakumbaba. Kailangan mamuhay kami sa kabanalan. Ang pagiging kampante at walang ingat ang magbibigay sa masasamang espirito ng lakas upang magsamantala. Gagamitin ng masasamang espirito ang sitwasyon upang palakihin ang suliranin o isyu.

Nag-aalinlangan kong sinabi sa aking sarili, **“Hindi maaari.. na ang isang nasirang serbisyo ang magiging dahilan upang mawala ang aming mga banal na biyaya, di ba?”** Pakiramdam ko ay tinuturo sa amin ng Diyos ang kahalagahan ng pagsamba at serbisyo.

Lahat ng simbahan ay may munting pagkakaiba sa pagsamba at serbisyo. Gayon pa man, ay halos parehas ang lahat. Walang sigla ang serbisyo at may magka-halong Salita ng Diyos at tradisyon. At saka ang kanilang tradisyon ay nagmula pa sa ilang henerasyon. Gayon pa man, sa pamamagitan ng tamang pagsasanay, pagtuturo at pag-aaral ng Bibliya, ay dapat malaman ng mga Kristiyano ang kahalagahan ng pagsamba at serbisyo. Dapat nilang maunawaan ang kahalagahan ng serbisyo.

ANG PAGSISISI SA PAMAMAGITAN NG PAGSAMPAL SA PISGI

Habang nagsisisi ang kongregasyon ng Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) sa malakas na boses, ay may narinig akong sumasampal sa kanyang sarili. Binuksan ko ang aking mga mata upang alamin. Umiiyak ang pastor at sinasampal niya ang kanyang pisngi. **“Panginoon! Pinalaki ko po ng mali ang aking anak! Hindi ko po siya dinisiplina o pinangaralan. Kaya po, nagkasala ako sa Iyo.”**

“Ang mapagmahal na magulang ay dapat magparusa sa anak, pagkat ang supling na minamahal ay dapat ituwid ang landas.” Kawikaan 13:24

Winika ng pastor, **“Patawarin Mo ako Panginoon,”** at patuloy niyang sinampal ang kanyang pisngi. Walang awang sinampal ng pastor ang kanyang pisngi. Naisip ko sa aking sarili, **“Paano niya nagagawang sampalin ang kanyang pisngi ng ganon**

kalakas?” Tumakbo ang aking anak na si Joo-eun patungo sa altar at umupo sa tabi ng pastor. Siya ang salarin sa kaguluhan. Nagsisi si Joo-eun at umiyak. Sinampal rin niya ang kanyang sariling pisngi.

Si Joo-eun ay may mahirap na pag-uugali. Sa ibang mga bagay, ay matigas ang kanyang ulo at kapag determinado siyang gawin ang isang bagay ay gagawin niya iyon kahit ano pa ang kapalit. Sobrang tigas ng kanyang ulo. Hindi ko maunawaan kung paano nakakapagsisi ang ama at anak sa parehas at kakaibang paraan. Habang nagsisisi at sinasampal ni Joo-eun ang kanyang sarili ay umiyak siya, **“Panginoon! Hesus! Mali po ang aking ginawa. Patawarin po Ninyo ako. Kasalanan ko po kung bakit sinasampal ng aking ama ang kanyang sarili. Patigilin mo na po siya.”** Patuloy na sinampal ng pastor ang kanyang pisngi habang umiiyak, **“Panginoon! Patawarin Mo po ako! Kasalanan ko rin po. Mainitin rin po ang aking ulo.”** Nag-alala ako ng makita ko ang pastor na patuloy na sinasampal ang kanyang sarili. Nakita sila ng kongregasyon. Kaya naman mas agresibong nagdasal ang mga myembro.

Umalis si Hesus ng ilang saglit at pagkatapos ay muling bumalik. Tahimik Siyang nakatayo sa malayo at nagmamasid sa amin habang kami ay nagsisisi. Pinagmamasdan Niya ang pastor at si Joo-eun. Pagkatapos ng ilang araw, ay mapagmahal kaming kinausap ng Panginoon. Sinabi ng Panginoon na galit na galit ang Amang Diyos. Binigyan kami ng mensahe ng Panginoon na kapag nagbigay muli kami ng pagsambang serbisyo ng walang ingat ay pakikitunguhan kami ng malupit ng Amang Diyos.

Habang nakikinig si Joo-eun kay Hesus ay nagtapat siya, **“Hesus! Hesus! Patawad po! Mali po ang aking ginawa. Patawarin Mo po ako.”** Kinausap siya ng Panginoon at niyakap ng mahigpit. **“Tama, huwag ka na ulit mag-aasal ng ganoon.”** Niyakap rin ni Hesus ang pastor at pinagpayuhan na huwag nang pagagalitan ang kanyang anak sa halip ay pangaralan ng may pagmamahal. Sinabi ni Hesus na upang lubos na mahupa ang galit ng Ama ay kailangang magdasal at magsisi ng mas higit pa.

Makalipas ang ilang oras, habang pasapit na ang umaga, ay sinabi ng Panginoon na tumigil muna kami at kumain. Pagkatapos ay inutusan Niya kami na muling sumamba ng may galak.

KIM, JOSEPH: Habang nagdadasal ako ay bumalik si Hesus. Galit ang ekspresyon ng mukha ni Hesus ngayon na hindi tulad ng ibang araw. Ang totoo niyan ay medyo nakakatakot. Nag-aalala ako at natatakot. Hindi ko pa nakita ang Panginoon na may ganoong ekspresyon. Marahil ay dahil kay Joo-eun at sa pastor na sumira sa serbisyo.

Winika ni Hesus, **“Joseph! Pumunta tayo sa impyerno!”** Nang hawakan ni Hesus ang aking kamay ay agad akong napunta sa impyerno. Minsan ay kaagad akong dinadala ng Panginoon sa sentro ng impyerno at minsan naman ay isinasama Niya ako upang maglakbay at maranasan ang daan patungo doon. Nang makarating kami sa gitna ng impyerno ay nakita ko ang silya kung saan nakaupo si Satanas. Inobserbahan kong mabuti ang pangyayari at ang kapaligiran. Halos hindi ko na kayang manood. Nakakatakot at masaklap ang eksenang aking nakita.

ANG SILID NA PUNO NG NAKAMAMATAY NA ARMAS

Nakaupo sa kanyang trono ang hari ng mga dyablo na si Satanas at inutusan niya ang kanyang mga alagad. Abala ang mga alagad ni Satanas sa pag-sunod sa kanyang inuutos. Ang iba ay naglalakad at ang iba ay lumilipad sa hangin. Hindi mabilang ang kanilang dami at ang operasyon ay sopistikado; hindi ko maunawaan ang nangyayari. Ang sistema ng masasamang espirito ay nakaayos sa herarkiya. May isang nagbibigay ng utos at may isa namang gagawa ng inuutos. Lahat ng lebel ay may ranggo.

May lamesa sa harap ni Satanas. Puno ang lamesa ng ibat-ibang mga armas ng kamatayan. Ang totoo niyan ay para na iyong bundok sa dami. May lumang kagamitan sa bukid at kagamitang pandigma. Marami pang ibang armas ang naroroon. Kumukuha ng armas ang mga alagad ni Satanas sa lamesa upang mang-saksak, mang-hiwa at manibat ng kanilang biktima. Gayon pa man ay hindi nasiyahan ang masasamang espirito. Pumupunta sila sa ibang lugar sa impyerno upang magdala ng mas marami at ibat-ibang uri ng nakamamatay na armas.

Nasa malaking silid ako na maraming pader na humahati. May ibat-iba at brutal na armas ang nakabitin sa pader. Ang mga armas na iyon ay makikita lang sa mga pelikula, aklat, at mga kathang kwento. Iyon ay mga armas ng imahinasyon sa daigdig. Habang pinagmamasdan ko ang mga armas na nakasabit sa dingding ay pakiramdam ko ay nanonood ako ng eksibisyon. Kinuha ng masasamang espirito ang armas upang tadtarin ang mga binti ng mga tao. Naalala ko kung paano namin ng aking mga kaibigan pinahihirapan ang mga insekto at langgam sa ganoong paraan. Nasiyahan ang masasamang espirito habang pinuputol nila ang mga binti ng mga tao.

Tinuro ni Hesus ang mga tao na nakapila upang pahirapan. Sinabi Niya, **“Ang ilan sa mga kaluluwang ito ay sumali sa kulto. Ang iba naman ay lasenggo at ang iba ay tinatrato ang araw ng Linggo ng walang ingat. Gumagastos sila ng pera tuwing Linggo para sa kanilang kasiyahan. Marami sa mga tao dito ang hindi pinapanatiling banal ang araw ng Linggo. Ang iba ay nagpapatakbo ng kanilang negosyo at inaakala nila na patatawarin sila ng Panginoon. Nalinlang sila.”**

Ipinaliwanag ng Panginoon na may mga nakatatanda at dyakonesa sa pangkat na iyon. Ang totoo niyan ay hindi mabilang ang dami ng dyakono, dyakonesa, at pastor. Ipinakita Niya iyon sa akin ng malinaw. Marami ring pangkat etniko at iba pang mga lahi. May mga maiitim, mapuputi at mga tao mula sa aking bansa. Nagulat ako nang nakita ko ang napakaraming tao na katulad ko. Ang karamihan ay asyano. Namangha ako dahil nakilala ko ang ibat-ibang pangkat etniko.

Pagkaraka ay natakot ako at nagulat. Sumigaw ako ng malakas, **“Hesus! Hesus! Kinasusuklanan ko po ang impyerno. Pakiusap, huwag Mo pong hayaan na lumapit sa akin ang masasamang espirito!”** Hinawakan ni Hesus ang aking kamay. Bumalik ako sa simbahan at nagpatuloy sa pagdarasal.

Dahil hindi nalugod ang Panginoon sa aming unang serbisyo, ay nagbigay muli kami ng pangalawang serbisyong pagsamba. Bago magsimula ang pangalawang serbisyo ay nagsisi kami. Ang aming pangalawang pagsambang serbisyo ay mas maalab at may armonya. Naibalik namin ang aming pagsamba at serbisyo. Nalugo ang Diyos Trinidad.

ANG PAHAYAGAN AT ANG LARAWAN SA LANGIT

Habang iniisip ko si Hesus ay sumayaw ako at sumamba. Sumayaw ako ng malaya. Hindi nagtagal ay sumigaw ang mga myembro na bukas ang espirituwal na paningin. May bumaba mula sa langit.

“Wow! Ano ito? Isa ba itong pahayagan? Ano? May pahayagan sa langit? Wow! May mga pahayagan na nahuhulog mula sa langit!” Ako ang unang sumigaw. May ginintuang liwanag ang nagmumula sa panabi ng pahayagan. Ang panabi ay napapalamutian ng mga mamahaling bato. Ang mga salita ay nakasulat gamit ang mga perlas. May larawan ng kongregasyon sa gitna ng pahayagan. May larawan ang Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) na sumasamba, nagbibigay ng serbisyo, at sumasayaw sa espirito.

Habang pinapanood ko ang tagpo, ay namangha ako sa nangyayari. Parang panaginip iyon. Nalito ang mga myembro na hindi pa bukas ang espirituwal na paningin. Nahihirapan silang maunawaan ang aming inilalarawan. Katangi-tangi ang pangyayari at hindi dapat malampasan. Medyo nakakalungkot lang dahil hindi ito nakikita ng mga myembro na sarado pa ang espirituwal na paningin.

Habang tinitingnan ko ang mga larawan, ay napansin ko na ang bawat myembro ay may kanya-kanyang kakaibang itsura at ekspresyon. Ang nakatalang ulo ng balita ay, **“Ang Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) na nananalangin.”** Malaki ang sukat ng letra ng ulo ng balita. Ang mukha ng pastor ay nasa gitna ng isa sa mga larawan. Ang mga larawan ay katulad ng kinukuha natin dito sa lupa. Nakangiti kami at sumambit ng, “cheese”.

ITINAAS NI HESUS ANG SIMBAHAN NG PANGINOON (LORD’S CHURCH)

Winika ni Hesus, **“Joseph! Ano sa tingin mo? Wala ka pang nakikitang ganito di ba?”** Personal na inutusan ni Hesus ang mga anghel upang ilathala ang mga pahayagan at inutusan Niya ang mga santo sa langit na ipamahagi iyon at basahin. Sinabi ni Hesus na kapag inutusan Niya ang mga santo sa langit na magbasa, ay wala silang magagawa kundi magbasa. Sinabi rin Niya na bihirang mabalita sa pahayagan sa langit ang isang simbahan sa lupa. Gayon pa man, ay palaging naroroon sa pahayagan ang Simbahan ng Panginoon.

Muli akong tinanong ni Hesus, **“Tingnan mong mabuti. Sa tingin mo ba ay maganda ang pagkakakuha ng mga larawan?”** Tumawa ako ng matagal habang tinitingnan ang mga larawan. Napansin ko na kakaiba ang mga ekspresyon ng mukha ng mga myembro na bukas ang espirituwal na paningin. Kahanga-hanga ang mga larawan. Abala ang

mga myembro na bukas ang espirituwal na paningin sa pagpapaliwanag sa ibang myembro na hindi pa bukas ang espirituwal na paningin.

Ipinaliwanag ni Hesus na naglilibot Siya sa langit upang ipahayag at i-anunsiyo ang aking amang pastor. Ipinaliwanag ni Hesus kung paano Niya ini-aanunsiyo ang pastor. “May isang bago at maliit na simbahan sa Suh, Incheon. Ang pangalan ng simbahan ay Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church). Ang simbahan ay pinapangunahan ng isang pastor. Sa tuwing nangangaral siya o sumasamba ay marami siyang nakakatawang ekspresyon ng mukha at pagkumpas.” Sumang-ayon ako. Maraming nakakatawang ekspresyon ng mukha ang pastor.

APOY NG ESPIRITO SANTO

Pastor Kim, Yong-doo: Habang nananalangin ako ay itinuon ko ang aking sarili ng mas malalim sa Panginoon. Sumigaw ako at umiyak sa Panginoon. Nitong nakaraan lang, ay nagsisi ako sa pamamagitan ng pagsampal sa aking mga pisngi. Kaya naman ay namaga at uminit ang aking mga pisngi. Pakiramdam ko ay nag-aapoy ang aking mga pisngi.

Kahit wala pa ang Banal na Apoy ay mainit na ang aking mga pisngi. Ngunit ng pumasok ang Banal na Apoy sa aking katawan ay parang maluluto na ang aking mga pisngi. Pakiramdam ko ay nasa ibabaw ng kalan ang aking katawan, isang kalan na labis ang init. Mas lumakas at bumilis ang nakakapagpagaling na kumpas ng kamay. Gumalaw ang aking mga kamay sa ibat-ibang mosyon. Matapos ang dalawang oras, ay may mga napakalaking bolang apoy ang pumasok sa aking katawan mula sa aking mga daliri sa kamay. Dahan-dahang kumalat ang apoy sa aking buong katawan.

Sa sobrang init ng aking katawan ay napasigaw ako. Nagsisipa ako dahil sa labis na init. Naabot ko na ang aking limitasyon; nasusunog ako sa pagkauhaw. “**Tubig! Tubig! May tubig ba kayo diyan?**” Uminom ako na parang taong hindi nakainom ng ilang araw.

ANG NAKAKALASONG TINIK NG ESPIRITO SANTO

Kim, Joseph: Nabuksan ang aking espirituwal na paningin at habang patuloy akong lumalalim sa espirituwal, ay naglalagay ng balakid ang masasamang espiritu sa aking harapan. Hindi pangkaraniwan ang mga balakid at napakadami niyon na halos hindi ko mabilang. Kumpara sa ibang myembro ng simbahan, ay natagalan ako bago lumalim sa espirituwal. Ipinaliwanag ng Panginoon na tinawag ako upang maging isang pastor. Napagtanto ko na malaki pala ang dapat pagbayaran bago mabuksan ang espirituwal na paningin. Sa tuwing ninanais ko na lumalim sa espirituwal, ay walang awa akong inaatake. Naghahanap ang masasamang espiritu ng kahinaan upang lumusob. At sa pamamagitan ng aking mga kahinaan ay natatalo ako sa kanilang pag-lusob.

Madalas ay pumapasok ang masasamang espiritu sa aking katawan. Ang ibang mga myembro ng aming simbahan ay target rin ng masasamang espiritu. Kapag pumasok na

ang masamang pwersa sa aming katawan ay magsisimula na ang sobrang sakit at paghihirap.

Tinanong ko ang Panginoon, “Hesus! Sa tuwing pumapasok ang masasamang espirito sa aming katawan ay nakakaramdam kami ng sakit at paghihirap. Nararanasan rin po ba ng mga myembro sa ibang simbahan ang sakit na aming nararanasan?” Sumagot ang Panginoon, “ang iba ay nakakaranas ng sakit pero hindi katulad ng sakit na nararanasan ng Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church). Karaniwan, ay hindi nararamdaman ng tao ang sakit at paghihirap. Lihim na nagtatago ang masasamang espirito sa kanilang katawan at lihim na gumagawa ng masamang balak.”

Muli akong humingi, “Panginoon! Ibigay Mo po sa amin ang nakalalasong banal na tinik nang sa ganoon ay hindi makapasok ang masasamang espirito sa aming katawan. Maaari po ba namin gamitin iyon upang hindi sila makapasok?” Inutusan kami ni Hesus na sumigaw ng sabay-sabay, “Nakalalasong tinik ng Espirito Santo! Ibigay Mo sa amin ang nakalalasong tinik ng Espirito Santo!”

Nang hingin ko sa Panginoon ang nakalalasong tinik ng Espirito Santo ay naglalaro lang ako at hindi seryoso. Ngunit nalaman ko na mayroong ganoong pagpapala o kapangyarihan. “Pastor! Pastor! May salita po bang “nakalalasong tinik ng Espirito Santo” na nabanggit sa Bibliya?” Sumagot ang pastor, “Joseph, walang ganoong nabanggit sa Bibliya.” Gayon pa man, ay hindi lang sa amin ipinakita ng Panginoon kundi sinabi rin Niya na kahit hindi iyon nabanggit sa Bibliya, ay mayroon talagang nakalalasong tinik ng Espirito Santo.

Ipinagkaloob ni Hesus sa amin ang nakalalasong tinik ng Espirito Santo. Nakatusok ang mga tinik sa aming katawan at may matalas na dulo. Sinabi ng pastor, “Joseph, bakit parang tinutusok ang aking katawan?” Nakita ko na nababalot ng maraming tinik ang katawan ng pastor. Naalala ko sa kanya ang parkupino. Ipinaliwanag ko sa pastor na ang kanyang mga tinik ay mas malaki at mas malakas. Ang totoo niyan ay mas nakalalason ang kanyang mga tinik kaysa sa mga myembro ng kongregasyon. Palaging pinagkakalooban ng Panginoon ang pastor ng malalakas na pagpapala at kapangyarihan.

Mayroon ring nakalalasong tinik ng Espirito Santo ang ibang myembro sa kanilang katawan. Sa tuwing sumisigaw kami ng, “Nakalalasong tinik ng Espirito Santo” maraming tinik ang lumilitaw sa aming katawan.

NATUSOK NG NAKALALASONG TINIK

Pastor Kim, Yong-doo: Dahil hindi pa bukas ang aking espirituwal na paningin ay hindi ko makita ang nakalalasong tinik ng Espirito Santo. Gayon pa man, ay nais kong makita ang tungkol sa nakalalasong tinik sa aking katawan. Walang salitang “Nakalalasong tinik ng Espirito Santo” na natala sa 66 na aklat sa Bibliya. Nais kong patotohanan ang sinabi ni Joseph at ng iba pang myembro ng kongregasyon.

Nararamdaman ko sa pisikal na katawan na para akong tinutusok. Ngunit ugali ko na kailangan munang makita, maramdaman at maranasan ang isang bagay para makasiguro. Puno ng determinasyon ang aking isipan na alamin kung totoo ang pangyayari.

Habang lumulusob ang masasamang espirito ay nararanasan naman namin araw-araw ang kapangyarihan ng nakalalasong tinik sa aming katawan. Naging alabok ang masasamang espirito. Kapag natusok sila ay nagiging abo sila. Isang beses ay inutusan ko ang mga kabataan na ipikit ang kanilang mga mata. Habang nakapikit sila ay marahan kong hinawakan ang aking anak na si Joo-eun ng dulo ng aking daliri. Sa sandaling dumikit ang dulo ng aking daliri sa kanya ay sumigaw siya ng malakas. **“Aray pastor! Papa! Bakit mo ako tinusok ng nakalalasong tinik?”** Sumigaw siya at umiyak.

Pagkatapos ni Joo-eun ay tinusok ko rin sina Yoo-kyung, Haak-sung at Joseph. Halos hindi ko nadampian ang kanilang katawan ngunit lahat sila ay natumba sa sahig. Ang bahagi kung saan ko sila dinampian ng aking daliri ay namaga at ang lason ay dahan-dahang kumalat sa kanilang katawan. Naparalisa sila. Personal kong nasaksihan ang pangyayaring ito.

“Pastor! Pastor! Bilis! Ipagdasal mo kami, ngayon din! Patigilin mo po ang pagkalat ng lason sa aming katawan.” Sumagot ako, **“Ano? Paano ko patitigilin?”** Sumigaw sila, **“Patigilin mo po! Hawakan mo kami ng iyong kamay!”** Muli akong sumigaw, **“Hindi! Kung hahawakan ko kayo ulit ay papasok muli sa inyo ang lason at kakalat ng mabilis. Hindi ba?”** Umiyak ang mga kabataan. Sinabi nila, **“Hindi! Ayos lang po. Ipatong mo ang iyong kamay sa amin na may pusong nananalangin.”** Nang magdasal ako ay napigilan ko ang pagkalat ng lason sa kanilang katawan at nawala ang sakit na kanilang nararamdaman.

Habang nag-iisip ako ay hindi ko alam kung paano tatanggapin ang pangyayaring ito. Hindi ko kayang ipaliwanag ang nangyari. Nagulumihanan ako at ang sitwasyon ay parang hindi totoo. Matapos ang pangyayaring ito ay iniwasan na ako ng mga bata at hindi na sila lumapit sa akin.

Habang nananalangin kami ay nabalutan ang aming katawan ng nakalalasong tinik. Lumusob ang masasamang espirito na walang alam at sila ay naging abo nang matusok sila ng tinik. Naging abo sila at naglaho. Gayon pa man, ang malalakas na masamang espirito ay hindi kaagad naging abo. Ilang ulit nilang sinubukang pumasok sa aming katawan—kahit natusok na sila ng nakalalasong tinik. Minsan ay tinatanggal ng Panginoon ang nakalalasong tinik sa aming katawan nang sa ganoon ay hindi kami maging kampante sa pananalangin. Hindi lang kami dapat umasa sa nakalalasong tinik ng Espirito Santo kundi kailangan samahan iyon ng panalangin. **“Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church)! Ang nakalalasong tinik ay hindi gaanong makapangyarihan. Hindi kayo dapat umasa doon ng lubos. Ang nakalalasong tinik ay pansamantalang paraan upang labanan ang masasamang espirito. Ipinagkaloob ko iyan sa inyo dahil paulit-ulit kayong inaatake. Talunin ninyo ang masasamang**

espírito sa pamamagitan ng inyong malakas na pananampalataya sa halip na umasa sa nakalalasong tinik.”

SI SANTA KANG, HYUN-JA AY ISANG ESPESYAL NA NOBYA NG PANGINOON

Ginang Kang, Hyun-ja: Dahil sa mabuting kalooban ng Panginoon ay nakarating ako sa langit. Sa oras na iyon, ay hindi ako kapansin-pansin. Gayon pa man, ay may hindi mabilang na mga abay na babae ang lumapit sa akin. Binihisan nila ako ng magandang kasuotan.

Ang istado ni Hesus ay isang nobyo at lalaking ikakasal. At ako naman ang nobya. Walang sinoman ang makakapaghiwalay sa aming relasyon. Nagmamahalan kami. Ang aking pisikal na pagmamahal sa aking asawa ay hindi maikukumpara sa pagmamahal na mayroon ako sa Panginoon.

Dahil sa pang-araw araw na buhay ay nakalimutan ko na ang pagbisita sa langit. Nalaman ko na hindi ako nakakalimutan ng Panginoon. Palagi kong kasama ang Panginoon. At saka, minsan ay pinapanood Niya akong matulog. Sa tuwing natutulog ako ng matagal ay sinasabi Niya, **“Aking nobya, bakit ka natutulog ng matagal? Bakit mo Ako iniiwang mag-isa?”** Sa tuwing ipinapahayag Niya na nagseselos Siya ay natutuwa ako. Hindi maipapaliwanag sa salita ang sayang aking nararamdaman.

Palaging sinasamahan ng Panginoon ang lahat ng mananampalataya. Sa pamamagitan ng aking espirituwal na paningin ay malinaw kong nakita na kasama Siya ng mga mananampalataya. Nang ikwento ko sa aking asawa ang aking karanasan ay sinabi niya na mahal ng Panginoon ang lahat ng mananampalataya ng pantay.

Habang tahimik na nakikinig ang Panginoon sa aming pag-uusap ay hinaplos Niya ang aking ulo at binigyan ako ng hudyat. Maraming beses na sinasamahan ng Espirito Santo ang pastor. Maraming beses din Niyang hinawakan ang ulo at mukha ng pastor. Ngayon ay lumalalim na ako dahil bahagya nang nabuksan ang aking espirituwal na paningin.

Sa tuwing nagpapatawa ang pastor at nakakasakit sa kanyang mga biro, ay palaging namamagitan ang Panginoon. **“Pastor Kim, huwag mong pakitunguhan ng magaspang ang Aking nobya.”** Nag-aalinlangang sinabi ng pastor, **“Nabubuhay ako kasama ang aking asawa na malayo ang puso sa akin.”** Tumawa ng malakas ang pastor. Tumawa rin kami ng Panginoon. Habang nagtatawanan kami ay napagtanto ko na hindi sapat ang isang araw upang gugulin kasama ang Panginoon.

KABANATA 3: BANAL NA ELEKTRISIDAD

Pebrero 28, 2005 (Monday)

“Bibigyan ko kayo ng bagong puso at bagong espiritu. Ang masuwayin ninyong puso ay gagawin kong masunurin. 27 Bibigyan ko kayo ng Aking espiritu upang

makalakad kayo sa aking mga tuntunin at masunod ninyong mabuti ang Aking mga autos.” Ezekiel 36:26-27

KULAY PINK AT HUGIS PUSONG MGA BULA NA NAGPAPAHAYAG NG PUSONG NAGMAMAHAL

Kim, Joseph: Habang ninanais ko si Hesus, ay may kakaibang bagay ang lumabas sa aking katawan. Nagulat ako. Ipinikit ko ang aking mata at nagdasal ngunit hindi nawala ang bagay. May mga kulay pink na mga bula ang lumabas sa aking katawan. Kumikinang at nagliliwanag ang mga iyon. Naging hugis puso ang mga bulang lumalabas sa aking katawan. Lumipad ang mga iyon papataas sa langit sa trono ng Diyos. Naglakbay ang mga iyon sa kalawakan at pagkatapos ay nakarating sa trono ng Diyos. Tila marupok ang mga iyon na katulad ng pangkaraniwang bula at tila madaling pumutok. Habang nanonood ako ay kinakabahan ako na baka pumutok ang mga iyon. Sa kabutihang palad, ay hindi iyon pumutok.

Sa umaalingawgaw at malalim na tinig ay winika ng Amang Diyos, “Hmmm, paparating na ang puso ni Joseph! Salamat!” Tinanggap Niya ang hugis pusong mga bula. Nalugod at nabigyang kasiyahan ang Diyos at Siya ay tumawa. Ang pink na mga puso ang naglalarawan ng aking puso para sa Diyos. Nang makarating ang mga iyon sa Amang Diyos ay lumiwanag iyon. Hindi nagtagal ay may kaparehas na mga bula ang nagmula sa Amang Diyos patungo sa akin.

“Dahil binigay mo sa Akin ang iyong pusong nagmamahal, ay ibibigay Ko rin sa iyo ang aking puso!” Mula sa dibdib ng Diyos ay may magagandang kulay pink na hugis puso ang bumaba. Hindi iyon maihalintulad sa aking hugis pusong mga bula. Nang pumasok ang mga hugis pusong mga bula sa aking katawan ay bumilis ang tibok ng aking puso sa kasiyahan at nag-umapaw ang aking galak.

Sinabi ko sa Amang Diyos, “Amang Diyos! Salamat po sa pagmamahal Mo sa akin. Sakim po ako at mayamutin. Mainipin ako at nagmamadaling mabuksan ang espirtual na paningin.” Bago ko pa matapos ang aking pangungusap ay winika ng Ama, “Ayos lang iyon! Ngayon, ang pangyayaring ito ang nagpapatunay na ikaw at Ako ay may parehas na pusong nagmamahal at pagpapahayag ng pananampalataya.” Matapos ang karanasang ito, ay palagi kong iniisip ang Diyos at palagi akong nagdadasal.

ANG PANGINOON NA NAGBIBIGAY NG PAHINGA SA MGA SANTO

Ginang Kan, Hyun-Ja: “Panginoon! Nitong mga nakaraang araw ay nahihirapan akong makatulog pagkatapos ng buong gabing pananalangin. Nais kong makatulog ngunit nahihirapan ako at hindi makatulog. Panginoon, kailangan ko pong matulog ng sapat upang mawala ang pagod. Pakiusap, tulungan Mo po akong makatulog ng mabuti.” Sumigaw ang aking anak na babae na nasa aking tabi, “Mama! Niyayakap ka po ni Hesus!” Nang yakapin Niya ako ay dahan-dahan akong nakatulog. Nakatulog ako na parang nalango sa gamot na pampatulog o anestisya. Nang lumalim ang aking

pagtulog, ang Espirito Santo ang mainit at banayad na enerhiya na bumabad at nagpainit sa aking katawan.

“Hindi dapat pakahirap, magpagal sa hanapbuhay; maaga pa kung bumangon, gabing-gabi kung humimlay, pagkat pinagpapahinga ni Yahweh ang Kanyang mahal.” Mga Awit 127:2

Patuloy na ipinapahayag ni Hesus na nabuksan ang Kanyang puso sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church). Pinasaya ako at ang mga bata ng Panginoon. Minsan ay mapaglaro Siya at dumadating ng masaya. Minsan ay nagsusuot ang Panginoon ng kakaibang kasuotan o sa nakakatawang anyo. Ang layunin ng Kanyang madulang pagbisita ay upang pasayahin kami. Gustong-gusto ng Panginoon ang aming pagsamba at serbisyo. Sinabi Niya na palagi Niyang hinihintay na sumamba at mag-serbisyo ang aming simbahan.

Dahil ang Simbahan ng Panginoon at ang aking pamilya ay walang hupang naka-pokus sa Diyos Trinidad, ay hindi rin humuhupa ang aming saya. Nangungusap ang aming mga puso sa Diyos. Ang mahalagang tema ng aming pag-uusap ay patungkol sa Panginoon. Ang lahat ng aming pag-uusap ay naka-sentro sa Diyos. Napansin namin na madalas ay kasama ng Panginoon ang Espirito Santo, ngunit minsan ay namamahala Siya ng mag-isa.

MARSO 4, 2005 (BYERNES)

“7 Tinawag Niya ang labindalawa, at sinugong dala-dalawa. Binigyan Niya sila ng kapangyarihang magpalayas ng masasamang espirito, 8-9 at pinagbilinan: “Sa inyong paglalakbay, huwag kayong magdala ng anuman, maliban sa tungkod. Ni pagkain, balutan, salapi sa inyong lukbutan o bihisan, ay huwag kayong magdala. Ngunit magsuot kayo ng panyapak.” 10 Sinabi rin Niya sa kanila, “At sa alinmang tahanang inyong tuluyan- manatili kayo roon hanggang sa pag-alis ninyo sa bayang iyon. 11 Kung ayaw kayong tanggapin o pakinggan sa isang dako, umalis kayo roon at ipagpag ninyo ang alikabok ng inyong mga paa, bilang babala sa mga taga-roon.” 12 Kaya’t humayo ang labindalawa at nangaral sa mga tao na pagsisihan nila at talikdan ang kanilang mga kasalanan. 13 Pinalayas nila ang maraming demonyo sa mga inaalihan nito; pinahiran nila ng langis at pinagaling ang maraming may sakit.” Marcos 6:7-13

ANG DILA NG DYABLO

Ginang Kang, Hyun-Ja: Sa umaga ng aming pananalangin, habang taimtim akong nagdadasal sa ibat-ibang wika, ay may kakaibang tunog ang lumabas sa aking bibig. Dalawang oras ang nakalipas. Sa una, ay nasabik ako sa bago at kakaibang tunog ng wika. Akala ko ay binigyan ako ng Panginoon ng ibang wika. Ang tunog ng bagong wika ay dahan-dahang naging kakaiba. Sinasabi ng aking intuwisyon na may mali.

Tumayo ang balahibo sa aking katawan. Pagkatapos ay may narinig akong nakakakilabot na tawa ng isang babae. **“Oh hohohoho hohoholoholoholo eeheeheehee, ehehehe.”** Ibat-ibang uri ng nakakakilabot na masamang tawa ang patuloy na lumabas. Sa sandali ring iyon ay nagsalita rin si Sister Baek, Bong-nyo ng wika ng dyablo. Halintulad ang tunog niya sa babae na nasaniban sa kilalang pelikula na **“The Exorcist.”**

Naisip ko sa aking sarili, **“Paanong nangyari na salita ng dyablo ang lumabas sa aking bibig?”** Kahit isipin ko ay hindi ko maintindihan. Hindi tumitigil ang paglabas ng salita ng dyablo. Hindi nagtagal, ay gumalaw ang aking ulo. At pagkatapos ay bumilis ang pag-galaw. Gumalaw ng labis at hindi ko magawang ihinto.

Binuksan ko ang aking mata at nakita ko si Sister Baek, Bong-nyo na nanginginig. Naramdaman ng aming pastor ang nangyayari at kaagad siyang lumapit sa amin. Pinaalis niya ang mga demonyo. **“Satanas! Umalis ka! Espirito ng kalituhan - umalis ka sa Pangalan ni Hesus!”**

Bago pa mangyari iyon, ay hindi ako nakakapag-pokus sa aking pagdarasal sa ibat-ibang wika. Ang totoo niyan ay may iba akong iniisip. Sa oras ng aking kahinaan, ginamit ng mga demonyo ang pagkakataong iyon upang makapasok sila sa aking katawan. Iyon ang dahilan kung bakit naging sa demonyo ang aking salita. Sa tuwing pumapasok ang mga demonyo sa aking katawan ay naghihirap ako. Hindi lang ako pisikal na naapektuhan, nagugulo rin ang aking isip at napapagod ako. Pinagdasal kami ng pastor. Sa tuwing pinagdadasal ako ng pastor ay nagiging normal ako. Ngunit, kapag pumunta na siya kay Sister Baek, Bong-nyo upang ipagdasal siya ay bumabalik at lumalabas sa aking bibig ang salita ng demonyo.

PUMASOK ANG PWERSA NG MASASAMANG ESPIRITO SA KATAWAN NI GINANG KANG, HUYN-JA

“Hesus! Hesus! Bakit po patuloy na lumalabas ang salita ng dyablo?” Ngunit nanatiling tahimik ang Panginoon. Malambing at mabait ang Panginoon ngunit hindi Siya nagsasalita ngayon. Tahimik lang Siyang nakatayo at nanonood sa amin.

Muli ay nasira ang aking konsentrasyon at iba ang aking inisip. Sa sandaling iyon ay muling bumalik ang masasamang espirito sa aking katawan ng pangkatan. Halos mawalan na ako ng malay. Namanhid ang aking katawan. Natumba ako sa sahig dahil sa sakit. Kahit umiyak ako at mag-makaawa ay hindi sumasagot ang Panginoon. Wala rin iyon saysay.

Natumba rin si Sister Baek, Bong-nyo sa sahig at umiyak sa sakit. Kinabahan ang pastor at namutla ang kanyang mukha. Lumakad-lakad siya sa amin habang nananalangin. Nasa hangganan na ang kanyang pisikal na lakas. Pagod na pagod na siya. Kadalasan ay tiwala ang pastor sa kanyang lakas. Gayon pa man, dahil pinapaalis niya ang masasamang espirito, sumisigaw, at pabalik-balik sa aming dalawa ni Sister Baek, Bong-nyo, ay napagod na siya. At saka hindi pa lubusang gumagaling ang mga sugat na

natamo ng pastor mula sa nakaraang laban sa masasamang espirito. Kaya naman ay nadagdagan ang kanyang paghihirap. Gayon pa man, sa kabila ng kanyang mga sugat ay patuloy pa rin niya kaming ipinagdasal ng walang humpay. Naawa ako sa pastor at gusto kong makapagpahinga na siya, ngunit hindi pa hanggat hindi pa niya ako natutulungan. Hiniling ko sa kanya na ipagdasal ako dahil sa labis na sakit na aking nararamdaman. Patuloy ang pag-atake. Apat hanggang limang araw na ang nakalipas. Walang hupa ang pag-atake. Pinahihirapan ako araw at gabi. Hindi ako makakain, makainom o makatulog. Biktima ako ng walang hupang pag-atake kaysa sa iba. Hindi ako makapag-pahinga.

ANG UNANG PAMAMAHAYAG NG PANGINOON TUNGKOL SA MINISTERYO NG BANAL NA APOY AT PAGPAPALAYA

Ipapaliwanag na ng Panginoon kung bakit tahimik Siyang nakatayo habang kami ay nagsusumamo at sumisigaw sa Kanya. Sumisigaw kami at humihingi ng tulong upang palayasin ang masasamang espirito.

Tinanong ko sa Panginoon kung bakit Niya hinayaang patuloy na pumasok sa aking katawan ang masasamang espirito. Sinabi ko sa Kanya na hindi ko kaya ang sakit. Nagpaliwanag ang Panginoon. “May mga dahilan kung bakit hinayaan Ko ang mga bagay na ito. Ang una ay upang mabago ang masamang ugali na pagpupumilit na magsalita at pagbubunyag ng impormasyon. Santa Kang, Hyun-ja! Ikaw ay minamahal Kong nobya! Kapag dumating na ang tamang oras ay malalantad din ang lahat. Ang mga espirituwal na sekreto ay dapat manatiling lihim, ngunit umaalis ka at sinasabi sa lahat. Sa tingin mo ba ay dapat mong baguhin ang iyong pamamaraan? Hindi ka magbabago dahil sa mga sinasabi ko lang sa iyo. Ito ang dahilan kung bakit hinahayaan ko ang mga pangyayaring ito upang disiplinahin ka. Sa pamamagitan ng masakit na karanasang ito ay magbabago ka!”

Habang ginugunita ko, ay malayo ako sa pagbabago. Iniisip ko kung gaano ako kalungkot sa paningin ng Panginoon. Nang mapagtanto ko ito ay nahiya ako at gusto kong magtago.

Sinabi pa ni Hesus, “Sa hinaharap, ay magkakaroon ng panahon na mararanasan ng mga tao sa buong mundo ang Banal na Apoy. Ang Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) ang mangunguna sa gawain ng Banal na Apoy. Kayo ang mamahala at mangunguna sa Ministeryo ng Apoy. Ngunit makakaranas kayo ng mga pagsubok bilang pagsasanay. Ngunit huwag kayong matakot kapag nakaranas kayo ng mga pagsubok. Pagtiisan ninyo ng may tapang.”

Idinagdag pa ng Panginoon, “Kailangan ninyong malaman at maunawaan ang mga balak at estratehiya ng masasamang espirito upang mapalayas sila. Kailangan ninyong malaman ang kanilang mga plano. Mararanasan ninyo ang mga paghihirap nang sa ganoon ay maunawaan ninyo ang mga paghihirap ng mga taong pinabibigatan ng pwersa ng kasamaan. Makakaramdam kayo ng awa sa kanila dahil mararamdaman ninyo ang sakit na kanilang nararamdaman. Magaganyak kayong

pagalingin at palayain sila. Ito ang dahilan kung bakit Ko hinayaang maranasan ninyo.”

“Ngunit ang ibang taga-Tiatira na hindi nakinig sa masamang turo ni Jezebel at hindi natuto ng tinatawag na “malalalim na lihim ni Satanas ay hindi ko bibigyan ng pasanin. 25 Gayunma’y ingatan ninyong mabuti ang mga katangiang nasa inyo hanggang sa pagdating Ko.” Pahayag 2:24-25

Lahat ng bagay na nangyayari sa mundo ay kailangan ng sakripisyo. Karaniwan, ay hindi nagiging maayos ang isang bagay ng walang sakripisyo. Sa espirituwal na kaharian, malaki ang kabayaran bago mo matutunan at makuha ang isang bagay. Maraming nakasagupang masasamang espirito ang Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) at nakikipaglaban kami ng walang humpay.

Kung hindi kami handa sa pakikipaglaban sa masamang pwersa ay matatalo kami. Napagtanto ko na ang kongregasyon ng aming simbahan ang hinirang upang maging eksperimento. Araw-araw ay nakikipagtunggali kami sa masasamang espirito. At araw-araw rin ay nababawtismuhan kami sa Banal na Apoy. Hindi lang kami isang eksperimento. Ang aming karanasan ang nagsasanay sa amin na magpasya ng mabuti at upang maging mapagtiis.

Gayon pa man, ay hindi namin inaasahan ang uri ng espirituwal na pakikipaglaban at malayo iyon sa aming imahinasyon. Walang tigil ang aming pakikipaglaban at pisikal kaming napapagod, at ngayon ay naiinggit ako sa mga taong namumuhay ng normal bilang Kristiyano. Para sa akin ay masaya sila. Dahil nakakatanggap kami ng maraming kaloob at dahil patuloy na nabubuksan ang aming espirituwal na paningin, ay naging sentro kami ng pag-atake ng dyablo. Kami ang naging target. Naging sentro rin kami ng pagpupuna ng iba. Hindi kami nauunawaan at naiinggit ang mga tao sa amin. Sentro kami ng lahat ng laban sa espirituwal at sa ibang tao. Walang hupa ang labanan at araw-araw iyon. Gayon pa man, ay nasanay na kami sa ganoon.

Karaniwan ay iniisip ng mga tao na kahanga-hanga at masaya na mabuksan ang espirituwal na paningin. Mukhang maganda ngunit sa totoo ay kabaliktaran iyon. Kapag ang isang tao ay nasa espirituwal na daigdig, ay kailangan niyang mas maging malakas kaysa kapag nasa pisikal na mundo. Sa espirituwal na mundo, ay maaprobahan lang ang isang tao kapag siya ay nananalo araw-araw. Gayon pa man, ay mahirap mamuhay ng espirituwal sa lahat ng larangan. Mahirap at nakasasagabal kapag ang pisikal na katawan ay hindi makahabol sa mga nangyayari sa espirito.

Sa kabila ng mga kahirapan, ay maganda pa rin na magkaroon ng espesyal na pabor at atensyon. Lahat kami ay sinasang-ayunan Niya. Natitikman namin ang tagumpay at kasiyahan. Hindi kailanman mararanasan sa mundo ang kasiyahang iyon. Ang totoo ay walang hanggang kaligayahan iyon.

Bago pa mabuksan ang aking espirituwal na paningin ay mangmang ako sa mga pangyayari at karanasang aking nakatagpo. Ang pananampalataya ko ay nakabatay sa

teorya at akademya. Isa lang ang sigurado, hindi dapat magpalagay na bukas na ang espirituwal na paningin dahil lamang nakatanggap ng banal na kaloob. Kapag nakipaglaban ka sa masasamang espirito ay kailangan mong talunin sila, kung hindi, ay ikaw ang matatalo. Kung hindi mo sasaktan ang iyong kalaban ay ikaw ang sasaktan nila.

Dahil sa espirituwal na laban ay maraming pastor at kanilang mga asawa ang naloko. Ito ang nagdala sa kanila patungo sa impyerno. Nasasaksihan namin at nararanasan ang espirituwal na laban. Ako man ay isa ring asawa ng pastor. At bilang asawa ng pastor, ay nais kong suportahan at paglingkuran ang aking pastor na mas higit pa kaysa sa ibang asawa ng pastor. Sa totoo lang, ang layuning ito ay mahirap gawin. Maraming beses kong hinusgahan ang isang sitwasyon sa pamamagitan ng aking karanasan at ng aking laman. Dati, ang pagiging tao ang bumababad sa aking puso kaya naman ay hinuhusgahan ko ang lahat ng bagay sa aking sariling pananaw.

Ilang araw na akong inaatake at natatalo ng masasamang espirito. Hindi ako makakain at ang aking paghihirap ay nagpatuloy. Katulad ng isang sira ulo, ay nawawala ako sa aking sarili at nanginginig ang aking katawan. Dahil nararanasan ko ang masakit na kalagayang ito, ay nauunawaan ko ang sakit at kalungkutan ng maraming tao sa buong mundo na pinahihirapan ng masasamang espirito.

Nang hindi ko makayanan ang sakit ay nagsumamo ako sa Panginoon. Nakita ko ang mukha ng Panginoon at Siya ay nanood na may ekspresyon na parang bato. Nalungkot ako ng makita ko ang Kanyang ekspresyon. Marahil ay hinahayaan ni Hesus na maranasan ko ang mga pagsubok na ito para sa mangyayari sa hinaharap.

150 NA MASAMANG ESPIRITO ANG MULING PUMASOK

Gaano pa karami ang pagsubok ng Panginoon sa amin, hanggang kailan? Sa aming ikalawang panalanging pagpupulong ay may 150 na masamang espirito ang muling pumasok sa akin. Patuloy ang paglabas ng salita ng dyablo sa aking bibig. Pinamanhid ng masasamang espirito ang aking katawan pati na rin ang aking kasu-kasuan at mga buto. Nagsimula ito sa ika-siyam ng gabi at kami ng pastor ay nakipag-baka hanggang sa pagsapit ng tanghali ng sumunod na araw.

Sumigaw ako at umiyak sa Panginoon. Nang malaman ko na kulang ang aking pananampalataya upang mapaalis ang masasamang espirito sa aking katawan ay umiyak ako ng umiyak. Kahiya-hiya ako. Bilang asawa ng pastor, ang aking pananampalataya ay nasa katamtamang lebel lang. Ito ang dahilan kung bakit patuloy akong pinahihirapan ng masasamang espirito. Nang maisip ko ito ay lalo akong napaiyak. Bakit ako pa ang inaatake ng masasamang espirito? Bakit hindi ko kayang paalisin ang masamang pwersa sa pamamagitan ng aking pananampalataya? Naging emosyonal ako at nanghina. Nanginginig ang aking kaluluwa/espirito ng walang katiyakan. Dahil sa kapaguran, ang ibang myembro ay umuwi na. Ako at ang pastor nalang ang natira. Naglakad ang pastor ng ilang hakbang paurong at sinabi, **“Ah! Kakila-kilabot sila! Marami na akong ginawang pagpapaalis sa masasamang espirito**

ngunit hindi pa ako nakaranas ng mahigpit kumapit na katulad nito—napakatigas ng ulo!”

Umiyak ako at nakiusap sa pastor. **“Honey! Anong gagawin ko? Paalisin mo sila!”** Sumagot ang pastor, **“Oo, naiintindihan ko. Ngunit pagpahingahin mo muna ako ng kaonti at gagawin kong muli.”** Iniupo ako ng pastor sa bangko at pagkatapos ay umupo siya sa likod ko sa sandalan, at ang kanyang mga binti ay nasa ibabaw ng aking balikat. Ipinatong ng pastor ang kanyang kamay sa akin at nanalangin. Habang nagdadasal siya ay binuksan niya ang aking bibig at lumabas ang ibat-ibang uri ng masasamang espirito ng isa-isa.

Unti-unti kaming napagod ng pastor. Halos mawalan na kami ng malay. Patuloy lang na nagmamasid sa amin ang Panginoon. Sa palagay ko ay nais lang Niyang manood at maghintay hanggang sa maabot namin ang aming limitasyon. Hindi kakikitaan ng pagkapagod ang mga pangit at masasamang espirito. Ang totoo niyan ay sumigaw pa sila ng malakas. Ngayon ay nilulusob nila kami na parang mga hayop na umaatake sa kanilang mga nadagit. Hindi na namin iyon kayang tiisin pa. Naubos ang aming espirituwal at pisikal na lakas. Nang sumigaw ang pastor ng, **“Banal na Apoy!”** ay narinig namin na sumigaw ang masasamang espirito ng **“Ah, mainit! Ah, mainit! Ah, mainit!”** Ngunit nang manghina ang tinig ng pastor ay naging mabagsik ang masasamang espirito sa aking katawan. Nai-rekord namin ang tunog bilang patunay.

Marahil ay naawa na sa amin ang Panginoon dahil sa wakas ay namagitan na Siya. Pumasok si Hesus sa katawan ng pastor. Naging malakas ang pastor at napuspos ng Espirito Santo. Napalayas ng pastor ang masasamang espirito. Sa wakas ay nakapahinga na ako. Sinabi ng Panginoon, **“Ang mga karanasang ito ay kailangan upang magamit kayo ng pandaigdigang hinaharap.”** Ipinaliwanag iyon ng Panginoon ng may mas maraming detalye.

Kung wala ang tulong ng Panginoon ay isa lang kaming mahihinang sisidlan na hindi kayang makagawa ng kahit na ano. Nakakagawa lang kami ng maayos kapag namagitan ang Panginoon o gumawa para sa amin. Pagod na pagod ang aming mga katawan. Ngunit nagpasalamat kami sa Panginoon. Nakauwi kami ng ika-3 ng hapon.

MGA EKSPERIMENTONG NOMINADO

Pastor Kim, Yong-doo: Ang target ng masasamang pwersa ay ang aking asawa at si Sister Baek, Bong-nyo. Halos araw-araw ay nakikipagbuno ako sa masasamang espirito na pumapasok sa kanilang katawan. Kadalasan, ay madali lang para sa masasamang espirito na pumasok sa katawan ng tao. Ngunit kapag nakapasok na sila sa katawan ay mahirap na silang mapaalis.

Ang ibang masasamang espirito ay malakas at may kanya-kanya silang estratehiya upang ipagtanggol ang kanilang sarili. Mahigpit silang nanlalaban at sumisigaw kapag nasusunog sila ng Banal na Apoy. Sa tuwing napipilit ang masasamang espirito na

umalis sa aming katawan ay sinasaktan nila ang aming katawan at nag-iiwan sila ng masamang epekto.

Dahil sa awa ng Panginoon, ay nagagawa kong mabilang ang dami ng masamang pwersa. Tumaas ang lebel ng espirituwal na kapangyarihan nila Joseph, Joo-eun, Haak-sung, at Yoo-kyung at nagagawa na nilang labanan ang masasamang espirito. Prinoprotektahan ng Panginoon ang mga kabataan, ngunit ang matatandang katulad namin ng aking asawa at ni Sister Baek, Bong-nyo ay hinahayaan ng Panginoon na hawakan ang mahihirap na sitwasyon. Matapos kaming makipaglaban ay napagod ako at pakiramdam ko ay naubos ang aking lakas. Ngunit nagmamasid lang ang Panginoon at hindi Niya kami tinutulungan.

Maraming ibat-ibang tunog ang lumabas sa bibig ng aking asawa: ibat-ibang boses ng iyak ng batang babae at mga tunog ng mga mababangis na hayop. Hindi ko maisip na may ganito palang ibat-ibang uri ng masasamang espirito, lalo na nang masaksihan ko ang aking asawa na dumidila na parang ahas. Kinilabutan ako nang makita iyon. “Shhhhh... shhhhh! Ohohohoho!” Nanginginig ako sa takot ng marinig ko ang tinig ng umiiyak na batang babae.

Nalaman ko pagkatapos na ang aming simbahan ay isang eksperimento. Ipinaliwanag iyon ng Panginoon ng detalye. Ipinaliwanag Niya iyon ng malinaw upang maunawaan namin.

MULING NABUHAY ANG NASUNOG NA ABO NG MASASAMANG ESPIRITO

May kakayahan ang masasamang espirito na mabuhay muli pagkatapos namin silang sunugin ng apoy—ang apoy na mula sa Espirito Santo. Pinaalis ko at sinunog ang masasamang espirito sa katawan ng aking asawa at ni Sister Baek, Bong-nyo. Ngunit sa halip na masunog at maglaho ang masamang espirito ay sumigaw pa sila.

Sumigaw sila sa katangian ng boses ng tao. **“Hindi! Hindi! Hindi ako aalis! Bakit ako aalis kung maganda dito? Bakit ako aalis? Aray! Aray! Mainit! Pumapasok na naman ang Banal na Apoy! Aray! Mainit! Hindi ko na kaya! Pastor Kim, @###@\$ ka! Alisin mo ang kamay mo! O sige, o sige! Lalabas na ako!”** Maraming beses nilang sinasabi na aalis na sila. Ang totoo niyan ay isandaang ulit nilang sinabi iyon. Maya-maya ay naging abo na sila.

Nang maging abo sila ay namahinga ako at naisip ko, **“Talagang tapos na.”** Ngunit muling nabuhay ang abo at naging masamang espirito. **“Muli silang nabuhay! Ano? Paano nangyari iyon? Ano ba ang mga ito? Nahihirapan na ako at napapagod!”** Sumigaw ang mga bata, **“Pastor! May malaking problema! Muling nabuhay ang masasamang espirito! Malaking problema! Anong gagawin natin?”** Nagsalita ako ng pangpalakas ng loob. **“Anong ibig niyong sabihin na kung anong gagawin natin? Magsisimula muli tayong palayasin sila!”** Muli akong nakipaglaban sa masasamang espirito na nasa loob ni Sister Baek, Bong-nyo at ng aking asawa. Pakiramdam ko ay walang katapusan ang laban. **“Magtipon-tipon kayo at huwag kayong humarang sa**

daan kung saan lumalabas ang masasamang espirito. Huwag kayong lalayo sa akin at magdasal kayo.”

Sa tuwing lumalabas ang masasamang espirito sa katawan ng mga tao ay pumapasok sila sa katawan ng mahihina ang pananampalataya. Hindi dapat lumapit ang mga santo na mahina ang pananampalataya. Kailangan nilang magbantay at maging handa. Nang sunugin ko ang masasamang espirito ay naging maitim na usok sila. Nawala ang usok patungo sa impyerno. Nagdusa ang aking asawa sa loob ng apat na araw dahil sa epekto. Dumaing siya sa sakit. Ganoon din ang kondisyon ni Sister Baek, Bong-nyo. Gayon pa man, kapag magsisimula na ang pang-gabing serbisyo ay binibigyan sila ng Panginoon ng awa upang gumaling. Dahil sa awa ng Panginoon ay napayapa ang dalawa at nakapagsayaw sila sa Espirito Santo.

SUMAYAW ANG DIYOS

Lee, Haak-sung: Nang mapaalis na namin ang lahat ng masasamang espirito sa katawan ni Ginang Kang, Hyun-ja at ng aking ina, ay muli kaming umawit ng papuri. Pagkatapos ay sinimulan na namin ang aming indibidwal na pananalangin. May nakita akong pangitain. Nakita ko ang trono ng Diyos. Kami ni Joseph ay nakatingin sa trono ng Diyos ng sabay.

Ang Amang Diyos ay nakatayo sa Kanyang trono at inulit Niya ang aming sinayaw sa aming serbisyo. Dahil sa liwanag ay hindi namin nakita ang mukha ng Ama. Gayon pa man, ay nakita namin Siyang sumasayaw. Ibinuka ng Ama ang Kanyang malaking hintuturo at iginalaw-galaw iyon. Sumayaw Siya. At pagkatapos ay ibinuka naman Niya ang Kanyang kaliwang hintuturo at iginalaw iyon. Iniugoy ng Ama ang Kanyang mga binti at bumuhos ang ibat-ibang hugis at kulay ng bahaghari.

Lumapit si Moises sa trono ng Diyos at sinabi niya, **“Oh, hindi iyan ginagawa ng Amang Diyos. Bakit Siya sumasayaw?”** Kaagad na nagsalita ang Amang Diyos, **“Moises! Moises! Nalulugod ako sa pagsamba ng Simbahan ng Panginoon. Napakasaya ko! Bakit hindi ka rin sumayaw?”** Nang sabihin iyon ng Diyos ay sumayaw si Moises sa harap ng Diyos ng matagal. Winika ng Diyos, **“Masaya Ako ngayong araw!”** Nalugod at natuwa ang Diyos. Sa una ay naasiwang sumayaw si Moises, ngunit ilang sandali ay masaya na siyang sumasayaw. Ang akala ko ay tumatanggap lamang ang Amang Diyos ng aming serbisyo, pagsamba at mga panalangin. Gayon pa man, ay ipinahayag Niya ang Kanyang kaluguran at sumayaw Siya. Hindi kapani-paniwala ang tanawin.

Matapos kong masaksihan iyon, ay napansin ko na patuloy pa rin sa pagsayaw ng Amang Diyos sa tuwing kami ay sumasamba sa simbahan. Ipinapadyak rin Niya ang Kanyang paa ng may kagalakan. Dumagundong ang tunog ng padyak ng paa sa himpapawid at ang liwanag ng kasiyahan ay kumalat sa lahat ng direksyon. Sa tuwing nagagalak ang Diyos ay nagagalak rin ang 24 na matanda sa harap ng Diyos, ang mga santo sa langit, at mga anghel. Hinihihipan ng mga anghel ang mga trumpeta.

MARSO 6, 2005

“Pinuspos ako ni Yahweh ng Kanyang Espirito. Hinirang Niya ako upang ang magandang balita’y dalhin ssa mahihirap, pagalingin ang sugat ng puso, palayain ang mga bihag at bilanggo.” Isaias 61:1

ANG REKORDER AT KAMKORDER SA LANGIT

Kim, Joo-eun: Taimtim akong sumamba sa aming pag-sambang serbisyo. Sa gitna ng pagsamba ay nagkaroon ng liwanag. May nakita akong maraming anghel na bumababa. **“Wow! Pator! Sister, brother, maraming anghel ang bumababa!”** Sumigaw ako.

May dalang mga kagamitan ang mga anghel. Hawak nila ang maliliit na bagay at pasan naman nila sa kanilang balikat ang malalaking bagay. Iyon ay mga rekorder at kamkorder. Ang mga rekorder at kamkorder ay napapalamutian ng mga mamahaling bato at yari ang mga iyon sa ginto. Napakaganda ng mga iyon. Nang makita ko iyon ay ninais kong magkaroon ng ganoong kamera.

Inirerekord ng mga anghel ang bawat pangyayari sa aming simbahan. **“Wow! Paanong nangyayari ito? Hindi ko alam na kumukuha rin pala ng larawan ang langit at nagrerekord ng katulad ng ginagawa natin dito sa lupa.”** Namangha ako at naisip ko na kakaiba iyon. Wala pa akong nakitang ganito sa aking buhay. **“Kuya Joseph! Kuya Haak-ung! Ate Yoo-kyung! Tingnan niyo iyan! Wow! Kamangha-mangha!”**

Inirekord ng ibang anghel ang nakakatawang ekspresyon ng mukha ng pastor at ang kanyang mga galaw habang nagsesermon at sumasamba. Tila may mga tao mula sa broadcasting station na kumukuha ng eksena. Sinundan ni Hesus ang pastor at ginaya Niya ang mga nakakatawang ekspresyon ng mukha nito. Abala ang mga anghel sa pagkukuha ng ibat-ibang ekspresyon at pag-galaw ng kongregasyon.

Ang mga kamera, kamkorder at rekorder ay katulad ng mayroon tayo. Ang pagkakaiba lang ay gawa iyon sa ginto at napapalamutian ng ibat-ibang mamahaling bato mula sa langit. Hindi namin alam kung ano ang layunin ng pag-rekord ng mga pangyayari sa aming simbahan. Inirekord ng ibang anghel ang sermon ng pastor at isinulat nila ang mga sinabi niya habang nangangaral. Itinala nila at kinuha ng masigasig ang mga gawain sa aming simbahan.

Pagod na pagod na ang pator sa pakikipaglaban at pagpapaalis sa masasamang espirito nitong mga nakalipas na linggo. Hindi makatulog ang pastor. Dahil sa kapaguran ay hindi siya makakain maliban nalang sa pag-inom ng tubig. Ang kanyang mga labi ay paltos na. Sa huli ay natumba ang pastor sa sahig na malapit sa altar dahil sa kapaguran. Hindi siya nakatayo.

Tumayo si Hesus sa tabi ng pastor at iniabot Niya ang kanyang mga kamay upang hawakan ang likod ng pastor. Nang hawakan ng Panginoon ang kanyang likod ay may

liwanag na pumasok sa katawan ng pastor. May dalawang hanay ng liwanag na hugis bilog ang patuloy na pumasok sa katawan ng pastor.

Mula sa sandaling iyon, ang mahinang sermon ng pastor ay nagkaroon ng lakas at naging makapangyarihang serbisyo. Ang pastor ay nangaral sa loob ng apat na oras. Ang serbisyo ay naging isang pagdiriwang.

SUBUKIN ANG BANAL NA BIYAYA NG PROPESIYA

Winika ni Hesus, “Ipunin niyo ang mga myembro ng simbahan na may biyaya ng pag-propesiya at turuan mo sila. Trabaho ng pastor na turuan sila.” Sinabi Niya na maraming huwad na propesiya ngayon. Kaya naman ay kailangan natin maging maingat at maging armado ng Salita ng Diyos upang subukin ang mga propesiya. Sinabi pa Niya na hindi dapat maging mayabang ang mga taong may biyaya ng pagpropesiya at hindi sila dapat nagsasalita ng walang pag-iingat. Dapat silang manatiling mapagkumbaba. Hindi dapat nila ipinagsasabi at ipinagyayabang sa ibang tao na mayroon silang biyaya ng pagpropesiya.

At higit sa lahat ay kailangan nilang magdasal ng mas madalas at hindi dapat maging tamad sa pagbabasa ng Bibliya. Nilililang ng masasamang espirito ang mga tao upang makapagsalita ng maling propesiya. Kaya naman sa tuwing nagpropesiya sila ay kailangan nilang maging maingat. Tinanong ko ang Panginoon, “Hesus! Hesus! Paano po kung sumigaw ako sa Iyo ng, “Dyablo! Umalis ka?” Sumagot ang Panginoon, “Ayon lang iyon. Mas mahalaga na huwag kayong maloko. Dapat niyong subukin iyon ng Salita ng Diyos. Kahit Ako pa iyon. Naiintindihan mo ba?” Sumagot ako, “Opo, Panginoon!”

Kinausap ako ng Panginoon at sinabi Niya, “Joo-eun! Ngayong araw, ang iyong ina na si Kang, Hyun-ja ay muntik nang hindi makatakas sa masamang sitwasyon. Pumasok sa kanyang katawan ang pangatlo sa pinakamataas na ranggo ng masamang espirito at pati na rin ang kanyang mga alagad. Dahil doon ay sobrang sakit ang kanyang naranasan.

Kaya naman ay maging maingat ka ngayong araw. Ang mga taong nakatanggap ng biyaya ng propesiya ay makakaranas ng mas malaking pagsubok at tukso. Kapag ang isang tao ay nabuksan na para sa mga biyaya ay maraming malalakas na masamang espirito ang babalik at lulusob. Hindi ka dapat magpropesiya ng walang galang at impormal. Nauunawaan mo ba?” Determinado akong maging maingat.

HUWAG GAMITIN NG WALANG PITAGAN ANG ESPIRITUWAL NA KAPANGYARIHAN

GINANG KANG, HYUN-JA: Umuwi ako ng bahay pagkatapos ng serbisyo ngunit sinundan pa rin ako ng masasamang espirito. May 50 masamang espirito ang muling pumasok sa aking katawan. Dahil sa labis na sakit ay natumba ako at gumulong sa sahig. Sumigaw ako nang may pananalig ngunit tila may hangganan dahil hindi kaagad umalis ang masasamang espirito.

Sa sandaling iyon ay winika ni Hesus, “Kailangan mong paalisin sila ng iyong pananampalataya! Samakatuwid, ay mas lalalim ka sa espirtual at mas lalaki ang iyong pananampalataya.” Kinausap ko si Joo-eun, “Joo-eun! Ipagdasal mo ang iyong ina. Bilisan mo!” Nang ipatong ni Joo-eun ang kanyang kamay sa aking dibdib at nagdasal ay lumabas sa kanyang katawan ang Banal na Apoy at nasunog ang masasamang espirito. Naging tila bolang apoy ang aking katawan dahil sa Banal na Apoy. Dumaing si Joo-eun at sinabi niya, “Mama, mama! Hindi ko po kaya ang Banal na Apoy na lumalabas sa aking katawan! Masakit po ang aking kamay at espirtual na nanghihina po ako. Anong gagawin ko? Tawagin mo po si papa. Nagsusulat siya ngayon ng aklat.”

Kaagad na sumigaw ang Panginoon, “Hindi! Nagsusulat si Pastor Kim ng aklat dahil iniutos Ko. Dahil nasa pagsusulat ng aklat ang kanyang atensyon, ay hindi mo dapat ipagamit ang kanyang espirtual na lakas sa pagpapaalis ng masasamang espirito. Kung gagamitin niya ang kanyang espirtual na lakas sa pagpapalayas ng masasamang espirito ay hindi niya maisusulat ang aklat ng maayos. Joo-eun, kailangan mo nang alisin ang iyong mga kamay. Mapanganib rin para sa iyo kung espirtual kang manghihina. Santa Kang, Hyun-ja, kailangan mong ayosin iyan ng iyong sariling pananampalataya.”

Matapos mapaalis ang lahat ng masasamang espirito ay pumunta kami ni Joo-eun sa silid ng pastor kung saan abala siya sa pagsusulat ng aklat. Sa pamamagitan ng aming espirtual na paningin ay nakita namin na dumadaing ang pastor at ipinagtiim niya ang kanyang mga ngipin habang nagsusulat siya ng aklat. Ang kanang kamay at likod ng pastor ay gula-gulanit dahil sa pag-atake ng masasamang espirito. May ilang mga linya na hugis kalmot. Habang nagsusulat ang pastor ay napaluha siya dahil sa sakit. Dinamayan ni Hesus ang pastor at hinaplos Niya ang likod nito. Nakatayo si Hesus at ang Espirito Santo sa kanyang tabi na nagprotektta sa kanya. Siya ang kanyang pananggalang at hindi na magawang lumusob sa kanya ang masasamang espirito.

Nang mapanood namin ang pangyayaring iyon ay nanahimik na kami habang nagsusulat ang pastor ng aklat. Nag-tingkayad ang aming pamilya sa paglalakad sa bahay. Tahimik rin kaming humihinga. Upang matulungan siyang makapag-pokus, ay maingat at tahimik kami sa lahat ng aming ginagawa sa bahay. At saka, inutusan kami ng Panginoon na maging maingat sa lahat ng aming ginagawa ngayon. Sinusubukan naming huwag istorbohin ang pastor at ninenerbyos kami kapag nagpapahinga, kumakain at natutulog.

PAGSISISI

Dyakonesa Shin, Sung-Kyung: Nang magsimula na akong manalangin ay may maliwanag na kumislap. Kaagad akong nagsisi. Kadalasan ay hindi ako madaling lumuha ngunit ngayon ay umaagos ang aking luha. Batugan at tamad ako. Nagsisi ako sa lahat ng bagay. Ngayon, ay nakapokus ang aking panalangin. Makalipas ang ilang sandali ay bumilis ang aking panalangin. May maliwanag at asul na bagay ang kumislap

at dumaan malapit sa akin. Naramdaman ko na lumilipad sa himpapawid ang aking panalangin patungo sa walang hanggang kalawakan.

MARSO 9, 2005

“Ako ay humimlay, agad nakatulog, ligtas na nagising ang Iyong kinupkop; libo mang kaaway wala akong takot, humanay man sila, sa aking palibot.” Awit 3:5-6

ELEKTRIKANG KAPANGYARIHAN NG ESPIRITO SANTO

Kim, Joo-eun: Nagsalita si Hesus sa aming panggabing serbisyo. “Pagkakalooban ko kayo ng espesyal na kapangyarihan ngayong araw. Kaya naman ay naisin ninyo na matanggap iyon ng may pananampalataya!” Tinanong ko Siya, “Ano po ang ipagkakaloob Niyo?” Sumagot ang Panginoon, “Ang elektrikang kapangyarihan ng Espirito Santo.”

Lumingon ako at sinabi ko sa pastor, “Sinabi po ni Hesus na pagkakalooban Niya tayo ng Banal na Elektrisidad. Ipagkakaloob po sa iyo ng Panginoon ang mas higit na kapangyarihan. Kami ay makakatanggap lang ng kaonti.” Sumagot ang pastor, “Ang salitang elektrisidad o elektrikang kapangyarihan ng Espirito Santo ay wala sa Bibliya.” Bago pa man matapos ng pastor ang kanyang sagot ay sumabat na ang Panginoon at sinabi Niya, “Maraming kapangyarihan ang hindi nakatala sa Bibliya. At mayroon pang ibang kapangyarihan.”

Inutusan ng Panginoon ang mga myembro ng simbahan na pumunta sa unahan at ibukas at iunat ang mga kamay. Pumunta ang kongregasyon sa unahan sa harap ng altar. Nagpormang bilog kami sa ilalim ng krus na nakasabit sa altar. Nagdasal kami sa ibat-ibang wika at nagnais sa biyaya. Sa pamamagitan ng aking espirtual na paningin ay nakita ko ang pagdating ng elektrisidad ng Espirito Santo. Dumaloy iyon sa pastor at kaagad akong sumigaw ng, “Wow! Kahanga-hanga!”

Ibat-ibang anyo ng elektrisidad ng Espirito Santo ang bumaba mula sa itaas. Ang isang anyo ay dumating na parang kidlat. Ang ibang anyo naman ay hugis bilog. Kumislap iyon at gumulat sa amin ng pastor. May naalala akong isang Sci Fi na pelikula nang magitla kami sa elektrisidad. May ibat-ibang kulay ng liwanag ang elektrisidad at kabilang na doon ay kulay ginto. At may iba pang anyo ng elektrisidad ang dumating.

Sumigaw kami sa iisang tinig. Patuloy kaming binigyan ni Hesus at ng Espirito Santo ng elektrisidad. Walang sinoman sa amin ang tumanggi sa elektrisidad. Tinanggap naming lahat iyon. Sinabihan kami ni Hesus na huwag lumapit sa pastor habang tinatanggap niya ang elektrisidad ng Espirito Santo. Ipinaliwanag ng Panginoon na napakalakas ng elektrisidad ng Espirito Santo at kapag nahawakan namin iyon ay mawawalan kami ng malay o hindi makakagalaw. Mapanganib iyon. Tumatanggap ang pastor ng elektrisidad na puno ng kapangyarihan dahil siya ay tagapaglingkod ng Diyos.

Kapag ang aming pananampalataya ay lumalim at lumago at mas naging malakas, ay makatatanggap kami ng mas maraming elektrikang kapangyarihan. Sinabi ng Panginoon na darating araw na gagamitin ang mga santo ng Simbahan ng Panginoon (Lord's Church) ng pandaigdigang. Tinanong ko ang Panginoon, "Hesus, may ibat-iba po bang grado ang elektrisidad ng Espirito Santo?" Sumagot ang Panginoon, "Oo, dahil nais mong malaman ay bakit hindi mo subukan? Ngunit huwag mong ipapatong ang iyong kamay kay Pastor Kim. Ipatong mo ang iyong kamay sa iyong ina na si Kang, Hyun-ja. Ngunit hawakan mo lang siya ng marahan."

Maingat kong dinampian ang dulo ng daliri ng aking ina. Naramdaman kong namanhid ang aking kamay at pumaitaas sa aking braso. Nakaramdam ako ng labis na sakit. Ang pamamanhid at sakit ay kumalat sa aking buong katawan. "Ahhhh!" Sumigaw ako ngunit hindi nawala ang sakit. "Hesus! Hesus! Iligtas Mo ako! Tulungan Mo ako!" Habang sumisigaw ako ay winika ng Panginoon, "Joo-eun huwag kang maging sakim! Mahina at bata ka pa at kailangan mo pang lumaki at lumago." Nang hawakan ng Panginoon ang aking kamay at braso ay dahan-dahang nawala ang pamamanhid.

Doon ko nalaman ang elektrikong kapangyarihan ng Espirito Santo. Ang elektrisidad ng Espirito Santo mula sa aking ina ay napakalakas. Ngunit, ang elektrisidad na nasa pastor ay mas higit na malakas. Mapaglaro kaming hinawakan ng pastor at lahat kami ay namanhid. Nagpasya kaming maging maingat kapag lumalapit sa amin ang pastor. Kapag nagdadasal kami ay sinisiguro namin na hindi kami malapit sa pastor.

Pastor Kim, Yong-doo: Sa tuwing pinagkakalooban kami ng Panginoon ng bagong uri ng kapangyarihan, ay pinalalalim Niya kami sa aming panalangin. At saka, sa tuwing nagdadasal kami ng malalim sa espiritu ay nakararanas kami ng espesyal na rebelasyon. Ang gabing ito ay espesyal. Pinagkalooban kami ng Espirito Santo ng apoy at elektrisidad sa gitna ng serbisyo. Lahat ng myembro ng simbahan ay pumunta sa harap ng altar upang matanggap ang bagong armas, ang elektrisidad na kapangyarihan ng Espirito Santo.

Dalawang oras naming tinanggap ang elektrikong kapangyarihan ng Espirito Santo. Ang taong katulad ko na hindi karapat-dapat ay nakatanggap at nabautismuhan ng pinakamalakas na elektrisidad na kapangyarihan ng Espirito Santo. Mabilis ang pagtibok ng aking puso. Marahil ay dulot iyon ng kuryente na dumaloy sa aking katawan. Dumaloy ang elektrisidad sa loob ng aking mga laman-loob. Patuloy akong binawtismuhan ng Panginoon at ng Espirito Santo ng elektrikong kapangyarihan hanggang sa punto na kaya kong taglayin. Bago mangyari ito, ay nakipaglaban kami sa masasamang espiritu ng walang makapangyarihang armas. Ngayon ay pinagkalooban kami ng Panginoon ng sandata na magagamit namin sa espirtual na pakikipaglaban. Ang Naglalagablab na Banal na Apoy at Banal na Elektrisidad ay makapangyarihan at magagamit bilang sandata. Ngayon ay magagamit na namin ang mga ito sa pakikipaglaban sa masasamang espiritu.

Nababalutan ang aming mga katawan ng nakalalasang tinik na nababalutan ng Banal na lason. Ang matutulis na tinik ay nakatusok sa aming katawan. Kaagad na nasusunog

at nagiging abo ang mga demonyo kapag dumampi sila sa tinik. Makapangyarihan ang lason. Iniwasan kami ng masasamang espirito. Ngunit sinubukan ng ibang masasamang espirito na lampasan ang nakalalasang tinik. Malalakas at madami sila. Nalaman ko na hindi basta sumusugod ang masasamang espirito ng walang plano. May organisasyon sila at katayuan. Nalaman ko rin na mayroon silang herarkiya.

“Sa wakas, magpakatibay kayo sa pamamagitan ng inyong pakikipag-isa sa Panginoon at sa tulong ng dakilang kapangyarihan Niya. 11 Isuot ninyo ang baluting kaloob ng Diyos, upang mapaglabanan ninyo ang mga lalang ng diyablo. 12 Sapagkat ang kalaban nati’y hindi mga tao, kundi mga pinuno, mga may kapangyarihan, at mga tagapamahala ng kadilimang namamayani sa sanlibutang ito- ang mga hukbong espirtual ng kasamaan sa himpapawid. 13 Kaya’t isuot ninyo ang baluting mula sa Diyos. Sa gayon, makatatagal kayo sa pakikipaglaban pagdating ng masamangaraw na iyon, at pagkatapos ng inyong pakikipaglaban ay matatag pa rin kayong nakatayo.” Efeso 6:10-13

Nagdasal kami ng indibidwal at sabay-sabay. Natanggap namin ang Banal na Apoy at Banal na Elektrisidad sa pangalawang pagkakataon. Sa pagkakataong ito, ay mas makapangyarihan at mas malakas ang Banal na Apoy at Banal na Elektrisidad. Napakalakas ng kapangyarihan at hindi kami makagalaw. Kapag itinaas namin ang aming mga kamay at tumawag sa Pangalan ng Panginoon, ay may dumarating na apoy at kuryente sa aming katawan. Nanginginig ang aming mga katawan dahil sa kapangyarihan.

Sa tuwing natatanggap namin ang apoy at elektrisidad ay bumibigat ang tunog ng aming paghinga at nagiging tila bolang apoy kami. Lumakas ang aming loob laban sa pwera ng kasamaan. Mas naging makapangyarihan kami.

MARSO 10, 2005

“Mga kapatid, hindi ko ipinalalagay na natupad ko na ang mga bagay na ito. Ang ginagawa ko ngayo’y nililimot ang nakaraan at sinisikap na makamtan ang nasa hinaharap. 14 Nagpapatuloy nga ako tungo sa hangganan upang kamtan ang gantimpala ng pagkatawag sa akin ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo Hesus, ang buhay na hahantong sa langit.” Filipos 3:13-14

Oh, Pastor Kim, Young Gun

Pastor Kim, Yong-doo: Ang Sung Min General Hospital ay malapit lang sa aming bahay. Si Pastor Kim, Young Gun ay nag-ebanghelyo at naglingkod sa ospital na ito. Naging pasyente na rin ako noon sa ospital na iyon. Noong ako ay pasyente ay nagkakilala kami ng pastor. Minsan ay niyaya ko siyang dumalo sa aming simbahan upang magbigay ng sermon o bilang panauhing tagapagsalita.

Minsan ay may naisalaysay na kwento sa akin si Pastor Kim, Young Gun. Siya ay nasa edad na 60’s. Palagi siyang nag-eebanghelyo sa mga ospital. Kilala rin siya sa pag-

eebanghelyo sa mga lansangan. Isang araw, ay nagkasakit siya at namaga ang kanyang atay. Napuno ng tubig ang kanyang tiyan at atay. At saka, may jaundice din siya, kung saan may paninilaw ng katawan. Pumasok siya sa ospital habang siya ay nag-eebanghelyo.

Si Pastor Kim, Young Gun ay minsang ipinadala sa Pilipinas bilang isang misyonaryo ng kanyang simbahan. Habang siya ay nasa kanyang misyon sa Pilipinas ay pinagod niyang masyado ang kanyang sarili at nagtrabaho ng labis sa kanyang makakaya. Natensyon ang pastor sa paghihigpit na ibinigay ng kanyang simbahan. Nagnanais sila ng resulta at palagi silang tumatawag sa kanya. “Ilang tao na ang iyong na-eebanghelyo? Ilan na ang sumali?” Gumamit sila ng ibat-ibang taktika upang pilitin siya. Natalo siya ng tension at nagkasakit siya. Namatay siya habang ginagamot sa Korea.

MGA HIMNO NA DAPAT AWITIN SA LIBING

Ipinaliwanag ni Pastor Kim, Young Gun ang kanyang karanasan nang ang kanyang espirito/kaluluwa ay umalis sa kanyang katawan. Sinabi niya na sa kanyang huling hininga ay humiwalay ang kanyang espirito/kaluluwa sa kanyang pisikal na katawan. Ang totoo niyan, ang kanyang espirito/kaluluwa ay kahawig ng kanyang pisikal na katawan. Nakita ni Pastor Kim, Young Gun ang doktor na gumagamit ng defibrillator sa kanyang katawan. Sinubukan ng mga doktor na buhayin siyang muli sa pamamagitan ng defibrillator. Dahil walang resulta ay pinagtibay ng doktor ang oras ng kanyang kamatayan at binalutan ang kanyang katawan ng puting kumot.

Nahuli ng pagdating ang pamilya ng pastor at nalaman nila na kamamatay lang ng pastor pagdating nila ng ospital. Sa araw ng libing, ay umawit ng mga himno ang mga taong dumalo. Ang himno na inawit nila ay mabagal at ang mabagal na ritmo ang nagpalungkot sa araw. Isa iyong malungkot na pagmartsa patungo sa libingan. Sinabi ng pastor na kapag ang mga tao ay umaawit ng mabagal na mga awitin ay nanghihina ang kanyang kaluluwa. Kahit nais niyang lumipad ng mabilis patungo sa langit ay hindi niya magawa. Kailangang umawit ang mga tao ng mabilis at makapangyarihang awitin. Sinabi niya na walang lakas ang kaluluwa niya kaya nag-alala siya. Mabuti nalang at may nagrekomenda na awitin ang himno 388 at sila ay umawit sa mabilis na ritmo. Nang umawit ng mabilis ang mga tao ay lumipad ng mabilis ang kanyang kaluluwa at nakarating sa tarangkahan ng langit. Sinabi ng pastor na ang tarangkahan ng langit ay mayroong 12 na haligi na yari sa perlas at isang kamangha-manghang tanawin iyon. Ang unang impresyon ng pastor ay, “Talagang kahanga-hanga!”

Nang subukan ni Pastor Kim, Young Gun na pumasok sa pinto ng langit ay tiningnan siya ng mahigpit ng dalawang anghel na nakabantay. Natakot ang pastor. May malaking espada sa kanilang tagiliran ang dalawang anghel. Napakataas nila at hindi niya sila makita ng mabuti sa isang sulyap lang.

Tinanong ng mga anghel ang pastor, “Sino ka para maglakad malapit sa tarangkahan? Sino ka? Ano ang iyong titulo at ano ang ginawa mo sa mundo?” Sumagot ang pastor, “Kakamatay ko palang dahil sa sakit, namaga ang aking atay.

Isa akong pastor at naglingkod ako bilang isang misyonaryo.” Humingi ang mga anghel ng tiket. “Kung gayon, ipakita mo sa amin ang iyong tiket upang makapasok ka sa langit. Ngayon din!” Nagulat ako. “Ano? Kailangan ng tiket upang makapasok sa langit? Wala pa akong naririnig na ganyan. Wala akong tiket.” Kaagad na sumagot ang isa sa mga anghel, “Ano? Anong sinasabi mo? Sino ka upang maglakad sa tarangkahan ng walang tiket?” Habang sinasaway ako ng anghel, ay sinipa naman ako na parang bola ng isang anghel. Ang akala ng pastor ay malayo na ang pagkakasipa sa kanya. Muli siyang sinipa ng anghel sa pangalawang pagkakataon at mas malayo iyon.

Sinipa ang pastor patungong impyerno at siya ay nasa gilid ng bangin. Nakita ng pastor ang miserableng tanawin sa impyerno. Habang nakabitin ang pastor sa gilid ng bangin ay nagmakaawa siya at humingi ng tulong. Nagsalita ang anghel at tinuro niya, “Tingnan mo ang mga kaluluwang iyon! Tingnan mong mabuti ang mga kaluluwang napadpad sa impyerno. Lahat ng mga kaluluwang iyon ay dumalo sa simbahan at namuhay ng may pananalig ngunit dahil sa maling turo ng kanilang mga pastor ay napunta sila sa impyerno! Ipinapakita ko sa iyo ang tanawing ito dahil isa ka ring pastor na nanguna sa ministryo. Hindi ka mapapatawad dahil nakagawa ka ng ganoong kalabisan. Hindi nila pinaging-banal ang araw ng Linggo at hindi nila pinanatili ng tama ang kanilang pananampalataya. Tinuya nila ang Diyos at naniwala sila sa kung ano ang gusto nilang paniwalaan at ibinase nila ang kanilang pananampalataya sa kung ano ang nasa kanilang isipan.”

Sa sandaling itatapon na si Pastor Kim sa impyerno, ay may dalawang kaluluwa ang dumating at kaagad siyang hinila. Hindi nagtagal ay nalaman ng pastor na ang dalawang kaluluwang iyon ay ang kanyang mga kamag-anak na nananalangin. Dahil sa kanilang taimtim na panalangin ay pinagkalooban ng Panginoon ang pastor ng karagadagang pitong taon upang mabuhay. Nakatanggap ang pastor ng espesyal na biyaya. Binigyan siya ng isa pang pagkakataon at nakatakas siya sa impyerno.

Bumalik ang pastor sa lupa at bumalik sa kanyang katawan. Nang makabalik siya ay umaawit pa rin ng himno ang kanyang mga kamag-anak. Ang kanta na kanilang inaawit ay mabagal na naman at malungkot. Iyon ay awit ng pagpapaalam na tila may magkabiyaq o magkaibigan ang maghihiwalay na. Nalungkot ang pastor sa mga awit na kinakanta. Kapag ang isang mananampalataya ay patungo na sa langit, ang mga taong dumadalo sa libing ay dapat nagdiriwang sa mabilis, masaya at mapagtagumpay na mga himno. Kailangang maitanim ito sa ating mga puso.

Nakaranas siya ng hindi pangkaraniwang pangyayari. Dahil sa kapangyarihan ng Diyos ay muling nabuhay ang pastor. Ngayon ay ang ika-pitong taon at dahil sa kapaguran at sakit ay nabinat siya. Namaga ang kanyang atay at ipinasok siya sa Intensie Care Unit ng ospital. Sinabi ni Pastor Kim, Young Gun, “Pastor Kim, Yong-doo, ipinagmamalaki ko ang aking sarili. Hanggang ngayon ay akala ko ay nakapag-ebanghelyo ako ng mabuti sa aking buong buhay. Nito lang ay napagtanto ko na ginawa ko ang lahat ng iyon sa pamamagitan ng aking lakas at pagsisikap sa halip na sa pag-gabay at tulong ng Espirito Santo. Pakiusap Pastor Kim, Yong-doo, kailangan mong hanapin ang tulong ng Espirito Santo sa lahat ng bagay. Nais kong pangunahan mo ang iyong

ministeryo sa tulong at lakas ng Espirito Santo.” Hiniling ni Pastor Kim, Young Gun na umawit ako ng mga himno na makapangyarihan at nakakapagpalakas. Si Joo-eun, si sister Baek, Bong-nyo, ang aking asawa at ako ay pumalibot kay Pastor Kim, Young Gun. Kasama rin namin ang Panginoong Hesus. Nanood si Hesus, ang Espirito Santo at mga anghel at naghanda sila upang isama ang pastor sa langit.

Ngayong araw ay Huwebes at inihayag ng Panginoon na isasama Niya si Pastor Kim, Young Gun sa langit. Nang sumulyap si Joo-eun at si Sister Baek, Bong-nyo sa langit ay nakita nila na tapos nang gawin ang tahanan ng pastor. Ang huli nalang na kailangan ay ang pagdating ng pastor sa langit. Naghihintay na ang kanyang tahanan. Natuwa sina Pastor Kim, Young Gun at ang kanyang asawa nang marinig ang balitang iyon.

KAPAG MAMAMATAY NA AKO, AY NAIS KONG MAMAMATAY NA NANGANGARAL SA ENTABLADO

Maraming mga pastor, kabilang na ako, ang may kahilingan sa isang isyu. Nais kong malaman kung ano ang kasagutan ng Panginoon at kung ano ang nasa Kanyang isipan sa isyung ito. **“Minamahal kong Hesus! Maraming pastor sa Korea at marami sa kanila ang puno ng biyaya. Palagi nilang sinasabi na kapag mamamatay na sila ay nais nila na mag-sermon sa altar sa kanilang huling sandali. Ninanais ko rin po iyon. Ngayon po, si Pastor Kim, Young Gun ay nagkasakit at namaga ang kanyang atay dahil sa labis na pagod at pagsisikap. Hindi niya po inalagaan ang kanyang pisikal na katawan. Ano po ang nasa Inyong isipan patungkol doon Panginoon?”**

Nagpaliwanag ang Panginoon at ginamit Niya si Pastor Kim, Young Gun bilang halimbawa. **“Nakakapanghinayang! Isang kahangalan na mag-isip at kumilos sa ganoong paraan. Si Pastor Kim, Young Gun ay isang tagapaglingkod na Aking itinatangi. Ngunit para sa kapakanan ng ebanghelyo ay dumaan siya sa apoy at tubig at hindi niya inalagaan ang kanyang kalusugan. Kaya naman ay nagkasakit siya. Ang Amang Diyos, ang Espirito Santo at Ako ay nagkakaisa sa opinyong ito. Sa inyong akala ay isa iyong biyaya. Tila isang pagiging matapat ang matumba dahil sa kapaguran habang nangangaral o ang mamatay habang nag-eebanghelyo. Gayon pa man ay hindi iyan mahalaga! Ang pagiging matapat ng buong lakas ay mahalaga ngunit hindi sa pagsasakripisyo ng inyong katawan. Kailangan niyong pangalagaan ang inyong mga katawan upang magpatuloy kayo at makapaglingkod sa akin sa mahabang panahon. Ang inyong katawan ay ibinigay sa inyo ng Amang Diyos. May panahon upang magpahinga at kailangan ay sapat.**

Hindi matalinong desisyon ang gawin ang Aking gawain nang may kasigasigan lamang. Kailangan ring gawin iyon ng may karunungan. Si Pastor Kim, Young Gun ay nasa maagang edad na 60 palang at maaari pa sana niyang ipagpatuloy ang Aking gawain ng mahabang panahon. Hindi niya napagtanto kung gaano Ko siya pinapahalagahan. Ngunit huli na ang lahat.”

Sa tingin ko ay mas maganda kung papagalingin siya ni Hesus. Ngunit nakapagpasya na ang Panginoon na isama siya sa langit. Nilinaw ng Panginoon na mahalaga na gawin

natin ang Kanyang gawain ng tapat at ng ating buong pagkatao. Ngunit ang pangangalaga sa ating mga katawan ay mahalaga rin. Iniisip ng karamihan na isang katapatan na dumaan sa apoy at tubig para sa Panginoon ngunit hindi lang iyon ang mahalaga.

Sinabi ng Panginoon, “Ang pisikal na katawan ni Pastor Kim, Young Gun ay nagkasakit at pagod na. Panahon na niya upang magpahinga.” Tumingin sa akin ang Panginoon at sinabi Niya, “Pastor Kim, Yong-doo, makinig kang mabuti. Nauunawaan mo ba? Upang makapaglingkod ng mahabang panahon ay kailangan mong pangalagaan ang iyong kalusugan.” Sumagot ako, “Amen.”

Nagkaroon ng pangitain si Joo-eun ng trono ng Diyos. Sinabi rin ng Amang Diyos, “Minamahal kong tagapaglingkod! Bakit mo labis na pinapagod ang iyong sarili upang makatayo sa entablado?” Kinahabagan siya ng Ama. Inutusan Niya ang mga anghel. “Maghanda kayo upang salubungin si Pastor Kim, Young Gun.” Habang nakahiga si Pastor Kim, Young Gun ay hinaplos siya ng Panginoon at sinabi Niya, “Hindi magtatagal ay makapapasok ka na sa langit. Ang lahat ng mga kaluluwa at anghel sa langit ay naghahanda upang salubungin ka. Kahit mahirap ay inaasahan Ko na titiisin mo.”

Lumiwanag ang mukha ni Pastor Kim, Young Gun habang nakikinig. Ang anghel na tagapagbantay ni Pastor Kim, Young Gun ay may tatlong pares ng pakpak. May tahanan siyang naghihintay sa langit. Kasing taas ng himpapawid sa langit ang tahanan. Sa loob ng tahanan ay abala ang mga anghel sa paghahanda para sa kanyang pagdating. Nais malaman ni Joo-eun kung kailan pupunta sa langit si Pastor Kim, Young Gun kaya tinanong niya si Hesus. Sinabi ng Panginoon na dadalhin niya sa langit ang pastor pagkalipas ng dalawang araw.

Maingat kong ipinaliwanag ang ibang mga rebelasyon na nangyayari sa aming simbahan. Nagulat ang pastor. “Ano? Noong bumisita ako upang magsalita sa inyong simbahan ay walang ganoong karanasan o rebelasyon ang nangyari. Ngayon ay nakararanas ang inyong simbahan ng mga espesyal na rebelasyon.” Sinagot ko siya at sinabi ko na iyon ay dahil sa awa ng Diyos. Tinanong ko si Pastor Kim, Young Gun, “Pastor Kim, bago mo lisanin ang daigdig ay nais kong magkaroon tayo ng Banal na Komunyong sa huling pagkakataon.” Masaya namang tinanggap iyon ng pastor. Nagsalita ang Panginoon sa pamamagitan ni Joo-eun, “Hindi magtatagal ay makapapasok ka na sa langit. Magdiwang tayo.” Sumunod ako at sumagot ng, “Amen.”

MARSO 12, 2005

“Ang dalawa ay mabuti kaysa isa; mas marami ang bunga ng anumang gagawin nila. 10 Kapag nabuwal ang isa, maitatayo siya ng kanyang kasama. Kawawa ang nag-iisa pagkat walang tutulong sa kanya kapag siya ay nabuwal. 11 Kung malamig ang panahon maaari silang magtabi sa higaan upang parehong mainitan. Ngunit saan siya kukuha ng init kung mag-isa siya? 12 Kung ang nag-iisa’y

maaaring magtagumpay laban sa isa, lalo na ang dalawa. Ang lubid na may tatlong pilipit ay hindi agad malalagot.” Mangangaral 4:9-12

SI PASTOR KIM, YOUNG GUN SA LANGIT

Pastor Kim, Yong-doo: Ipinag-alam sa akin ng Sung Min Hospital na namatay na si Pastor Kim, Young Gun. Malakas ang ulan buong araw. Kinahapunan ay madilim ang langit ay nababalutan ng maiitim na ulap. Kumikidlat at kumukulog sa himpapawid. Kinausap ng Diyos si Joo-eun sa tinig na naririnig, “Nalulungkot ang Aking puso dahil tapos na ang buhay ng aking tagapaglingkod na minamahal at pinahahalagahan. Huwag kayong matakot na itala ito. Dapat niyong itala ang pangyayaring ito sa aklat. Ang ulan ang kumakatawan sa aking mga luha. Nais kong malaman ng lahat ito.”

Si Hesus na nakatayo sa aking tabi ay marahang nagsalita, “Maraming mga santo at pastor ang hindi nagagamit dahil tamad sila at sinusunod ang sarili nilang kagustuhan. At may iba naman na pisikal na pinapagod ang kanilang mga sarili kaya sila nagkakasakit. Isa rin itong suliranin! At saka, ang labis na paghanga sa sariling katawan ay malaki ring kasalanan.”

Ipinaliwanag ng Panginoon na ang mga santo ay nasisiyahan sa mga nakalilibang na isports at aktibidad. “Labis ang kanilang paglilibang. Ang mga aktibidad na iyon ay mas mahalaga na sa kanila kaysa sa Akin. Labis akong nalulungkot.”

Ang totoo niyan ay isinasangkot natin ang ating mga sarili sa ibat-ibang trabaho o paglilibang at nagdadahilan na masyado tayong abala at walang oras para sa Diyos. Madalas ay nakakalimutan natin ang Panginoon. Sa halip na umasa tayo sa Kaharian ng Diyos ay umaasa tayo sa ating pisikal na mundo. Kaya naman ay hindi natin naririnig ang tinig ng Diyos. Paunti-unti ay nagbabago tayo at namumuhay tayo na walang kaugnayan sa Panginoon.

Ngayon, ang mga myembro ng Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) ay namumuhay na iba sa dati nilang pamumuhay. Espiritual na nabago an gaming pananampalataya. Dahil alam na namin ngayon ang kalooban ng Panginoon, ang mga myembro ng simbahan, ang aking pamilya, at ako ay hindi maaaring mabuhay ng kampante at tamad para sa Panginoon. Ngayon ay palagi na naming inuuna ang Panginoon at ang Kanyang gawain.

HARING AHAS NA NASA ANYONG SPRING

Sister, Baek, Bong-nyo: Habang taimtim akong nananalangin ay may ipinakita sa akin ang Panginoon. Sa pangitain ay nakita ko ang maraming maliliit na ahas na bumabalot sa daigdig. Natakot ako at pakiramdam ko ay masusuka ako dahil sa anyo ng mga ahas. Nakapulupot ang katawan ng maliliit na ahas at bumuo sila ng linya. Walang hanggan ang hilera. Sa malayo, ang linya ng maliliit na ahas ay tila isang malaking ahas. Ang linya ay nakakonekta sa impyerno. Nang sulyapan ko ang mga maliliit na ahas, lahat sila ay bumuo ng parang spring.

Habang nakapulupot ang mga ahas sa daigdig, ay may maliliit na insekto na tila mga uod ang lumabas mula sa mga katawan ng mga ahas. Dumikit ang mga insekto sa mga tao at hinila nila ang mga tao patungong impyerno sa pamamagitan ng daan sa linya. Ang mga uod ay may daan-daang mga paa na nakadikit sa katawan ng mga tao at hindi sila natatanggal. Ipinaliwanag ng Panginoon ang katangian ng mga taong iyon. Iyon ay ang mga kaluluwa na hindi naniwala kay Hesus. Binigyan ng Panginoon ang mga taong ito ng maraming pagkakataon upang maniwala sa Kanya ngunit hindi sila naniwala.

NAKITA KO SI PASTOR KIM, YOUNG GUN SA LANGIT

Lee, Haak-sung: Nang ipaalam ng ospital sa amin na namatay na ang pastor, ay naisip ko, **“Ngayong gabi ay nais kong makita si Pastor Kim, Young Gun sa langit!”** Nagsimula kaming magdasal ng matapos ang sermon ng pastor. Nang magdasal na ako ay pumasok ako sa langit kasama ang Panginoon. Nasasabik akong makita si Pastor Kim, Young Gun. Hiniling ko sa Panginoon, **“Hesus! Hayaan niyo pong makita ko si Pastor Kim, Young Gun. Namatay po siya ngayong araw at namimis ko na po siya.”** Sumagot si Hesus, **“Kadarating lang niya at abala siya sa pagmamasid sa lahat ng lugar sa langit.”** Iniyuko ko ang aking ulo at sinabi, **“Panginoon, maaari Mo po ba akong dalhin sa kanya?”** Sumagot ang Panginoon, **“Oo. Sige.”**

Itinuro ng Panginoon ang isang hardin ng mga bulaklak. **“Tumingin ka roon.”** Tumingin ako sa dakong hardin at nakita ko si Pastor Kim, Young Gun na tumatakbo na parang maliit na bata. Tumakbo ako patungo sa pastor at sumigaw. **“Pastor! Pastor! Pastor Kim, Young Gun. Ako po ito, si Haak-sung.”**

Ngunit sumagot ang pastor, **“Sino? Sa tingin ko ay hindi kita kilala.”** Sumagot ako, **“Dumadalo po ako sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) at ang pangalan ko po ay Lee, Haak-sung. Nagkita po tayo ng isang beses noong kayo ay nasa ospital. Si Pastor Kim, Yong-doo po ang aking pastor.”** Nakilala na niya ako at sinabi niya, **“Oo, oo. Tama! Ang Simbahan ng Panginoon ay kilalang kilala sa langit. Hindi ko alam kung gaano katanyag ang Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) noong ako ay nasa lupa, ngunit nang dumating ako rito ay nalaman ko. Isa iyong kahanga-hangang simbahan. Ikumusta mo ako kay Pastor Kim, Yong-doo. Sabihin mo sa kanya na nais kong magkita kami sa hinaharap. Umaasa ako na mabubuksan na ang kanyang espirtual na paningin sa lalong madaling panahon.”** Masaya si Pastor Kim, Young Gun na tila isang bata. Tumatakbo-takbo siya roon at abala sa pagmamasid.

SISTER BAEK, BONG-NYO: Matapos kong masaksihan ang nakakatakot na tanawin sa impyerno ay pumunta naman ako sa langit. Nakita ko si Pastor Kim, Young Gun. Kakamatay lang niya ngayong araw ngunit ngayon ay mukha siyang napakagwapong binata.

Nang makita ako ng pastor ay pumalampak siya at sinabi, **“Binabati kita Sister Baek, Bong-nyo. Maraming beses kong narinig ang tungkol sayo at tungkol sa inyong simbahan. Napakasaya ko at hindi ko alam ang aking gagawin. Nang mamatay ako**

ay umawit ka ng masasayang himno kaya nagpapasalamat ako. Maging masigasig ka sa iyong pananampalataya sa Simbahan ng Panginoon. Ah, at saka nakalimutan kong irekomenda si Pastor Kim, Yong-doo sa aking nakatatandang pastor bilang aking kapalit. Pinanghihinayangan ko na nakalimutan ko ang aking mga huling kahilingan noong ako ay nasa ospital. Nang dumating ako dito sa langit ay napanood ko ang Simbahan ng Panginoon sa dambuhalang tabing, at nalaman ko na tanyag ang Simbahan ng Panginoon.”

Nagpaalam kami sa isat-isa ng pastor at bumalik ako sa simbahan. Nagsimula ako sa pagdadasal. Sinabi ko kay pastor Kim ang pakikipagkita ko kay Pastor Kim, Young Gun sa langit.

MARSO 13, 2005

“Sapagkat katapan ang nais Ko at hindi hain, at pagkakilala sa Diyos sa halip ng handog na susunugin. 7 Ngunit sinira ninyo agad ang ating kasunduan, nagtaksil kayo sa Aking pag-ibig.” Oseas 6:6-7

PATUNGKOL SA KARNE NG ASO

Pastor Kim, Yong-doo: “Hesus! Maraming tao sa Korea ang kumakain ng sopas na may karne ng aso. Maraming beses na rin po akong kumain ng karne ng aso. Ang sabi ng iba, kapag kumain ka ng karne ng aso ay espirtual kang manlalabo at malalasing. Panginoon, ano po ang kasagutan Mo dito?”

Panandaliang nanahimik ang Panginoon. At pagkatapos ay sinabi ni Hesus, “Hindi niyo maaaring kainin ang lahat kahit ang pagkaing iyon ay maganda para sa inyong katawan. Ang karne ng aso ay hindi makabubuti sa espirtual. Kaya naman ay subukan ninyong huwag ng kumain ng karne ng aso. Ang mga aso ay mga hayop na gumagawa ng mga mahalay at maruruming bagay. Espirtual kayong manghihina kapag kumain kayo noon.”

PAGPAPANATILING BANAL NG LINGGO, HUWAG GAGASTOS NG PERA TUWING LINGGO

Nagpasya akong tanungin ang Panginoon patungkol sa araw ng Linggo, kung paano natin pananatilihing banal ang araw, at kung gagastos tayo ng pera kapag Linggo. Iniisip ko kung ano ang opinyon Niya patungkol dito. “Panginoon! Sa kasalukuyan po, ay marami akong nakikitang mga santo at mga simbahan na hindi pinapaging banal ang araw ng Linggo. Ang Linggo po ang araw na ginagamit ng mga pamilya upang kumain sa labas, bilang araw ng paglilibang, at inilalaan nila ang kanilang oras sa kanilang mga kinagigiliwang libangan. Sinasabi nila na kapag ang mga bagay na iyon ay para sa kapakanan ng ebanghelyo, ay makatarungan pa rin. Ang kanila pong paghatol patungkol sa pagpapanatiling banal ng araw ng Linggo ay lupaypay. At saka, ang kanilang pananampalataya ay walang matibay na paniniwala sa Salita ng Diyos. Hindi binibigyang-diin ng mga tagapaglingkod ng Diyos ang kahalagahan ng

usaping ito sa kanilang pangangaral. Umuunti na rin at nawawala ang mga pang-gabing serbisyo tuwing Linggo. Kadalasan ay nagkakaroon lang ng mga pang-araw na serbisyo. Pakiusap, ibigay Mo po sa akin ang iyong opinyon patungkol dito.”

Nang itanong ko iyon sa Panginoon ay kaagad Siyang nagalit. Nagbago ang Kanyang ekspresyon at kakikitaan ng galit ang Kanyang mukha. Nais ng Panginoon na sumangguni ako at itala ang Kasulatan, mga kasulatan na naglalarawan ng pagpapaningas ng apoy sa mga taong hindi pinapaging banal ang Linggo.

“Ngunit kailangan nilang tumalima sa Akin. Dapat nilang ipangilin ang Araw ng pamamahinga, at huwag magdadala ng anoman sa araw na iyon pagpasok nila sa Jerusalem. Kung hindi, susunugin Ko ang mga pintuang-bayan ng Jerusalem. Matutupok ang mga palasyo sa Jerusalem, at walang sinomang makasusugpo sa sunog na ito.” Jeremias 17:27

“Sinabi pa ni Yahweh, “Inyong igagalang ang takdang Araw ng Pamamahinga, huwag kayong gagawa ng inyong gawain sa araw na banal, Sa araw na ito’y mamamahinga kayo at huwag maglalakbay ni gagawa o maghuhunta ng walang kabuluhan. 14 At kung magkagayon, ay madarama ninyo ang kagalakan sa paglilingkod sa Akin. Bibigyan ko kayo ng karangalan sa harap ng buong daigdig at lalaspin ninyo ang kaligayahan sa paninirahan sa lupaing ibinigay Ko sa nuno ninyong si Jacob. Mangyayari ito pagkat Akong si Yahweh ang nagsabi nito.” Isaias 58:13-14

“Sapagkat ang Araw ng Pamamahinga ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng Anak ng Tao.” Mateo 12:8

“Higit na mahalaga ang tao kaysa isang tupa! Kaya’t naaayon sa Kautusan ang gumawa ng mabuti sa Araw ng Pamamahinga.” Mateo 12:12

Iniutos sa amin ng Panginoon na ipangilin ang Araw ng Linggo. Sinaway Niya ang panood ng telebisyon, pagkain sa labas kasama ang pamilya, at mga makamundong gawain. At saka, hindi pinapayagan ng Panginoon ang mga Kristiyano na magpatakbo ng negosyo para kumita tuwing Linggo. Hindi rin Siya pumapayag na bumili ang mga santo tuwing Linggo.

Ang totoo niyan, ay kakaonti lang ang santong nakakapasok sa langit na hindi pinapaging banal ang araw ng Linggo. Sa kabaliktaran, ay maraming santo ang nasa impyerno dahil hindi nila pinanatiling banal ang Linggo. Maraming mga santo sa impyerno ang sumisigaw sa pagdadalamhati. Nakararanas sila ng ibat-ibang paghihirap doon.

Iniutos ng Panginoon, **“Tingnan mo ang mga kaluluwang iyon! Hindi pinahalagahan ng mga kaluluwang iyon ang Aking Araw. Dinumihan nila ang Araw na para sa Akin. Tingnan mong mabuti.”** Nasaksihan ko at ng kongregasyon ang nakakagulat na

tanawin. Nagulat kami. Nang masaksihan namin iyon ay nagsisi ako dahil hindi ko pinapaging banal ang Araw ng Linggo.

Kailangan nating isaayos ang ating pagkakaunawa patungkol sa Linggo. Maraming mga santo ang nag-aakala na makatarungan na gumastos ng pera tuwing Linggo para sa kapakanan ng ebanghelyo. Dahil doon ay gumagastos sila tuwing Linggo.

“Sinabi pa ni Hesus, “Itinakda ang Araw ng Pamamahinga para sa kabutihan ng tao; hindi nilikha ang tao para sa Araw ng Pamamahinga. 28 Kaya’t maging ang Araw ng Pamamahinga ay nasa ilalim ng kapangyarihan ng Anak ng Tao.” Marcos 2:27-28

Kapag nagdahilan tayo na gumagastos tayo ng pera para sa kapakanan ng ebanghelyo o para sa mga tao, ay magdadahilan na rin ang lahat ng tao upang gumastos tuwing Linggo. Hindi magtatagal ay lilikha sila ng maraming dahilan upang gumastos ng pera.

Nilinaw ng Panginoon ang katotohanan ng daya ng simbahan.

Inihayag ng Panginoon. **“Pinapalabo, ginagamit ng mali, at inaabuso ng mga tao ang kautusan sa Araw ng Linggo para sa kapakanan ng ebanghelyo. Palagi nila iyong ginagawa. Huwag kayong gagastos ng pera tuwing Linggo! Kapag nagdesisyon ang mga tao na gawin kung ano ang nasa kanilang puso ay ibibigay nila ang kanilang mga dahilan upang hindi sundin ang kautusan.”** Seryoso ang Panginoon. Umibabaw ang Kanyang kamaharlikahan. Nabagbag ako sa Kanyang kaseryosohan at kamaharlikahan.

At saka, sa araw ng Linggo, ay ayaw ni Hesus na gumagastos tayo ng pera sa coffee machine bago o pagkatapos kumain sa simbahan. Nais ng Panginoon na mag-ipon tayo ng pera para sa misyon o sa mga misyonaryo sa ibang mga araw at hindi sa Araw ng Linggo. Inutusan ako ng Panginoon na itala ang suliraning ito. Sa kasalukuyan, ang mga tao sa mga simbahan ay umiiyak para sa repormasyon at revival ngunit kailangan munang mabago ang mga ministro at ang kongregasyon. Kailangan nilang magsisi nang may takot. Hindi nila itinuturo ng maayos o inihahayag ang tungkol sa pangingilin sa Araw ng Linggo. Ang totoo niyan ay ipinagpapawalang bahala nila ang tungkol sa bagay na ito. Nagbigay ang Panginoon ng mahigpit na babala.

Anomang uri ng gawain na gaganapin sa simbahan ay dapat libre. Maraming simbahan ngayon ang nagbebenta ng tiket para sa pagkain dahil marami sa kanilang dumadalo. Ang pagbili ng tiket para sa pagkain ay hindi pangingilin sa Araw ng Linggo. Maselang ipinakita sa akin ng Panginoon kung paanong hindi sinasang-ayunan ng Banal na Diyos ang mga santo at mga simbahan sa Korea dahil lang sa hindi nila pinangingilin ang Araw ng Linggo.

Nais rin ng Panginoon na pakainin ang panauhing tagapagsalita sa bahay ng pastor o sa bahay ng isang santo kapag may espesyal na okasyon sa Araw ng Linggo. Ayaw ng Panginoon na dalhin ang panauhing tagapagsalita sa restawran kapag Linggo. Kung

may kusina ang simbahan ay maaaring doon nalang pakainin ang bisita. Tinapos ng Panginoon ang Kanyang pagpapaalala sa pagbabawal na gumastos ng pera tuwing Linggo.

Nais kong ibunyag ang nangyari sa isang myembro ng aming simbahan. Nag-ebanghelyo ang aking anak na si Joseph sa kanyang kaibigan na si Oh, Seung-Young. Inanyayahan niyang dumalo si Seung-Young sa aming simbahan. Habang nakapatong ang aming mga kamay sa kanya at nananalangin, ay nabuksan ang kanyang espirtual na paningin. Hindi niya alam ang tungkol sa pangilingin tuwing Linggo. Dahil nakagawian na niya, ay patuloy pa rin siyang bumibili ng bubble gum tuwing Linggo. Isang gabi, sa araw ng Linggo, habang kami ay nasa simbahan, ay dinala siya sa harapan ng trono ng Diyos.

Kaagad winika ng Diyos, **“Seung-young! Bakit mo dinumihan ang Aking araw? Bakit hindi mo pinapaging banal ang araw ng Linggo? Napipighati at nasasaktan ang Aking puso.”** Idinapa siya ng Diyos at pagkatapos ay pinalo sa puwet ng anim na beses. Naramdaman ni Seung-Young ang pagpalo. Pagkatapos ay inutusan siya ng Diyos na mag push-up.

Habang pinaparusahan si Seung-Young ay nananalangin naman ang ibang mga santo sa simbahan. Ang pisikal na katawan ni Seung-Young ay nagdadasal din. Habang nagdadasal kami ay bigla nalang kinapos ng pag-hinga si Seung-Young. Tinanong ko siya, **“Anong ginagawa mo? Hindi ba dapat ay nagdadasal ka?”** Sumigaw si Seung-Young, **“Pastor! Bumili po ako ng bubble gum ngayong hapon at pinarurusahan po ako ng Diyos ngayon dahil sinuway ko ang Kanyang utos na dapat ay gawing banal ang Araw ng Linggo. Ngayon ay pinarurusahan po ako.”**

Matapos disiplinahin ay winika ng Amang Diyos, **“Seung-Young! Dahil nalulungkot ang Aking puso, ay pasayahin mo Ako. Palubagin mo at pasayahin Ako.”** Itinigil ni Seung-Young ang kanyang pagpupush-up at siya ay sumayaw ng nakakatawa sa harap ng Diyos. Nagalak ang Diyos.

Inutusan ng Diyos si Seung-Young na huwag na muling bibili ng bubble gum tuwing Linggo o kahit na anong meryenda. Inihayag ng Diyos na ang Linggo ay Banal at dapat panatilihin banal. Patuloy na sumagot si Seung-Young ng, **“Amen.”** Sinunod niya ang Diyos.

Bilang isang pastor, ay hindi ko tinuruan ng maayos ang kongregasyon patungkol sa pagpapanatiling banal ng Araw ng Linggo. Hindi ko rin pinapaging banal ang araw ng Linggo. Kaya nagsisi ako. Ngayon ay buong puso ko nang pinapangilin ang araw ng Linggo nang may takot. Iniiwasan ng aking pamilya pati na rin ng aking simbahan na lumabas para sa pansariling kasiyahan. Ngayon, tuwing Linggo ay nagtitipon-tipon kami sa simbahan para sa gawain at pag-eebanghelyo. Natamo namin ang pahinga mula dito.

MARSO 15, 2005

“Gayunman, wika ni Yahweh, mataimtim kayong magsisi at manumbalik sa Akin, kayo’y mag-ayuno, manangis at magdalamhati. 13 Magsisi kayo ng taos sa puso, hindi pakitang tao lamang.” Magbalik loob kayo kay Yahweh na inyong Diyos. Siya’y may magandang loob at puspos ng awa, mapagpahinuhod at tapat sa Kanyang pangako; laging handing magpatawad at hindi magpaparusa.” Joel 2:12-13

ANG KALIGTASAN NG AKING PAMILYA AT KANILANG KAMAG-ANAK

Pastor Kim, Yong-doo: Ang aking asawa, si Joseph, si Joo-eun at ako ay nakaupo ng pabilog. Matagal na rin ng kaming apat nang huling nagkasama-sama. Si Hesus ay nakaupo sa gitna namin. Pinalibutan ng Espirito Santo ang aming pamilya ng pananggalang na liwanag. Sa loob ng pananggalang na liwanag ay nakakausap namin ang Panginoon at ang Espirito Santo. Pinag-usapan namin ang tungkol sa kaligtasan ng aming mga kamag-anak. Pinag-usapan namin ang espirtual na kalagayan ng aming mga kamag-anak. Naisip namin na kung mamamatay ba sila ngayon ay maliligtas ba sila? Ang tanong ay kung katanggap tanggap ba ang kanilang espirtual na kalagayan. Malalim ang pag-uusap ng aking pamilya sa usaping ito.

Sa labas ng pananggalang na liwanag ay may nakatayong grupo ng mga anghel mula sa langit kasama ang aming mga anghel na tagapag-bantay. Ang grupo ng mga anghel ang humaharap sa masamang pwersa ni Satanas. Hindi naririnig ng masasamang espirito ang aming pinag-uusapan sa loob ng pananggalang na liwanag. Ang totoo niyan ay hindi nila magawang lumapit sa liwanag.

Si Joo-eun ang unang nagtanong kay Hesus. **“Minamahal kong Hesus! Alam Mo po na kami ang pamilya ng pastor. Ligtas po ba kaming lahat? Pakiusap, hayaan Mo po na ang aking ama, ina, kuya at ako ay makapasok sa langit kahit anong mangyari! Karapat-dapat po ba ang aming kasalukuyang pananampalataya upang makapasok sa langit?”** Sumagot ang Panginoon, **“Oo naman. Ang inyong pananampalataya ay sapat upang makapasok sa langit. Ngunit huwag kayong magiging mayabang. Manatili kayong mapagkumbaba. At saka, gawin ninyo ang Aking gawain—nauunawaan nyo ba?”** Lahat kami ay sumagot ng **“Amen.”**

Nagkaroon ng suliranin sa sunod na tanong. Ang sagot sa tanong na iyon ang nagpalumbay sa akin. Nais kong malaman ang tungkol sa kaligtasan ng aking kamag-anak. Ilan sa kanila ang ligtas? Nausyoso ako kung ano ang pananaw ng Panginoon sa aking mga kapatid. **“Hesus! Hesus! Ang aking ina, ang pamilya ng aking mga nakatatandang kapatid na lalaki, ang pamilya ng aking ate, at mga pamangkin ay dumadalo sa kanilang mga simbahan. Nais kong malaman ang kasagutan mula sa Iyo Panginoon. Magbigay po kayo ng saktong sagot. Kung sasagutin po ninyo, maaari ko po bang bisitahin sila ng personal at himukin?”** Pansamantalang nanatiling tahimik ang Panginoon.

Matapos ang ilang sandali ay nagsalita ang Panginoon, “Pastor Kim! Alam Kong mahirap at masakit tanggapin ito, ngunit kailangan mong makinig sa Akin ng mabuti. Nakakapanghinayang, sa iyong pamilya ay may tatlo o apat lamang na kaluluwa ang may pananampalataya na karapat-dapat upang makapasok sa langit.” Nagulat ako, “Ano? Panginoon! Ano pong sinasabi Nyo? Ang aking mga kamag-anak ay nag-aral at nagsanay sa pagdidisipulo. Ang totoo po niyan, tuwing umaga, ang iba sa kanila ay nag-aaral at nagninilay sila sa Salita ng Diyos. Inilaan po nila ang kanilang buhay sa pag-aaral ng Salita ng may taimtim na pananampalataya. Sa tingin ko po ay nanampalataya sila. Hindi po ako makapaniwala sa aking narinig. Panginoon! Suriin Mo pong muli ang kanilang puso at bigyan Mo po muli ako ng sagot. Pakiusap Panginoon!”

ANG MASUWAYING UGALI SA PANGINOON

Winika ni Hesus, “May mas malalim na suliranin na hindi abot ng iyong pang-unawa. Pastor Kim, makinig kang mabuti sa sasabihin Ko ngayon. Hindi ko tinitingnan ang panlabas na anyo na tulad ng iyong ginagawa. Nakikita ko ang kanilang puso. Nakikita ko ang nasa loob. Alam ko ang bawat iniisip at nasa puso ng isang tao. Walang sinoman ang makapanlilinlang sa Akin, sa Ama o sa Espirito Santo. Huwag kang mabahala kung gaano karami ang pupunta sa langit! Naniniwala ang iyong mga kapatid at kamag-anak na naglilingkod sila sa Akin, ngunit wala silang pagmamahal at katapatan sa kanilang mga puso. Kung magsisisi sila ay makapapasok sila sa langit. Ngunit kailangan nilang magsisi ng tapat at mabuhay sa Aking Salita. Gayon pa man, ay nagpapatuloy silang mabuhay ng may panlabas lang na pananampalataya at hindi sila nayayanig sa Aking Salita. Maraming bahagi ang dapat nilang ipagsisi nang taos. (Isaias 66:2)

Hanggang sa sandaling ito, ang aking pananaw ay matapat ang aking mga kapatid at kamag-anak. Hindi ko pinagdudahan ang kanilang pananampalataya. Ang totoo niyan ay tiwala ako sa kanilang pananampalataya. Gayon pa man ay malaki ang pagkakaiba ng aking pananaw sa pananaw ng Panginoon.

Ang aking ina ay may apat na anak na lalaki, at isang babae. Pang-apat ako sa magkakapatid na lalaki. Ang tatlo kong kapatid na lalaki ay mga pastor rin. Ang iba kong kamag-anak ay mga karaniwang myembro sa ibang simbahan. Ibinibigay nilang lahat ang kanilang makakaya upang maglingkod sa kanilang simbahan.

Kung isasama ko ang lahat kong pamangkin, ang kabuoang bilang ng aking mga kamag-anak ay nasa 20. Ngunit may tatlo o apat lang na ligtas? Paano nasabi iyon ng Panginoon? Paano ko matatanggap ang katotohanang ito? Nabagabag ang aking kalooban. Ilang saglit lang ay sumabog na ang pagkamainitin ng aking ulo.

Walang galang kong kinausap si Hesus. “Panginoon! Kung ganoon po, ay ilan pong tao ang sa tingin Mo ay makapasok sa langit? Sino po ba ang ayaw makapasok sa langit? Kung ang isang tao po ay namumuhay ng may katiyakan at may pananalig, ngunit hindi natamo ang kaligtasan pagkatapos mamatay, hindi po ba ay iisipin nila

na madaya iyon? Hindi ko po maintindihan. Ang aking mga kapatid at pamangkin ay hindi uminom o nanigarilyo. Lahat sila ay dumadalo sa gawain sa simbahan tuwing Linggo. At saka, naglilingkod sila sa simbahan at boluntaryo nilang sinusuportahan ang mga gawain sa simbahan. Umaasa sila na balang araw ay pupunta sila sa langit. Ano pa po ang kailangan nilang gawin bukod sa ginagawa nila ngayon? Panginoon! Mula ngayong araw ay ititigil ko na ang pagsusulat ng aklat. Hindi na po ako magsusulat ng aklat.” Nagmatigas ako at sumuway. Sa loob ng ilang araw ay hindi ko ipinagpatuloy ang pagsusulat ng aklat.

Kinausap ako ng Panginoon sa malagong at nakakatakot na tinig, “Pastor Kim! Huwag kang tumigil sa pagsusulat ng aklat! Hindi ka dapat tumigil! Kung magmamatigas ka ay bibigyan mo lang ng katagumpayan ang dyablo. Bilisan mo, kunin mo na ang iyong pangsulat at magsulat ka nang muli. Kailangan mong ihayag ang anyo ng mga dyablo!” Habang nagsasalita ang Panginoon ay sinubukan Niyang kalmahin ako. Gayon pa man ay gulat pa rin ako at hindi makapaniwala na ang aking mga kapatid ay hindi makapasok sa langit. Nabagabag ang aking puso at bumilis ang pagtibok sa loob ng ilang araw. Dinamdandam ko iyon at ako ay naging nerbyoso.

Halos araw-araw ay nagmatigas ako sa Panginoon. Hindi ko iyon maunawaan. Hindi makatwiran ang aking pagkilos at dahan-dahang gumapang ang kasamaan sa aking puso. Ang kaligtasan ay isang bagay na hindi ko kayang ipagkasundo sa Panginoon. Ngunit determinado ako na makipagkasundo sa Panginoon. Kahit alam kong imposible, ay ginamit ko ang aklat upang ipakiusap ang kaligtasan ng aking mga kamag-anak. Ititigil ko ang pagsusulat ng aklat kung hindi sa akin ibibigay ng Panginoon ang nais kong sagot.

Alam ba ng aking mga kapatid na nahihirapan ako?

“Sapagkat katapan ang nais Ko at hindi hain, at pagkakilala sa Diyos sa halip ng handog na susunugin.” Oseas 6:6

“Halikayo, sikapin nating makilala si Yahweh; tiyak na tutugunin tayo sa ating panawagan. Sintiyak ng pagdating ng buwang liwayway, darating Siyang walang pagsala, tulad ng patak ng ulan na dumidilig sa kaparangan.” Oseas 6:3

“Maghasik kayo ng katuwiran, at mag-ani kayo ng pagpapala bunga ng katapatan ninyo sa akin. Bungkalin ninyo uli ang pinabayaang lupa, sapagkat panahon na upang hanapin si Yahweh. Lalapit Siya sa inyo at pauulanan kayo ng biyaya. 13 Ngunit naghasik kayo ng kalikuan, kawalang katarungan ang inani ninyo, at kumain kayo ng bunga ng pagsisinungaling. “Dahil sa pagtitiwala ninyo sa inyong mga karwahe at sa marami ninyong mandirigma,” Oseas 10:12-13

Sinabi pa ni Hesus, “Maraming simbahan sa buong mundo, kabilang na ang mga simbahan sa Korea ang may mga Pariseo na mapagmataas at nasisiyahan sa kanilang sariling kabutihan. Nalulugod sila sa kanilang kabutihan ngunit nagnanais Ako ng mapagkumbabang puso.”

“Tumutulong Siya sa nasisiphayo, ang walang pag-asa’y hindi binibigo.” Awit 34:18

Sa kalagitnaan ng aklat, ay nagmatigas ako at tumigil sa pagsusulat. Sa oras na iyon ay umabot na sa sukduhan ang aking pagkabalisa. Hindi ko na kayang tiisin ang sakit na malaman na ang aking bunsong kapatid ay hindi makapapasok sa langit. Noon ay binabantayan ko siya at inaalagaan. Naaalala ko pa ang mga masasayang alaala ng kyut na sanggol. At ang mas higit pa, pati ba naman ang aking ina? Pati ang aking ina? Sinabi ng Panginoon na maraming mga Kristiyano ang may interes sa mga materyal na biyaya kaysa hanapin ang espirtual na biyaya at buhay. Ang pagnanais at paghahangad ng kanilang mga mata at pangangailangan ay naging bahagi na ng kanilang pamumuhay. Nanghihinayang na winika ng Panginoon, **“Ang mga santo ay naging sakim sa mga materyal na biyaya.”** Iyon ang pagsuri ng Panginoon sa Iglesiya.

Nagsalita rin ang Panginoon patungkol sa mga ministro. Nagulat ako ng ilarawan Niya ang suliranin. Malubha ang suliranin. Nagpasya akong i-dokumento iyon sa hinaharap. Nais kong maglaan muna ng oras sa pagdarasal patungkol doon. Bago ang lahat, ang kaligtasan ng aking pamilya ang pinakamahalaga. Kahit ang aking mga kapatid at ang kanilang mga kapamilya ay namumuhay nang may pananampalataya, ay sinabi pa rin ng Panginoon na ang kanilang kasalukuyang espirtual na kalagayan ang dahilan kung bakit mahirap para sa kanila ang makapasok sa langit. Kaya magmamatigas ako na huwag magsulat ng aklat at magiging mapanghamon hanggang sa huli. Nakahanda na rin akong tanggapin ang kaparusahan ng Panginoon. Kahit pa mabigat ang parusang iyon ay determinado pa rin ako.

Nagprotesta ako at sumigaw sa Panginoon. Nakaupo sila Joseph at Joo-eun sa aking tabi habang inihahatid nila sa akin ang mensahe ng Panginoon. Habang ibinibigay nila sa akin ang mensahe ay sinubukan rin nila kalmahin ako. Sinabi ko, **“Panginoon! Paano iyan naging tama? Bakit Mo po ito ginagawa sa ganitong paraan? Hindi ko po kayang sumang-ayon sa Iyo. Hindi ko po kayang tanggapin. Paano ito naging totoo? Paanong kakaonti lang sa aking mga kapatid at kapamilya ang mapupunta sa langit? Bakit kakaonti?”** Ang aking mga tanong ay nakapagpalungkot sa Panginoon. Hindi ako nag-aalala sa nararamdaman ng Panginoon at nagpatuloy pa rin ako sa pagtatanong ng agresibo. **“Alam ko na masikap sila sa pag-aaral ng Bibliya tuwing Linggo. At saka, hindi rin sila gumagastos ng pera para sa pansariling kasiyahan tuwing Linggo. Inilalaan nila ang Linggo para sa debosyon. Hindi po ba ay nabubuhay sila nang ayon sa hinihingi ng Bibliya? Sinasabi Mo po ba na ang mga salita na nakasulat sa Bibliya ay mali? Ano po ang mga dahilan kung bakit hindi sila makapapasok sa langit?”**

Matapos ang ilang araw ng aking pagmamatigas ay nagpasya ang Panginoon na tulungan ako upang maunawaan ang dapat kong malaman. Kaagad akong inalisang ng malay ng Panginoon. Habang walang malay ang aking katawan, ay ipinakita Niya sa akin ang sagot upang maunawaan ko ng mabuti.

SA WAKAS AY NAKATAYO SI PASTOR KIM SA HARAP NG TRONO NG DIYOS

Dinala ako ng Panginoon sa langit. Naglakad kami ni Hesus patungo sa trono kung saan nakaupo ang Amang Diyos. Wala akong ideya kung anong paraan o proseso ang kailangan kong pagdaanan nang dumating ako sa langit. Hindi ko alam kung paano ako nakapunta roon. Kahit tulog ang aking pisikal na katawan ay buhay ang pakiramdam ng aking espirito at nakakakita ako na tulad ng sa pisikal.

Nasa lugar ako kung saan may liwanag na kumikislap ng napaka-ningning. Nalaman ko na nakatayo ako sa harap ng Ama. Hindi iyon kayang isalaysay; hindi ko kailanman masusukat ang Kanyang kadakilaan. Malalim ang Kanyang boses, at umalingawngaw iyon sa palibot ng aking katawan na parang hangin. Ang tinig ng Amang Diyos ay ang tinig na matagal ko nang gustong marinig.

Habang nakatayo ako sa Kanyang harapan ay isa lang akong walang kakayahan at makasalanan. Malinaw kong natagpuan ang aking pagkatao. Nanginig ang aking buong katawan. Ang kabanalan at kapangyarihan ng Diyos ay walang tigil sa pagbuhos na may ibat-ibang kulay. Winika ng Amang Diyos, **“Minamahal kong Pastor Kim. Dumating ka na! Marahil ay napagod ka sa pagpunta dito.”** Nang magsalita ang Ama ay napuno ako ng pagkagulat at hindi maipaliwanag na emosyon.

Itinala ko ang karanasan ng iba mula sa kanilang mga testimonya. Naramdaman ko ang Salita ng Diyos sa pamamagitan ng pagbabasa, pagsasalita o pakikinig. Ngunit ngayon ay nakikita ko na sa personal ang Diyos at masayang masaya ang aking kaluluwa.

Pakiramdam ko ay mas mababa pa ako sa pangkaraniwang nilalang at isa lang alikabok. Nakatayo ako sa harap ng Ama na hubad at bigo. Isa akong sugatang nilalang. Habang nakatayo ako sa harap ng Ama ay pakiramdam ko ay isa akong makasalanan na naghihintay ng kaparusahan ng kamatayan. Ang aking walang galang na pagdarasal at pagmamatigas ay lubusang nawala—na kanina lang ay nakita ng malinaw ng Anak ng Diyos na si Hesus. Ngayon ay nasa sitwasyon ako ng paghihintay sa pag-disiplina ng Diyos at sa awa Niya.

ANG TEMPLO SA LANGIT

Bumaba ang napakalaking kamay ng Diyos mula sa itaas at tinapik ang aking ulo. Nagpatuloy ang Kanyang malalim na tinig. Habang nakatayo ako sa harap ng trono ng Diyos ay nasaksihan ko ang paghuhusga na ginawa sa napakaraming kaluluwa. Sila ay nakatadhana sa langit o sa impyerno. Nasaksihan ko rin ang mga espirtual na nilalang sa harapan ng trono ng Amang Diyos na nagbibigay galang sa pamamagitan ng pagyuko at pagsamba habang tumutugtog ng trumpeta. Napakaraming mga espirtual na nilalang at hindi ko sila kayang bilangin. Nasaksihan ko rin ang isang espirtual na tanawin. Habang nakatayo ako sa harapan ng trono ng Amang Diyos, sa bandang kaliwa ng Kanyang upuan, hinawakan ko ang kamay ni Hesus, at nakita ko ang tanawin na tulad ng naganap sa Job 1:6, 2:1-3.

Agad ay may naramdaman akong malamig na enerhiya sa paligid nang sumulpot ang isang pangit, kakila-kilabot at mabangis tingnan na nilalang sa harap ng trono ng Diyos. Dumadaloy sa lugar na ito ang kapangyarihan, kabanalan at kaluwalhatian ng Diyos. Ngunit nang dumating ang pangit na nilalang ay nakaamoy ako ng mabaho at naramdaman ko ang masamang enerhiya.

Yumuko ang masamang nilalang patungo sa Ama. Patuloy siya sa pagbulong-bulong at pagrereklamo sa isang bagay. Sa sandaling iyon ay nalaman ko, **“Ito ang nilalang na nagdala sa nakararaming kaluluwa upang maligaw, siya ang nanghikayat sa buong mundo—si Satanas!”**

Hindi ko alam kung paanong nagawa ni Satanas na makapunta sa harap ng trono ng Diyos. Hindi ko alam kung ano ang kanyang paraan o karapatan. Marahil, ang Job 1:6 ang nababagay na talata sa Bibliya para sa sitwasyong ito. **“Isang araw nga nang ang mga anak ng Diyos ay magsiparoon na magsiharap sa Panginoon, na si Satanas ay naparoon din naman na kasama nila.” Job 1:6** Ang anyo ni Satanas ay kalahating tao at kalahating halimaw, marahil dahil sa isinumpa siya. Ang kanyang mukha ay nasirang mukha ng hayop. Ang kanyang mukha ay may ibat-ibang sungay at kahindik-hindik na mga bukol. Ang kanyang bibig ay katulad ng sa palaka. Ang kanyang katawan ay nababalutan ng nakakapandiring tila karayom na mga buhok. Napansin ko rin ang makapal na buntot at naalala ko ang mahabang buntot ng unggoy. Sumenyas siya na nayayamot sa pamamagitan ng kanyang kamay at paa. At saka, ang pag-galaw ng kanyang katawan ay nagpapahayag ng argumento sa Diyos. Nanginig ang aking katawan nang makita ko ang kanyang matatalas na mga kuko. Katulad iyon ng sa mabangis na halimaw.

Sinubukan ni Satanas na magkaroon ng espesyal na permiso mula sa Amang Diyos. Kahit katabi ko ang Amang Diyos at si Hesus at kinakabahan pa rin ako. Labis ang aking kaba at sa tingin ko ay matataranta ako. Napansin ng Panginoon ang aking pagkabalisa kaya hinawakan Niya ng mahigpit ang aking kamay. **“Huwag kang mag-alala.”** Si Satanas ay nahamak sa harap ng awtoridad at kapangyarihan ng Amang Diyos. Habang nakayuko ang kanyang ulo ay sinulyapan niya ako at tiningnan ng masama. Nangangalit ang kanyang mga ngipin sa pagkagalit at narinig ko ang kanyang iniisip. **“Pastor Kim! Maghintay ka lang at makikita mo! Papatumbahin kita! Sino ka upang ihayag ang aking anyo? Hindi kita mapapatawad, ang iyong simbahan o ang iyong pamilya.”** Halos maparalisa ako nang marinig ko ang kanyang pananakot.

Nang manginig ako sa takot ay sinaway ng Amang Diyos si Satanas sa Kanyang malaking boses. Agad namang umalis si Satanas. Nang sigawan ng Amang Diyos si Satanas, ay nayanig ang himpapawid sa langit na tulad ng kidlat at kulog. Ang tinig ng Ama ay dumagundong sa langit, sa kalawakan at sa lupa.

Ang maikling pangyayaring ito ang nagpanginig sa akin sa takot sa Amang Diyos. Nakayuko ang mga ulo ng mga kaluluwang nasa harap ng trono at naghihintay ng paghuhusga ng Ama. Sa sandaling ito ay narinig ko ang Amang Diyos. Ang Kanyang tinig ay mas malalim pa sa tunog ng bariton, banayad iyon at mabuway. Nang marinig ko

ang boses ng Amang Diyos ay kaagad na nawala ang aking takot at pag-aalala. Tumigil na rin sa panginginig ang aking katawan. May banayad na enerhiya ang bumalot sa aking katawan ng maramdaman ko ang Kanyang awa. Ngayon ay panatag na ako.

Nagsalita ang Amang Diyos: “Pastor Kim, Yong-Doo, pastol ng Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church), dahil hindi ka naniniwala ay iniutos Ko na dalhin ka dito. Ipapakita Ko sa iyo ng malinaw upang maniwala ka at upang maunawaan mo. Manood kang mabuti! Ngayon ay dalhin siya sa lihim na silid ng sangtuwaryo. May espesyal akong ipapakita sa iyo. Personal kong ipapaliwanag iyon sa iyo.” Sa utos ng Ama, ay dinala ako ng Panginoon sa sangtuwaryo sa langit kung saan naroroon ang lihim na silid.

ANG LIHIM NA SILID

Sa langit, ay hindi pinapayagan ang mga kaluluwa na lumapit sa lihim na silid. Hindi ko maaaring ihayag ang aking nasaksihan sa lihim na silid. Wala akong ideya na may sangtuwaryo pala o lihim na silid sa langit. Nagkamali ako nang banggitin ko ito sa aking mga anak. Sa loob ng ilang buwan, ay hiningi ko ang permiso upag itala at banggitin ang tungkol sa lihim na silid. Ang lihim na silid ay ginagamit rin bilang silid ng pagpupulong. Ang silid na ito ay ginagamit sa pagpupulong ng Diyos Trinidad at ni Moises. Ipinaliwanag ng Panginoon na walang ibang kaluluwa ang nakapasok doon maliban kay Moises. Sinabi Niya na ang lugar na iyon ay ipinagbabawal. **“Walang ibang nakapasok rito maliban kay Moises. At ngayon, ikaw ang isa pang pinapayagang makapasok, Pastor Kim.”** Nang makapasok ako sa silid ay naroon na si Moises na naghihintay.

Nagtungo si Hesus at Moises sa sulok ng silid at umupo sa kumikinang na ginintuang upuan. Magkaharap sila at nag-usap. Sa pagitan ng Panginoon at ni Moises ay ang Kaban ng Kanyang tipan. Ang Kaban ay katulad ng inilarawan sa limang aklat ni Moises. Yari iyon sa ginto at katulad ng unang ginawang kaban.

Tiningnan ko ang silid at napansin ko na hindi iyon gaanong malaki. Gayon pa man, ang silid ay napapalamutian ng ibat-ibang mamahaling bato. Ang silid ay puno ng mga hiyas, ginto, at diamante. Hindi inaasahan, ang sahig ay napapatungan ng marble tiles na katulad ng nakikita ko sa lupa. May krus na nakaguhit sa gitna ng marble tiles. Lampasan ang dingding sa isang gilid ng silid. Nakita ko roon ang naglalagablab na Banal na Apoy. Hindi ko makita ang dulo ng silid kung saan naroon ang Banal na Apoy. Marahil ay medyo malayo iyon.

ESPESYAL NA NAGPAKITA ANG DIYOS

Habang nag-uusap si Hesus at Moises ay tahimik akong naglakad sa marmol na sahig. Manaka-naka ay sinusulyapan ako ni Hesus at ni Moises habang masaya silang nag-uusap. Tumakbo ang aking isipan at nagkaroon ako ng ibat-ibang katanungan. **“Paano ako nakapunta sa puntong ito? Anong mangyayari rito?”** Nausyoso ako.

Sumuway ako sa Diyos dahil sa katanungan patungkol sa kaligtasan ng aking minamahal na ina at mga kapatid. Ito ang dahilan kung bakit ako naririto. Kailangan kong mapigilan ang aking pamilya na mapunta sa impyerno, kahit gumamit ako ng tamang pamamaraan, o kahit mandaya. Kailangang makapunta sila sa langit kasama ko. Bakit sinabi ng Panginoon na kakaonti lang sa kanila ang makakapasok sa langit? Ano ang dahilan? Habang tumatakbo ang mga tanong na ito sa aking isip ay may napakalaking ilaw ang nag-liwanag sa akin. Hindi ko maiangat ang aking ulo. Winika ng Amang Diyos, **“Pastor Kim, tingnan mo Ako.”** Sa utos Niya ay itinaas ko ang aking ulo upang tingnan Siya. Ang Ama ay nasa gitna ng maluwalhating liwanag. Binawasan Niya ang liwanag upang makita ko ang Kanyang binti at mga paa. Ang totoo niyan, wala akong ibang makita kundi ang Kanyang mga binti lang at paa.

“At ang Panginoon’y nagsalita sa inyo mula sa gitna ng apoy; inyong narinig ang tinig ng mga salita, ngunit wala kayong anyong nakita; ang inyo lamang narinig ay isang tinig.” Deuteronomio 4:12

“Na Siya lamang ang walang kamatayan, na nananahan sa liwanag na di malapitan; na di nakita ng sinomang tao, o makikita man: sumakanya nawa ang kapurihan at paghaharing walang hanggan. Siya nawa.” 1 Timoteo 6:16

“Walang taong nakakita kailanman sa Diyos; ang bugtong na Anak, na nasa sinapupunan ng Ama, siya ang nagpakilala sa kanya.” Juan 118

“At kaniyang sinabi, Hindi mo makikita ang Aking mukha: sapagkat hindi maaaring makita ako ng tao at mabuhay.” Exodo 33:20

“Hindi sa ang sinoma’y nakakita sa Ama, kundi yaong nanggaling sa Diyos, siya ang nakakita sa Ama.” Juan 6:46

Kapag nabasa mo ang mga talata sa Bibliya sa itaas, ay mauunawaan natin na walang sinoman ang makakakita sa kabuuan ng Ama. Kahit hilingin ko iyon ng paulit-ulit ay walang mababago, hindi ko makikita ng lubos ang Ama. Alam ko na ang aking isinusulat ay maaaring magdala ng malaking pamumuna, ngunit kailangan kong isulat ang aking nakita at narinig. Naibigay iyon dahil sa biyaya at awa ng Diyos. Hindi ko masasabi na nakita ko ang kabuuan ng Amang Diyos. Nakita ko lang ang bahagi na hinayaan Niyang makita ko.

Ang Diyos ay Diyos ng kapanahunan. Nabubuhay Siya ng walang hanggan. Ang makasalanang tulad ko ay hindi dapat mangahas na lumapit sa Kanya. Gayon pa man, ay nakita ko at naramdaman ang Amang Diyos, dahil sinasabi sa Bibliya na kung nakita ko si Hesus ay nakita ko na rin ang Amang Diyos.

Itinaas ko ang aking ulo upang tingnan kung ang Amang Diyos na nakaupo sa trono ay si Hesus. Ngunit si Hesus ay nasa sulok ng silid at nakikipag-usap pa rin kay Moises. Dahil alam ng Ama ang aking iniisip ay sinabi Niya, **“Ako si Yahweh!”** At pagkatapos ay tumawa Siya.

Patuloy na nagsalita ang Amang Diyos, **“Minamahal Kong tagapag-lingkod! Dumapa ka.”** Dumapa ako sa gitna ng silid kung saan naroroon ang krus na nakaguhit sa marmol. Ini-unat ko ang aking mga kamay at ang aking katawan ay nag-pormang krus.

Ipinatong ng Diyos ang Kanyang malaking kamay sa aking likod at nagdasal, **“Bibigyan kita ng kapangyarihan! Tataglayin mo ang kapangyarihan ng apoy. Ikaw at ang iyong kawan ay magkakaroon ng ministryo ng apoy.”**

Nang ipagdasal ako ng Ama ay nagpagulong-gulong ako sa sahig. Nasusunog ako. Naramdaman ko ang init at naging emosyonal rin ako at nabalot ng kalungkutan. Sumigaw ako ng malakas, **“Amang Diyos! Ibinuhos Mo po ang lahat ng Iyong kapangyarihan sa akin. Paano po kung maging masama ako at maging mapagmataas, at gamitin ang kapangyarihan ng mali? Pakiusap, tulungan Mo po ako upang huwag maging masama at mapagmataas. Amang Diyos, alam Mo po ang aking nakaraan, kasalukuyan at hinaharap di ba? Ano po ang aking hinaharap? Pakiusap, ipakita Mo sa akin! Pakiusap, tulungan Mo po ako sa kapangyarihang ito. Ayaw ko pong maging masama. Nais ko pong makapasok sa langit.”** Habang pinagmamasdan ako ng Amang Diyos ay winika Niya, **“Kung gayon, ay makakasama mo Ako.”**

Hindi ako nakontento sa Kanyang sagot. Sa pagkakataong ito ay umiyak ako para sa kaligtasan ng aking pamilya. Umiyak ako at nagpagulong-gulong sa sahig.

Dahil sa aking ikinilos, sa isang iglap, ay bahagyang napuno ang lihim na silid ng malungkot na enerhiya. Walang humpay akong umiyak nang may pagsisisi at panalangin. **“Amang Diyos! Pakiusap, hinihingi Ko po sa Iyo. Ano po ang resulta ng kaligtasan ng aking ina at mga kapatid? Marami sa mga kamag-anak ko ang naglilingkod at nananalig sa Iyo. Bakit tatlo o apat lang ang ligtas? Bakit po ganoon? Paano po ang bunso kong kapatid? Kung hindi po siya ligtas ay sa impyerno siya mapupunta... Pakiusap, iligtas Mo siya. Pakiusap! Pinalaki ko siya. Panginoon! Amang Diyos!”** Nagpatuloy ako sa pag-iyak. Nagpagulong-gulong ako sa sahig habang umiiyak.

Winika ng Amang Diyos, **“Pastor Kim, alam Ko kung bakit ka umiiyak. Nalalaman ko ang nasa iyong puso. Bibigyan Ko ng pagkakataon ang iyong pamilya. Kaya naman ay manood kang mabuti sa ipapakita Ko sa iyo.”**

GUMALAW ANG MGA SANGA AT DAHON SA PUNO NG BUHAY

Gumagalaw na tila buhay ang mga dahon ng isang puno sa loob ng lihim na silid. Malusog ang puno, sariwa at kulay berde. Kapansin-pansin na sariwa ang punong ito. Wala akong ideya na ang punong tinitingnan ko ay ang Puno ng Buhay. Gumalaw ang mga sanga patungo sa akin. Nang maabot ako ng mga sanga ay hinawakan niya ang aking ulo at katawan. Nakiliti ako hanggang sa punto ng pagkayamot. Pinanood ng Amang Diyos, ni Hesus at ni Moises ang aking reaksyon. Kakatapos ko palang umiyak at mahapis para sa kaligtasan ng aking pamilya at ngayon ay kinikiliti ako ng puno. **“Ano**

bang uri ng puno ito? Bakit ako nito iniistorbo? Bakit ako nito hinahawakan at pinapalubha?” Nairita ako at hinablot ko ang sanga, pinutol at itinapon sa sahig.

Nasurpresa ang Amang Diyos sa hindi inaasahang ugali at sinabi Niya, “Pastor Kim! Bakit mo iyan ginawa? Bakit! Pinapahalagahan Ko ang punong ito at ang kanyang mga sanga. Mataas ang pagtingin Ko at iginagalang Ko ang punong ito. Bakit mo ginawa iyan?” Naisip ko sa aking sarili, “Ahh! Siguro ay ito ang Puno ng buhay na pinangangalagaan ng Ama.” Nagulat at nahiya ako. Umurong ako.

Paanong gumagalaw ang punong iyon upang iritahin ako? Kaagad kong pinagsisihan ang aking ginawa. Dapat ay tinanong ko muna ang Ama patungkol sa puno. Ipinakita ko ang aking kawalan ng pasensya at pagkamainitin ng ulo sa sangtuwaryo sa langit.

Bumulong-bulong si Hesus sa pagkabigo. Ang pangyayaring ito ay dahil sa aking kamangmangan. Kaagad akong lumuhod, yumuko at humingi ng kapatawaran. Inalis ng Amang Diyos ang aking kaba. Nagpaliwanag Siya, “Pastor Kim, makinig kang mabuti! Dahil sa iyong kapabayaan, ay nahulog ang ilang dahon sa Puno ng Buhay. Lahat ng puno at mga halaman sa silid nito ay mahalaga sa Akin. Gayon pa man, sa lahat ng halaman, ay mas pinahahalagahan ko ang mga dahon sa Puno ng Buhay. Pinangangalagaan Ko sila. Ang mga dahon sa Puno ng Buhay ay sumisimbolo sa mga kaluluwa ng mga tao. Ang totoo niyan, ay direktang nakadugtong ang mga iyon sa kaluluwa ng mga tao. Ang mga dahon sa sahig na inihulog mo ang sumisimbolo sa mga kaluluwa. Tingnan mo!” Habang nagpapaliwanag ang Ama ay nalungkot ako sa aking ginawa. Humanga ako sa Kanyang kabaitan.

Kahit nawalan ng mga dahon ang sanga ay gumalaw pa rin siya patungo sa akin na tila may gustong ipahiwatig. Nagpahiwatig siya sa pamamagitan ng paghaplos sa aking ulo, mukha at iba pang bahagi ng aking katawan. Anong ibig sabihin nito? Anong sumisimbolo sa galaw na ipinahiwatig ng puno? Naguluhan ako at nausyoso.

ANG PANANAMPALATAYA BA NG AKING PAMILYA AY TOTOO?

Sa labis na pagmamahal ay winika ng Ama, “Kung gayon, tingnan natin ang pananampalataya ng iyong mga kapatid kung ito ay totoo o hindi. Ipapakita sa iyo ang kanilang pananampalataya.” Nag-alala ako sa sagot na ipapakita. Bumilis ang tibok ng aking puso. Ang mga dahong nahulog sa sahig ay dahan-dahang gumalaw at nagbago. Ang mga dahon ay naging mga kapatid ko at mga pamangkin. Nagulat ako sa aking nasaksihan. Sa lahat ng mga dahon, ay may tatlo lang na natira at ang iba ay naglaho ng paisa-isa. “Ah! Mga kapatid ko! Bunso kong kapatid! Paano nangyari ito?” Nawalan ako ng pag-asa at muli akong nagalit. Gumulong ako sa sahig at umiyak ng isteriko.

“Panginoon! Hesus! Diyos Trinidad! Paano Niyo po ito nagawa sa akin? Mas mabuti pa po kung hindi Niyo nalang pinakita sa akin. Ano po ang dahilan at dinala Niyo ako rito upang bigyan ng dalamhati? Kung hindi ko nakita ito, ay maaari pa rin akong maniwala na ligtas sila. Ano pong ginagawa Niyo sa akin?” Hindi ko napigilan

ang aking kalungkutan at umiyak ako ng walang tigil. Hindi ko alam kung gaano katagal akong umiyak at sa huli ay nawalan na ako ng malay.

Sa tuwing pinalalakas ko ang aking mga kapatid at ibang tao sa kanilang pananampalataya, ay pinalalakas ko sila ng wala sa loob. Sinasabi ko lang na, **“Maging matapat kayo.”** At hindi ko na dinadagdagan pa iyon dahil iniisip ko ang kanilang mararamdaman. Ayaw kong apakan sila, sa madaling salita, ang kanilang dangal. Gayon pa man, matapos ipakita sa akin ang totoong kalagayan ng kanilang pananampalataya ay nawala ako. Hindi ko alam ang aking gagawin. Naguluhan ako.

Marahang tinapik ng Amang Diyos ang aking likod nang mawalan ako ng malay. Nang manumbalik ang aking lakas ay winika Niya, **“Pastor Kim, tumigil ka na sa pag-iyak. Alam mo na ang lugar na ito ay lugar na kung saan ay walang luha o pagdadalamhati. Hindi mo ba alam?”** Ngunit muli, ay nagsumamo ako para sa kaligtasan ng aking mga kapatid. Sinabi Niya, **“Kung gayon, itigil mo na ang iyong pag-iyak at obserbahan mo ang mga nakatagong kasalanan ng iyong mga kapatid. Manood kang mabuti.”** Ipinakita sa akin ng Amang Diyos ang malinaw na larawan. At saka, sinabi rin Niya, **“Nagsisi ang iyong mga kapatid. Ang totoo niyan ay alam nila na nagsisi sila ngunit walang bunga ang kanilang pagsisisi. Nagsisi sila ng walang ebidensya. Walang bagbag na puso at walang katapatan.”** Hiniling ko, **“Ama, pakiusap, maawa po Kayo sa kanila.”**

“Sapagkat ganito ang sabi ng Panginoon, “Ang iyong sakit ay walang kagamutan, at ang iyong sugat ay mabigat. Walang makipaglaban ng iyong usapin upang ikaw ay mapagaling: ikaw ay walang mga panggawin na nakagagaling.”
Jeremias 30:12-13

“Ang puso ay magdaraya ng higit kay sa lahat na bagay, at totoong masama: sinong makaalam? Akong Panginoon ang sumisiyasat ng pag-iisip, aking tinatarok ang mga puso, upang magbigay sa bawat tao ng ayon sa kani-kaniyang lakad, ayon sa bunga ng kani-kaniyang gawain.” Jeremias 17:9-10

Hindi ko alam kung gaano karaming ulit akong nagsumamo. Pakiramdam ko ay parang nagsumamo ako ng walang hanggan. Luhaan akong nagpagulong-gulong sa sahi. Nabalutan ang aking mukha at ilong ng sipon. Ipinangako ng Amang Diyos na babantayan at sasamahan Niya ako. **“Nauunawaan ko ang iyong puso. Alam kong nag-aalala ka para sa iyong mga kapatid. Diringgin Ko ay iyong panalangin. Ngunit kinasusuklaman ko ang kanilang relihiyosong pamamaraan at ang kanilang relihiyosong pananampalataya. Iyon ang pinakasusuklaman ko sa lahat.”** Ipinangako ng Ama na ililigtas Niya ang aking mga kapatid at ang kanilang pamilya.. Ngunit may isang kondisyon. Kailangan nilang tanggapin ang oportunidad nang may pananampalataya. Pinasalamatan ko ang Amang Diyos at sinamba ko Siya habang ako ay umiiyak.

Makalipas ang ilang oras, ay binigyan ko ng atensyon ang lampasang dingding sa silid. Sa loob ng dingding ay nag-aalab ang Banal na Apoy. Nararamdaman ko ang init mula

sa aking kinatatayuan. Napakainit niyon at naramdaman iyon ng aking katawan. Winika ng Amang Diyos, “Pastor Kim, hindi magtatagal ay papasok ka sa silid na iyan. Kaya ihanda mo ang iyong sarili sa pamamagitan ng sapat na panalangin. Kailangan mong ihanda ang iyong sarili sa pisikal at espiritual. Nauunawaan mo ba?” Sumagot ako ng malakas, “Amen!”

Dahil personal akong kinausap ng Ama ay nagpasya akong mangako, “Kailangang malampasan ko ang silid na iyon hanggang sa dulo.” Tinanong ko ang Ama, “May iba pa po bang apoy na lagusan o silid ng naglalagablab na apoy sa langit?” Sumagot ang Ama, “Oo, maraming silid na ganoon. Pastor Kim, papasok ka sa silid ng naglalagablab na Banal na Apoy at sa iba pang silid ng naglalagablab na Banal na Apoy. Ang unang silid na papasukan mo ay mahina muna at sa mga susunod ay papalakas ng papalakas. Ibubuhos Ko ang lahat Kong kapangyarihan sa iyo. Hindi ka dapat maging mapagmataas. Marami sa aking mga tagapaglingkod ang naging mapagmataas dahil sa kapangyarihang ibinigay Kos a kanila. Bilang resulta, marami sa kanila ang napunta sa impyerno. Nagdadalamhati Ako! Pastor Kim, kailangang mas lalo kang magpakumbaba. Kapag nakita ang mga milagro at kapangyarihan ay itataas ka ng mga tao. Kaya naman ay dapat kang maging maingat. Maging maingat ka sa mga espiritual na kapangyarihang mayroon ka.”

Wala akong ideya kung bakit pinagkalooban ng Diyos ng malaking tungkulin at biyaya ang isang mahina at walang kakayahang tagapaglingkod na tulad ko. Hindi ko inisip na hahawakan ko ang isang malaking reponsibilidad. Bago pa mangyari ang lahat ay nag-aalala na ako. Hindi ako dapat maging mapagmataas. Nang mapuno ng pag-aalala ang aking isip ay kinausap ako ng Ama at hinaplos Niya ang aking likod. “Pastor Kim, dahil sa binisita mo ang lihim na silid, ay ngayon naman ay bibisita ka sa impyerno upang obserbahan ang dapat obserbahan.”

Nagulat ako sa utos ng Amang Diyos. “Amang Diyos! Hindi ko po kayang bumisita sa impyerno. Hindi ko po kaya. Hindi po makikita sa pisikal kong anyo ang aking lakas. Mahina po ang aking loob. Natatakot po akong pumunta. Ang totoo niyan, ayaw ko pong pumunta!” Tumawa ng malakas ang Amang Diyos at sinabi Niya, “Ayos lang iyan. Ang iyong kasalukuyang pananampalataya ay sapat na para kayanin ang sitwasyon.” Ngunit nagmatigas pa rin ako at sinabi ko sa malakas na tinig. “Panginoon! Hindi po! Natatakot po ako!” Ipinatong ni Hesus ang Kanyang kamay sa akin at nagdasal, “Pagkakalooban kita ng lahat ng kapangyarihan.” Kahit sinabi Niya iyon ay nagmatigas pa rin ako hanggang sa huli. Bilang resulta ay hindi ako bumisita sa impyerno.

Winika ng Amang Diyos at ni Hesus, “Pastor Kim, ngayon ba ay naniniwala ka na sa lahat ng ipinakita sa iyo? Mula ngayon ay hindi mo na ititigil ang pagsusulat ng lahat ng bagay na ipinapakita Ko sa iyo, ang mga bagay patungkol sa langit, impyerno at anyo ng diyablo. Kailangan mong tapusin ang iyong tungkulin. Maraming mga kaluluwa ang nanganganib. Kailangang maniwala sila ng tama sa Akin. Kung gagawin mo ang Aking iniutos ay may hindi maarok na mga biyaya ang ipagkakaloob sa iyo. Tumalima ka hanggang sa huli.”

Nagpalitan si Hesus at ang Amang Diyos sa paghaplos sa akin. Sa ilang kadahilanan, ay pinagkalooban ako ng espesyal na pagpapala. Isa lang akong makasalanang at hangal na tagapaglingkod. Hindi mailarawan ang kamaharlikan ng Amang Diyos. Hindi kayang ilarawan ng pisikal na mata o ng isipan. Sa espesyal na paraan ay nakipagtagpo ang Ama sa isang makasalanang tulad ko. Paano ko ipapahayag sa salita ang aking karanasan sa makapangyarihang Diyos? Imposibleng mailarawan, maisulat, o bigyang kahulugan ang Diyos sa salita ng tao.

Sinabi sa akin ng Diyos na panatilihin lihim ang silid at hindi ko ito dapat sabihin kahit kanino. Nalaman ko na ang silid na iyon ay sangtuwaryo sa langit. Ignorante ako sa lugar na ito. Maselang ipinaliwanag sa akin ng Panginoon ang kahalagahan niyon makalipas ang ilang buwan. Pagkatapos ay inutusan Niya ako na ibunyag na sa publiko ang impormasyon. Iyon ay pinamagatang, “Ang Lihim na Silid.” Isinulat ko ang pangatlong aklat na patungkol sa lihim na silid.

Lumabas ako ng sangtuwaryo at tumayo sa harap ng trono ng Diyos ng matagal. Habang nakatayo ako sa harap ng Diyos ay tiningnan ko ang kalawakan. Walang lugar na hindi kayang abutin ng Ama: kahit sa langit, sa kalawakan, o sa lupa. Ang lahat ng nilalang sa sanlibutan ay nasa ilalim ng paa ng Ama.

“Ngunit ngayo’y ganito ang sabi ng Panginoon na lumalang sa iyo, Oh Jacob, at nag-ayo sa iyo, Oh Israel, ikaw ay huwag matakot, sapagkat tinubos kita; tinawag kita sa iyong pangalan, ikaw ay akin. 2 Pagka ikaw ay dumaraan sa tubig, Ako’y sasaiyo; at sa mga ilog ay hindi ka tatakpan niyaon; pagka ikaw ay lumalakad sa apoy, hindi ka masusunog; o magniningas man ang alab sa iyo. 3 Sapagkat Ako ang Panginoon mong Diyos, ang Banal ng Israel, ang Tagapagligtas sa iyo; aking ibinigay na pinakatubos sa iyo ang Egipto, ang Etiopia at ang Seba.” Isaias 43:1-3

Itinalaga at tinawag ng Amang Diyos ang isang tulad ko. Para sa akin, ay isa akong taong nag-aalinlangan sa lahat ng bagay. Masaya ako dahil tinawag Niya ako, ngunit kinakabahan rin ako. Dahil nasaksihan ko ngayon ang sitwasyon ng kaligatagan ng aking mga kamag-anak, ay hindi ko na kayang magtanong pa patungkol doon. Sa kabila ng aking mapangahas na ugali at pagdadaing, ay ipinakita Niya sa akin at ipinaliwanag sa paraang mauunawaan ko. Ang pamamaraan ng Diyos ay mas mataas. Dahil sa may hangganan ang aking pang-unawa, ay ipinakita Niya iyon sa paraan na maiintindihan ko. Hindi ko makakalimutan ang aking pakikipagtagpo sa Diyos Trinidad sa sangtuwaryo sa langit. Palaging nakatanim sa aking ala-ala ang aking karanasan.

ANG PAGTATANONG NI GINANG KANG, HYUN-JA SA PANGINOON

Ginang Kang,Hyun-Ja: Si Sister Baek, Bong-Nyo ay muling ipinasok sa ospital dahil sa masakit ang kanyang likod. Sinamahan ako ni Hesus upang bisitahin si Sister Baek, Bong-nyo. Umuna ang Panginoon sa paglalakad nang kami ay pumasok sa ospital. Umupo kami sa kanyang higaan at nag-usap kami. Tinanong ko ang Panginoon,

“Panginoon! Ang tahanan ng pastor ay nasa magandang lugar sa langit. Bakit po malayo ang tahanan ko sa kanya? Panginoon! Maaari Mo po bang ilipat ang aking tahanan sa magandang sambahayan sa langit?” Sumagot si Hesus, **“Kailangan mo munang kumita ng gantimpala upang mailipat ang iyong tahanan doon.”** Tumawa si Sister Baek, Bong-nyo at sinabi niya, **“Ginang Kang, Hyun-ja, mataas na ang iyong tahanan. Ano pa ba ang gusto mo?”** Pinahilig ng Panginoon ang Kanyang kilay at sinabi Niya, **“Santa Bong-nyo! Huwag kang magsisimula kay nobya Kang, Hyun-ja! Matapos Ko siyang bigyan ng biyaya ng pagpropesiya at matapos mabuksan ang kanyang espirituwal na paningin ay patuloy siya sa pagtatanong at paghingi ng pabor buong araw. Hindi Ko na alam ang gagawin Ko sa kanya.”** Nagtawanan kami ng matagal. Tinanong ako ni Sister Baek, Bong-nyo kung ano ang nais kong malaman at kung bakit buong araw akong nagtatanong sa Panginoon. Winika ng Panginoon, **“Iyan na nga ba ang sinasabi Ko.”**

Nagtanong na naman ako, **“Mahal kong Hesus, noong nakaraan ay sinabi Mo po na ang mga santo sa langit ay maaaring bumaba sa lupa. Totoo po ba iyon? Posible po iyon? May talata po ba upang pagtibayin iyon? Alam ko po na ang mga anghel ay maaaring bumaba sa lupa upang protektahan ang mga santo. Kung tama po ang aking natatandaan, ay may talata sa Bibliya upang pagtibayin iyon. Ang mga kaluluwang namatay na ay maaaring bumalik sa lupa? Posible po iyon?”**

Winika ni Hesus, **“Ano ang imposible para sa akin? Gayon pa man, ang mga kaluluwa na napunta sa impyerno ay hindi na maaaring bumalik pa sa lupa. Kapag ang isang tao ay napunta sa impyerno ay iyon na ang wakas. Kung bibigyan Ko ng pahintulot, ang mga kaluluwa sa langit ay maaaring bumaba sa lupa upang bumisita. Ang Amang Diyos ang nangangasiwa sa pagbisita.”**

Tinanong namin ni Sister Baek, Bong-nyo, **“Panginoon! Maaari po bang isama Niyo ang mga tao sa Bibliya ngayon?”** Sumagot ang Panginoon, **“Hindi pa. Mahalaga sa Akin ang mga santo sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church). Nitong mga araw ay isinasalaysay ko ang tungkol sa inyo. Ang mga santo sa Simbahan ng Panginoon ay masipag na nagdadasal at sumasamba sa Diyos sa espesyal na paraan. Nais makita at makilala ng mga kaluluwa sa langit ang mga santo sa Simbahan ng Panginoon. Tinatanong nila Ako kung maaari silang sumama sa tuwing bumibisita Ako sa simbahan. Sa langit, napapanood ng mga kaluluwa ang Simbahan ng Panginoon sa puting-tabing, na inirekord ng mga anghel gamit ang video camera. Ang iyong pagsamba at gawain ay nagpapasaya sa Diyos. Ang Simbahan ng Panginoon ang ulo ng balita.”**

Tinanong ko ang Panginoon, **“Hesus! Inihahayag Mo po ba kami sa publiko?”** Sumagot ang Panginoon, **“Oo naman. Personal Ko kayong inihahayag sa kanila. Kaya kilala kayo ng lahat ng kaluluwa sa langit. Naiintriga sila.”**

Muli kong binanggit ang tungkol sa paglipat ng aking tahanan sa magandang sambahayan sa langit. Tinanong ko ang Panginoon at sumagot Siya, **“Mula ngayong**

gabi ay kailangan mo na Akong pasayahin. Ipakita mo na mahal mo Ako at pasayahin mo Ako. Kaya mo bang gawin?”

Sa kaibig-ibig na galaw ay sumagot ako ng “Oo” sa marahan at malambing na tinig. Sinabi ni Hesus, **“Santa Kang, Hyun-ja, Ako lang ang kilala mo! Kung Ako lang ang mamahalin mo, paano na si Pastor Kim?”**

Tumawa ang Panginoon. Inilipat ng Panginoon ang aking tahanan sa magandang sambahayan sa langit. Marahil ay dahil sa aking pananampalataya at patuloy na pagsusumamo. Sa isang utos lang ay inilipat ng Panginoon ang aking bahay. Kaya naman ay nagpasya ako na humiling pa ng marami. Hiniling ko na ilipat din ang mga bahay ng mga myembro ng simbahan. Ngunit nais ng Panginoon na mag-ipon sila ng gantimpala at magpatuloy sa pagdadasal.

NAGALIT ANG MASASAMANG ESPIRITO

Sister Baek, Bong-Nyo: Sobrang sakit ng aking likod kaya nagpasya ako na magpa-ospital. Dahil sa araw-araw na physical therapy ay napawi ang sakit. Binisita ako nila Pastor Kim at Sister Kang, Hyun-Ja. Sa pamamagitan ng aking espirituwal na paningin ay nakita ko ang Panginoon at ang Espirito Santo na kasama nila. Nataranta ang masasamang espirito nang dumating ang Panginoon at nagliparan sila sa ibat-ibang direksyon. Sa isang saglit ay kaagad nawala ang masasamang espirito sa silid.

Dinamayan ako ng Pastor at ng kanyang asawa habang kami ay nagsasagawa ng serbisyo. Itinuturing ng Panginoon na Kanyang nobya ang asawa ng pastor at espesyal siyang pinakitutungahan nito. Naiinggit ako sa espesyal na pag-trato sa kanya ng Panginoon. Palaging ipinapakita ni Sister Kang, Hyun-ja ang kanyang pagmamahal sa Panginoon. Mahal siya ng Panginoon dahil sa kanyang pagiging mapagpahayag. Wala siyang pakialam kahit makita ng mga tao sa ospital kung paano siya kumilos para kay Hesus. Ipinapakita niya ang kanyang pagmamahal kay Hesus kahit anong oras.

Habang sumasamba at umaawit ang pastor, ay tumitingin siya sa paligid kung may ibang nanonood. At pagkatapos ay sumayaw siya ng nakakatawa. Sinundan siya ng kanyang asawa ngunit siya ay sumasayaw sa Espirito Santo. Ginaya ni Hesus ang pastor. Malakas tumawa si Hesus. Sa tuwing tumatawa Siya ng malakas ay naiisip ko sa aking sarili, **“Ang Panginoon ay Espirito. Paanong nagyaring ang Espirito ng Panginoon ay tumatawa na parang tao?”** Napagtanto ko na ang Amang Diyos, si Hesus at ang Espirito Santo ay may katangian rin na tulad ng sa atin. Ang Diyos Trinidad ay maaaring magpahiwatig ng kasiyahan o kalungkutan.

SINABI NG PANGINOON NA NILALANG NIYA TAYO SA KANYANG LARAWAN

Ang masasayang sandali ay tumagal lang ng maikling oras. Nang umalis na ang pastor at kanyang asawa ay muling bumalik ang masasamang espirito. May pito pang ibang higaan sa aking silid. Matatandang babaeng may sakit ang nakahiga sa ibang higaan. May masamang espirito ang nakatayo sa bawat uluhan ng higaan. Humahagikhik ang

masasamang espirito at tumingin sila ng masama. **“Hoy! Maaari kang makapunta sa langit ngunit ang mga taong ito ay mapupunta sa impyerno kasama ko. Sana ay napukaw kita! Mag-ebanghelyo ka hanggang sa makakaya mo! Mahihirapan ka! Hehehe!”** Ang masasamang espirito ay katulad ng mga nakikita ko sa telebisyon sa mga nakakatakot na palabas. Ang masasamang espiritong ito ang naghahatid sa mga kaluluwang parurusahan. Nakakatakot. Nagtaasan ang balahibo sa aking katawan.

Dahil nasa ospital ako ay hindi ako maaaring sumigaw o magsalita na maririnig. Sa halip ay nagdasal ako sa ibat-ibang wika. Sa tuwing nakakakita ako ng mga taong hindi sumasampalataya ay nakikita ko na ang kanilang katawan ay puno ng masasamang espirito. Sa mga grupo ng masasamang espirito, ang nag-aakay sa mga kaluluwa patungo sa impyerno ay ang may kagagawan ng kawalan ng pananampalataya. Sila ang nagdudulot ng espirituwal na kabulagan sa Salita ng Diyos. Sila rin ang gumagawa ng paraan upang mamatay ang mga tao sa aksidente upang hilahin sila patungo sa impyerno. Nasasaksihan rin ito ng ibang mananampalataya na bukas ang espirituwal na paningin na tulad ko.

MARSO 25, 2005 (BYERNES)

“At nang siya’y kanilang dalhin ay kanilang pinigil ang isang Simong taga Cirene, na nanggaling sa bukid, at ipinasan sa kanya ang krus, upang dalhin sa likuran ni Hesus.” Lucas 23:26

KIM, JOSEPH: Ngayong gabi ay inaalala namin ang paghihirap ng ating Panginoong Hesus. Pinasan ni Hesus ang krus at naglakad Siya patungong Golgota. Namatay Siya sa krus at ibinuhos Niya ang Kanyang dugo para sa atin. Habang inaala-ala namin si Hesus sa krus, ang mga myembro ng kongregasyon ay nakinig sa pangangaral ng Salita.

ANG TAGPO NG PAGHIHIRAP NI HESUS AT ANG PAGESASADULA

Nangaral ang pastor patungkol kay Simong taga Cirene na nanggaling sa bukid at kung paano niya pinasan ang krus ni Hesus. Sa gitna ng sermon, habang nagsasalita ang pastor ay may nakita akong pangitain. May nakita akong maraming tao at may narinig akong malalakas na boses. Nakita ko si Hesus na nakatayo sa gitna ng maraming tao at Siya ay nakasuot ng koronang tinik. Labis ang pagdurugo ng katawan ng Panginoon.

Nakita ko sa aking harapan ang malinaw na tanawin na parang nanonood ako ng pelikula. Napansin ko na nakatayo ako sa gitna ng maraming tao. Nakatingin sa akin ang Panginoon at nagkatagpo ang aming mga mata. Ilang araw ang nakararaan, bago magsimula ang lingo ng pag-aala-ala sa paghihirap ng Panginoon, ay itinuon ko ang aking saril sa panalangin. Nanalangin ako na maging si Simon at pasanin ang krus. Nagdasal ako na maranasan ang bigat at sakit ng pagpasan ng krus.

Binugbog si Hesus at malalim ang mga sugat sa Kanyang katawan. Labis ang Kanyang pagdurugo. Tumutulo ang dugo sa lupa. Tumakbo ako at sumigaw sa mga tao, **“Bakit niyo ito ginagawa? Pakiusap, huwag niyong saktan si Hesus. Itigil niyo ito.”**

Nagpatuloy ako sa pagsigaw upang pigilan ang mga taong nambubugbog kay Hesus. Ngunit wala silang pakialam; pinagpatuloy nila ang pambubugbog kay Hesus at nasisiyahan sila sa kanilang ginagawa.

Ang mas malala ay nang duraan ng mga tao si Hesus habang tinutuya nila ito. Dinuraan nila ng nakakadiri at malagkit na plema ang Panginoon. Ang mukha at buhok ni Hesus ay napahiran ng dura at plema. Nang lumapit ako kay Hesus ay sinubukan kong suportahan Siya. Hinawakan Niya ako ng Kanyang duguang kamay. Tiningnan Niya ako at sinabi Niya, **“O ikaw pala iyan Joseph! Nagdurusa Ako. Tinutuya Ako at sinasalakay ng mga tao. Ito ay para sa iyo! Sumunod ka sa Akin at manatili ka na sa Akin lang nakatingin.”**

Tumayo si Hesus, pinasan ang krus at sinabi Niya, **“Mga santo sa Simbahan ng Panginoon, sumunod kayo sa Akin! Ngayon ay sumunod kayo sa Akin!”** Nang magutos si Hesus ay itinigil ng pastor ang kanyang pangangaral at bumaba sa altar. Pumila kami sa isang linya. Habang pasan ni Hesus ang Kanyang krus ay naglakad Siya sa unahan ng pila at idiniklara Niya, **“Simbahan ng Panginoon, Aking kawan! Magpokus kayo sa Akin. Manatili kayo na nakatingin sa Akin habang sumusunod kayo sa Akin. Kapag nakita niyo ako na natumba, ay dapat kayong magsisi sa lugar kung saan Ako natumba. Muli Kong inulit ang tanawin para sa inyo.”** Matapos Niyang sabihin iyon, ay naglakad na Siya sa unahan na pasan ang krus.

Ang Panginoon ay naglakad sa pagitan ng mga upuan sa simbahan at paikot sa loob ng simbahan. Sa pamamagitan ng aking espirituwal na paningin ay malinaw kong nakikita ang tanawin. Sinundan ko si Hesus at ang pastor naman ay nakasunod sa akin. Sina Ginang Kang, Hyun-ja, Sister Baek, Bong-nyo at Dyakonesa Shin ay nakasunod sa amin. Sinundan namin si Hesus. Lahat kami ay luhaan. Habang pasan ni Hesus ang krus ay maraming beses Siyang nadapa dahil sa bigat ng krus at dahil sa pambubugbog. Nasaksihan ng mga myembro na bukas ang espirituwal na paningin ang buong pangyayari ng paghihirap ng Panginoon habang sinusundan namin Siya.

NADAPA NG 14 NA BESES

Naglakad ang Panginoon at natumba. Lumuhod kami at nagsisi sa lugar kung saan natumba si Hesus. Matagal kaming nagsisi. Tiniis ng Panginoon ang hirap at Siya ay tumayo. Muli ay pinasan Niya ang krus at naglakad. Nagpasuray-suray ang Panginoon sa paglalakad. Paisa-isang hakbang ang Kanyang paglalakad. Hindi ko kayang dalhin ang sakit sa aking puso habang pinagmamasdan ko si Hesus. Umiyak ako ng umiyak.

Nagsisi ako ng taos. Nagsisi rin ng taos ang lahat ng myembro ng simbahan.

Patuloy na natumba at bumangon ang Panginoon sa Kanyang paglalakad patungong Golgota. Ilang hakbang lang ang nakakaya Niyang gawin at Siya ay muli na namang natutumba. Sa tuwing nadadapa ang Panginoon ay hinahagupit Siya ng Romanong sundalo nang walang awa. Dumaing sa sakit ang Panginoon at ang Kanyang dugo ay tumilamsik mula sa Kanyang katawan. Kitang-kita ang dugong tumulo sa lupa.

Nagkakagulo ang mga masasamang tao. Sumakit ang aking tainga sa ingay. Tila nasisiyahan ang mga tao sa paghihirap ni Hesus. Sa pisikal na paningin ay makikita na ang mga myembro ng simbahan ay naglalakad ng paikot sa loob ng simbahan. Ngunit sa espirituwal na paningin ay nasasaksihan namin ang Panginoon na hinahagupit at pinahihirapan.

Sumabog na ang aking pasensya. Hindi ko na kaya pang manood nang tahimik. **“Hoy! Masasamang tao! Huwag niyong gawin iyan! Bakit nyo pinahihirapan ang Panginoon? Bakit?”** Naglaho ang aking tinig dahil sa ingay ng maraming tao. Habang pinapanood namin ang Panginoon ay nadapa Siya ng 14 na beses. Nagsisi kami ng luhaan sa mga lugar kung saan Siya nadapa. Madaling lumipas ang oras—3 o 4 na oras na ang lumipas.

Dumaing ang Panginoon. Sa oras na ito ay parang hindi na kayang tumayo pa ng Panginoon. Sumigaw ako ng malakas, **“Pastor, sister, brother! Parang hindi na kayang tumayo ni Hesus. Anong gagawin ko?”**

PINASAN NI JOSEPH ANG KRUS NI HESUS

Napuno ng awa ang aking puso nang makita kong nadapa ang Panginoon. Nais kong tulungan Siya. Tinuro ako ng isang Romanong sundalo, **“Hoy! Ikaw! Pumarito ka!”** Natakot ako nang sumigaw ang sundalo. Nagulat ako. Akala ko ay titigil sa pagtibok ang aking puso. Naisip ko na isa lang itong pangitain. Hindi ito ang totoong sitwasyon. Nag-alinlangan ako at nagpasya na huwag sundin ang utos ng sundalo. At pagkatapos ay inilabas ng sundalo ang kanyang espada at lumapit patungo sa akin. Nagmatigas ako at nagsisipa. **“Ah! Anong ginagawa mo?”** Itinutok ng sundalo ang espada sa aking leeg at tinakot niya ako. **“Pasanin mo ang krus ngayon din! Kung hindi ay pupugutan kita! Pasanin mo na!”**

Naisip ko, **“Paanong nangyari ito?”** Naguluhan ako at natakot. Ipinaliwanag ko ang nangyayari sa aking amang pastor. Sinabi ng Pastor na sundin ko ang utos ni Hesus.

Ang sermon ngayong gabi ay patungkol kay Simong taga Cirene na nagpasan ng krus para kay Hesus. Katulad ni Simon ay kailangan kong pasanin ang krus at sumunod kay Hesus. Nanganganib na mapugutan ako ng ulo kung magkakamali ako. Nagdasal ako para sa pagkakataon na pasanin ang krus ni Hesus na katulad ng ginawa ni Simon. Hindi ko inaakala na magkakatotoo ito, kahit sa aking panaginip.

Hindi ko inaasahan na kaagad na matutupad ang aking panalangin. Nagulat ako at hindi ko alam ang aking magiging reaksyon. Hindi ko kaagad na pinasan ang krus. Ngunit ang sitwasyong ito ay hindi ko maiiwasan; kailangan kong pasanin ang krus para kay Hesus. Napakabigat ng krus. Mula sa malayo ang natanaw ko ang Golgota. Medyo malayo pa iyon.

Namaga ang aking kanang balikat habang pasan ang krus. Hindi ko alam ang aking gagawin. Hindi ko alam na ganoon pala kabigat ang krus. Kailangan ng lakas sa

pagbubuhat ng krus. Nang mapagtanto ko ito ay umiyak ako at nagsisi. Napakasakit na magpasan ng krus.

Sa gabi ding iyon, pagkatapos ng aming panalangin, ay tiningnan ko ang aking balikat nang ako ay makauwi na ng bahay. Namaga at namula ang aking kanang balikat. Sumakit ang aking katawan. Halos hindi na ako makapasok sa paaralan dahil sa aking pagkakasakit. Sa umaga ay nilalagyan ng aking ina ng pampahid upang mawala ang sakit ng aking balikat at upang mawala ang pamamaga. Gayon pa man ay masakit pa rin at hindi nawala. Ilang araw rin na tumagal ang sakit at pamamaga.

Habang nagdadasal ako ay lumapit si Hesus at sinabi Niya, **“Minamahal kong Joseph! Pinasan Ko ang krus at napakahirap niyon. Para sa inyong lahat ay ibinuhos Ko ang dugo at tubig at namatay Ako sa krus. Kaya naman, Joseph, kapag nakararanas ka ng mahihirap na sitwasyon ay palagi mo Akong aalalahanin. Huwag mong kakalimutan! Kapag naalala mo, kahit gaano pa kahirap ang iyong pinagdaraan ay makakayanan mo iyon. Nauunawaan mo ba?”**

“Opo! Panginoon! Salamat po! Isa pong karangalan na magpasan ng krus. Salamat po dahil binigyan Mo ako ng pagkakataon na pasanin iyon.” Marahang hinawakan ng Panginoon ang aking namamagang balikat at sinabi Niya, **“Ikaw ay magiging Aking tagapaglingkod sa hinaharap at gagamitin kita sa buong mundo. Makakatanggap ka ng malaking kapangyarihan. Kaya naman ay magpakumbaba ka at kaagad na sumunod hanggang sa huli.”**

ANG PINAKAMABABANG PAMAYANAN SA LANGIT

Kim, Joo-eun: Hiniling sa akin ng aking ina na hanapin ang lugar sa langit kung saan nakatira ang kanyang lola sa ama at lola sa ina. Aalamin ko sa pamamagitan ng pagtanong sa Panginoon. Ang mga lola ng aking ina ay tumanggap sa Panginoon bilang kanilang Tagapagligtas at Hari bago sila mamatay. Kaya naman ay nasa langit sila. Wala silang nagawang marami para sa Panginoon kaya naman ay nakatira sila sa bandang labas at dulo ng langit. Ang lugar kung saan sila nakatira ay may mga bahay na tulad ng sa mga subdibisyon. May isang palapag lang at pare-parehas ang mga bahay.

Sinabi ni Hesus na nagtayo Siya ng isang palapag na bahay para sa lola matapos Niyang makita na nag-ebanghelyo ito sa mga tao sa parke sa loob ng ilang araw. Nangyari iyon bago siya mamatay. Bumisita ako sa langit at pumunta sa lugar kung saan nakatira ang matatanda upang tingnan ko mismo sa personal.

Sa langit, ang pinakamasayang karanasan ay ang maramdaman ang pagmamahal ng Panginoon. Sa langit, ay hindi natatanggap ng mga lola ang kompletong kabuuan ng Diyos, ngunit masaya sila dahil nasa langit sila. Bahagi ng ating gantimpala ang matanggap ang kabuuan ng pagmamahal ng Panginoon. Muntik nang mapunta sa impyerno ang mga lola at ang kanilang mga huling sandali ang nakapagpabago doon. Bata silang tingnan sa langit at napakaganda nila.

Sa kasalukuyan, ang usapin sa langit ay patungkol sa Simbahan ng Panginoon (Lord's Church). Ang usapin ay kumalat sa lahat ng lugar. Nang dumating ako sa langit upang bisitahin ang mga lola ng aking ina, ang mga kapitbahay ng aking mga lola ay nagsilapitan at inobserbahan ako.

Pakiramdam ko ay isa akong superstar. Napakasaya ko. Hindi ko alam ang aking gagawin. **“Mga santang lola! Nakikilala niyo po ba kung sino ako?”** Sumagot sila, **“Oo naman, kilala ka namin. Walang santo sa langit ang hindi nakakakilala sa mga santo ng Simbahan ng Panginoon. Araw-araw na inihahayag ni Hesus ang tungkol sa Simbahan ng Panginoon. Araw-araw naming naririnig ang balita patungkol sa inyo. Labis na nalulugod si Hesus. Ang gawain sa Simbahan ng Panginoon ay kakaiba. Ipinagmamalaki ng Panginoon kung paano tumatakbo ng masaya ang inyong serbisyo. Ngunit pakiusap, itigil mo na ang pagtawag sa amin ng lola. Tawagin mo nalang kaming santa. Isang karangalan na binisita mo kami.”** Mapagkumbaba sila.

Tinanong ko, **“Kilala mo po ang aking ina di ba? Si Santa Kang, Hyun-ja? Hiniling niya sa akin na puntahan ko kayo kung bibisita ako sa langit. Mga santa, dalawang taon na ang nakalipas nang kayo ay mamatay. Palagi po ba kayong binibisita ni Hesus?”** Sumagot sila, **“Madalas ay nakikita namin si Hesus sa malayo. Ang totoo niyan ay hindi pa kami dito binisita ni Hesus ng personal.”** Tinanong ko kung bakit at sinabi nila na iyon ay dahil hindi nila ginawa ang gawain ng Panginoon sa lupa. Ang totoo niyan ay muntik na silang hindi makapasok sa langit. Iyon ay dahil tinanggap nila ang Panginoon bilang Tagapagligtas at Hari bago sila mamatay. Kaya naman ay hindi sila nakatanggap ng espesyal na atensyon at pagmamahal mula sa Panginoon. Sinabi nila na sila ay mga pangkaraniwang mamamayan sa langit.

Sinabi nila, **“Gawin mo ang lahat mong makakaya para sa gawain ng Panginoon. Ang inyong tahanan at gantimpala ay malaki at nakabatay iyon sa gawain niyo para sa Kanya. Santa Joo-eun! Gawin mo ang gawain ng Panginoon sa abot ng iyong makakaya. Nakatanggap ng mas maraming pagmamahal mula kay Hesus ang mga taong may matataas na bahay. Kapag mas mataas ang bahay, ay mas maraming pagmamahal ang kanilang matatanggap. Ikaw at ang Simbahan ng Panginoon ay pinagpala.”** Mahina ang kanilang pagsalita. Sinabi rin nila na ang langit ay isang napakagandang lugar. Nang tanungin ko kung anong nangyari sa kanila sa lupa ay sinasabi nila na ayaw nilang pag-usapan o isipin ang tungkol doon. Nausyoso ako.

“Lola santa! “Nais niyo po ba na hilingin ko kay Hesus na bumisita palagi dito?” Nang tanungin ko iyon ay napatalon sila sa tuwa. **“Ano? Talaga! Maganda iyan! Wala na kaming ibang mahihiling pa.”** Tinanong ko si Hesus, **“Mahal kong Hesus, maaari Mo po bang bisitahin ang tahanan ng aking mga lola?”** Tahimik ang Panginoon. Inulit ko iyon at patuloy akong nakiusap. Sumagot Siya at sinabi Niya na gagawin Niya iyon. Napakasaya ng aking mga lola. Magalang silang yumuko kay Hesus.

Sinabi ko kay Hesus, **“Panginoon, tatanungin ko po ang aking mga lola kung binisita mo sila o hindi.”** Tumawa ang Panginoon at sinabi Niya, **“Oo sige. Parehas kayo ng**

iyong ina sa pagkamapilit.” Sumagot ako, “Tama Panginoon! Tinuruan po ako ng aking ina at binigyan niya ako ng lihim na misyon na humingi sa Iyo ng espesyal na pabor.” Tumawa kami ng malakas ng Panginoon.

Ang ibang mga kaluluwa na kabitbahay ng aking mga lola ay lumapit at nakita nila na binisita ng Panginoon ang aking mga lola. Nainggit sila sa pagbisita. Masaya kong sinabi sa aking mga lola, “Mga santa! Hihilingin ko sa Panginoon na bisitahin kayo ng mas madalas!” Tumalon sila sa tuwa nang marinig nila ang aking sinabi.

ABRIL 10, 2005

“Ang lahat ng mga bagay ay ibinigay sa Akin ng Aking Ama: at sinoma’y hindi nakakakilala sa Anak kundi ang Ama; at sinoma’y hindi nakakakilala sa Ama, kundi ang Anak, at yaong ibiging pagpapahayagan ng Anak.” Mateo 11:27

ANG PAGLANGOY SA MALA-KRISTAL NA DAGAT

Kim, Joo-eun: Tinawag ako ni Hesus sa aking palayaw. “Pekas, gusto mo bang pumunta sa langit?” Kaagad akong sumagot, “Opo, Hesus.” Hinawakan ko ang kamay ng Panginoon at nakarating kami sa tarangkahan sa langit. Binuksan ng mga anghel ang tarangkahan nang makita nilang papalapit kami. Dinala ako ng Panginoon sa mala-kristal na karagatan. Ngayon ay nasasaksihan ko na ang aking naririnig sa ibang tao. Nagkaroon ako ng pagkakataong makita ang mala-kristal nakaragatan sa personal. Ang karagatan ay kumikinang na parang hiyas. Napansin ko si Sister Yoo-kyung na dumating ng mas maaga. Lumalangoy siya sa dagat. Masaya sila ni Yeh Jee. Si Yeh Jee ay anak na babae ni Dyakonesa Shin. Nagustuhan ko ang tubig ngunit hindi ako marunong lumangoy.

Sa una ay natakot ako sa mala-kristal na dagat. Napansin iyon ng Panginoon at sinabi Niya, “Pekas! Huwag kang matakot. Tingnan mo si Yeh Jee at si Yoo-kyung. Mahusay silang lumalangoy di ba? Huwag ka nang mag-alala. Gusto mo bang lumangoy kasama Ko?” Hinawakan ni Hesus ang aking kamay at inakay Niya ako sa dagat. Nang hawakan ng Panginoon ang aking kamay ay nawala ang aking takot.

Lumakas ang aking loob nang turuan ako ng Panginoon kung paano lumangoy. Paunti-unti ay natuto ako. Iniunat ko at itinulak ang aking kaliwang braso at ang kanang braso sa paglangoy. Hinawakan ng Panginoon ang aking mga kamay. Kumapit ako ng mahigpit sa Kanyang kamay at ikinampay ko ang aking mga paa. Naglaro ako at tumilamsik ang tubig nang ikampay ko ang aking mga paa ng mabilis. Pinuri ako ng Panginoon, “Mahusay ang iyong ginagawa! Mahusay!” Habang lumalangoy ako kasama ang Panginoon ay sumulyap sina Yeh Jee at Sister Yoo-kyung sa akin. Tumawa sila. Sumigaw si Yoo-kyung, “Joo-eun! Medyo nahuli ka. Ngunit ayos lang iyan. Huwag kang matakot. Ipagpatuloy mo lang iyan!” Sumigaw rin si Yeh Jee, “Ate Joo-eun! Ako po ito si Yeh Jee.”

Napakaganda ni Yeh Jee habang lumalangoy. Palagi siyang nakasuot ng kumikinang na hair band. Noong nasa lupa pa siya ay malala ang kanyang sakit. Napuno ng tubig ang kanyang tiyan at maputla ang kanyang mukha. Nalagas ang lahat niyang buhok dahil sa chemotherapy. Palagi siyang malungkot. Gayon pa man ay napakaganda ni Yeh Jee sa langit. Mas maganda kaysa sa kahit sinong prinsesa sa mga aklat.

Napakalinis ng mala-kristal na karagatan at nagliliwanag iyon. Talagang kahanga-hanga. May napansin akong kakaibang bagay. Sa ilalim ng karagatan ay may sahig na hugis heksagon. Ang bawat heksagon ay may mukha ng myembro ng Simbahan ng Panginoon (Lord's Church). Ang mga mukha ay nakaukit sa loob ng heksagon. Ang aming nakakatawang ekspresyon ng mukha ang nakaukit sa heksagon. Parang totoo iyon, totoong larawan. Nagulat ako sa aking nakita. Tinanong ko ang Panginoon.

“Hesus, bakit po nakaukit ang mga mukha ng mga myembro ng simbahan sa ilalim ng karagatan?” Sumagot ang Panginoon, **“Iniukit Ko iyon doon. Pinapasaya Ako ng mga myembro ng Simbahan ng Panginoon (Lord's Church). Ginawa Ko iyon noong ako ay natuwa. Anong pakiramdam mo? Masaya ka ba?”** Sumagot ako ng malakas, **“Opo! Panginoon!”**

Abala ako sa paglalangoy kasama ang Panginoon. Hindi ko pa ito naranasan sa aking buhay. Si Sister Yoo-kyung ay araw-araw na bumibisita sa langit at kapag nakabalik na siya ay ipinagmamalaki niya na lumangoy siya sa mala-kristal na karagatan. Ipinagmamayabang niya iyon at ako naman ay naiingit sa kanya. Ngayon ay natupad na ang aking kahilingan. Nauunawaan ko na ang kanyang inilalarawan sa amin. Masaya sa pakiramdam na makalaro sa karagatan. Ang totoo niyan ay nakausap ko ang ibat-ibang uri ng isda. Hindi ko makakalimutan iyon lalo na ang pakikipag-usap ko sa mga isda.

ALKOHOL AT SIGARILYO

Kim, Joseph: Dahil bukas ang aking espirituwal na paningin ay nasusurpresa ako sa espirituwal na kalagayan ng ibang tao. Nakikita ko ang kanilang espirituwal na kalagayan sa kahit anong oras. Nakikita ko iyon kapag nakasalubong ko sila o kapag nakakausap ko sila. Hindi mahalaga kung bukas man o nakasara ang aking pisikal na paningin. Ipinapakita sa akin ng Panginoon ang espirituwal na aspeto ng mga tao.

Tinuruan rin ako ng Panginoon kung kailan dapat magsalita o kailan dapat manahimik. Kapag hindi ko napapansin na nagsasalita nap ala ako ng malaya ay sinasaway ako ng Panginoon. Kailangang hingin ko ang pahintulot ng Panginoon kahit sa maliliit na bagay. Mahirap iyon at nakakapagod. Gayon pa man, ay hindi ako pinigilan ng Panginoon na makisalamuha sa mga batang kaedad ko.

Sinabi ng Panginoon na maaari akong makisalamuha at magsaya kasama sila ngunit dapat akong maging maingat sa kanilang mapanlokong espirito. Bandang tanghali, habang papunta ako sa simbahan, ay may nadaanan akong isang bar. Ang mga tao ay umiinom ng alak. Nagsasaya sila. Pakiramdam ko ay masusuka ako sa amoy ng alak at sigarilyo. Dumaan ako at pinigilan kong huminga. Gayon pa man ay nagpasya akong

bumalik doon upang obserbahan ang mga lasing na tao. Gusto kong malaman gamit ang aking espirituwal na paningin kung ano ang laman ng bote ng alak at upang panoorin ang nangyayari.

Hawak ng mga lasing na tao ang malaking baso ng beer. Nagulat ako sa nakita ko. Hindi ako sigurado sa aking nakita kaya tiningnan ko ng dalawang beses at ibinukas kong mabuti ang aking mga mata. Sa baso ng beer ay may nakita akong kikiwal-kiwal na mga ahas. Katulad iyon ng haring kobra. Ang maliliit na baso ng alak ay puno ng maliliit na ahas. Nakakasuyang panoorin. Hindi ko na kaya pang manood.

Walang pakialam ang mga tao kundi uminom pa ng marami. Ang totoo niyan ay tila nagpapaligsahan sila sa isat-isa kung sino ang kayang uminom ng mas marami at sino ang mas mabilis. Nang uminom sila ay nagsalita ang mga ahas at sinabi, **“Ah! Masarap sa pakiramdam!”** Iginaw ng mga ahas ang kanilang mga buntot at pumasok sila sa lalamunan ng mga tao. Dumating si Hesus sa aking tabi at sinabi Niya, **“Joseph! Manood kang mabuti at tandaan mo itong mabuti. At pagkatapos ay sabihin mo kay Pastor Kim na isulat ito sa aklat.”** Nagsaya sila at sumigaw habang umiinom.

At saka, nang kunin nila ang sigarilyo at nang sindihan nila iyon, ay nilanghap nila at ibinuga ang usok. May maitim na usok na lumabas sa kanilang mga ilong at bibig. Sa isang iglap, ang usok ay nagbagong anyo at naging haring kobra. Lumabas ang ahas sa ilong at bibig ng mga naninigarilyo at pumapasok muli kapag nilalanghap nila ang usok.

Ang kakaiba, nang muling pumasok ang mga ahas sa katawan ng mga naninigarilyo, ay mas naging kasuklam-suklam ang kanilang anyo kaysa noong una silang lumabas sa ilong at bibig ng taong naninigarilyo. May masamang ekspresyon ang mga ahas nang sila ay muling pumasok sa katawan ng tao. Mas dumami ang bilang ng mga naninigarilyo. Ang mga tao ay talagang umiinom at naninigarilyo ng ahas. Ang pagtitipon ay pagtitipon ng mga ahas. Sumama ang aking pakiramdam nang masaksihan ko ang pangyayaring iyon. Nagpasya akong lisanin ang lugar.

Sa tuwing nakakakita ako ng lasing na tao na naglalakad ng pasuray-suray ay nakakakita ako ng ibat-ibang uri ng malalaki at maliliit na ahas na nakapulupot sa kanyang katawan. Ang mga mata ng lasing na tao ay nababalutan ng ahas na nakapulupot. Mayroon ring ahas sa tuktok ng lasing na tao at sumulyap iyon sa akin ng masama habang sumusutsot.

Sa pisikal na paningin ay nakikita natin ang usok mula sa sigarilyo na kumakalat sa hangin at nawawala. Ngunit ang totoo, ang usok ay nagiging ahas na nagmumula sa katawan ng naninigarilyo at pagkatapos ay muling pumapasok sa kanilang katawan. Kapag pumasok na sila sa katawan ay hindi na sila lumalabas. At saka, ang mga ahas ay nangingitlog sa loob ng katawan kaya naman mas dumadami ang mga ahas sa loob. Sa loob ng ilang oras ay may kulupon na ng mga ahas ang nakatira sa katawan ng taong naninigarilyo.

Ang akala ko ay makikita ko lang ang mga ahas na demonyo sa labas ng aming simbahan. Ngunit may mga ibang Kristiyano sa South Korea na bumisita sa aming simbahan upang magdasal at sila ay sumisigaw. Sumisigaw sila at natutumba sa sahig at sumusutsot sila na parang ahas kapag lumapit ang pastor upang ipagdasal sila. Maraming beses kong nasasaksihan ang ganoong pangyayari hanggang sa ngayon.

Kapag nagsalita ang lasing o ang naninigarilyo, ay naririnig ko silang magsalita kahit nagsasalita sila na baluktot ang dila. Baluktot ang kanilang mga salita. Sa pamamagitan ng aking espirituwal na paningin ay nakikita ko ang mga ahas na nagsasalita para sa kanila. Kapag sumuka ang lasing ay nakikita ko ang mga ahas sa kanyang suka. Sa mga tindahan na nagtitinda ng ibat-ibang uri ng alak ay nakikita ko ang mga kulupon ng ahas na lumalangoy at sumasayaw sa bote. Palagi kong nakikita iyon.

PALAGING INAATAKE NG MASASAMANG ESPIRITO SI PASTOR KIM

PASTOR KIM, YONG-DOO: Matagal na rin nang ako ay magsimulang magsulat ng aklat upang ibunyag ang totoong anyo ng dyablo. Hindi ko alam kung bakit napakabagal ng aking progreso. Ngunit alam ko na prinoprotektahan ako ni Hesus at ng Espirito Santo. Sa kabila ng Kanilang proteksyon, ay patuloy pa rin na naghahanap ng pagkakataong lumusob ang pwersa ng kasamaan. Kapag nanghihina ako o malayo ang iniisip ay inaatake ako ng walang awa. Sinasaksak ako ng matatalim na bagay ng pwersa ng kasamaan.

Kung wala ang Espirito Santo sa akin ay hindi ko makokompleto ang mga aklat. At saka mahirap rin na magsulat nang wala ang Kanyang pag-gabay. Paminsan-minsan ay hinahayaan ng Panginoon ang masasamang espirito na lusubin ako bilang pagsubok upang payamanin at palakasin ang aking pananampalataya. Ang tamang dami ng mga pagsubok ay nagresulta sa maraming espirituwal na benepisyo.

Halimbawa, isang araw, nagdadasal ako at nagsusulat ng sabay. Malalim ang aking konsentrasyon nang ako ay saksakin ng masamang espirito sa aking kanang kamay. Mabilis ang pangyayari at wala akong pagkakataong lumaban. Ilang oras ring tumagal ang sakit. At saka may dugong tumulo sa bahaging sinaksak. Alam ko na ang mga taong hindi pa nakararanas o nakakakita ng ganitong pangyayari ay mahihirapang maniwala.

Tinanong ko ang Panginoon, **“Panginoon! Paano nila ako nagagawang saktan kung prinoprotektahan Mo ako?”** Natahimik ang Panginoon. Pagkatapos ng mahabang katahimikan ay sinagot Niya ako. **“Ang paglusob na iyan ay para sa kapakinabangan ng Kaharian at ikaw ay makakatanggap ng gantimpala. Hindi mo maisusulat ang ibat-ibang pag-atake ng masasamang espirito kung hindi mo iyon mararanasan.”** Hinaplos ng Panginoon ang bahagi na masakit. Sa tuwing nagsusulat ako ng aklat ay nagpapakita ang Panginoon. Kinakausap rin Niya ako. Ginagawa din Niya iyon sa mga espesyal na okasyon. Sinabi rin sa akin ng Panginoon na nagkasala ako sa pagbunyag ng lihim na impormasyon noon. Kaya naman ay maraming bagay pa akong dapat matutunan. Kahit sa pisikal na paningin ay nakikita ko ang mga ginagawa ng

masasamang espirito. Sa tuwing inaatake ako ng masasamang espirito ay gumagamit sila ng mala-gerilyang taktika. Mabilis silang dumadaan sa akin at sa kanilang pagdaan ay sinasaksak nila ako sa aking katawan. Kung nasa malayo naman sila ay binabato nila ako. Palagi akong nasasaktan at nahihirapan sa mga nakamamatay na pag-atake ng masasamang espirito. Sumisigaw ako at natutumba sa sahig dahil sa labis na sakit.

KABANATA 5: ANG PAGBISITA SA LANGIT NG GRUPOHAN KASAMA ANG PANGINOON.

ABRIL 15, 2005

“Kaya nga, mga minamahal, yamang nalalaman na ninyo nang una ang mga bagay na ito, ay magsipag-ingat kayo, baka kung mangaligaw kayo sa pamamagitan ng kamalian ng masasama, ay mangahulog kayo sa inyong sariling katiyagaan. 18 Datapuwat magsilago kayo sa biyaya at sa pagkakilala sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesu Kristo. Sumakaniya nawa ang kaluwalhatian ngayon at magpakailanman. Siya nawa.” 2 Pedro 3:17-18

KIM, JOSEPH: Nang makauwi ako ng bahay mula sa paaralan ay narinig ko na nagtatalo ang aking ama at ina sa bagay na para sa akin ay maliit. Nakinig akong mabuti mula sa katabing silid. Ang kanilang pinagtatalunan ay patungkol sa pagbabago ng oras ng serbisyo/gawain. Wala ako sa lugar upang mag-komento ngunit ang pag-aaway sa maliit na bagay ay kahiya-hiya at nalulungkot ako para sa kanila.

Ang mga matatanda ay kakaiba. Maganda ang relasyon ng aking ama at ina ngunit maaaring tumubo ang masamang binhi. Dinidiligan nila ang masamang binhi ng kanilang kawalan ng pasensya at hindi magtatagal ay mag-aaway sila na parang gusto nilang ubusin ang isat-isa. Hindi ko maintindihan. Iniisip ko kung ang ibang mag-asawa sa ministryo ay may ganoon ding problema. Sa una ay nagkokomento sila ng mga negatibong salita at pagkatapos ay hindi na sila sasang-ayon sa isat-isa. Tumaas ang boses nila. Kahit bukas ang kanilang espirituwal na paningin ay hindi pa rin maiiwasan na mag-away sa laman. Ako at ang aking bunsong kapatid na si Joo-eun ay nag-aaway rin minsan.

Tumakbo ako sa aking ina at ama at sumigaw, **“Pakiusap, tumigil na po kayo! Bakit kayo kumikilos na parang mga bata? Pinapanood kayo ni Hesus na nag-aaway; nakatayo Siya sa tabi nyo. Nababagabag ang Panginoon. Kung patuloy kayong mag-aaway ay aalis ako sa bahay na ito ngayon din!”** Halos sumabog na ako sa galit. Ngunit kinindatan ako ng Panginoon bilang tanda na maging mapagpaumanhin. Lumuhod ako sa tabi ng aking kama. Ipinikit ko ang aking mga mata at pinanood naman ako ng aking mga magulang. Inutusan ng Panginoon ang aking ama at ina na lumuhod at magsisi. Masunurin ang aking mga magulang sa Panginoon. Wala silang ibang pagpipiliian kundi sumunod. Sa ekspresyon ng mukha ni Hesus ay hindi Siya nalulugod. May dala Siyang napakahabang poste na umabot hanggang sa himpapawid. Inutusan Niya na dumapa ang aking ama. Nang makadapa na ang aking ama ay pinalo Niya ito sa likod at sa leeg. **“Pastor Kim, magsisi ka! Huwag maging matigas ang iyong ulo. Baguhin mo ang iyong ugali! Huwag mong hayaang sumabog ka sa galit.”**

Sinabi ko, **“Papa! Hinahampas ka ni Hesus. Kailangan mong magsisi.”** Sumigaw ang aking ama, **“Panginoon! Nararapat lang na parusahan ako: paluin Mo pa po ako. Paluin Mo po ako ng mas malakas.”**

Nais ni Hesus na itama ang mga maling asal ng pastor. Ngayon naman ay nilatigo ni Hesus ang pastor ng ginintuang pamalo. Pinalo Niya siya ng sampung beses. Gayon pa man ay hindi nasaktan ang aking ama. Matapos latiguhin ay nagdala ang Panginoon ng malaking patpat at patuloy Niyang pinalo ang likod ng aking ama. Umiyak ang aking ama at sumigaw, **“Panginoon! Patawad po! Pakiusap patawarin Mo po ako! Susubukan kong itama ang aking pamamaraan ngunit napakahirap. Panginoon, nararapat lang na parusahan ako ng labis. Pakiusap, disiplinahin Mo po ako ng mas mahigpit.”**

May nakita akong bagay na kakaiba. Ang aking ina ay nakaluhod rin at nagsisisi. Gayon pa man ay pinagsasabihan lang ni Hesus ang aking ina sa halip na parusahan. Ang aking ama lang ang pinarusahan ng labis ng Panginoon. Bigla akong nausap sa kung anong ginagawa ng anghel na tagapag-bantay ng aking ama. Nakita ko na nanonood lang siya sa pagdidisiplina sa aking ama. Medyo naguguluhan ang anghel habang nakatayo siya sa likod ng Panginoon. Nalungkot ang Amang Diyos sa nangyari ngayong araw. Iniunat Niya ang Kanyang malaking kamay at itinuro ang pastor. Sa malalim at umaalingawngaw na tinig ay sinabi Niya, **“Pastor Kim, may pagkamainitin ang iyong ulo.”** Pinaalalahanan ng Amang Diyos ang aking ama. Dahil nakakatanggap ng espesyal na atensyon ang aming pamilya at ang aming simbahan sa Diyos, ang aming maliit na kasalanan ay sapat na upang mabagabag ang Diyos.

Ibinaon ng aking ama ang kanyang ulo sa kama at umiyak. Umupo si Hesus sa tabi ng aking ama. Ang ulo ng aking ama ay nasa pagitan ng mga tuhod ng Panginoon. Nakiusap ako, **“Hesus! Hesus! Pakiusap, patawarin Mo ang aking ama. Pakiusap itigil Mo na po ang pagpapalo sa kanya. Humihingi po ako ng tawad para sa kanya.”** Itinigil ng Panginoon ang pagpaparusa sa aking ama. Tinapik Niya ang ulo at likod ng aking ama. Nagbago na rin ang tono ng Kanyang boses; naging malumanay at marahan na iyon. **“Pastor Kim, bakit palaging mainit ang iyong ulo?”**

Sa isang tabi ng silid ay may nakatayong mga dyablo na nasa anyong baboy. Nakatayo sila at nanonood sa amin. Tinitigan nila kami at sumigaw sila ng, **“O, bakit mo pinipigilan ang iyong galit? Dapat ay ilabas mo pa ang iyong galit na nararamdaman!”** Sa una ay nabalisa ang Amang Diyos. Ngunit nang mapayapa ang Panginoon ay naging mapayapa na rin ang Amang Diyos at tinapik Niya ang ulo ng pastor gamit ang Kanyang malaking kamay. Winika Niya, **“Huwag ka nang magiging ganoon muli. Pumunta ka sa simbahan at magsisi ka doon sa loob ng maraming oras.”** Ipinatong ni Hesus ang kamay ng aking ina sa kamay ng aking ama at pinagbati Niya sila. Humingi sila ng tawad sa isat-isa.

“Ang malubay na sagot ay nakakapaw ng poot: ngunit ang mabigat na salita ay humihila ng galit.” Kawikaan 15:1

“Ang mainiting tao ay humihila ng pagtatalo: nguni’t siyang makupad sag alit ay pumapayapa ng kaalitan.” Kawikaan 15:18

NATISOD NG KATAWAN NG AHAS

Kim, Joo-eun: Nang obserbahan ko ang pag-aaway ng aking ina at ama gamit ang aking espirituwal na paningin, ay nakita ko ang aming simbahan sa lupa na nasa gitna ng dalawang malaking nilalang na nag-uugoy ng ahas. Ang isang nilalang ay nakahawak sa ulo ng ahas at ang isa naman ay sa buntot. Ang mga myembro ng simbahan ng Panginoon ay tumatalon sa ahas habang pinapaikot ang ahas sa kanila. Ang bawat isang myembro ay tumatalon: ang pagtalon ay sumisimbolo sa pagsubok at sila ay tumatalon nga paulit-ulit. Ang aking ama at ina ay tumatalon sa unahan ng pila. Nang tumalon sila ay natisod sila ng ahas. Nang madapa ang aking mga magulang ay sumigaw at nagsaya ang mga nilalang. **“Ah! Sa wakas ay nadapa si Pastor Kim! Mataas na ang aming kompiyansa. Iugoy pa natin ng mas mabilis! Ngayon na nadapa ang pastor ay madali na rin ang kongregasyon. Isa-isang madadapa ang kongregasyon.”** Iniugoy nila ang ahas ng mas mabilis.

Ngunit nang magsisi ang aking ama at ina ay tumalon sila ng mabilis at nagkaroon ng bagong lakas. Ang totoo niyan ay mas malakas sila at mas mabilis kaysa dati. Papanumbalikin tayo ng Panginoon kung tayo ay magsisisi. At saka, pagkakalooban Niya tayo ng mas malaking kapangyarihan. Pagkatapos ng pangitain ay nagtipon ang aming pamilya at ang Panginoon sa malaking silid tulugan. Tinapik ng Panginoon ang labi ng aking ina at sinabi Niya, **“Aking nobya, Kang, Hyun-Ja! Ang iyong bibig ay isa ring problema.”** Tinapik ng Panginoon ang kanyang labi ng ilan pang ulit. **“Dahil bukas ang iyong espirituwal na paningin, dapat ay magbago ka. Ang personalidad mo na hindi nababago ang problema. Nababagabag ang Aking puso. Magpapahangin muna ako sa langit.”** At pagkatapos ay naglaho na Siya.

ANG DEMONYO NG PAGDADALAGA

Ginang Kang, Hyun-ja: Pagkatapos kong makipagkasundo sa aking asawa, ang aking anak na si Joo-eun naman ang uminit ang ulo. Hindi ko alam ang dahilan kung bakit. Siguro ay may nangyaring hindi maganda sa eskwelahan. Nagmamaktol siya at ayaw magsalita. Hindi ko maintindihan kung bakit madali kaming nagiging emosyonal. **“Joseph, tingnan mo ang iyong kapatid. Tingnan mo kung ano ang nasa loob niya..”** Kaagad namang nagsalita ang pastor, **“Hindi na niya kailangan pang tingnan; may demonyo ng pagdadalaga sa kanyang loob.”** Nag-alinlangan ako, **“Impossible iyan. Sa tingin ko ay walang demonyo ng pagdadalaga. Hindi ako naniniwala.”**

Ngunit sumigaw si Joseph, **“Papa! Pastor! Paano mo nalaman? Tama po kayo! May dyablo ng pagdadalaga sa loob ni Joo-eun. Ang demonyong iyon ang dahilan kung bakit siya nagmamaktol at sinusumpung.”** Nagulat si Joseph sa rebelasyon.

Nang marinig ko ito ay hindi ako makapaniwala. Alam natin na ang pagdadalaga ay normal na yugto ng paglaki. Yugto ito na pinagdadaan ng kabataan. Ito ang yugto

kung kailan ang mga kabataan ay nagiging interesado sa kasalungat na kasarian at ang paghahanap ng kanilang mamahalin. Ang akala ko ay isa itong normal na yugto ng kanilang paglaki. Dyablo ng pagdadalaga? Hindi ko talaga maunawaan.

Tinitigan ni Joseph ang katawan ni Joo-eun. Nang tingnan niya siya ay may nakita siyang batang babae na nakasuot ng puting bestida na siyang salarin ng kanyang pagsusumpong. Ang totoo niyan ay kamukha niya si Joo-eun. Ang demonyo ang dahilan ng pagkairita at ang dahilan kung bakit nagrereklamo siya sa lahat ng bagay. At saka, ang demonyo rin ang dahilan kung bakit siya nagmamaktol, matigas ang ulo, at tumitingin ng masama. Ano man ang kanyang gawin, ay pinasasama ng demonyo ang sitwasyon at binibigyan ng sagabal. Nagdasal kami para kay Joo-eun. Umalis ang masamang espirito at bumalik si Joo-eun sa dating sarili.

ABRIL 16, 2005 (SABADO NG GABI)

“Ang kanilang puso ay nagsisidaing sa Panginoon: Oh kuta ng anak na babae ng Sion, dumaloy ang mga luha na parang ilog araw at gabi; huwag kang magpahinga; huwag maglikat ang itim ng iyog mata. 19 Bumangon ka, humiyaw ka sa gabi, sa pasimula ng mga pagpupuyat; ibuhos mo ag iyong puso na parang tubig sa harap ng mukha ng Panginoon: igawad mo ang iyong mga kamay sa Kanya dahil sa mga buhay ng iyong mga batang anak, na nanglulupaypay sa gutom sa dulo ng lahat na lansangan.” Mga panaghoy 2:18-19

ANG PAGBISITA SA IMPYERNO NG GRUPOHAN

Pastor Kim, Yong-doo: Sinimulan namin ang dalanging pagtipun tipon at hindi iyon plinano. Pumunta ang mga santo sa simbahan at sumali sa pagdadasal. **“Dahil gusto ninyong lahat na mabuksan ang inyong espirituwal na paningin, ay isasama ko kayo sa impyerno ng isang pangkat. Makakaramdam at makakakita ang mga myembro na bukas ang espirituwal na paningin, ngunit ang mga hindi pa bukas ay makakaramdam lang. Ang impyerno ay isang mapanganib na lugar ngunit huwag kayong matakot o mangamba. Sumunod kayo at mag-pokus sa Akin.”** Nasa unahan ang Panginoon, sumunod si Joseph, ako, si Ginang Kang, Hyun-Ja, si Joo-eun, Sister Baek, Bong-nyo, Lee, Yoo-kyung, Haak-sung, Dyakonesa Shin at Lee, kyung-eun na nakapila. Lahat kami ay maingat na sumunod.

Dinaanan namin ang kalawakan at pumasok kami sa madilim na lagusan na papilipit. Nang pumasok kami doon ay inayos ng Panginoon ang aming linya at sinabi Niya na dapat ay walang pagitan sa amin. Sinabihan kami ng Panginoon na hawakan ang kamay ng nasa aming unahan. Sinabi Niya, **“Ang pagdadala ng mga tao sa impyerno ng grupohan ay hindi karaning nangyayari.”** Maingat Niya kaming inakay.

Nang makalampas kami sa lagusan ay may nakita kaming dalawang magkahiwalay na daan. Ang tamang daan na patungo sa langit at ang daan na patungo sa impyerno. Naglakad kami sa daan patungo sa impyerno. Malamig doon. May masamang enerhiya na nagdadala ng lamig sa impyerno. Nakakatakot na pakiramdam.

“Tarangkahan ng Impyerno”. Nang lumapit kami doon ay sinabihan kami ni Hesus na huwag bibitiw sa pagkakahawak sa kamay. Patuloy Niya kaming pinaaalalahanan na humawak ng mahigpit at huwag bibitiw. Kinakabahan ang mga myembro ng simbahan na hindi pa bumisita sa impyerno. Sina Sister Baek, Bong-nyo, Haak-sung, Yoo-kyung at Joo-eun ay nakapunta na sa impyerno at tila panatag na sila sa pagbisita. May kompiyansa na sila sa sitwasyon.

ANG IMPYERNO NA NAKITA NI JOSEPH

Kim, Joseph: Napaka-lapad ng daan patungo sa impyerno. Napakaraming tao ang naglalakad patungo doon. Tila ayaw nilang pumunta ngunit may hindi nakikitang pwersa ang nagtutulak sa kanila upang maglakad patungo sa impyerno. Ang napaka-lapad na daan ay paunti-unting naging makipot. Ang totoo niyan ay mahirap nang makalakad doon dahil sa kakiputan.

Halos wala ng espasyo para lakaran. Kaya naman ang mga tao ay nahulog sa bangin. Maraming tao ang nahulog sa bangin. Sumisigaw sila at unang nahuhulog ang kanilang ulo. Ginagawa nila ang lahat upang hindi mahulog. Ang iba ay kumakapit sa taong nasa unahan o tabi nila habang binabalanse nila ang kanilang sarili. Ngunit lahat sila ay nahulog. Natakot ako habang nanonood at tumaas ang buhok sa aking katawan. Narinig ko ang apoy sa ilalim ng makitid na daan. Tumataas ang apoy hanggang sa gilid ng makitid na daan. Nakakasuya ang mabahong amoy mula sa nasusunog na laman. Sa loob ng nagbabagang apoy ay narinig ko ang mga taong sumisigaw. **“Iligtas mo ako! Mainit! Napaka-init!”** Umalingawngaw sa aming tainga ang kanilang pag-iyak at paghingi ng tulong. Binalot ng apoy ang makitid na daan at natakot kami. Hindi na namin magawang maglakad pa. May narinig kaming bombang sumabog ngunit nasaksihan namin na iyon pala ay bulkan na sumabog. May nakita akong napakaraming hubad na tao na tumatalon-talon sa loob ng nagbabagang apoy. Mahirap ilarawan ang sakit na kanilang nararanasan. Ang maitim na usok at init ay pumaitaas hanggang sa aming mga katawan. Nagdilim ang paligid at hindi na namin nagawang maglakad. Patuloy kaming pinaaalalahanan ng Panginoon na mag-ingat. Habang dahan-dahan Niya kaming ginagabayan ay ipinaliwanag Niya ang nangyayari. At sa ibang pagkakataon ay hinahayaan Niya kaming maranasan ang lugar sa halip na bigyan kami ng paliwanag.

ANG LUGAR SA IMPYERNO NA MAY MARAMING UOD

Habang naglalakad kami ng maingat ay may biglang sumigaw, **“Ahhh! Ano ito?”** Nakikita ng mga myembro na bukas ang espirituwal na paningin ang lahat samantalang ang mga myembro na hindi pa bukas ang paningin ay nakararamdam lang. Dumadaan kami sa lugar kung saan mayroong napakaraming uod. May maliliit at malalaking uod. Pumulupot sila sa aming mga paa na parang ahas. Dahan-dahan silang umakyat sa aming katawan. Napakarami ng uod. May mga tumpok ng uod na kasing laki ng bundok. Palagi silang naghahanap ng butas. Kahit maliit ang butas ay pinipilit nilang makapasok. Ang mga uod sa impyerno ay mas nakakatakot tingnan kaysa sa mga ahas. Sumigaw kaming lahat sa takot. Lahat kami ay nakapagkomento o umiyak. **“Pinakanatakot ako sa uod! Ahhhh! Sa lahat ng pinaka-ayaw ko ay ang uod!”** Sa sandaling

iyon ay sumigaw ng malakas ang pastor, “Joseph, kumakati ang pwet ko. Pwede mo bang tingnan?” Tiningnan ko at sinabi ko, “Pastor! May malaking uod ang gumagapang patungo sa butas ng iyong pwet!” Sumagot ang pastor, “Ano? Anong gagawin ko?” Sinabi ko, “Hindi ko po alam. Bakit hindi mo po subukang tanggalin?” Sumagot ang pastor, “Pero wala akong nakikita!”

Ang ibang mga myembro ay nakipaglaban rin sa mga uod habang sinusundan namin ang Panginoon. Sinabi ni Hesus, “Mga santo ng Simbahan ng Panginoon! May Banal na Apoy sa inyong katawan. Kaya sumigaw kayo ng malakas ng Banal na Apoy! Kapag sumigaw kayo ng Banal na Apoy ay masusunog ang mga uod.” Lahat kami ay sumigaw ng, “Banal na Apoy!” Nang sumigaw kami ay naging abo ang mga uod. Patuloy kaming sumigaw ng “Banal na Apoy” habang naglalakad. Lumabas ang Apoy ng Espirito Santo sa aming katawan at nasunog ang mga uod. Ngunit hindi kaagad sumuko ang mga uod at patuloy pa rin sila sa pag-atake sa amin. Wala akong ideya kung saan nanggagaling ang lahat ng mga uod. Hindi ko maintindihan kung bakit patuloy silang lumalapit sa amin. Napagod kami sa kanilang walang humpay na pag-atake. Matapos ang isang oras ay nakaalis na kami sa lugar ng mga uod.

ANG LUGAR SA IMPYERNO NA MARAMING ULALO (WHITE GRUBS) AT UOD (MAGGOTS)

Muli kaming inakay ng Panginoon ng mas malalim. Lahat kami ay kinakabahan. Hindi ko masabi kung gaano kalayo ang aming nilakad. Si Joo-eun ang unang sumigaw. “Ahhhh! Ang lugar na ito ay puno ng puting ulalo at uod! Ah! Nakakadiri! Napakadami nila!” Napagtanto ko na ang mga ulalo at uod ay umabot hanggang sa aming baywang.

Nang mapansin kami ng mga ulalo at uod ay inakala nila na pagkain kami. Nagtipon-tipon sila at dumikit sa amin. Lahat kami ay sumigaw. Tumalon-talon ako at inapakan ko ang mga iyon. Kahit tinatapakan namin sila ay hindi pa rin sila sumusuko. “Napakaraming insekto.” Nakipaglaban kami sa mga insekto ng mahabang oras at sa huli ay sumuko kami dahil napagod na kami. Nang tingnan namin ang isat-isa ay dumikit ang kulupon ng mga uod hanggang sa aming mga ulo.

Kakila-kilabot sa pakiramdam ang pag-gapang ng mga ulalo at uod sa aming katawan. At saka kinakagat rin nila kami habang gumagapang sila papataas. Ang kanilang ngipin ay hugis tooth wheel. Maliit at matalas iyon. Kinagat nila ang aming laman. Kinakamot namin ang aming katawan habang kinakagat nila kami. Hindi namin makayanan ang init ng kanilang kagat.

Napapaurong na ang aking ina dahil sa mga insekto. Sumisigaw ng isteriko ang aking ina, “Ah! Pinaka-iinisan ko sa lahat ang insekto. Ayaw ko sa bulate ngunit pinaka-ayaw ko ang uod! Anong gagawin ko?” Tila sa insekto pinaka-takot ang aking ina. Maraming oras ang aming ginugol sa pag-aalis ng mga ulalo at uod sa aming katawan.

ANG LUGAR SA IMPYERNO NA MARAMING MGA AHAS AT ALUPIHAN

Habang sumisigaw kami at nakikipaglaban sa mga uod ay naglakad naman si Hesus patungo sa ibang lugar. Sinundan namin Siya. Inisip namin kung saan Niya kami dadalhin. Natatakot kami. Ang gilid ng daan ay malalim. Maaaring naglalakad kami sa talampas. Sa ilalim ay may mabangis na apoy na nag-aalab. Napakalaki ng apoy at pakiramdam namin ay maaari kaming lunukin niyon. Nagpatuloy kami sa paglalakad. May biglang pumulupot sa aming mga katawan. Walang awa niyong tinusok ang aking leeg.

Ang lugar na ito ay puno ng mga ahas at alupihan. Kahit saan ay may tumpok ng ibat-ibang uri ng ahas at alupihan. Takot na takot kami at umurong kami ngunit lumalapit pa rin sa amin ang mga ahas at alupihan. Pumulupot sa aming braso, paa at leeg ang mga ahas at alupihan. Halos hindi na makahinga ang isang myembro ng simbahan ng pumulupot ng mahigpit ang ahas sa kanyang leeg. Nakikipaglaban kami sa mga ahas at alupihan. Kinagat nila kami. Napagod kami sa pakikipaglaban. Kahit wala na kaming lakas ay patuloy pa rin kami sa pagsigaw ng **“Banal na Apoy!”** ng paulit-ulit.

INAGAW PAPALAYO NG PANGALAWA SA PINAKA-MATAAS NA RANGGO NG DYABLO SI PASTOR KIM

Nang mapansin ng Panginoon na pagod na kami ay pinalakas Niya ang aming loob. **“Minamahal Kong kawan, magpakatatag kayo.”** Inakay Niya kami sa panibagong lugar. Biglang nagpakita ang pangalawa sa pinakamataas na ranggo ng dyablo at kaagad niyang inagaw ang pastor papalayo. Nagulat kaming lahat. **“Hesus! Hesus! Inagaw po ng dyablo ang pastor papalayo! Magmadali po Kayo at iligtas siya! Wala pong imposible para sa Iyo Panginoon!”** Sinabi Niya, **“Huwag kayong mag-alala. Magmasid muna tayo. Tingnan natin kung anong gagawin ng dyablo...”**

Sumigaw ang dyablo, **“Sa wakas, nakarating ka na rin dito sa impyerno! Alam mo ba kung gaano ako katagal naghintay sa iyo? Gaganti ako para sa mga araw na tinalo mo kami. Ang araw na ito ay ang araw ng aking paghihiganti. Pastor Kim, isa kang problema!”** Hinubad ng dyablo ang kanyang damit.

Nagdala ang dyablo ng matalas na kutsilyo at binalatan niya ang pastor. Takot na takot na sumigaw ang mga myembro na bukas ang espirituwal na paningin. **“Ahhh! Hesus! Bilisan Mo po! Iligtas Mo ang pastor!”**

Tahimik na pinanood ni Hesus ang nangyayari. Hindi alam ng dyablo na naroroon kami. Bumulong-bulong ng masasamang salita ang dyablo habang sinasaksak niya at binabalatan ang pastor. Sumigaw ang pastor, **“Hoy dyablo! Pinoprotektahan ako ng Panginoon at wala akong nararamdamang sakit! Walang saysay ang iyong ginagawang pagpapahirap!”** Naguluhan ako at tinanong ko ang pastor, **“Papa! Pastor! Hindi po kayo nasasaktan?”** Sumagot ang pastor, **“Joseph, nakikiliti lang ako. Ang totoo niyan ay masarap sa pakiramdam mula ulo hanggang paa.”**

Nagpatuloy sa pagsigaw ang aking ama, “Hoy dyablo! Pinagiginhawa mo ang mga bahagi na makakati. Yan lang ba ang kaya mong gawin? Nasa akin ang Diyos Trinidad. Kahit ano pang gawin mo ay hindi ako maaapektuhan. Hahahahaha. Wala akong nararamdamang sakit. Ang totoo niyan ay naginhawaan pa ako.” Tila nasisiyahan ang pastor sa kanyang nararanasan.

Sister Baek, Bong-nyo: Binabalatan ng buhay ng pangalawa sa pinakamataas na ranggo na dyablo ang pastor. Binalatan rin niya ang ulo ng pastor. Nakita ko ang kanyang bungo at buto. Nakakatakot na tanawin iyon. Ngunit nakakatawa rin iyon kaya tumawa ako ng tumawa. Kahit binalatan ng buhay ang pastor ay tumatawa pa rin siya at nakikipagbiruan sa dyablo.

“Hesus! Ano po ang itsura ko? Sister Baek, Bong-nyo! Gwapo ba ako?” Tinanong ko siya, “Ikaw? Ano pong nararamdaman mo pastor?” Sumagot ang pastor, “Nagiginhawaan ang aking pakiramdam. Hindi ako nasasaktan. Ang totoo niyan ay nakikiliti ako.” Tumawa ng malakas ang pastor.

Tumawa si Hesus at sinabi Niya, “Pastor Kim, nagagawa mo pa ring magpatawa kahit sa impyerno.” Pagkatapos ng panalangin ay sinabi ko sa pastor, “Pastor, hindi ako tumingin sa pribado mong bahagi.” Sumagot ang pastor, “Hoy! Huwag mong banggitin iyan!” Nagsitawanan sina Ginang Kang, Hyun-ja at ang iba pa.

ANG SUNDEW MONSTER

Kim, Joseph: Habang pinapahirapan ang pastor ay itinuro ni Hesus ang kabilang bahagi at inutusan Niya kami na tumingin doon. Iyon ay dulo ng bangin. Sa dulo ng bangin ay may mga nakatayong hubad na mga babae at lalaki. Napakaraming tao na nagsisiksikan. Nakatayo sila sa dulo ng bangin at isa-isa silang nahulog. Sumisigaw sila nang sila ay mahulog. Takot na takot sila at humawak sila sa isat-isa. Sinisikap nilang huwag mahulog. Hindi ko na kayang panoorin pa iyon kaya tumalikod ako.

Ipinaliwanag ni Hesus na ang mga taong iyon ay hindi naglingkod sa Diyos ng tama at tapat. Maraming beses silang nangalunya. Sa ilalim ng bangin ay may naghihintay na higanteng kabibe na mas malaki pa sa bundok. Ibinubukas at isinasara niya ang kanyang bibig upang saluhin ang mga taong nahuhulog. Nilunok ng kabibe ang mga taong nahulog. Nakita ko ang matatalas na mga ngipin ng buksan niya ang kanyang bibig. Kapag nahulog ang mga tao ay nadudurog ang kanilang katawan dahil sa matatalas na mga ngipin. Sila ay parang dinurog gamit ang meat tenderizer. Mas nakakatakot ang mga sigaw ng mga tao nang sila ay nasa loob ng bibig ng kabibe kaysa noong nahuhulog palang sila. Naalala ko noon na may napanood akong Venus Flytrap na ang pangalan ay Sundew sa telebisyon. Naghahanap ang halaman ng mga langaw upang kainin. Ang napanood ko sa telebisyon ay tulad ng nasasaksihan ko ngayon.

Natakot ako habang pinapanood ko iyon. Winika ni Hesus, “Mahal Kong kawan mula sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church), anong pakiramdam niyo ngayong nasasaksihan ninyo ang impyerno? Nagpumilit kayo upang bumisita sa impyerno.

Personal Ko kayong sinamahan upang ipakita sa inyo ang impyerno. Mula ngayon ay isasama Ko na kayo ng madalas. Sa buong mundo, ay bihira lang na isama ang isang pangkat sa impyerno. Aalis na tayo ngayon, kaya magtipon kayo at sumunod sa Akin.” Nang matapos ng magsalita si Hesus ay bumalik sa amin ang pastor na normal ang katawan. Sinundan namin ang Panginoon at nilisan namin ang impyerno. Winika ng Panginoon, “Kapag naglakbay ang inyong isipan at inalis ninyo ang inyong tingin sa Akin, ay manganganib kayo. Huwag niyong aalisin ang inyong mga mata sa Akin. Magtipon kayo at sumunod sa Akin.” Naglakad kami ng maingat papalabas sa impyerno.

ABRIL 17, 2005 (LINGGONG GABI)

“Sapagkat mula sa loob, mula sa puso ng mga tao, lumalabas ang masasamang pag-iisip, ang mga pakikiapid, ang mga pagnanakaw, ang mga pagpatay sa kapuwa-tao, ang mga pangangalunya, 22 ang mga kasakiman, ang mga kasamaan, ang pagdaraya, ang kalibugan, ang matang masama, ang kapusungan, ang kapalaluan, ang kamangmangan: 23 ang lahat ng masasamang bagay na ito ay sa loob nagsisipanggaling, at nangakakahawa sa tao.” Marcos 7:21-23

PASTOR KIM, YONG-DOO: Nitong mga nakaraang araw ay madalas akong kinakausap ng Panginoon sa pamamagitan ng panaginip at mga pangitan. **“Pastor Kim! Nagkukulang ka na sa panalangin nitong mga nakaraang araw! Dapat ay manalangin ka ng mas matagal at mas taimtim.”** Hindi kami hinahayaan ng Panginoon na magkulang sa panalangin. Kahit ano pa ang gagawin namin ay dapat kaming manalangin bilang aming pundasyon - binigyang-diin ito sa akin ng Panginoon. Plinano ko na tapusin ng mas maaga ang aking sermon ngayong araw upang makapagpahinga, ngunit ginabayan ako ng Panginoon sa ibang direksyon.

Kahit pagod na ang aking pisikal na katawan ay dumating ang Panginoon na may espesyal na plano. Palagi kaming nasisiyahan kapag sinusurpresa kami ng Panginoon ng mga regalo. Nagdadala ang Panginoon ng mga bagay-bagay na hindi inaasahan at palagi kaming nabibigla. Nang manalangin kami ng “Apostles Creed” sa simula ng gawain at sa aming makapangyarihang pagsamba, ay ginawa kaming bolang apoy ng Panginoon.

Ang pagsamba na nag-aapoy ay nagdadala ng hindi maipaliwanag na kasiyahan. Masayang sumayaw ang Panginoon habang umaawit kami ng papuri. Sumayaw Siya sa loob ng halos isang oras. Winika ng Panginoon sa malakas na tinig, **“Pagkakalooban Ko kayo ng mga espesyal na biyaya. Pumunta kayong lahat dito sa unahan at pumila kayo. Pupunta tayo sa langit ng isang pangkat ngayon!”** Sumigaw kaming lahat sa tuwa, **“Yeah! Magdiwang tayo!”**

ANG PAGBISITA NG AMING PANGKAT SA LANGIT KASAMA ANG PANGINOON

Tinanong ko ang Panginoon, “Panginoon, naalala ko noong sinabi Mo na isa-isa lang ang maaari Mong dalhin sa langit.” Winika Niya, “Oo, sinabi Ko iyon. Ngunit pinasaya niyo Ako ngayong araw. Nais Kong isama kayong lahat sa langit. Bakit kayo nagrereklamo?” Sumagot ako, “Hindi po! Hindi po ako nagrereklamo! Salamat po. May iba po na hindi pa bukas ang espirituwal na paningin, paano po nila makikita?” Sumagot ang Panginoon, “Huwag kang mag-alala. Ang santo na bukas ang espirituwal na paningin ay pipila at sa likod naman niya pipila ang santo na hindi bukas ang espirituwal na paningin. Nang sa ganoon ay mailalarawan ng myembro na bukas ang espirituwal na paningin ang kanyang mga nakikita sa mga hindi pa bukas ang paningin.” Nagpatuloy pa ako sa pagtatanong ng marami sa mga bagay na gusto kong malaman. Sumagot ang Panginoon, “Pastor Kim, bakit nagiging relihiyoso ka? Naging relihiyoso ka at nasanay ka na. Bakit hindi ka umalis sa pagiging relihiyoso at sa nakaugaliang pamamaraan at bigyan Ako ng tunay na pagsamba at serbisyo.” Hindi na ako nakasalita pa. Sinundan ko Siya ng tahimik.

Winika ng Panginoon, “Naiibigan Ko ang pagsambang ibinibigay ng inyong simbahan. Nasisiyahan ako sa inyong pagsamba. Sumunod kayo sa Akin. Ngayong araw ay may mararanasang espesyal ang pastor. Mangangaral siya sa simbahan sa langit. Mangaral ka ng may katatawanan upang mabigyang kasiyahan ang Ama at Ako.

Nasasabik ang mga santo sa langit. Alam nila na bibisita ang grupo ng mga santo ng Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church) sa langit. Magdidiwang na sila. Hihiyaw sila upang makita kayo. Naghahanda sila para sa malaking pagdiriwang. Pastor Kim, mangaral ka ng makabagbag puso. Hanggang ngayon, ay Ako palang ang bumisita at nakasaksi sa inyo. Ngayong araw, ay maraming mga anghel at espiritu sa langit ang makikinig sa iyong sermon ng personal. Masisiyahan sila. Pastor Kim, mangaral ka ng katulad ng iyong pangangaral sa lupa. Huwag kang kabahan o manigas. Pasayahin mo ang Ama, ang Espirito Santo at Ako.” Muli akong pinaalalahanan. Tinanong ko si Hesus, “Panginoon, hindi pa lubos na bukas ang aking espirituwal na paningin. Ano pong sermon ang nais Mong ipangaral ko?” Ngumiti ang Panginoon at sinabi Niya na magiging maayos iyon.”

KIM, JOSEPH: Pinangunahan kami ni Hesus patungo sa langit. Lumampas kami sa atmospera, at sa kalawakan. Sumigaw si Joo-eun. “Wow! Pastor! Nasa kalawakan na tayo!” Si Sister Baek, Bong-nyo ay sumigaw rin, “Kalawakan na ito!” Kahit ilang ulit ko itong makita, ay talagang kahanga-hangang tanawin ang kalawakan. Napakaganda at kagila-gilalas.

Winika ni Hesus, “Maghawak-hawak kayo ng mahigpit. Mula dito ay dadaan tayo sa madilim na lagusan.” Sa tuwing dumadaan ako sa madilim na lagusan, ay nararamdaman ko na malamig doon at malungkot. Tumataas rin ang buhok sa aking katawan at nanginginig ako. Ayaw ko ng ganitong pakiramdam. Sumigaw ang Panginoon, “Pinakamamahal Kong kawan ng tupa mula sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church), talagang kahabag-habag kayo at kaawa-awa. Kahit sa inyong

mahirap na kalagayan ay tapat pa rin kayo sa panalangin. Kaya naman, ay ipapakita Ko sa inyo ang langit at ipapakita Ko sa inyo ang ano man ang gusto ninyong makita sa langit. Malapit na tayo!” Nakarating kami sa tarangkahan ng langit. May hindi mabilang na mga anghel at santo sa langit ang sumalubong sa amin. **“Halleluya! Wow! Maligayang pagdating sa langit! Marahil ay nakakapagod ang inyong paglalakbay patungo dito. O, ang santang ito ay si Pekas; palagi kong naririnig ang tungkol sa iyo. Miss Mole! Nakita na naman kita!”** Sa mga sumalubong, ay may nakita akong mga nakilala ko na dati sa langit at ang iba naman ay ngayon ko palang nakita. Binati nila kami at niyakap. Abala sila sa pagbati sa aming lahat.

Una, ay nagtungo kami sa trono ng Ama at yumuko ng magalang. Winika ng pastor, **“Amang Diyos, kami po na puno ng kasalanan ay naririto. Patawarin Mo po ang aming mga kasalanan.”** Winika ng Ama, **“Napagod kayo sa inyong paglalakbay. Hahaha!”** Sa Kanyang malalim na tinig ay tumawa Siya ng may kaluguran.

Nang hayaan kami ng Amang Diyos at ni Hesus na makipag-usap sa mga santo sa langit, ay maraming santo ang nakipag-usap sa amin. Sa langit, upang mapasaya ang Diyos, ay may apat na espesyal na okasyon ang plinano. Kami ang mangunguna sa okasyon. Tila kilalang-kilala kami. Ngunit ang pastor ang sentro ng atraksyon sa aming pangkat.

Maraming santo sa langit ang nagtipon sa palibot ng pastor. Nasasabik silang mahawakan ang kamay ng pastor. Sa mundo, ay maraming mga tao ang naghahabol sa mga artista at nagsusumikap na makakuha ng autograph. Natutuwa sila sa autograph. Pakiramdam ko ay ganoon ang aming sitwasyon. Nagulat ako. Habang pinapanood ko ang aking ama na nakikipag-usap kay Hesus, ay tumulo ang luha sa aking mata.

“Mahal kong Hesus! Sa lupa ay balewala lang po ako. Kilala lang po ako ng maliit na simbahan bilang isang pastor. Isa po akong pastor na hindi nangunguna sa malaking ministryo. Hindi ko po maintindihan kung bakit nais kaming makita ng mga santo sa langit. Hindi ko po maunawaan.” Sumagot ang Panginoon, **“Inirekord ng mga anghel ang inyong gawain gamit ang video recorder at iyon ay ipinanood dito sa langit. At saka, ang inyong mga mukha at ang tungkol sa inyo ay nakalathala sa dyaryo sa langit. Ipinamamahagi Ko ang dyaryo sa lahat ng santo sa langit. Kaya naging tanyag kayo.”**

Nang masaksihan ko iyon ay pakiramdam ko ay nanaginip lang ako. Sinabi sa amin ng mga espirito sa langit na alam ni Hesus ang bawat gawain at inirerekord Niya iyon. Ipinaliliwanag Niya sa mga espirito sa langit ang tungkol sa amin. Napakaraming taong tapat sa Bibliya ang naghanda upang salubungin kami. Nakipagkamay rin kami at niyakap sila. Nakita rin namin si Pastor Kim, Young-Gun na pumunta sa aming simbahan upang mangaral. Sinabi niya, **“Wow Joseph! Nakarating ka na rito. Bago ako makapunta dito sa langit ay hindi ko alam na tanyag pala ang Simbahan ng Panginoon.”** Nagtawanan kami at niyakap ang isat-isa. Ikwinento ko sa aking ama ang pag-uusap namin ni Pastor Kim, Young-Gun. Tiningnan ko ang ibang myembro at nakita ko na abala sila sa pakikipag-usap sa napakaraming santo.

Pinaka-ninana is kong makipag-usap kay Moises. Nagpasya ako na makipagkilala sa kanya kapag bumisita ako sa langit. Kaya sumigaw ako, “**Propeta Moises!**” Nang sumigaw ako ay dumating si Moises at binati niya ako. “**Maligayang pagdating Santo Joseph. Maligayang pagdating sa langit.**” Marahan siyang tumango bilang pagbati sa akin. Hiniling niya, “**Pakiusap, huwag mo akong dakilain at huwag mo akong tawaging Propeta Moises. Tawagin mo nalang akong Santo Moises.**”

Nagbatian rin sina Moises at pastor. Sinabi ng pastor, “**Moises, nagkakilala na tayo sa sangtuwaryo di ba?**” Sumagot si Moises, “**Oo. Tama.**” Sinabi ng pastor, “**Nagkakilala tayo sa lihim na silid kung saan naroroon ang kaban ng patotoo. Kasama rin natin doon ang Panginoon. Naalala ko na may iba pang bagay ang naroon, tama ba?**” Nang banggitin iyon ng pastor ay ikinaway ni Moises ang kanyang kamay at sinabi niya, “**Pakiusap, hindi dapat pag-usapan ang tungkol sa lugar na iyon. Ipinagbabawal na ikwento ang tungkol sa lugar na iyon—hindi iyon pinahihintulutan ng Diyos.**” Kagaad tumigil ang pastor.

PASTOR KIM, YONG-DOO: Sa pamamagitan ng aking anak na si Joseph, ay nagawa kong makipag-usap kay Pastor Kim, Young-Gun na namatay ilang araw na ang nakararaan. Sinabi ni Pastor Kim, Young-Gun, “**Pinagod ko ang aking pisikal na katawan para sa Panginoon. Ang hiling ko sa aking buhay ay mamatay sa altar habang nagsesermon. Naisip ko na kung ang aking ginagawa ay para sa Panginoon, ang aking pagpapagod ay isang kagitingan. Gayon pa man ay nagkamali ako. Nang ako ay nasa edad 61, ay namatay ako at napunta sa langit. Napagtanto ko na ang aking edad ay sapat pa upang magpatuloy sa paglilingkod para sa Panginoon. Hindi ko maingat na inalagaan ang aking kalusugan at natapos ang aking buhay sa edad na 61. Napagtanto ko ito nang ako ay makarating dito sa langit.**

Pastor Kim, Yong-doo, huwag mong abusuhin ang iyong kalusugan na tulad ng aking ginawa. Alagaan mo ang iyong kalusugan. Ipagpatuloy mo ang gawain na iniuutos sa iyo; iligtas mo ang maraming kaluluwa at akayin sila patungo sa langit. Pakiusap, huwag kang tumulad sa akin.” Hinawakan ng hindi mabilang na mga santo sa langit ang aking kamay at katawan. Sa tuwing hinawakan nila ako, ay nararamdaman iyon ng aking katawan at ang aking kamay ay gumagalaw ng kusa.

Nakilala namin ang napakaraming tao sa langit at nakipag-usap kami sa kanila. Isinama kami ng Panginoon sa ibat-ibang lugar sa langit. Nasaksihan iyon ng mga myembro na bukas ang espirituwal na paningin. Nararamdaman naman ng ibang myembro ang lugar. Halimbawa, kapag hinawakan ng santo sa langit ang aming kamay, o kapag hinila nila ang aming damit, o kapag niyakap nila kami, ay nararamdaman namin iyon.

ANG PAKIKIPAG-USAP KAY MOISES, JOB, SAMUEL AT SAMSON

Nanatili si Moises sa aking tabi hanggang sa matapos ang pagbisita. Kaya nagkaroon kami ng pagkakataon upang pag-usapan ang mga pangyayari sa Bibliya. Si Joseph ang nag-uugnay sa amin ni Moises. Tinanong ko siya, “**Santo Moises, madali akong**

magalit. Paano mo nagawang pangunahan ang maraming tao patungo sa Canaan? Kung titingnan natin sa Exodo 17:1-6, ay may insedente kung saan pinalo mo ang bato at may tubig na bumuhos doon. Anong naramdaman mo?” Sumagot si Moises, “Mas marami ang problema ko noon kaysa sa inyong mga pastor ngayon. Madali rin akong magalit. Ang totoo niyan ay ayaw ko nang pag-usapan pa ang kahit anong nangyari sa akin sa lupa.”

Si Moises ay isang dakilang santo. Palagi siyang nagpapakumbaba, at hindi niya ipinagmamalaki ang kanyang mabubuting ginawa. Ang totoo niyan, ang ibang mga santo sa langit ay ganoon din. Sinubukan kong itanong kay Moises ang tungkol sa Banal na kasulatan na hindi ko maunawaang mabuti. Iniisip ko kung paano niya sasagutin ang aking tanong. Ngunit sa tuwing tinatanong ko siya ay sinasabi niya na ayaw na niyang pag-usapan ang tungkol sa nangyari sa lupa.

Pagkatapos ni Moises ay nakilala ko naman si Job. Isa siyang lalaki ng pananampalataya. Maganda ang aming pag-uusap. Sinabi ko sa kanya, “Santo Job! Ang nakasulat sa Job, Kabanata 8 bersikulo 7, ay itinatampok ng mga santo sa lupa. “Maliit na bagay ang mga nawala mong kayamanan, kung ihahambing ang sa iyo’y kanyang ibibigay.” Ginagamit ko palagi at ng ibang myembro ng simbahan ang bersong ito.” Sumagot si Job, “O talaga?” Tinanong ko siya, “Paano mo napagtagumpayan ang maraming pagsubok at paghihirap? Kahanga-hanga ka.” Sumagot siya, “Wala akong ginawa. Ang lahat ng iyon ay dahil sa awa ng Amang Diyos.”

Nagpatuloy ako sa pagtatanong, “Santo Job, ang iyong buhay ay madrama. Nabalutan ang iyong katawan ng uod at dusdos. (Job 7:5-6) Masasakit ang iyong mga sugat mula ulo hanggang paa. Kumuha ka pa ng basag na palayok upang kayudin ang iyong sarili. (Job 2:7-8). Nais kong marinig kung ano ang iyong naramdaman. Nais kong aliwin ang mga santo na nagdadasang mga pagsubok ng iyong mga salitang magbibigay pag-asa.” Ngunit pilit na isinasagot ni Job na ang lahat ay dahil sa awa ng Panginoon.

Muli ay tinanong ko si Job patungkol sa huling kabanata ng aklat. “Namatay ang iyong mga anak sa kamay ni Satanas ngunit pinagpala ka ng mas maraming anak. Ang sumunod mo bang mga anak ay nagmula sa asawa na sinumpa ka o sa panibagong asawa?” Sumagot si Job na tila naiinis at tinanong niya kung bakit mahalaga sa akin na tanungin pa iyon. Kaya naman ay tinapos ko na ang pakikipag-usap ko sa kanya. “Ngunit alam ng Diyos ang aking bawat hakbang; kapag sinubok niya, labas ang kadalisan.” Job 23:10 Ipinaliwanag ko sa kanya na maraming ministro ang nagpapahalaga sa bersong ito.

Pagkatapos ni Job, ay nakipag-usap naman ako kay Samuel. “Santo Samuel, gusto ko ang berso na nagsasabing, “Ipapanalangin ko kayo at tuturuan ng dapat niyong gawin. 1 Samuel 12:23 Sinisikap kong mabuhay sa bersong iyan.” Masayang sumagot si Samuel. “Ah? Talaga? Salamat. Magdasal ka ng walang humpay. Kapag nagdasal ka ay palaging darating ang sagot.”

Nakilala ko at nakausap ang napakaraming kaluluwa na nakasulat sa Bibliya. Sa kasawiang-palad ay hindi ko maramdaman ang katotohanan ng langit dahil hindi pa bukas ang aking espirituwal na paningin at nakikipag-usap lang ako sa kanila sa pamamagitan ni Joseph. May malaking pagdiriwang sa langit dahil naroroon ang mga myembro ng aming simbahan. Hinimok kami ni Hesus. **“Bilisan ninyo. Tapusin niyo na ang pakikipag-usap ninyo sa mga santo dito sa langit. Umalis na tayo at bumisita sa ibang lugar dito. Maraming lugar ang ipapakita Ko sa inyo.”** Kaya naman ay hindi ko naitanong ang lahat ng berso na nasa isip ko. May mga berso pang nais kong itanong dahil hindi ko maunawaan. May mahihirap na berso at marami iyong interpretasyon sa lupa. Nais kong malaman ang paliwanag sa mga hindi pinagkakasunduan. Nakipagkamay ako sa kanila at nagpaalam. Nangako kami sa isat-isa na magkikita kaming muli.

Habang nagpapaalam ay pinagpatuloy ko ang pagtatanong kina Paul, Enoch, Samuel, Moises at Samson. Tinanong ko si Samson patungkol sa kanyang relasyon kay Delilah. Tinanong ko siya kung gaano kaganda si Delilah na nag-udyok sa kanya upang ibunyag ang sekreto. Sinabi ni Samson na ayaw na niyang pag-usapan pa iyon dahil nakakahiya. Napagtanto ko na binuksan ko ang isang sensitibong isyu at hindi ko man lang inisip ang kanyang mararamdaman. Nang mapagtanto ko ito ay nagsisi ako. Sinabi ni Joseph, **“Pastor, pakiusap tumigil ka na po. Naguguluhan at napahiya si Samson.”** Tinapos ko ang usapan ng asiwa.

ANG PINTO PATUNGO SA APOY

Sinabi ni Hesus, **“Sumunod kayo sa Akin. Pumasok tayo sa pinto ng lagusan ng apoy. Ang lagusan ay puno ng Naglalagablab na Banal na Apoy.”** Sinundan namin ang Panginoon. Dati ay hiniling ko sa Panginoon na makapaglakbay sa lagusan na iyon. Natupad na ang aking kahilingan. Winika ng Panginoon, **“Pastor Kim, dahil nagkukulang ka na sa panalangin, ay kailangan mong magdasal ng mas marami upang makapasok ka sa lagusan. Ngayong araw, sa pamamagitan ng iyong mga anak at mga myembro ng simbahan na bukas ang espirituwal na paningin, ay makakapagtanong ka tungkol sa Apoy na Lagusan. Tatayo lang tayo sa harap ng pinto at pagkatapos ay aalis na rin.”**

Tumayo ang Panginoon sa harap ng pinto ng lagusan. Tumayo ako sa tabi ng Panginoon. Naramdaman naming lahat ang naglalagablab na init na sumisingaw sa lagusan. Naramdaman namin ang init sa aming katawan kaya naman tumalikod kami papalayo doon. Tinanong ko ang Panginoon, **“Kahit tumayo lang kami sa harap ng lagusan ay napakainit na. Paano ko makakayanan ang init? Hindi ko makita kung paano ko makakaya iyon.”** Sumagot ang Panginoon, **“Huwag kang mag-alala. Gagawin Kong posible para sa iyo na makayanan ang init. Upang ikaw ay maging bolang apoy ay kailangan mong pumasok sa Apoy na lagusan. Doon mo lamang matatamo ang ministryo ng apoy. Maraming mga lugar na puno ng naglalagablab na Banal na Apoy. Kailangan mong pagdaanan ang mga unang yugto doon. Kaya**

naman ay ihanda mo ang iyong sarili sa pamamagitan ng maraming panalangin. Manatili ka na malusog at malakas. Huwag mong kalilimutan ang aking tagubilin.”

ANG TAHANAN NG MGA SANTO SA LANGIT AY MAGKAKALAPIT-BAHAY

Kim, Joo-eun: Nang ipakita ni Hesus ang tahanan namin sa langit ay ipinaliwanag Niya ang detalye ng bawat isa. Napakataas ng bahay ng pastor at hindi ko na makita ang tuktok niyon. Ang tahanan naman ni Ginang Kang, Hyun-ja ay medyo mababa ng kaonti sa tahanan ng pastor. Ngunit kahanga-hanga rin ang taas at lawak ng kanyang bahay.

Nakita ko rin ang tahanan nina Brother Haak-sung, Sister Yoo-kyung, Kuya Joseph, Dyakonesa Shin, Jung-min, Mina, Santa Lee, Kyung-eun, at ang aking tahanan. Si Santa Lee, Kyung-eun ay nagsisi at muling bumalik sa Panginoon, at itinatayo na ang pundasyon ng kanyang tahanan at iyon ay gawa sa purong ginto. Tila napagpasyahan ni Hesus na ipakita sa amin ang maraming lugar sa langit. Inilipat ng Panginoon ang tahanan ng kongregasyon ng simbahan ng Panginoon sa isa sa pinakamagandang lugar sa langit. Ngayon ay maaari na kaming tumira ng magkakalapit at magkakasama kami ng madalas. Habang ginagawa ang mga bahay ng mas mataas ay mas lalo iyong lumalawak. Naalala ko ang porma sa bulaklak na tinatawag na “Morning Glory”. Gayon pa man, ang ibang mga tahanan ay may ibat-ibang porma rin.

Binigyan kami ng Panginoon ng bakanteng oras upang maglakad-lakad. May bakanteng oras rin na ibinigay sa mga santo sa langit. Umupo ako sa damuhan at nagpahinga. Naglaro kami at tumakbo hanggang sa gusto namin. Naghiwa-hiwalay kami at bumisita sa ibat-ibang lugar sa langit. Ang oras sa mundo ay lampas na ng hating-gabi, ngunit sa langit ay pakiramdam namin ay tumigil ang oras. Walang konsepto ng oras doon.

“Datapuwa’t huwag ninyong kalimutan, mga minamahal, ang isang bagay na ito, na ang isang araw sa Panginoon ay katulad ng isang libong taon, at ang isang libong taon ay katulad ng isang araw.” 2 Pedro 3:8

ANG PANGANGARAL SA SIMBAHAN SA LANGIT

SISTER BAEK, BONG-NYO: Tinawag kami ni Hesus at tinipon Niya kami. Ipinila Niya kami sa isang linya at ginabayan patungo sa simbahan sa langit. Matapos naming maglakad ng mahabang oras ay sinabi ng Panginoon, “Ito na ang simbahan sa langit! Ang simbahan ay puno ng maraming kaluluwa. Dumating rin ang mga anghel. Bilis at pumasok na kayo.” Kaagad kaming pumasok sa simbahan.

Ang simbahan sa langit ay malaki at marilag. Kahanga-hanga iyon at hindi mailarawan. Humanga sina Joseph at Joo-eun. Humanga sila sa sukat ng simbahan. Hindi nakikita ng pastor at ng kanyang asawa ang nangyayari dahil hindi pa bukas ang kanilang espirituwal na paningin. Tinanong ko ang Panginoon, “Panginoon, kung lubos Mo pong bubuksan ang espirituwal na paningin ng pastor at ng kanyang asawa at

bibigyan sila ng pagkakataon upang mangaral ay mas maganda po. Nakakapanghinayang po na hindi sila makakita.”

Winika ng Panginoon, **“Sina Pastor Kim at Ginang Kang, Hyun-ja ay magkakaroon ng malalim at malaking espirituwal na pagkamulat. Kahit hindi sila nakakakita ngayon ay mangangaral pa rin sila nang may kasigasigan at inspirasyon.”**

Tila mas malaki pa ang simbahan sa langit kaysa sa buong mundo. Ang simbahan ay hindi lang puno ng mga santo sa langit kundi pati na rin ng mga anghel. Pumunta si Hesus sa altar kung saan naroroon ang Ama at pinayuko Niya kaming lahat sa Ama. Magalang kaming yumuko at sumamba. Yumuko kami sa sahig.

Habang nakatayo si Hesus sa krus na nasa harap ng altar ay ipinakilala Niya ang bawat isa sa amin sa mga santo sa langit. Nakatayo si Hesus sa gitna ng altar. Ang nasa unang hanay sa kaliwa ay si Moises. Sina Anghel Michael at Gabriel ay naman ay nakatayo sa dalawang tabi, sa kaliwa at sa kanan.

Nakatuon ang kanilang tingin sa amin. Umakyat ang pastor sa altar at bumati sa mga tao. Habang pinapatugtog ang mga awit ay nagsimula na ang pagsamba. Katulad sa aming simbahan ay sumayaw rin ang mga tao sa Espirito Santo at pumunta sa unahan. Ang mga awit na kinanta ay **“Receive the Holy Spirit”, “Up and fight against the devil”** at iba pa. Ang mga awit ay patungkol sa Espirito Santo at sa dugo ni Hesus.

Tila umabot na sa kahinugan ang Banal na sayaw ni Ginang Kang, Hyun-ja. Sumayaw siya ng tulad ng tubig na mapayapang dumadaloy. Sumayaw siya ng makapangyarihan at ang kanyang emosyon na mapayapa ay nabago at nagkaroon ng lakas nang ibuhos sa kanya ng Espirito Santo ang apoy. Naging mapula ang kanyang mukha nang uminit siya sa Banal na Apoy. Itinuon ng mga santo sa langit ang kanilang tingin sa pagsayaw ni Ginang Kang, Hyun-ja sa espirito. Nasiyahan si Hesus at tumawa Siya ng malakas. **“Si Santa Kang, Hyun-ja ay lubusang nahulog sa Akin.”** Dinala ng Panginoon si Propeta Elias ng ilang beses sa aming serbisyo. Pagkatapos ng serbisyo ay nilapitan ni Elias si Ginang Kang, Hyun-ja at tinanong niya ito, **“Paano mo nagagawang sumayaw ng napakaganda sa Espirito Santo? Naibigan ko ang pag-galaw ng iyong mga kamay.”** Hinawakan ni Elias ang kanyang mga kamay.

Sumayaw ng matagal sa Espirito Santo si Ginang Kang, Hyun-ja. Habang sumasayaw siya ay sumigaw sa galak ang mga anghel at mga kaluluwa sa langit at nagsama-sama sila. Sumayaw rin sila at sumamba sa Diyos. Pumunta ang pastor sa altar at nagsimulang mangaral habang si Hesus naman ay nanonood sa tabi. Nang mangaral ang pastor ay nagsitawanan ang mga santo sa langit o nakinig ng seryoso base sa ekspresyon ng mukha ng pastor. Nangangaral siya ng katulad ng pangangaral niya sa lupa. Nakakatawa siya nakatulad ng dati. Ikinumpas rin niya ang kanyang katawan habang nangangaral. Sa tuwing ikinukumpas niya ang kanyang katawan ay nagsisitawanan ang mga santo.

ABRIL 20, 2005 (MYERKULES)

“Sapagkat ang pangitain ay sa panahong takda pa, at nagmamadali sa pagkatapos, at hindi magbubulaan: bagaman nagluluwat ay hintayin mo; sapagka’t walang pagsalang darating, hindi magtatagal. 4 Narito, ang kanyang kaluluwa ay nagpapalalo, hindi tapat sa kaniya; ngunit ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng kanyang pananampalataya.” Habakuk 2:3-4

PASTOR KIM, YONG-DOO: Ang aming bahay ay naisubasta. Mula ng maipagbili iyon ay nakakatanggap kami ng maraming tawag sa telepono araw-araw. Nais nila kaming paalisin. Walang galang nila kaming kinakausap at tinatakot nila kami. Umuupa kami ng bahay at nag-deposito. Ngayon ay nanganganib kaming mapaalis at mawala ang ideniposito. May isang opsyon nalang kami - kailangan naming umalis. Panahon nalang ang aming hinihintay. Ngayong araw ang pinakamalubha—natanggap namin ang panghuling babala. “Umalis na kayo ngayong lingo..” at ibinaba na nila ang telepono. Nabagabag ang aking kalooban. Nagbihis ako ng damit pang-dyim at pumunta ako sa parke upang lumanghap ng sariwang hangin. Ngunit mabigat pa rin ang pasan ng aking puso.

Sa hapag-kainan ay nagsumamo kami sa Panginoon.

Nagsalita ang Panginoon sa pamamagitan ni Joo-eun. “**Pastor Kim! Sa sitwasyong ito, kapag nanghina ang iyong pananampalataya ay kailangan Kong disiplinahin ka. Ang mahihirap na pagsubok na nararanasan mo ay wala kumpara sa mga biyayang matatanggap mo sa hinaharap. Kaya naman maging mapagtiis ka.**” Nang marinig ko ang sinabi ng Panginoon ay lumakas ang aking loob. Ang mga salita ng Panginoon ay palaging nagbibigay sa akin ng kasiyahan at pag-asa.

“Aliwin nawa kayo n gating Panginoong Jesu-Cristo at n gating Diyos Ama na umibig sa atin, at dahil sa kanyang kagandahang-loob ay nagbigay sa atin ng hindi nagbabagong lakas ng loob at matibay na pag-asa. 17 Bigyan nawa kayo ng matatag na kalooban upang maipahayag ninyo at maisagawa ang lahat ng mabuti.”

NILAMON AT NGINUYA NG DYABLO ANG TAO NG BUO

KIM, JOSEPH: Naghawak kamay kami ni Brother Haak-sung at sinundan namin ang Panginoon patungong impyerno. Winika ni Hesus, “**Joseph at Haak-sung, magkapit-kamay kayo ng mahigpit. Ipapakita Ko sa inyo ang ibang lugar sa impyerno.**” Nasa gitna namin si Hesus at hinawakan namin ang Kanyang kamay. Naglakad kami sa makitid na daan at nakita namin ang gilid ng daan. Dumami ang mga uod at naging kasing taas ng bundok.

Kahit hawak namin ang kamay ni Hesus ay inaatake pa rin kami ng mga uod at dumidikit sila sa amin. Sumigaw kami ng “**Banal na Apoy!**” at natanggal naman ang mga uod. Ngunit kapag hindi kami humahawak ng mahigpit sa kamay ng Panginoon ay

muling dumidikit sa amin ang mga uod. Dinaanang namin ang lugar na iyon at naglakad-lakad ng medyo matagal. Winika ng Panginoon, **“Tumingin kayo doon.”** Nang tingnan ko kung saan nakaturo si Hesus ay halos mahimatay ako sa aking nakita.

May ilang demonyo na malaki ang katawan. Ang kanilang sukat ay sampung libong beses na mas malaki kaysa tao. Lima o anim sila na maingay na nagdidiwang. Umabot hanggang sa amin ang kanilang tinig at naririnig namin iyon ng malinaw. Kinilabutan ang aking buong katawan. May mga itim na palayok rin na may lamang dugo ng tao. Piniga nila ang dugo mula sa tao at inilagay sa palayok. Ang palayok ay puno ng kumukulong dugo. Ang dugo ay maitim na mapula at kumukulo sa init.

May hindi mabilang na mga tao at lahat sila ay hubad at nakagapos. Nakapila sila patungo sa higante na marahas na nagpaparusa sa mga tao. Habang naghihintay sila ay nanginginig sila at sumisigaw sa takot. Kumuha ang demonyo ng ilang tao at sa pamamagitan ng kanyang kabilang kamay ay kinalmot niya ang mga tao hanggang sa magutay-gutay ang laman. Nasaid ang dugo dahil sa maraming sugat. Una ay pinipiga ang dugo at pagkatapos ay kinakain ng mga demonyo ang mga tao mula ulo habang buhay pa sila. Ang iyak ng mga tao ay umabot hanggang sa himpapawid ng impyerno. **“Ahhh! Tulungan niyo ako! Lubayan niyo na ako! Mga dyablo! Ahhh!”** Sa tuwing kinakain ng mga demonyo ang mga tao ng buhay ay naririnig ko ang tunog niyon na katulad ng kapag kumakain tayo ng kartilago ng manok. **“Wow! Ang sarap! Hindi ako makapaniwala kung gaano ito kasarap!”** Kumakain sila na parang mga walang modong mga nilalang.

Ibinuhos nila ang dugo sa baso. Nagtagayan sila at uminom. **“Hoy! Isa itong masayang araw. Uminom tayo hanggang sa gusto natin!”** Nalasing sila sa dugo ng kanilang mga biktima. Nagtagay sila at nagsitawanan.

Kinausap namin ni Haak-sung ang Panginoon, **“Hesus, nakakatakot po ang mga demonyong iyon. Hindi na po namin kayang manood. Paano kung hilahin rin po nila kami?”** Inaliw kami ng Panginoon. **“Magiging maayos ang lahat kasi kasama niyo Ako.”** Paminsan-minsan ay sinusulyapan kami ng mga demonyo habang nag-uusap sila. Sa tuwing tinitingnan nila kami ay kinakabahan kami, ngunit dahil kasama namin ang Panginoon, ay ligtas kami at nakakayanan namin ang nakakatakot na sitwasyon.

Ang anyo ng mga demonyo ay katulad ng nakikita sa mga katipunan ng mga kwento. May sungay sila sa kanilang ulo at may malaking mata sa gitna ng noo. Ang kanilang anyo ay tulad ng sa tiyanak na may isang mata. Nabusog sila at nasiyahan. May hawak silang garote at humiga sila sa sahig. Natakot kami ni brother Haak-sung at hindi namin alam ang aming gagawin. Inilubog namin ang aming mga mukha kay Hesus.

Sa sandaling iyon ay may bumabang balumbon mula sa trono ng Amang Diyos. Nang makita iyon ni Hesus ay kaagad Niya kaming dinala sa langit.

SANTA LEE, KYUNG-EUN: Matagal na akong hindi nagdadasal sa ibat-ibang wika. Ngunit nang magdasal ako ngayon sa ibat-ibang wika ay umurong ang aking dila kaya

nahirapan akong huminga. Nanlamig ako at basing-basa na tila naulanan. Naisip ko sa aking sarili, **“Ahh! Ganito pala kapag ang tao ay namamatay dahil hindi makahinga.”** Nagpumiglas ako at namilipit, hindi na ako halos makahinga. At pagkatapos ay nagsisi ako. Hindi ko alam pero nalaman ng pastor na nahihirapan akong huminga. Lumapit siya, ipinatong ang kanyang kamay sa akin at nagdasal. Nang magdasal ang pastor ay bumalik sa normal ang aking dila. Sina Ginang Kang, Hyun-ja at Sister Baek, Bong-nyo ay nasa likod ko at namamagitan sila para sa akin. Matagal na akong hindi dumadalo sa simbahan. Iniwan ko ang Panginoon ng mahabang panahon at ngayon ay bumalik ako. Natanggap ko noon ang lahat ng uri ng Banal na biyaya na aking ginamit. Ngayon ay bumalik ako at wala na ang mga biyaya. Ang pagkawala ng mga biyaya ay dahil sa pandadaya ng masasamang espirito sa akin. Ang aking kalooban at pag-iisip sa lahat ng bagay ay nahaluan ng sa dyablo at ngayon ay inaamin ko iyon. Ngayong araw ay determinado ako na mabuhay ng may pananampalataya at mabuhay para sa Diyos. Kaya naman nagpupumilit ang masasamang espirito sa pagkapit sa akin sa abot ng kanilang lakas. Ngunit ang pangyayaring ito ay mas nagpalakas sa aking pananampalataya na maging handa na maglakad kasama ang Diyos.

Mahirap makita sa ibang mga simbahan ang mga pangyayaring ibinunyag sa Simbahan ng Panginoon (Lord’s Church). Nagulat ako sa mga karanasang ito. Nang mabuksan ang espirituwal na paningin ng mga myembro ng simbahan ay napansin ko na ang kanilang pokus ay nasa Panginoon lang. Nang makita ko sila ay nahiya ako sa aking pananampalataya. Ang akala ko ay malakas na ang aking pananampalataya at mainapoy ako. Ang unang bagay na nais ko ay ang maibalik ang aking unang pag-ibig. Kaya nagsisi ako ng luhaan.

“Sinasabi ko sa inyo, na gayon din magkakatuwa sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisisi, kay sa siyam na put siyam na taong matutuwid na di nangagkakailangang magsipagsisi.” Lucas 15:7

- - - KATAPUSAN NG IKATLONG AKLAT - - -

